

TAONG may PANANAMPALATAYA

Nasisiyahan ang puso ng Diyos kapag ang Kanyang mga anak ay natutong tunay na lumakad sa pamamagitan ng pananampalataya. Ngunit ano ba talaga ang tunay na pananampalataya at paano ba mamumuhay ang isang tao sa pamamagitan ng pananampalataya?

- Ang pagkakaroon ba ng pananampalataya ay nangangahulugan ng paniniwala sa hindi nakikita?
- Nangangahulugan ba ito ng paniniwala nang walang maayos na dahilan at pagkilos nang walang pagkaunawa?
- Nangangahulugan ba ito ng paniniwala sa isang bagay nang totoo at matatag, na may kahandaang kumilos ayon dito?
- Bakit kailangan natig mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya para magtamo ng pagsang-ayon ng Diyos?
- Saan nanggagaling ang pananampalataya at paano ito lumalago?
- Paano natin mapapagana ang pananampalataya kapag ang pakiramdam natin ay tigang tayo sa espiritu at ang Diyos ay tila malayo?

Para sa marami ang paksang ito ay maaaring mahiwaga, mahirap maunawaan at nakakalito. Sa paksang ito ay napakaraming maling pagkaunawa.

Ang kalipunan ng walong mga mensaheng ito ay maaaring makatulong sa pagkaunawa kung ano ang pananampalatayang naaayon sa Bibliya, at kung paanong ang isang tao ay makakapagpanatili ng hindi nagmamaliw na pananampalataya at isang pusong nag-aalab para sa Diyos sa lahat ng mga pagkakataon.

Kung wala ka nang karagdagang gamit para sa aklat na ito, mangyari lamang na ipasa sa isang taong maaaring makinabang rito.

ISBN 9789811143205



9 789811 143205

TAONG may PANANAMPALATAYA

Pag-unawa at Pagsasabuhay
ng Pananampalatayang ayon sa Biblia



Lim Kou

TAONG may PANANAMPALATAYA

Pag-unawa at Pagsasabuhay
ng Pananampalatayang ayon sa Biblia

Lim Kou

Libreng Kopya — Hindi Ipinagbibili

Orihinal na inilathala sa English na may pamagat na *Man of Faith*
Unang inilathala noong 2010
Copyright © 2010 ni Lim Kou
ISBN: 978-981-08-3258-2

Ibinibigay ang pahintulot na maglimbag at magpakopya ng bahagi lang (kung saan ang nilalayong kahulugan ay papanatilihin at ang bahagi ay hindi babanggitin nang mali ang konteksto) o ang lahat ng nilalaman ng aklat na ito para sa personal na gamit o para ipamahagi, sa kundisyong na dapat may wastong pagkilala, walang pagbabagong ginawa at ang nilalaman ay ipapamahagi nang *walang bayad*. Nawa'y maging mapanalanginin at may-karunungan sa pamamahagi o pag-aalok ng nilalaman nito sa iba. *Ang talatang ito at ang nasa ibaba ay dapat kasama sa anuman at lahat ng kokopyahing nilalaman na ipapamahagi.*

Ang mga talatang sinitas para sa Bagong Tipan ay mula sa Ang Bagong Tipan: Filipino Standard Version © 2009 Philippine Bible Society; at para sa Lumang Tipan ay mula sa Ang Bagong Ang Bibliya © 2001 Philippine Bible Society, ginamit nang may pahintulot.

Copyright © 2017 ni Lim Kou
ISBN: 978-981-11-4320-5

Ako ay nagpapasalamat sa Panginoon para sa mga kapatid na may kabaitang nakibahagi sa pagkakaroon ng salin nito sa Tagalog.

Walang Bayad na mga download

Kayo ay malayang makakabisita sa website na www.godandtruth.com. Ang mga lathalaing nasa website ay nilalayong makatulong sa mga Kristiyano para lumago at mahusay na makapaglingkod sa Panginoon, ayon sa Kanyang kapahayagan sa mga Kasulatan. Ang *Truly Rich and Great, Truly Strong, Man of Faith, The Two Kingdoms, Understanding Job*, at maraming mga inayos na mga mensaheng-text at mahigit 500 mga mensahe sa audio na tumatalakay sa malawak na saklaw ng mga paksa sa pangunahing mga usapin ng pananampalatayang-Kristiyano, ang maaaring i-download nang walang bayad para sa personal na gamit o para ipamahagi. Kabilang sa mga ito ang walong mga mensahe sa audio (G01, G15-19, AR02 and AR13) kung saan nakabatay ang aklat na ito.

Ang mga puna at mga komento tungkol sa aklat na ito ay malugod na tinatanggap at maaaring I-email sa: feedback@godandtruth.com.

Mga Nilalaman

<i>Paunang Salita</i>	1
<i>Panimula</i>	3
<i>Unang Mensahe</i> Ang Kahulugan at Kahalagahan ng Pananampalataya	6
<i>Ikalawang Mensahe</i> Ang Buhay ng Pananampalataya — Isang Buhay na Naka-sentro kay Cristo	30
<i>Ikatlong Mensahe</i> Kung Saan Nanggagaling ang Pananampalataya at Paano ito Lumalago	50
<i>Ikaapat na Mensahe</i> Pananampalatayang Kumikilos — si Maria at si Moises	79
<i>Ikalimang Mensahe</i> Pagsasagawa ng Pananampalataya — Paggawang Kasama ng Diyos	102
<i>Ikaanim na Mensahe</i> Pagka-unawa sa Pagbabagong-loob ni Pablo at Pagtawag bilang isang Apostol	126
<i>Ikapitong Mensahe</i> Si Jose bilang isang Alipin at Bilanggo	154
<i>Ikawalong Mensahe</i> Ang Apoy na Nag-aalab sa Kalooban	186

Paunang Salita

Ikinalulugod kong ialok ang aklat na ito, *Man of Faith* [Taong May Pananampalataya], para sa ikatitibay ng mga anak ng Diyos saan mang dako. Ang una kong aklat, *Understanding Job* (2003) [Pag-unawa Kay Job], ay pagninilay sa kahulugan at layunin ng pagdurusa ni Job. Ang aking ikalawa, *The Two Kingdoms* (2005) [Ang Dalawang Mga Kaharian], ay naglalahad ng katuruan ng Biblia tungkol sa kaharian ng Diyos at ng nahulog na sanlibutan, ang kahulugan ng ating buhay sa lupa at kung paano tayo makakapamuhay nang maayos bilang mga mamamayan ng langit sa isang makasalanang mundo. Nagpapasalamat ako sa Panginoon para sa nakakapag-pasiglang mga komento sa dalawang mga aklat mula sa iba't ibang mga bahagi ng daigdig. Ang ikatlong aklat na ito ay tumatalakay sa kahulugan ng tunay na pananampalataya at kung anong ibig sabihin ng maging isang tao ng pananampalataya. Gaya ng naunang dalawang mga aklat, itong aklat na ito ay iniaalok nang walang bayad.

Ang mga aklat na ito tumuloy mula sa mahigit na tatlumpong mga taon ng maalab na pakikisama at ministeryo sa isang lokal na kongregasyon. Ang mga ito ay mga taon ng pagkatuto at paglago, sa akin at gayundin sa kongregasyon.

Ito ang naging pamamaraan ko, sa pangangaral at pagsusulat, upang ilahad ang katotohanan ng Kasulatan sa paraan na ang mga nakikinig at mga bumabasa ay maaaring masiyahan sa kanilang mga sarili na ang katuruan ay maayos na ayon sa bibliya at hindi mga paninindigan at mga opinyon lang ng tao. Sinikap kong maging maingat sa pagbanggit at pagpapaliwanag ng mga teksto ng Biblia, at sa pagpapakita ng kung paano nakaabot sa mga katotohanan.

Ang paglalathala ng mga aklat na ito ay hindi magiging posible

kung wala ang tulong na inialok ng kapatiran sa pag-record ng mga mensahe sa audio, at sa pag-transcribe at pag-edit nito. Ang kapatiran din sa ibang mga bansa ay tumulong sa pag-imprensa at pamimigay ng mga aklat. Nagpapasalamat ako sa Panginoon sa kanilang pakikibahagi. Para sa akin, ito ay isang makabuluhang pagpapahayag ng pakikisama ng mga tao ng Diyos sa lokal na kongregasyon at sa pangkalahatang iglesya.

Ang mga aklat na ito ay bahagi ng isang nagpapatuloy na proyekto na magbigay ng makabuluhang mga babasahing naaayon sa Biblia para matulungan ang mga Kristianong lumago at maglingkod sa Panginoon. Ang tatlong mga aklat, kasama ng iba pang mga mensaheng babasahin at mga mensahe nasa audio tungkol sa mahahalagang mga usapin ng pananampalatayang Cristiano ay matatagpuan sa website na *www.godandtruth.com*, at ang mga ito ay maaaring i-download nang libre para sa personal na gamit o pangangalat.

Aking ipinagpapasalamat ang inyong mga panalangin para sa gabay ng Panginoon sa buong proyektong ito upang ito ay makapag-ambag sa paglago ng mga mananampalataya tungo sa kanilang pagiging mga lalaki at mga babae ng pananampalataya, na matibay na nakasalig sa mga Kasulatan.

Lim Kou

Panimula

Nasisiyahan ang puso ng Diyos kapag ang Kanyang mga anak ay natutong tunay na lumakad sa pamamagitan ng pananampalataya. Ngunit ano ba talaga ang tunay na pananampalataya at paano ba mamumuhay ang isang tao sa pamamagitan ng pananampalataya? Sa paksang ito ay napakaraming maling pagkaunawa.

Ang aklat na ito ay batay sa isang koleksyon ng walong mga mensaheng ipinangaral sa isang lokal na kongregasyon sa loob ng walong taon (1980-87). Ang bawat mensahe ay maaaring unawain nang sa sarili nito, lalo na ang tatlong huling mga mensahe. Ang mga ito ay pinagsama-sama sa isang aklat dahil sa pagsasama-sama ay maaari silang mag-ambag sa pag-unawa ng kung ano ang tunay na pananampalataya, at kung paano mamumuhay ang isang tao sa pamamagitan ng pananampalataya at maging isang tao ng pananampalataya.

Ang unang limang mga mensahe ay isang maliit na serye tungkol sa pananampalataya at inilalatag nila ang pundasyon sa pagkaunawa natin ng paksang ito. Ang dalawang mga mensaheng kasunod ay bahagi ng mga mensahe ng seryeng *Appearance and Reality* [Wangis at Katotohanan], at sinusuri nila ang paksa ng pananampalataya mula sa pananaw ng pagbabagong-loob ni Pablo at pagkatawag bilang isang apostol, at ni Jose bilang isang alipin at bilanggo. Ang panghuling mensahe ay tungkol sa pusong nag-aalab, na ipinangaral bilang solong mensahe.

Ang *Unang Mensahe* ay tumatalakay sa kung ano ang tunay na pananampalataya, at bakit ito ay isang mahalagang bahagi ng isang buhay na nakalulugod sa Diyos.

Ang *Ikalawang Mensahe* ay tumutulong sa ating makita na ang buhay ng pananampalataya ay isang buhay-na-nakasentro-kay Cristo.

Ang panimula, ang pagpapatuloy at ang pagtatapos ng buhay ng pananampalataya ay nakasentro sa lahat sa Panginoong Jesu-cristo.

Ang *Ikatlong Mensahe* ay nagtuturo sa atin ng paraan kung paano tayo maaaring lumago sa uri o kalidad ng pananampalataya sa pamamagitan ng pagtalakay kung saan galing ang pananampalataya at paano ito lumalago.

Ang *Ikaapat na Mensahe* ay pinag-aaralan ang pananampalatayang gumagawa, na isinasalarawan ng mga buhay nina Maria at Moises.

Ang *Kalimang Mensahe* ay pinag-aaralan ang pangangailangang manatili sa pananampalataya sa nakakalito at mahihirap na mga sitwasyon, nang may pagbubulay sa pagliligtas sa mga Israelita mula sa Ehipto at kung paano tayo, sa pananampalataya, ay maaaring gumawang kasama ng Diyos.

Sa *Ikaanim na Mensahe*, ay sisikapin nating maunawaan ang puso ni Pablo bago ang kanyang “biglaang” pagbabagong-loob, ang kahulugan ng kanyang pagbabagong-loob at ang lalim ng kanyang tugon sa Panginoon. Ito ay maaaring magbigay liwanag sa kung anong bumubuo sa isang tao ng pananampalataya at kung paano tayo magiging mga tao ng pananampalataya. Ang di-tumitigil na sigasig ni Pablo ay isang mabisang patotoo sa kung gaano kalaki ang maaaring matupad ng pananampalataya ng tao sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.

Sa *Ikapitong Mensahe* ay pinagbulayan natin si Jose bilang isang taong may pananampalataya, habang siya ay isa pang alipin at isang bilanggo. Ang kanyang buhay ay isang malakas na pampasigla sa atin upang tayo ay lumakad sa pamamagitan ng pananampalataya, maging kahit sa pinakamalubhang mga kalalagayan ng pagsubok.

Ang *Ikawalong Mensahe* ay pagsasabuo ng aklat sa pamamagitan ng pagtanaw sa tao ng pananampalataya bilang isang taong ang puso ay nag-aalab para sa Diyos. Tinitingnan nito kung ano ang kahulugan ng isang pusong nag-aalab, paano ito nagiging ganoon at paano ito lumalago sa tindi at kabuluhan.

Ang mga tanong ay isinama sa dulo ng bawat mensahe para sa personal na pagbubulay at pampangkat na talakayan. Ito ay bilang tugon sa kahilingan ng mga mambabasa ng aking naunang mga aklat.

Ang pamumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya ay isang pangunahing aspeto ng buhay-Kristiano. Panalangin ko na ang aklat na ito ay makatulong sa mga mananampalataya na magpatuloy tungo sa mas malinaw na pagkaunawa ng kung anong kahulugan ng mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya. Nawa ito ay humamon sa bawat isa sa atin na maging mga lalaki at babae ng pananampalataya. Ito ang uri ng buhay na ninanais ng Diyos para sa lahat ng Kanyang mga anak.

Ang Kahulugan at Kahalagahan ng Pananampalataya

Maraming mga talata sa mga Kasulatan ang tumatalakay sa mahalagang paksang ito ng pananampalataya. May isang buong kabanatang itinalaga rito — ang Mga Hebreo 11 — na naglalarawan sa mga lalaki at mga babae ng pananampalataya at ng kanilang mga gawa ng pagsampalataya.

Kapag iniisip natin ang tungkol sa paksa ng pananampalataya, maraming mga tanong ang papasok sa isip natin: Ang pagkakaroon ba ng pananampalataya ay nangangahulugang paniniwala sa hindi nakikita? Ang ibig-sabihin ba nito ay paniniwala nang walang maayos na pangangatwiran at paggawa nang walang pagkaunawa? Hindi ba mahirap at nakakalito ang pamumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya? Bakit kailangan nating mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya para matamo ang pagsang-ayon ng Diyos? Bakit hindi natin maaaring ipamuhay ang ating mga buhay nang maayos nang hindi pinagagana ang pananampalataya?

Sa mensaheng ito, sisikapin nating maunawaan kung ano ang pananampalataya, kung bakit ito mahalaga, at kung bakit makabuluhan ang pamumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya. Dito ay ginagamit ko ang ‘pananampalataya’ sa kahulugan ng maayos na pananampalatayang ayon sa Biblia — pananampalatayang sinasang-ayunan ng Diyos.

Mga maling pagkaunawa patungkol sa pananampalataya

Marami ang nagtuturing sa pananampalataya bilang mahiwaga,

mahirap maunawaan, at mahirap isabuhay. Maraming mga maling pagkaunawa ukol dito. Pag-aralan natin ang ilan sa mga ito.

Maling Pagkaunawa #1 — Ang ating damdamin ay nagpapakita ng kalidad o uri ng ating pananampalataya

Karaniwang ginagawa natin ang kamalian na sinusukat natin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng ating damdamin. Kapag pinanghihinaan tayo ng loob ay iniisip natin na ang ating pananampalataya ay mababang uri at ang buhay natin ay kawawa ang kalagayan. Kapag mataas naman ang moral natin ay iniisip natin na ang ating pananampalataya ay mataas ang uri at ang ating buhay ay nasa maayos na kalagayan. Ito ay malinaw na depektibong paraan ng pagkaunawa sa ating mga buhay at sa kahulugan ng pananampalataya. Ang ating espiritwal na kalusugan at ang uri ng ating pananampalataya ay hindi sinusukat sa kalagayan ng ating mga damdamin.

Tingnan natin ang isang pangyayari sa buhay ng Panginoong Jesus na nasa Mateo 26.

Mateo 26:37–38

37 Isinama niya si Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo.

Noon ay nagsimula siyang malungkot at mabagabag.

38 At sinabi niya sa kanila, “Punung-puno ng kalungkutan ang aking kaluluwa na halos ikamatay ko. Dito muna kayo at makipagpuyat sa akin.”

Dito ay makikita natin ang Panginoong Jesus na nalulungkot at nababagabag. Maaaring mapagkamalang Siya ay dumaranas ng krisis ng pananampalataya. Ngunit kung titingnan natin ang kasunod na talata ay makikita nating hindi ganoon ang kasong ito.

Mateo 26:39

Lumakad pa siya sa di-kalayuan, at doon ay nagpatirapa at nanalangin, na sinasabi, “Aking Ama, kung maaari, lumampas sa akin ang kopang ito. Gayunma’y hindi ang kalooban ko, kundi ang kalooban mo ang masunod.”

Sa kabila ng Siya ay nalulungkot at nababagabag nang husto, ang Panginoong Jesus ay tapat at masunurin sa Diyos Ama. Hindi Siya umatras sa matindi at nagdurusang kamatayan sa Krus, sa halip ay pinagdaanan Niya ito nang matagumpay.

Tingnan din natin ang buhay ni apostol Pablo. Sa kanyang ikalawang sulat sa mga taga-Corinto, ay tinalakay niya nang husto ang tungkol sa matagumpay na buhay Kristiano. Iniisip ng ilang mga tao na ang matagumpay na buhay ay isang buhay na lumalampas sa karanasang pantao, kung saan tayo ay hindi saklaw ng damdamin, o hindi naghihirap o naguguluhan. Ngunit malayo ito sa katotohanan. Masdan kung paano inilalarawan ni Pablo dito sa sulat na ito ang kanyang karanasan at ng kanyang mga kasamahan: “Sapagkat napakabigat ang aming naranasan doon na halos hindi namin nakaya, anupa’t nawalan kami ng pag-asang mabuhay.” (2 Cor. 1:8). Sinasabi rin niya sa atin ang tungkol sa kanilang pagdurusa, pagiging-tuliro, inusig at hinagupit. Ngunit sinasabi rin niya sa atin kung paanong sa gitna ng mga kapighatian, sila ay hindi nadurog o nawalan ng pag-asa, hindi pinabayaan o nasira (2 Cor. 4:8–9).

Malinaw, na sa kaso ng Panginoong Jesus at ni apostol Pablo, bagaman sila ay nalungkot at namighati, ang kanilang mga buhay ay hindi nasa kawawang kalagayan. Sa kabilang banda, nakaya nilang mamuhay ng isang matagumpay na buhay ng pananampalataya kahit sa ilalim ng pinakamahihipap na kalagayan.

Kaya, huwag nating isipin na kapag tayo ay mababa ang moral, naguguluhan, malungkot o namimighati tungkol sa ilang mga bagay, ito ay nangangahulugang ang ating pananampalataya ay mababa ang uri. Sa kabilang dako, huwag din nating isipin na kapag mataas ang ating moral, ito ay nangangahulugang ang ating pananampalataya ay malakas at maayos. Maaaring mataas ang ating moral, ngunit ang pakiramdam ay maaaring mababaw lang, emosyonal o pansamantala.

Sa talinghaga ng manghahasik (Lukas 8:4–15), isinalaysay ng Panginoong Jesus ang tungkol sa butong nalaglag sa iba’t ibang

uri ng lupa. Ikinukumpara Niya ang butong nalaglag sa mabatong lupa sa mga tumanggap ng salita ng Diyos nang may kagalakan, ngunit pagkaraan ng ilang panahon, sila ay bumagsak. Ang ibang mga tao ay galak na galak nang sila ay maging mga Kristiano at iniisip nila na ang kanilang pananampalataya ay napakatibay. Ngunit paglaon, nakikita nilang ang kanilang lakad kasama ng Panginoon ay kinukulang ng sigla at sila ay pinanghihinaan ng loob. At magtataka sila: Bakit nangyari ito sa akin? Bakit masyadong baba-taas-baba-taas ang aking pananampalataya? Bakit sa isang pagkakataon ay napakataas ng pakiramdam ko, at pagkatapos, sa kasunod, ay napakababa naman? Bakit ang aking pananampalataya, sa isang pagkakataon ay napakatibay at pagkatapos ay napakahina sa kasunod? Bakit ang aking buhay ay biglang naging napaka-miserable? Sa totoo lang, ang kanilang pananampalataya sa Panginoon ay hindi naman talaga naging matibay sa simula, kahit pa ang pakiramdam nila ay mataas. Ang emosyon ay hindi mabuting sukatan ng uri ng pananampalataya ng isang tao.

Maling Pagkaunawa #2 — Ang paniniwala at pagkilos ukol sa isang bagay na hindi nauunawaan ay pagpapakita ng pananampalataya

Isa pang maling pagkaunawa ay iyong pinagagana natin ang pananam-palataya kapag naniniwala tayo at kumikilos sa isang bagay na hindi natin nauunawaan. Ang isang taong hindi makapagbigay ng isang mahusay o makatwirang sagot sa direksyong pinupuntahan ng kanyang kilos ay maaaring magsabing, “Ginagawa ko ito sa pananampalataya.” Ngunit ang katotohanan na iniisip niyang kumikilos siya sa pananam-palataya ay hindi nangangahulugang ang lahat ay magiging maayos. Ang kahihinatnan ay maaaring maging kalunos-lunos. Tingnan natin ang nangyari sa Judiong nagpapalayas ng demonyo sa Mga Gawa 19:

Mga Gawa 19:13–16

13 Doon ay may ilang Judio na pagala-gala na nagpapalayas ng masasamang espiritu sa pamamagitan ng salamangka.

Nangahas silang bigkasin ang pangalan ng Panginoong Jesus sa mga sinasapian ng masasamang espiritu. Sinabi nila, “Sa pangalan ni Jesus na ipinapangaral ni Pablo, inuutusan ko kayong lumabas.”

14 Pitong anak na lalaki ni Eskeva, isang punong paring Judio, ang gumagawa nito.

15 Ngunit sinagot sila ng masamang espiritu, “Kilala ko si Jesus, at kilala ko si Pablo; ngunit sino kayo?”

16 At sinunggaban sila ng taong sinasapian ng masamang espiritu. Lahat sila ay dinaig niya, anupa’t hubad at sugatan silang tumakas sa bahay na iyon.

Hindi nauunawaan ng mga Judiong ito na nagpapalayas ng mga demonyo ang mga pagkilos sa larangang espiritwal. Inisip nilang maaari silang gumamit ng kaparehong uri ng kapangyarihang ginamit ni Pablo sa pamamagitan lang ng paggamit ng pangalan ni Jesus sa masasamang espiritu. Ngunit kahiya-hiya at masamang resulta ang dinanas nila. Mula sa pangyayaring ito, ay nakita natin na hindi ibig abihin na kapag gumawa tayo ng isang bagay na hindi natin naiintindihan, ay ginagawa natin ito sa pananampalataya.

Maling Pagkaunawa #3 — Ang matibay na paniniwala ay katumbas ng matibay na pananampalataya

Ang ilang mga tao ay nag-iisip na habang sila ay umaasa sa isang bagay at naniniwala nang matibay ukol dito, sila ay nananampalataya. May kamaliang inilalapat nila ang Mga Hebreo 11:1: “Ngayon, ang pananampalataya ay pagiging tiyak sa mga bagay na inaasahan at paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita.” Iniisip nila na habang mas naniniwala sila sa isang bagay, ay mas matibay ang kanilang pananampalataya, at mas malamang na mangyayari ang bagay na iyon. Halimbawa, ang ilang mga estudyante ay maaaring maniwala nang husto na papasa sila sa kanilang pagsusulit at iniisip nila na kapag mas matibay ang paniniwala nila ay mas malamang na mangyayari

iyon. Ngunit kapag bumagsak sila sa kanilang pagsusulit, ay maaari silang masiraan ng loob, na iniisip na hindi kinilala ng Diyos ang kanilang pananampalataya. Sa kabilang banda, ang ilan ay maaaring mag-isip na sila ay bumagsak dahil hindi sila naniwala nang sapat, at ang naging kongklusyon nila ay mahina ang kanilang pananampalataya.

Maling Pagkaunawa #4 — Ang paggawa ng isang bagay na mapanganib at delikado ay kapahayagan ng pananampalataya

Ikinakabit ng ilang mga tao ang pananampalataya sa paggawa ng mapanganib at delikadong mga bagay. Kaya halimbawa, kapag nagtangka kang pumalaot gamit ang isang maliit na bangka patawid sa malawak na dagat, o kung iniwan mo ang maginhawang tahanan para maglingkod sa Diyos sa isang mahirap na bansa, ay sasabihin nilang ikaw ay may dakilang pananampalataya. Ngunit ganito ba tinitingnan ng Diyos ang ating mga buhay? Ganito ba Niya tayo kinokomendahan? Ibig bang sabihin na kapag mas mahirap at mas delikado ang ginagawa natin, ay mas malakas ang ating pananampalataya? Ang pananaw na ito ay malinaw na mali. Ang kalidad ng pananampalataya ay hindi hinuhusgahan sa pamamagitan ng kung gaano ka-mapanganib o delikado ang isang gawa.

Maling Pagkaunawa #5 — Ang pagiging-tapat ay patunay ng pananampalataya

Kahit tayo ay tapat sa mga bagay na ginagawa natin, ito ay hindi garantiya na ang ating mga gawa ay mga pagkilos ng pananampalataya. Maaari tayong maging lubos na tapat ngunit lubos ding nagkakamali. Maaaring tapat tayong naniniwala na dapat tayong kumilos sa isang paraan, ngunit maaaring nagkakamali tayo o dinadaya lang ng diablo. Kapag tayo ay nagkakamali o dinadaya, ay hindi tayo kumikilos ayon sa totoong pananampalataya. Ang paniniwala sa maling mga katuruan ay maaaring mag-akay sa atin sa pagkakaligaw. Maaari tayong maging tapat, ngunit iniimpluwensyahan ng maling katuruan.

Ang pagkakaroon ng matibay na paniniwala sa isang bagay o isang tao ay hindi nangangahulugan na lahat ay magiging maayos.

Isang batang lalaki sa isang tribu ang isang araw ay nasugatan ang binti. Dinala siya ng kanyang ina sa albularyo. Matibay na naniniwala ang ina na mapapagaling ng albularyo ang kanyang anak. Naglaga ng halu-halong sangkap ang albularyo at inilagay sa sugat. Pagkaraan ng ilang araw, ang sugat ay nagka-impeksyon at inuod. Para mailigtas ang bata ay pinutol ang kanyang binti. Ang ina ng bata ay nagtiwala sa albularyo at tunay na naniwala na ang lahat ay magiging maayos. Ngunit ang kanyang matibay na paniniwala ay hindi nakapagtiyak na maging maayos ang kalagayan ng bata. Bagama't ang buhay ng bata ay nailigtas, ang kanyang binti ay naputol. Ang pagiging-tapat sa paniniwala ay hindi patunay ng tunay na pananampalataya.

Ano ang tunay na pananampalataya?

Ngayong nakita na natin ang mga maling pagkaunawa tungkol sa pananampalataya, tingnan naman natin kung ano ang tunay na pananampalataya. Napakahalagang maging malinaw tayo tungkol sa usaping ito dahil ang tunay na pananampalataya ay kailangan para makapamuhay ng isang buhay na nakalulugod sa Diyos.

Ang pananampalatayang ayon sa Biblia ay may dalawang mahahalagang mga sangkap. Una, ito ay paniniwala sa katotohanan. Ang pinaniniwalaan natin ay dapat nakabatay sa mga katotohanan — sa kung anong totoo. Ang katotohanan ay sumasaklaw sa lahat ng mga realidad, at parehong sinasaklaw ng lahat ng mga realidad ang mga larangan ng nakikita at hindi nakikita. Ngunit ang paniniwala sa katotohanan, sa kanyang sarili, ay hindi tunay na pananampalataya. Dapat ay mayroon ng ikalawang sangkap: ang angkop na tugon sa katotohanan. Sa madaling salita, dapat ay ipinamumuhay natin ang katotohanan.

Ang ganoong buhay, iyon ay, ang buhay ng tunay na pananampalataya, ay mangangahulugan ng pagtitiwala sa

Diyos at pagsunod sa Kanya, na naniniwala sa Kanyang salita at ipinamumuhay ito — sapagkat Siya ang Diyos ng katotohanan at ang Kanyang salita ang katotohanan. Mangangahulugan ito ng pamumuhay ayon sa kung ano ang itinuturo ng mga Kasulatan at ayon sa paggabay ng Diyos. Ito ay buhay na nakabatay sa isang tamang pagkaunawa ng mga Kasulatan — kung sino ang Diyos at kung ano talaga ang Kanyang ipinahayag. Kapag inilapat natin nang mali ang mga Kasulatan o tayo ay nalinlang, ay hindi natin maisasagawa ang pananampalatayang ayon sa Biblia.

Sinasabi sa atin ni Apostol Pablo na ito ang buhay ng pananampalataya na nilalayon ng Diyos para sa lahat ng Kanyang mga anak: “Sapagkat kabilang na kayo sa mga hinirang noong una pa man. Ito’y sa pamamagitan ng Espiritung nagpapabanal sa inyo, at ng pananalig ninyo sa katotohanan” (2 Tes. 2:13). Ang “pananampalataya sa katotohanan” sa kontekstong ito ay mangangahulugan ng angkop na tugon ng puso sa tamang pagkaunawa ng lahat ng mga ipinahayag ng Diyos sa mga Kasulatan at sa Kanyang kalooban para sa ating mga buhay. Ito ang paraan para sa atin na makaabot sa lahat ng nilalayon ng Diyos sa Kanyang plano ng kaligtasan para sa atin kay Jesus.

Dapat nating suriin ang iba’t ibang mga konsepto ng pananampalataya na pumapasok sa ating isip sa harap ng pagkaunawang ito ng tunay na pananampalataya: Mayroon ba nitong dalawang mga sangkap na ito ng tunay na pananampalataya — paniniwala sa katotohanan at pamumuhay nang ayon sa katotohanan?

Ang tunay na pananampalataya ay nagreresulta sa tunay na positibong kinahinatnan

Inilalarawan ng Mga Hebreo 11 ang tunay na pananampalatayang gumagawa. Sa maraming mga halimbawa ng pananampalatayang sinitas, ay makikita natin ang tatlong mga aspeto ng tunay na pananampalataya: Una, pagkaalam sa katotohanan; ikalawa, pagsasabuhay ng katotohanan; ikatlo, positibong kinalabasan. Ang unang dalawang mga aspeto ay mga kapahayagan ng

pananampalataya. Ang ikatlo ay nagpapakita sa atin, na sa kahulihan, ang mga gumamit ng tunay na pananampalataya ay hindi nabigo, sapagkat ginantimpalaan sila ng Diyos (t. 6). Inayunan ng Diyos ang kanilang mga buhay, at ang mga kapahayagan ng kanilang pananampalataya ay may positibong epekto sa kaharian ng Diyos. Tingnan natin ang mga halimbawa nina Noe at Abraham.

Halimbawa ni Noe

Hebreo 11:7

Sa pamamagitan ng pananampalataya, pinakinggan ni Noe ang babala ng Diyos tungkol sa mga bagay na hindi pa niya nakikita, kaya't siya'y gumawa ng isang daong para sa kaligtasan ng kanyang sambahayan. Sa pamamagitan nito ay hinatulan niya ang sanlibutan, at siya'y naging tagapagmana ng pagiging matuwid na bunga ng pananampalataya.

Si Noe ay binalaan ng Diyos tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita. Ang pananampalataya ay maaaring magsali ng mga bagay na hindi pa nakikita o hindi pa natin lubos na nauunawaan.

Narinig ni Noe ang Diyos at tumugon siya sa pamamagitan ng paghahanda ng isang arko. Ang kanyang masunuring pagkilos ay nauwi sa kaligtasan ng kanyang sambahayan at sa pagpapahayag ng mga Kasulatan na siya ay tagapagmana ng katuwirang ayon sa pananampalataya.

Si Noe ay pinuri sa kanyang pananampalataya hindi lamang dahil kumilos siya tungkol sa isang bagay na mahirap at hindi niya lubos na naunawaan. Siya ay pinuri dahil kumilos siya tungkol sa mga utos ng Diyos.

Halimbawa ni Abraham

Ngayon ay tingnan naman natin ang buhay ng pananampalataya ni Abraham.

Hebreo 11:8

Sa pamamagitan ng pananampalataya, sumunod si Abraham nang tawagin siya ng Diyos na pumunta sa isang lugar na kanyang tatanggapin bilang pamana. Sumunod nga siya, bagama't hindi niya nalalaman ang lugar na kanyang pupuntahan.

Ang ilang mga tao ay nag-iisip na ang paghayo nang hindi alam kung saan sila patungo ay isang gawa ng pananampalataya. Ang mahalagang tanong ay: Tumawag ba ang Diyos? Ang paghayo ni Abraham ay gawa ng pananampalataya sapagkat tumugon siya sa pagtawag ng Diyos. Kahit pa man si Abraham ay handang humarap sa lahat ng mga panganib, hindi siya maaaring kumilos sa tunay na pananampalataya kung hindi siya tinawag ng Diyos. Oo, si Abraham ay humarap sa maraming mga kawalan ng katiyakan — “siya’y pumunta na hindi nalalaman ang kanyang pupuntahan.” Hindi niya lubos na naunawaan kung anong kahihinatnan ng kanyang ginawa. Sa pananaw ng tao, ay may mga panganib. Ngunit isang bagay ang malinaw sa kanya: Tumawag ang Diyos. At si Abraham ay nagtiwala sa Diyos at sumunod. Iyon ay hakbang ng pananampalataya.

Bukod sa pagtiwala sa Diyos sa panawagang siya ay pumunta sa isang banyagang lupain, si Abraham ay nagtiwala rin sa pangako ng Diyos tungkol sa kanyang mga inapo (Rom. 4:16–21).

Hebreo 11:12

Kaya’t mula sa isang lalaki na halos patay na ay isinilang ang isang lahi na kasindami ng mga bituin sa langit at ng di mabilang na mga buhangin sa dalampasigan.

Kahit matanda na si Abraham at wala nang kakayahang magkaroon ng isang anak na lalaki, ayon sa mga Kasulatan, siya na “parang patay na” ay nagtiwala sa pangako ng Diyos ng isang anak na lalaki. Dahil sa kanyang pananampalataya sa Diyos, may positibong kinahinatnan: si Isaac ay ipinanganak,

at sa pamamagitan niya, ang mga inapong kasindami ng mga bituin sa langit. Kaya naman, si Abraham ay itinanghal sa mga Kasulatan bilang isang nagniningning na halimbawa ng isang tao ng pananampalataya at siya ay may isang lugar ng karangalan sa kaharian ng Diyos.

Gaya ng nakita natin mula sa mga halimbawa nina Noe at Abraham, ang pananampalataya ay isang tugon ng buo nating pagkatao. Sangkot dito ang ating isip sa pang-unawa, at ang ating espiritu sa pagkamalay sa espirituwal na katotohanan. Kasama rin ang ating kalooban sa pagpili. Malibang piliin nating tumugon nang angkop sa katotohanang naunawaan natin, ang tugon ng pananampalataya ay hindi pa ganap.

Ang Taong may pananampalataya — siya na umiibig sa katotohanan at katuwiran

Sino kung ganoon ang taong may pananampalataya? Para sa akin, siya ang isang umiibig sa katotohanan at katuwiran at masigasig na naghahangad na lumago sa pagkaunawa upang makapamuhay nang ayon sa katotohanan. Para maging isang taong may pananampalataya, ay dapat mong ibigin ang katotohanan at katuwiran. Gaano ka man katalino, o kabilis makaunawa ng mga usapin, kung hindi mo iniibig ang katotohanan at katuwiran, ay hindi ka maaaring maging taong may pananampalataya. Kahit may kakayanan kang makaunawa ng maraming mga usapin, ang kakayanan mong magtamo ng malalim na pagkaunawa sa mga bagay na ito ay mapipigilan, at hindi mo maipapahayag nang tama ang buhay ng pananampalataya.

Ang pananampalataya ay isang usaping moral. Hindi ito basta na lang bumaba sa atin bilang kaloob. Ito ang dahilan kung bakit inaaprubahan ng Diyos ang mga gumagamit ng pananampalataya. Hindi tayo pinupuri ng Diyos dahil tayo ay may mga kaloob — sa pangangaral man, sa pagtuturo, sa pagpapayo, o sa iba pang mga larangan sa buhay. Hindi tayo ginagantimpalaan ng Diyos dahil sa katotohanang may mga kaloob tayo, dahil ang mga kaloob na

ito ay Siya ang may bigay sa atin. Kapag pinupuri tayo ng Diyos, kapag inaaprubahan Niya ang ating mga buhay, ito ay dahil sa mabuting moral nating tugon. Bagaman ang ilang mga tao ay hindi maaaring makaunawa nang husto, ngunit sila ay maaari pa ring maging mga tao ng pananampalataya. Ang Diyos ay may sariling pamamaraan ng pagtulong sa atin na makakilala ng katotohanan. Ang mahalagang usapin ay kung mayroon bang pagkagutom sa ating mga puso na malaman ang katotohanan dahil gusto nating lumakad sa katotohanan at katuwiran.

Ang mga gawa ng pananampalataya ay hindi kailangang maging kamangha-mangha o mapanganib. Ang buhay ng pang-araw-araw na pagsunod sa Diyos, ng pagtitiwala sa Kanya, ng pagtupad sa Kanyang salita; mga simpleng gawa ng pag-ibig at kabaitan — ang mga ito ay mga kapahayagan ng isang buhay ng pananampalataya. Nasa kaibuturan ng isang buhay ng pananampalataya ay ang pag-ibig para sa Diyos, pagtitiwala sa Kanya at katapatan sa Kanya, ang Diyos ng katotohanan at katuwiran.

Ang tunay na pananampalataya ay binubuo ng kaalaman at pang-unawa

Ang maka-Bibliyang pananampalataya ay hindi kailanman bulag. Hindi ito isang pagbitiw ng isip. Hindi nito hinahamak ang kaalaman o pang-unawa. Sa halip, ang tunay na pananampalataya ay binubuo ng pundasyon ng kaalaman at pang-unawa. At kung paano tumatayo ang isang gusali sa pundasyon nito, ang taong may pananampalataya ay kumikilos nang lampas sa kung ano ang kanyang naiintindihan, ngunit hindi kasalungat nito. Kaya maaari tayong kumilos nang may paninindigan sa mga usapin maging kahit hindi natin lubos na nauunawaan ang mga ito, basta alam lang natin na kumikilos tayo ayon sa kalooban at mga tagubilin ng Diyos. Ito ay dahil alam natin na ang Diyos ay walang kapintasan at kung gayon ay lubos na maaasahan.

Maaaring hindi lubos na naunawaan ni Abraham ang kahulugan at mga implikasyon ng pagtawag ng Diyos na siya ay

pumunta sa ibang bayan, na humakbang ng napaka-mapanganib na hakbang (kung ayon sa tao), ngunit hindi nangangahulugan na nang siya ay humayo, ay kumikilos siya nang salungat sa kabuuan ng kung anong kaya niyang maunawaan. Nakilala na niya ang Diyos, at alam niyang iniibig siya ng Diyos, may malasakit ito sa kanya at maaasahan. Kaya nang tawagin siya ng Diyos, ay maaari siyang humayo sa pananampalataya.

Ang puntong ito ay mahalaga dahil ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos at ng tao ay hindi lubusan nauwaan. May mga pagkakataon kung kailan hindi malinaw sa atin kung ang isang bagay na gagawin ay sa Diyos. Ano ang gagawin natin kung ganoon? Sa ganoong mga pagkakataon, ay kailangan natin itong pag-aralang mabuti sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng mga bagay na may kinalaman dito, lalo na kung ang mga usapin ay mahalaga. Kung sa palagay natin, ang bagay na gagawin ay maaaring labag sa mga panuntunan ng Kasulatan, ay dapat tayong mag-isip. Hindi na tayo dapat magpatuloy pa sa bagay na gagawin na nakita nating labag sa pangunahing mga panuntunan na atin ng nauwaan. Ngunit hindi kailangang kapag naunawaan na nating lubos ay saka lang tayo dapat kumilos. Sa madaling salita, ang pananampalataya ay hindi bulag. Ito ay tumatayo sapagka-unawa at kaalaman at hindi sumasalungat sa mga ito.

Ang kahalagahan at kabuluhan ng pamumuhay ng may pananampalataya

Bakit napakahalaga ng pamumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya? Bakit hindi tayo makakapamuhay nang nakalulugod sa Diyos kung hindi natin sinasanay ang manampalataya? Bakit natin kailangang kumilos nang lampas sa maaari nating maunawaan nang lubos? Bakit ang paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita ay isang mahalagang bahagi ng isang buhay ng pananampalataya? Gusto kong magmungkahi ng siyam na mga dahilan tungkol sa kahalagahan at pagka-makabuluhan ng pamumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya:

1. Ang pagka-diyos ng Diyos

Isang pansaligang dahilan para sa ating pangangailangan na paganahin ang pananampalataya ay may kaugnayan sa pagka-diyos ng Diyos — kung sino Siya. Tunay nga, ang Kanyang mga katangian ay may malaking implikasyon sa kung paano tayo dapat mamuhay ng ating mga buhay at bunga nito, ang pangangailangan ng pananampalataya. Pag-aralan natin ang dalawa lang sa mga katangian ng Diyos.

Una, ang Diyos ay hindi nakikita. Hindi lamang sa hindi Siya nakikita, madalas na hindi rin natin nararamdaman ang Kanyang presensya. Para makipag-ugnayan sa ganyang Diyos, ay hindi tayo maaaring mamuhay nang ayon lang sa larangan ng nakikita, batay sa kung anong maaaring makita o maramdaman. Tunay nga, kailangan nating mamuhay nang ayon sa kung anong nalaman at naunawaan na natin tungkol sa Diyos.

Ikalawa, ang Diyos ay walang hanggan. Siya ay walang hanggan sa Kanyang pagka-diyos at sa Kanyang kaalaman, karunungan at kapangyarihan. Tayo, sa kabilang banda, ay may-hanggan at nahulog nang mga nilalang. May napakalaking agwat sa pagitan natin at ng Diyos. Hindi posible para sa atin na maunawaan nang lubos ang Diyos at ang Kanyang mga pamamaraan. Sa larangan ng paglago at pag-unlad, ay sisikapin ng Diyos na turuan tayo at dalhin tayo sa lumalagong maturidad ng pang-unawa. Ngunit may mga landas na gusto Niyang lakaran natin, na ang mga ‘bakit’ o mga ‘papaano’ ng mga ito ay hindi natin lubos na mauunawaan. Kung ipipilit natin na mamuhay ayon sa kung ano ang mga nauunawaan natin nang lubos, ay mabibigo tayong ipamuhay ang isang buhay na sumusunod sa Diyos. Ang ating mga buhay ay magiging mas mahirap o mas pulubi dahil lilimatahan na natin kapag ganoon ang pamamaraan ng makapangyarihang Diyos sa paggawa Niya sa atin at sa pamamagitan natin.

Maraming mga halimbawa sa praktikal na buhay sa araw-araw, na nagpapakita ng ganitong pagharap sa buhay — na ang paggawa ng mga bagay na hindi natin lubos na nauunawaan ay makatwiran.

Tingnan natin ang relasyon ng ama at anak. Kapag ang anak ay bata pa, hindi niya nauunawaan ang maraming mga bagay. Kapag nagkasakit siya, sasabihin ng kanyang ama, “Inumin mo itong gamot na ito, makakabuti sa iyo ito.” Ayaw ng anak na inumin iyon dahil mapait. Hindi niya nauunawaan na kailangan niya ang gamot. Ngunit dahil nagtitiwala siya sa kanyang ama at naniniwala siya na mahal siya ng kanyang ama at alam nito ang kanyang ginagawa, ay iinumina niya ang gamot at makikinabang siya sa pag-inom noon.

Ang mga pagsubok na dinaraan natin sa buhay ay maaaring ihalintulad sa mapait na gamot. Habang dumaraan tayo sa mga ito, na nagtitiwala sa Diyos, ay babaguhin tayo ng mga ito at aakayin sa mas malalim na karanasan sa Diyos at sa Kanyang biyaya. Tutulungan din tayo ng mga ito na mas maunawaan ang espiritwal na larangan.

Tingnan din natin ang isa pangkaraniwang halimbawa. Kapag sumasakay tayo sa eroplano ay maaaring hindi natin nauunawaan nang lubos kung paano tayo nabubuhay ng eroplano sa hangin at nailalapag nang ligtas sa ibang airport. Ngunit dahil sa karanasan at ilang bagay na nauunawaan natin tungkol sa mga piloto at mga eroplano, tayo ay may sapat na tiwala na dadalhin tayo ng eroplano doon.

Isipin din natin ang mga operasyong isinasagawa ng mga doktor na dinaraan ng mga tao. Bagaman may mga panganib na sangkot sa mga ito, ang mga tao ay handang makipagsapalaran dahil may sapat silang tiwala na ang mga operasyon ay makakabuti sa kanila.

Ngunit syempre, gaya ng maraming mga bagay sa buhay na pinagtitiwalaan natin, ang mga eroplano ay maaaring pumalya at ang mga operasyon ay magka-problema. Ngunit nagtitiwala pa rin tayo sa mga ito. Gaano pa kaya lalong dapat tayong magtiwala sa Diyos na perpekto at hindi pumapalya?

Ang pamumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya ay maaaring maging mahirap. Isipin natin si Noe na gumawa ng malaking daong para sa lahat ng uri ng mga hayop. Gaano

kahirap kaya para sa kanya na maniwalang magkakaroon ng bahang napakalala na kung hindi siya gagawa ng daong, siya at ang kanyang pamilya at lahat ng mga hayop ay mapapahamak. Habang ginagawa niya ang daong na iyon, maraming mga tao marahil ang nanlibak at nagtawa sa kanya, na sinasabing, “Napakahangal mong tao! Anong ginagawa mo? Sa tuyong lupang ito, ay gumagawa ka ng ganyan kalaking barko!” Marahil ay napakahirap para sa kanya na ipaliwanag sa kanila ang ginagawa niya. Sino ang maniniwala? Ngunit anuman ang maaaring sinabi ng mga tao o inisip tungkol sa kanya, ay nagpatuloy siya sa paggawa ng daong sa bawat araw, sa bawat buwan, na naniniwala sa babala ng Diyos, kahit maaaring hindi niya naunawaan nang lubos ang kahalagahan noon.

2. Kung paano nilikha ng Diyos ang tao

Nilikha ng Diyos ang tao na may kabuuan at kakayahan para sa kalidad ng buhay na mas mataas kaysa mamuhay lang ayon sa ating limang pandamdang. Ang ating mga buhay ay hindi lang binubuo ng pisikal na mga aspeto — paningin, panlasa, pang-amoy, panghipo, at pandinig. Mayroong mas mataas na mga aspeto ang buhay ng tao — ang moral at espirituwal na mga aspeto — at ang mga ito ay nasa larangan ng hindi nakikita. Tungkol ang mga ito sa kaluluwa at espiritu ng tao. Kaugnay sa mga ito, at nasa larangan din ng hindi nakikita ay ang ating karakter, ang ating pag-ibig, mga prinsipyo, ang ating mga kabutihang-moral at iba pa. Ang pinakamataas at pinakamayamang mga karanasan ng tao ay hindi sa nakikita at pisikal na larangan gaya ng pagkain at pag-inom. Sa halip, ang mga ito ay nakasentro sa kalidad ng pagkatao at mga relasyon — pakikisama sa Diyos at pakikisama sa kapatiran.

Kaya para makapamuhay nang pinakalubos, gaya ng layunin ng Diyos, ay kailangan nating mamuhay sa pamamagitan ng pananam-palataya, na isinasaalang-alang ang larangan ng hindi nakikita. Kung mamumuhay lang tayo sa larangan ng nakikita, ay hindi tayo maaaring makapasok sa kamangha-manghang moral at

espiritwal na kahalagahan ng buhay na nilalayon ng Diyos para sa atin. Ang mamuhay nang hindi nakakapasok sa mas mayaman at espiritwal na mga aspetong ito ng buhay ay isang trahedya.

3. Ang pagkahulog ng tao at ang daan ng kaligtasan

Isang pangunahing dahilan ng pagkahulog ng tao sa kasalanan ay ang kawalan ng pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang pag-ibig at kabutihan. Kaya, sa pagtatalaga ng daan ng personal na kaligtasan, ay hinihingi ng Diyos na ipahayag nating muli ang ating pananampalataya sa Kanya at sa Kanyang pag-ibig at kabutihan.

Kailangan natin ang pananampalataya na maniwalang si Cristo ay namatay sa Krus para sa ating mga kasalanan. Wala tayo noon sa Kalbaryo at hindi natin nasaksihan ang pagkamatay ni Jesus sa Krus. At maaaring hindi natin maunawaan nang lubos kung paano o bakit nagbigay ang Diyos ng kapatawaran ng mga kasalanan at pakikipagkasundo sa Kanyang sarili sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo. Ngunit kailangan nating tumugon nang positibo sa Diyos, magtiwala sa Kanya at sa Kanyang salita bago tayo maaaring maligtas. Ito ay humihingi ng pananampalataya.

Ang pananampalataya ay hinihingi rin para sa espiritwal na paglago. Para lumago sa espiritu, ay kailangan nating magtiwala sa Diyos at sumunod sa Kanyang mga itinuturo sa Kasulatan. Kung hindi tayo magtitiwala at susunod ay hindi tayo maaaring lumago. Bagama't maaaring hindi natin maunawaan nang lubos ang marami sa mga itinuturo ng Diyos, kapag naging malinaw sa atin ang kahulugan ng Kanyang aral kung paano tayo dapat mamuhay, ay dapat tayong mamuhay nang ayon sa mga iyon.

4. Ang nararamdaman at panlabas na anyo ay maaaring hindi tumugma sa katotohanan

Bilang mga nilalang na nahulog na sa kasalanan, ang ating mga damdamin ay hindi tuloy-tuloy, bagkus ay pabago-bago. Ang mga ito ay hindi laging tumutugma sa katotohanan o hindi laging nakakiling sa paggawa ng dapat nating gawin. Minsan,

ang mga sirkumstansyang pinagdaraan natin ay maaaring magdulot ng alinlangan sa atin at masiraan tayo ng loob. Minsan, maaaring maramdaman natin na parang ang lahat ay lagi na lang mali at parang walang pakialam ang Diyos. Kaya importanteng matutunan nating mamuhay sa ibabaw ng larangan ng nakikita, lampas sa kung anong nararamdaman at nakikita natin, at matutunan natin kung sino ang Diyos at magtiwala sa Kanya. Kung hindi, tayo ay magiging mabuway, at ang ating mga buhay ay mapapalihis sa landas ng katotohanan at katuwiran. Upang maging matatag, kailangan nating nakasalig sa Diyos at sa mga Kasulatan. Kailangan nating malaman na ang Diyos ay hindinagbabago sa Kanyang mga katangian. Siya ay laging dakila, laging makapangyarihan sa lahat, laging naririto, saan man tayo naroon. Siya rin ay laging mapagmahal at mabuti sa atin. Bagama't ang mga pangyayari ay maaaring tila nagpapakita na ang Diyos ay walang malasakit, ay alam natin na Siya ay may malasakit at umiibig sa atin. Kaya ang ating mga buhay, sa kahulihan, ay dapat nakasalig sa mga katotohanan at mga prinsipyong naunawaan na natin. Ang ganitong pamumuhay ay nangangailangan ng pananampalataya.

5. Tiwala — mahalagang sangkap sa relasyon

Ang tiwala ay isang mahalagang aspeto ng relasyon. Nagpapaibayo ito sa ganda at kalidad ng relasyon. Halimbawa, habang nagtitiwala tayo sa Diyos — na Siya ay isang Diyos ng pag-ibig, karunungan at katapatan — pinag-iibayo nito ang kalidad ng ating relasyon sa Kanya. Nakikita natin itong inilalarawan sa mga buhay ng mga umiibig sa Diyos.

Si Pablo ay nagpakita ng mataas na antas ng tiwala at pananalig sa Diyos sa isang pangyayaring nakatala sa Mga Gawa 27. Sa pagkakataong iyon, siya ay inabutan ng isang malakas na bagyo, kasama ng maraming iba pa. Ang barkong sinasakyan nila ay binayo ng malalakas na hangin sa loob ng ilang araw. Ang kanilang buhay ay nasa matinding panganib. Ang ibang mga

kasamahan nila sa barko ay nawalan na ng pag-asang makakaligtas pa sila sa bagyo. Gayon na lang ang takot nila sa bagyo na hindi na sila nakaisip kumain. Ngunit pinayuhan sila ni Pablo na harapin ang sitwasyon nang may lakas ng loob. Sinabi niya sa kanila na isang anghel ng Diyos ang nagpakita sa kanya at tiniyak sa kanya na iingatan ng Diyos ang buhay ng bawat isang nasa barko (t. 22–24). Sabi niya sa t. 25: “Kaya tibayan ninyo ang inyong loob, mga ginoo, sapagkat sumasampalataya ako sa Diyos na mangyayari ang lahat ng sinabi niya sa akin”. Si Pablo ay naroon din sa mapanganib na sitwasyon gaya rin ng iba pa. Ngunit hindi kagaya ng iba, si Pablo ay nagpakita ng di-nagmamaliw na pananampalataya sa Diyos — sa Diyos na mapagmahal, tapat at marunong. Nakakaantig ng damdaming patotoo! Kung nangako ang Diyos na iingatan Niya tayo, ay maaari tayong magtiwala na gagawin Niya, kahit pa parang walang pag-asa ang sitwasyon.

Maging sa ating relasyon sa isa’t-isa, ang pananalig at pagtitiwala ay mahalaga sa malalim na pagkakaibigan. Tayong mga tao ay nalulugod kapag tayo ay pinagtitiwalaan. Ang problema, tayo ay hindi lubos na maaasahan, kahit sikapin nating gawin ang pinakamahusay natin. Ngunit ang Diyos ay lubos na maaasahan at makakabuti kung tayo ay lalago sa pananampalataya at lubos na makakapagtiwala sa Kanya.

6. Ang Diyos ay gumagawa sa pamamagitan ng pananampalataya

Nilikha tayo ng Diyos na mga moral na nilalang at binigyan Niya tayo ng malayang kalooban. Sa ganoon, hindi Niya tayo pipiliting ibigin at sundin Siya, o pilitin tayo na maging mga daluyan ng Kanyang pagpapala sa iba. Dapat tayo ay maging handang mamuhay ng isang banal at matuwid na buhay. Dapat tayong maging handang umibig at maglingkod sa Kanya. Dapat tayong maging handa para sa Diyos na Siya ay gumawa sa atin at sa pamamagitan natin. Ipinapahayag natin ang kahandaang ito sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya. At ito ay sa pamamagitan ng ating pananampalataya

sa Kanya na Siya ay gumagawa sa atin at sa pamamagitan natin. Kung hindi natin pagaganahin ang pananampalataya sa Kanya, kung ayaw nating gawin ito, ay hindi maaaring ipahayag nang lubos ng Diyos ang Kanyang mga layunin sa atin at sa pamamagitan ng ating mga buhay. Ang pananampalataya ay ang kaparaanan, na sa pamamagitan nito ay ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang walang hanggang pag-ibig, kapangyarihan at karunungan sa pamamagitan ng mahihina at may hangganang mga nilalang na gaya natin.

Para magkaroon ng kuryente sa ating mga tahanan, ang mga kable ay dapat nakakabit sa transformer sa poste ng kuryente. Para magkaroon ng tubig na dumadaloy sa gripo, ang mga tubo ay dapat nakakabit sa tangke. Gayundin naman, para ang kapangyarihan at karunungan at kaalaman ng Diyos ay mahayag sa pamamagitan ng ating mga buhay, dapat nating paganahin ang pananampalataya sa Diyos. Ang pananampalataya ang koneksyon. Kapag wala ito, ang kadakilaan at kabutihan ng Diyos ay hindi maaaring mahayag sa pamamagitan natin.

7. Ang pagsasagawa ng mga layunin ng Diyos ay nangangailangan ng pananampalataya

Sa mga Kasulatan ay inihayag ng Diyos ang Kanyang mga layunin at kung paano tayo maaaring magkaroon ng makabuluhang bahagi sa pagsasagawa ng mga layuning ito. Nangangailangan ng pananampalataya para mapaniwalaan natin ang mga bagay na ito na inihayag ng Diyos, gaya ng kung paano dapat gumana ang buhay iglesya at kung paano tayo mamumuhay. Nangangailangan ng pananampalataya para tayo ay makapaniwala na ang Diyos ay magiging totoo sa Kanyang mga pangako at habang nananatili tayo sa Kanyang salita, ang pinakamahusay na resulta ay mangyayari, kahit na kung minsan ay parang hindi ganoon ang nangyayari. Ngunit, madalas ay iniisip natin na mas marunong tayo at pinapalitan natin ang mga paraan ng Diyos ng ating sariling mga ideya at mga pamamaraan. Kaya ang resulta ay nagdurusa ang Kanyang gawain. Ito ay malaking problema sa gawain ng Diyos.

Ang pananampalataya ay nagbibigay ng kakayahan sa atin na maunawaan at mabatid kung anong nangyari sa nakalipas — ang pagkilos ng Diyos sa bayang Israel at kung anong isinakatuparan ni Cristo para sa atin. Ang pananampalataya ay patuloy na makabuluhan sa kasalukuyan habang tinutulungan tayo nito kung paano tayo dapat mamuhay bilang mga Kristiano at kung ano ang dapat nating tutukan. At kahulihan, ang pananampalataya ay tumitiyak ng ating bukas — ang pag-asang hinaharap natin at ang pagkakaroon natin ng bahagi sa maluwalhating kaharian ng Diyos sa walang-hanggan.

8. Ang pananampalataya ay mahalaga sa espiritwal na pakikidigma

Ang diablo at ang mga kapangyarihan ng kadiliman, na nagsisikap labanan ang Diyos at ang Kanyang mga layunin, ay hindi nakikita. Sila ay espiritwal na mga nilalang at ang pakikidigmang ginagawa nila ay nasa espiritwal na larangan. Kung walang pananampalataya ay imposible para sa atin na labanan ang ating mga kaaway at mapagtagumpayan sila. Sa katunayan, hindi nga tayo makakapagsimula man lamang na labanan sila. Hindi rin natin mamamalayan ang mga panlilinlang at mga atake ng dyablo, na madaling makakapagdulot ng matinding pinsala sa ating mga buhay. Kapag tayo ay namumuhay lang ayon sa larangan ng nakikita, ay imposible para sa atin na makipaglaban sa espiritwal na digmaan. Ang mga sandatang pisikal ay walang bisa sa espiritwal na pakikidigma. Ang buong kasuotang pandigma ng Diyos na inilalarawan sa Efeso 6 ay nasa larangan ng hindi nakikita. Ang sinturon ng katotohanan, ang baluting pandibdib ng katuwiran, ang kalasag ng pananampalataya, ang tabak ng Espiritu — ang mga ito ay sagradong makapangyarihan, ngunit hindi rin nakikita. Kaya, nangangailangan ng pananampalataya para tayo ay makalaban sa espiritwal na pakikidigma.

9. Ang pananampalataya ay nagpapaalala sa atin ng kung anong nananatili at kung ano ang hindi

Ang pangangailangang mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya ay isang palagiang paalala sa atin na ang larangan ng nakikita ay sa nahulog nang sanlibutan at pansamantala, at hindi tayo dapat nabubuhay para dito at sa pamamagitan nito. Ito ay palagiang paalala sa atin na ang walang hanggan at ang larangan ng espiritwal ay hindi nakikita at ang higit na mahalagang mga aspeto ng buhay gaya ng kaharian ng Diyos ay hindi nakikita. Ito ang sinasabi sa atin ni Pablo sa 2 Corinto 4:17–18:

2 Corinto 4:17–18

17 Sapagkat itong magaan at pansamantalang paghihirap ang naghahanda sa atin para sa walang hanggang kaluwalhatian na hindi maihahambing sa anuman.

18 Sapagkat hindi namin pinagmamasdan ang mga bagay na nakikita, kundi ang mga bagay na hindi nakikita, sapagkat ang mga bagay na nakikita ay pansamantala lamang, subalit ang mga bagay na hindi nakikita ay walang hanggan.

Ang pananaw na ito ay nagpanatili sa mga buhay at ministeryo nina Pablo at ng kanyang mga ka-manggagawa. Ang pananaw na ito ay dapat ding magpanatili sa ating mga buhay. Habang lalo nating inihahanay ang ating mga buhay sa walang-hanggan at espiritwal na kaharian ng Diyos, ay mas lubos na ibinibilang natin ang ating mga sarili sa kung ano ang talagang mahalaga, at lalo nating mapapahalagahan ang katuturan at pagka-makabuluhan ng pamumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya. Dahil dito, lalo nating magagawa nang may paglago ang mabuhay sa pamamagitan ng pananampalataya, lumalago mula sa kalakasan tungo sa lalo pang kalakasan, mula sa pananampalataya tungo sa lalo pang pananampalataya.

Pangwakas na mga pananalita

Mahalagang malaman natin kung ano ang tunay na pananampalataya — ang uri ng pananampalatayang tinatanggap ng Diyos. Ang paniniwalang nakasalig sa kasinungalingan o kamalian ay walang pakinabang. Kailangan nating lumago sa pagkaunawa ng katotohanan at magkaroon ng malalim na hangaring manatili roon. Kung hindi, ang kaalamang natamo natin ay magiging walang pakinabang sa atin at hindi magkakaroon ng tunay na pananampalataya. Kailangan nating kilalanin kung bakit ang pananampalataya ay napakahalaga sa ating mga buhay. Kailangan nating ipamuhay lagi ang ating mga buhay na isinasaalang-alang ang buong katotohanan, pareho, sa mga larangan ng nakikita at hindi nakikita. Sa katunayan, kailangan nating kilalanin na ang larangan ng hindi nakikita ay higit na mahalaga kaysa sa larangan ng nakikita. Ang Diyos ay hindi nakikita, at maraming mahahalagang mga aspeto ng ating buhay sa lupa ay nangyayari sa larangan ng hindi nakikita at kinasasangkutan ng mga usaping maaaring hindi natin lubos na mauunawaan.

Huwag nating hayaang mahadlangan ang Diyos sa Kanyang paggawa sa atin at sa pamamagitan ng ating mga buhay dahil sa kawalan ng pananampalataya. Linangin natin ang ating pag-ibig sa katotohanan at palalimin ang ating katapatan na mamuhay sa pamamagitan nito. Sikapin nating lumago sa kaalaman ng Diyos at ng Kanyang mga pamamaraan upang makatugon tayong mabuti sa Kanya at maipamuhay ang masaganang buhay na nilalayan ng Diyos para sa atin kay Cristo.

Mga Tanong para sa Pagninilay at Talakayan

1. Anu-ano ang ilang mga maling pagkaunawa tungkol sa pananampalataya? Magbahagi ng mga halimbawa batay sa iyong sariling mga karanasan.
2. Ano ang tunay na pananampalataya? Ano ang dalawang mahalagang mga sangkap ng tunay na pananampalataya? Bakit sila mahalaga?
3. Basahin ang Mga Hebreo 11:7–12 at Roma 4:16–21. Anong mga aspeto ng pananampalataya nina Noe at Abraham ang binigyang-diin sa mga talatang ito? Paano isina-huwaran ng kanilang mga buhay ang tunay na pananampalataya?
4. Magbahagi ng iyong pagkaunawa tungkol sa mga pahayag na ito:
 - a. “Ang pananampalataya ay isang moral na usapin”.
 - b. “Ang mga gawa ng pananampalataya ay hindi kailangang kamangha-mangha o mapanganib”.
 - c. “Ang pananampalatayang ayon sa Bibliya ay hindi kailanman bulag”.
5. Bakit mahalaga at makabuluhan para sa atin na mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya?

Ang Buhay ng Pananampalataya — Isang Buhay na Naka-sentro kay Cristo

Sa mensaheng ito ay gusto kong pag-aralan natin ang Spanteolohiyang saligan at balangkas para sa buhay ng pananampalataya. Ang pagkaunawa ng buhay ng pananampalataya ay dapat magsimula sa pagkilala ng dilema ng tao — ang kanyang kahinaan at ang kanyang makasalanang kalagayan — na nagpapawalang-kakayahan sa kanya na magkaroon ng makabuluhang relasyon sa makapangyarihan at banal na Diyos. Makikita natin kung paano nilutas ng Diyos ang dilema ng tao sa pamamagitan ng Panginoong Jesu-cristo.

Ang Diyos ay may walang hanggang layunin, at ito ay isinasabud sa isang pangunahing salita sa mga Kasulatan: ang hiwaga. Ang salitang “hiwaga” na ginamit dito ay hindi kagaya ng kahulugang madalas na ginagamit sa mga nobela, kung saan ang “hiwaga” ay tumutukoy sa isang bagay na misteryoso. Sa Bagong Tipan, lalo na sa mga sulat ni Pablo, ang “hiwaga” ay madalas na tumutukoy sa kapahayagan ng kung anong nasa puso ng Diyos — ang Kanyang plano na nakatago sa mahabang panahon, ngunit ngayon ay ipinahayag sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu¹. Nasa kaibuturan ng hiwaga ay ang persona at gawa ng Panginoong Jesu-cristo. Ang Diyos-Anak ay naging Diyos-tao,

¹Para sa lubos na pagka-unawa sa paksang ito, maaring tingnan ang aking mga mensahe P002-009 sa seryeng *The Fulfilment of God's Purposes*, na makikita sa website na www.godandtruth.com.

at sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa Krus, ay binigyang tayo ng kakayahan na maging kabahagi ng likas ng Diyos upang tayo ay maaaring makipag-ugnayan nang makabuluhan sa Diyos at maisakatuparan natin ang Kanyang mga layunin nang kasama Niya — dito sa lupa at sa kawalang-hanggan. Ito ang ebanghelyo — ang mabuting balita ng kayamanan ng buhay na pinaging-posible kay Cristo Jesus.

Sa Juan 14:6, ang sabi ng Panginoong Jesus: “Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay.” Yamang si Cristo ang katotohanan, at ang pananampalataya ay dapat nakasalig sa katotohanan, angating buhay ng pananampalataya ay dapat nakaugnay kay Cristo. Yamang si Cristo rin ay ang daan — ang daan patungo sa Diyos at ang daan para ipamuhay ang ating buhay — ang buong buhay natin ay dapat uriin sa pamamagitan ng isang malapit na paglakad na kasama ng Panginoong Jesus. At yamang si Cristo ay ang buhay, dapat tayong manatili sa Kanya upang tayo ay maaaring mapatibay sa espiritu at mapalusog ng buhay ng Diyos at maaaring mamuhay ng isang masaganang buhay. Ang Panginoong Jesus ay ang daan, at ang katotohanan at ang buhay. Ang pasimula, pagpapatuloy at pagtatapos ng ating buhay ng pananampalataya ay dapat ganoon naka-sentro kay Cristo Jesus.

Ang buhay ng pananampalataya ay nagsisimula kay Cristo

Pagkatapos papurihan ang mga bayani ng pananampalataya sa kabanata 11, ang sumulat ng Mga Hebreo ay humihikayat sa atin na tumingin kay Jesus, ang *may akda* at nagpasakdal ng pananampalataya. Maaaring itatanong natin: Bakit ang Panginoong Jesus ang tagapagtatag ng ating pananampalataya, at paano natin sisimulan ang ating buhay ng pananampalataya sa Kanya?

Para sagutin ang mga tanong na ito, ay kailangan nating maunawaan ang dilema ng taong walang Diyos. Nilinaw ito sa atin ni apostol Pablo sa Efeso 2:1–3.

Efeso 2:1-3

1 Kayo noon ay mga patay dahil sa inyong mga pagsuway at mga pagkakasala.

2 Namuhay kayo noon ayon sa takbo ng sanlibutang ito at sumunod sa pinuno ng kapangyarihan ng himpapawid, ang espiritung kumikilos ngayon sa mga anak ng pagsuway.

3 Tayong lahat ay kasama nila noon na namuhay sa mga pagnanasa ng laman at pinagbibigyan natin ang mga hilig ng laman at ng pag-iisip. Tayo noon ayon sa kalikasan ay katulad ng iba na kabilang sa mga taong kinapopootan ng Diyos.

Bago natin nakilala ang Diyos, tayo noon ay mga patay sa ating mga pagsuway at mga pagkakasala. Tayo noon ay nabubuhay sa kadiliman at lumalakad ayon sa mga pamamaraan ng masama, ayon sa hatak ng sanlibutang ito at sa mga pagnanasa ng ating laman. Tayo noon ay hindi tanggap na magkaroon ng pakikisama sa Diyos na liwanag at sa Kanya ay walang anumang kadiliman. Mayroong nakaharang sa pagitan natin at ng Diyos dahil sa ating mga kasalanan. Tayo noon ay nasa ilalim ng poot at paghatol ng Diyos. Tayo noon ay mga “patay”, wala sa atin ang buhay ng Diyos.

Para maipagkasundo sa Diyos, ang ating mga kasalanan ay dapat harapin. Ito ay hindi natin kayang gawin sa ating sarili. Sinasabi sa atin ng Kasulatan: “walang sinumang ituturing na matuwid sa harapan ng Diyos sa pamamagitan ng mga gawang batay sa Kautusan” (Rom. 3:20). Hindi natin kaya, sa pamamagitan ng sarili nating pagsisikap, na maipamuhay ang isang matuwid na buhay gaano mang sikap ang ating gawin. Hindi rin natin kayang burahin ang ating nakalipas na mga kasalanan o kanselahin ang kaparusahang nararapat sa atin. Wala tayong kakayahang iligtas ang ating mga sarili; at ang ibang mga tao ay gaya rin nating walang kakayahan, dahil ang lahat ay nagkasala.

Walang paraan para tayo maipagkasundo sa Diyos maliban sa pamamagitan ng Panginoong Jesu-cristo. Si Cristo ay pumarito sa sanlibutang ito para harapin ang ating mga kasalanan. Siya ay pumarito upang mamatay para sa atin at pasanin ang parusang

nararapat sa atin. Maaari Siyang mamatay kapalit natin dahil Siya ang walang kasalanang Anak ng Diyos. At dahil Siya ay Diyos at hindi lang basta tao, ay nakayanan Niyang pasanin ang bigat ng mga kasalanan ng buong sanlibutan at ang kaparusahang nararapat sa lahat ng sangkatauhan. Ang Kanyang kamatayan sa Krus ay may walang-hanggang halaga at mabisa. Sa pamamagitan ng Kanyang pagbabayad-sala sa Krus ay maaari na tayo ngayong mapatawad, malinis sa lahat ng ating mga kasalanan at mapaging-matuwid sa harap ng Diyos.

Ngunit paano tayo makikinabang sa gawa ni Cristo? Anong uri ng pananampalataya ang dapat tayong magkaroon para makapagbagong-loob at makapasok sa kaligtasan sa Panginoong Jesu-cristo? Ano ang mahahalagang sangkap ng “nakapagliligtas na pananampalataya?”

Pananampalatayang nakapagliligtas

Ang pananampalatayang nakapagliligtas na una nating *pagkakilala sa katotohanan*, na sa kasong ito ay ang pagkilala kung sino si Jesu-cristo at ano ang Kanyang ginawa para sa atin.

1 Juan 5:1

Ang sinumang sumasampalataya na si Jesus ay siyang Cristo ay ipinanganak ng Diyos ...

Ang talatang ito ay nagbibigay-diin na si Jesus ang Cristo — ang Mesiyas, ang Manunubos, ang itinalaga ng Diyos na Tagapagligtas — at ang maipanganak na muli o maipanganak ng Diyos, ay ang pagsampalataya na si Jesus ang Cristo.

Sa panahon ng Kanyang ministeryo sa daigdig, ang Panginoong Jesus ay nangaral ng mensaheng ito: “Dumating na ang takdang panahon at malapit na ang paghahari ng Diyos. Kaya magsisi na kayo at sumampalataya sa Magandang Balitang ito!” (Marcos 1:15). Para makapasok sa kaharian ng Diyos, ay dapat tayong magsisi at sumampalataya sa ebanghelyo. Ngunit

ano ag ebanghelyong dapat nating sampalatayanan? Sa 1 Corinto 15:1–4, ipinaliwanag ni Palo ang esensya ng ebanghelyo.

1 Corinto 15:1–4

1 Ngayon ay ipinapaalala ko sa inyo, mga kapatid, ang tungkol sa ebanghelyo na ipinangaral ko sa inyo, na inyong tinanggap, na siya naman ninyong kinatatayuan.

2 Sapamamagitan nito aynaliligtaskayo, kung panghahawakan ninyo itong mabuti. Kung hindi, kayo’y sumampalataya nang walang kabuluhan.

3 Sapagkat ibinigay ko sa inyo bilang pangunahin sa lahat ang akin din namang tinanggap: na si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, ayon sa kasulatan,

4 at siya’y inilibing; at muling binuhay pagsapit ng ikatlong araw ayon sa mga kasulatan,

Ang sentro ng ebanghelyo ay yung si Cristo ay namatay para sa *ating* mga kasalanan, inilibing, at bumangon sa ikatlong araw. Para maligtas, ay kailangan nating kilalanin na tayo ay makasalanan at maysala sa harap ng Diyos, at si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan at hinarap Niya ang problema ng kasalanan sa ating buhay. Dapat tayong sumampalataya na si Cristo ay bumangon mula sa mga patay. Ang Kanyang pagkabuhay na muli ay nagpapatotoo sa Kanyang pagka-Diyos at sa Kanyang tagumpay laban sa mga kapangyarihan ng kadiliman (Col. 2:15), at Siya ay totoong isang buháy na Tagapagligtas. Ito rin ay tatak ng pagtanggap ng Diyos sa kung anong isinakatuparan ni Cristo sa Krus.

Kaya nakikita natin na ang unang aspeto ng nakapagliligtas na pananampalataya ay tungkol sa pagkilala ng katotohanan, ang katotohanan tungkol sa kung sino si Cristo at kung ano ang Kanyang ginawa para sa atin sa Krus.

Ang ikalawang aspeto ay ang ating *angkop na tugon* sa katotohanan. Ngunit ang pagkilala lang sa katotohanan at pagsang-ayon ng isip ay hindi sapat. Ang mga demonyo ay kumikilala rin sa Panginoong Jesu-cristo ngunit sila’y nanginginig.

Ang kanilang pagkilala ay hindi nakakatulong sa kanila. Ang nakapagligligtas na katotohanan ay nangangailangan na tayo ay magsisi sa ating mga kasalanan at tanggapin si Cristo sa ating buhay bilang Tagapagligtas at Panginoon. Saka pa lang tayo maaaring maging mga anak ng Diyos.

Juan 1:12

Subalit sa lahat ng tumanggap sa kanya, sa mga sumampalataya sa pangalan niya, sila'y binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos,

Walang tunay na kaligtasan malibang mayroong angkop na tugon sa ebanghelyo. Tinutulungan tayo ng Panginoong Jesus na maunawaan ang daan ng tunay na kaligtasan nang sabihin Niyang: “Bakit ninyo ako tinatawag na ‘Panginoon! Panginoon!’ gayong hindi naman ninyo sinusunod ang inuutos ko?” (Lk. 6:46) at “Hindi lahat ng tumatawag sa akin ng ‘Panginoon, Panginoon’ ay papasok sa kaharian ng langit, kundi yaon lamang nagsasagawa ng kagustuhan ng aking Amang nasa langit” (Mat. 7:21). Hindi sapat para sa atin na kilalanin lang na si Jesus ay Panginoon. Dapat ay magkaroon tayo ng determinadong pagnanais na lumakad kasama ng Diyos at gawin ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng Kanyang biyayang magbigay kakayahan.

Ang pananampalataya sa ebanghelyo ay isang usaping-moral. Bilang tugon sa Banal na Espiritu na gumagawa sa ating mga puso, tayo ay tumatalikod mula sa buhay ng kadiliman at kasalanan, tungo sa isang buhay ng pagpapasakop sa pagka-Panginoon ni Cristo, sa isang buhay ng paglakad sa Kanyang liwanag at katotohanan.

Ang pagkakaroon ng ganitong pagkaunawa ay maaaring magkaroon ng malaking pagbabago sa paraan ng paglalahad natin ng ebanghelyo sa iba. Kadalasan, sa kagustuhan nating dalhin ang mga tao sa Panginoon, ay binibigyang-diin natin ang pagka-kaakit-akit ng ebanghelyo at pinabababa natin o kinakaligtaan natin ang usapin ng pagka-alagad. Maaari tayong makapagbigay

ng kaisipan na ang kailangan lang ng isang tao ay tanggapin si Cristo bilang kanyang Tagapagligtas, samantalang ang pagpapasakop sa Kanyang pagka-Panginoon ay hindi sapilitan. Ang resulta nito ay yaong ang Kristiano ay hindi nagkakaroon ng malinaw na pagkaunawa tungkol sa buong pusong katapatan sa Panginoon. Magiging mas malala ito kapag ang mga taong hindi naman totoong nagsisi ay mag-iisip na sila ay naging mga Kristiano. Ang ganoong mga tao ay hindi naipanganak-na-muli at hindi nakapasok sa bagong buhay kay Cristo. Kung walang tunay na pagsisisi ay walang nakapagliligtas na pananampalataya.

Kaya mahalagang bigyang-diin natin na si Cristo ay parehong Tagapagligtas at Panginoon. Ang pagpapasakop sa pagka-Panginoon ni Cristo ay dapat mangyari sa pagbabagong-loob. Sabi ng Panginoong Jesus: “Kung nais ninuman na sumunod sa akin, tanggihan niya ang kanyang sarili, pasanin araw-araw ang kanyang krus at sumunod sa akin” (Lk. 9:23). Ang mga ito ang hinihingi ng pagka-alagad. Ang mga ito ay nagsisimula sa oras na tinanggap natin ang Panginoong Jesu-cristo, at hindi sa mga susunod na pagkakataon.

Kabilang sa kaligtasan ang isang pangunahing pagbabago ng puso at direksyon ng buhay. Hindi nangangahulugang naging perpekto na tayo o hindi na tayo magkakasala. Ngunit hindi ibig-sabihin nito ay may determinadong intensyon tayo sa ating puso at kalooban na maging tapat sa Diyos. Kasama nito ang pagtalikod sa pamumuhay na ayon sa mga kapamaraan ng mundo at ayon sa ating sariling mga pagnanasa tungo sa pamumuhay ng isang buhay na para sa Diyos. Ito ang ugali ng puso na dapat magpatuloy sa atin habang isinasagawa natin ang ating kaligtasan. Hindi na tayo dapat bumalik sa paglulublob sa putik, gaya ng babala ni apostol Pedro sa 2 Pedro 2:22.

Ang buhay ng pananampalataya ay nagpapatuloy kay Cristo

Ang buhay ng pananampalataya ay hindi lamang nagsimula kay Cristo, ito rin ay nagpapatuloy kasama ni Cristo.

Ang nakapagtatagumpay na buhay

Matapos na ang ating nakalipas na mga kasalanan ay naharap na, kailangan natin ngayong mamuhay ng isang buhay na naaayon sa katotohanan. Hindi natin ito kayang gawin sa ating sariling kakayahang lang. Hindi tayo nilikha ng Diyos na may kakayahang mamuhay nang matuwid na hiwalay sa Kanya. Ang ating kawalan ng kakayahang mamuhay na matuwid nang sa ating sarili lamang ay pinalala ng kahinaan ng ating laman. Tayo ay mga nilalang na nahulog na sa kasalanan, na namumuhay sa isang nahulog nang sanlibutan at sa presensya ng isang makapangyarihang kaaway. Pag susubukin nating ipamuhay ang katotohanan nang sa ating sarili lang, mabibigo tayo. Ang ating buhay ay magiging miserable, gaya ng inilalarawan ni Pablo sa Roma 7.

Roma 7:14–19

14 Alam nating ang Kautusan ay espirituwal, ngunit ako'y makalaman, at aliping ipinagbili sa kasalanan.

15 Hindi ko maunawaan ang aking sarili. Sapagkat kung ano ang nais kong gawin ay hindi ko ginagawa, at kung ano ang kinamumuhian kong gawin ay siya namang aking ginagawa.

16 At kung ginagawa ko ang hindi ko nais, sumasang-ayon ako na mabuti nga ang Kautusan.

17 Kung gayon, hindi na ako ang gumagawa nito, kundi ang kasalanang naninirahan sa akin.

18 Alam kong walang anumang mabuting naninirahan sa aking likas na pagkatao. Sapagkat ang pagnanais na gumawa ng mabuti ay nasa akin, ngunit hindi ko ito maisagawa.

19 Sapagkat hindi ko ginagawa ang mabuti na nais kong gawin, kundi ang masama na ayaw kong gawin ang aking ginagawa.

Sa mga talatang ito, sinasabi sa atin ni Pablo na maging kahit nakikilala natin ang katotohanan at nagsisikap tayong mamuhay nang naaayon dito, ay madalas pa rin tayong nabibigo. Bigo tayong gawin ang kinikilala natin na dapat nating gawin, at patuloy nating ginagawa ang kinikilala nating masama at nakapipinsala.

Roma 7:22–24

22 Sa kaloob-looban ng aking pagkatao ay nasisiyahan ako sa Kautusan ng Diyos.

23 Subalit may nakikita akong ibang kautusan sa mga bahagi ng aking pagkatao na nakikipaglaban sa kautusan ng aking pag-iisip, at binibihag ako sa ilalim ng kautusan ng kasalanan na nasa bahagi ng aking pagkatao.

24 Napakalungkot kong tao! Sino ang sasagip sa akin mula sa katawang ito na nagdudulot ng kamatayan?

Ito ang magiging kalagayan natin kapag hindi natin alam ang kaligtasang nasa Panginoong Jesu-cristo. Tayo rin ay mapapabulalas: “Napakalungkot kong tao! Sino ang sasagip sa akin mula sa katawang ito na nagdudulot ng kamatayan?” Kailangan nating mapalaya, ngunit sino ang magpapalaya sa atin? Ang kasagutan ay nasa Panginoong Jesu-cristo.

Roma 7:25

Salamat sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon! Kaya nga, sa aking isip ako ay alipin sa Kautusan ng Diyos, ngunit sa aking laman ako’y alipin sa kautusan ng kasalanan.

Ang mga Kasulatan ay nagpapahayag nang husto tungkol sa kasaganaan ng buhay kay Cristo. Sinasabi sa atin ng Panginoong Jesus sa Juan 10:10 na Siya ay “pumarito upang sila’y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan.” Ngunit paano tayo makakapasok sa ganoong buhay?

Sabi ni Pablo: “Ang lahat ay magagawa ko sa pamamagitan ni Cristo na nagbibigay-lakas sa akin” (Fil. 4:13). Sinasabi rin niya: “Subalit sa lahat ng mga ito tayo’y lubos na nagtatagumpay sa pamamagitan niya na nagmamahal sa atin” (Rom. 8:37). Anong laking pagkakaiba sa buhay ng kabiguang inilalarawan niya sa Roma 7! Natagpuan ni Pablo ang sagot sa matagumpay na buhay. Kasama ang Panginoong Jesu-cristo nagpapalakas sa

atin, tayo rin ay maaaring makaabot sa punto kung saan maaari nating sabihin, “Magagawa ko ang lahat ng mga bagay at lubusang makapagtatagumpay sa pamamagitan Niya na umiibig sa akin.”

Si Cristo ay namatay para palayain tayo, hindi lamang mula sa kaparusahan ng kasalanan, sa halip ay mula rin sa pagkakaalipin sa kasalanan. Hindi lang Niya tayo ipinakipagkasundo sa Diyos, pinalalakas at binibigyang din Niya tayo ng kakayanan na gawin ang lahat ng bagay ayon sa katotohanan. Sa pamamagitan Niya ay mapagtatagumpayan natin ang kapangyarihan ng masama at ang mga tukso ng sanlibutan. Sa Kanya ay may kapangyarihan tayong mamuhay nang isang banal, matuwid at mabuting buhay. Kung hiwalay kay Cristo ay hindi tayo maaaring mamunga ng mabuting bunga (Jn. 15:5).

Lumalago sa kasaganaan ng buhay kay Cristo

Mahalagang hindi lang tayo magsimula nang maayos, kundi gayundin na tayo’y magpatuloy nang maayos sa buhay ng pananampalataya. Alam ni Pablo nang husto ang ibig-sabihin nito. Nagpatotoo siya sa mga mananampalataya sa Filipos: “Sapagkat para sa akin ang mabuhay ay si Cristo, at ang mamatay ay pakinabang” (Fil. 1:21). Ang buhay niya ay nakagapos na kasama ni Cristo at lubos na nakasentro sa Kanya. Hinanap niyang makilala ang Panginoong Jesus sa lumalagong paraan. Itinalaga niya ang kanyang puso para luwalhatiin ang Panginoong Jesus sa lahat ng pagkakataon at mamuhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Cristong nabuhay na muli, na ang buhay ni Cristo ay mahayag sa pamamagitan ng kanyang buhay.

Sa kanyang sulat sa mga taga-Colosas, pinagtuunan ni Pablo ang mga katotohanang may malaking mga implikasyon at kahalagahan sa ating mga buhay. Sa 1:25–2:10, sinasabi niya sa atin na nasa kaibuturan ng plano ng Diyos ay ang maluwalhating hiwagang ngayon ay nahayag na. Ipinapakita roon ang paraan kung paano maaaring maisakatuparan ang intensyon ng Diyos, ito ay “si Cristo na nasa inyo, ang pag-asa tungo sa kaluwalhatian”

(1:27); ito ay si Cristong sumasaating mga buhay at kasama natin. Lahat ng mga kayamanan dumarating mula sa isang tunay na kaalaman ng hiwaga ng Diyos ay maaaring matamo kay Cristo, at sa Kanya ay nakatago ang lahat ng mga kayamanan ng karunungan at kaalaman (2:2–3). At sa 2:9–10, sabi ni Pablo: “Sa kanya ay naninirahan ang kabuuan ng kalikasan ng pagka-Diyos sa anyong katawan. At kayo’y ginawang buong-buo dahil sa pakikipag-isa ninyo na siyang ulo ng lahat ng pamunuan at pamamahala.”

Hindi lamang tayo pinatawad at nilinis sa ating mga kasalanan. Hinahangad Niyang maitaas tayo hanggang sa ganoong antas ng moral at espiritwal na katayuan na Siya, ang walang-hanggan, pinaka-makapangyarihan at sakdal na Diyos, ay maaaring makipag-ugnayan sa atin bilang malapit ng mga kaibigan.

Bagama’t tayo ay may hangganan at mahihinang mga nilikha, ay nananahan na sa atin ngayon ang Panginoong Jesu Cristo. Ito ay isang espiritwal na katotohanan. Dahil sa espiritwal na katotohanang ito, tayo ay maaaring mabago at maging mga kabahagi ng likas ng Diyos. Maaari tayong maging mga anak ng Diyos sa isang napakalalim na kahulugan. Ang malalim na pakikipag-ugnayan sa Diyos ay hindi na lamang isang walang kabuluhang pag-asa, bagkus ay isa nang hangaring kayang abutin.

Sa Colosas 2:6–7, ay nakikita natin ang kahalagahan ng pagpapatuloy sa buhay ng pananampalataya kay Cristo.

Colosas 2:6–7

6 Kaya’t yamang tinanggap ninyo si Cristo Jesus bilang Panginoon, patuloy kayong mamuhay ayon sa kanya,
7 na nakaugat at nakatayo dahil sa kanya, matatag sa pananampalataya, kung paanong kayo’y tinuruan, at nag-uumpaw sa pasasalamat.

Ang ating espiritwal na paglago ay hindi maihihiwalay na nakakabit sa ating relasyon kay Cristo. Ang ating pananampalataya ay dapat maitatag, mag-ugat at lumago sa Kanya. Ang palagiang inaasam natin ay dapat yong makilala pa siyang lubos at lumago na

maging lalo pang kagaya Niya sa karakter. Sa layuning ito ginugol ni Pablo ang kanyang lakas — na ang bawat mananampalataya ay maging sakdal o nasa hustong gulang na kay Cristo.

Colosas 1:28–2:2

28 Siya ang aming ipinangangaral. Binabalaan namin at tinuturuan ang bawat isa nang buong karunungan, upang ang bawat tao ay maiharap naming nasa ganap na kalagayan kay Cristo.

29 Dahil dito’y nagpapakahirapako, nagsisikap sa pamamagitan ng kanyang lakas na makapangyarihang kumikilos sa akin.

1 Nais ko ngang malaman ninyo kung gaano katinding laban ang pinagdaraan ko para sa inyo, at sa mga nasa Laodicea, at sa lahat ng hindi pa nakakakita sa akin nang mukhaan.

2 Ito’y upang lumakas ang kanilang loob, at mabuklod sila sa pag-ibig, nang sa gayon ay makamtan nila ang lahat ng mga kayamanan na nagmumula sa buong katiyakan ng pagkaunawa, upang kanilang makilala ang hiwaga ng Diyos, samakatuwid ay si Cristo.

Nagpagal at nagsikap si Pablo na tulungan ang mga mananam-palatayang maabot ang kahustuhang-gulang o maturidad kay Cristo. Ninais niyang makita silang makaabot sa lubos na kasaganaan ng buhay na kaakibat ng isang malalim na pagkakilala kay Cristo. Ang paghahangad na ito ay napakatindi na inilarawan niya ito bilang isang “pakikipagpunyagi” (2:1). Itong ‘pakikipagpunyagi’ ay maaaring ang kanyang maalab na pagnanais na ipinahayag sa pagsisikap at pagpapatuloy sa pananalangin para sa mga mananampalataya at sa kanilang paglago kay Cristo.

Isang mabunga at masaganang buhay

Tinuturuan ng Panginoong Jesu-cristo ang Kanyang mga alagad na “Manatili kayo sa akin at ako’y mananatili sa inyo.” (Jn. 15:4). Itinuturo din Niya sa kanila: “Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin at ako rin sa kanya ay namumunga nang sagana, sapagkat hindi kayo makagagawa ng anuman kung

kayo'y hiwalay sa akin.” (Jn. 15:5). Ang mabungang buhay ay maaari lamang habang tayo ay sumasalalay sa Kanya, upang ang Kanyang buhay ay maaaring mahayag sa atin at sa pamamagitan ng ating mga buhay.

Iniiisip ng iba, na hindi maiiwasang ang buhay Kristiano ay may mga tagumpay at mga kabiguan. Totoo na ang mga damdamin at ang mga kaganapan ng buhay ay maaaring magpabago-bago, ngunit ang itinuturo ng Biblia ay hindi nagsasaad na ang kalidad at kabuluhan ng ating paglakad kasama ng Diyos ay di-maiiwasang magpapabagu-bago sa pagitan ng pagiging-maayos at pagiging-masama. Maaari itong maging matatag, matibay na nakasandig kay Cristo, at nagpapatuloy na nakatitindig sa Kanya. Ang gayong buhay ay ipinapahayag sa Roma 8:2.

Roma 8:2

“Sapagkat pinalaya na tayo ng Kautusan ng Espiritu na nagbibigay-buhay sa pamamagitan ni Cristo Jesus mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.”

Sa talatang ito, sinasabi ni Pablo sa atin na maaari nating ipamuhay ang isang nakapagtatagumpay na buhay sa pamamagitan in Cristo at sa pagsalalay sa Kanya. Sa Kanya, ay maaari tayong mamuhay ng isang buhay ng kalayaan sa Banal na Espiritu at ang ating buhay ay hindi kinakailangang magpabago-bago o magpapalit-palit sa pagitan ng pagkatalo at tagumpay. Kay Cristo ay maaari nating maranasan ang kalayaan mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan. Ang gayong buhay ng nagpapatuloy na tagumpay sa Panginoong Jesu-cristo ay maaari nating maging palagiang karanasan.

Tumatakbo ng takbuhin

Ang Aklat ng Mga Hebreo ay maraming itinuturo sa atin tungkol sa buhay ng pananampalataya. Ang Mga Hebreo 12:1–2, ay partikular na nagpapakita sa atin kung paano takbuhin ang karera, na siyang buhay ng pananampalataya.

Mga Hebreo 12:1-2

1 Kaya nga, dahil napapalibutan tayo ng ganoon karaming mga saksi, iwaksi natin ang bawat bagay na nagpapabigat sa atin at ang kasalanang mahigpit na pumipigil sa atin, at takbuhin nating may pagtitiyaga ang takbuhing inilagay sa ating harapan.

2 Ituon natin kay Jesus ang ating paningin, sa kanya na nagtatag at nagpasakdal ng ating pananampalataya. Dahil sa kagalakang inilagay sa kanyang harapan ay tiniis niya ang krus, ipinagwalang-bahala niya ang kahihiyan nito, at ngayo'y nakaupo sa kanan ng trono ng Diyos.

Ang sumulat ng Mga Hebreo ay nananawagan sa atin na ituon natin ang ating mga mata kay Jesus, ang nagtatag at nagpasakdal ng ating pananampalataya. Hindi sa Jesus na lumalakad sa lupa, hindi sa Jesus na nakahiga sa libingan, sa halip ay sa Panginoong Jesus na niluwalhati at nakaupo sa kanang kamay ng trono ng Diyos. Sa pagtakbo natin sa takbuhin, itutok natin ang ating mga mata sa maluwalhating Cristo, sa lahat ng Kanyang tagumpay at kapangyarihan at kaluwalhatian. Dapat din nating pagtuunan ng pansin ang katotohanang tayo ay nakaupong kasama Niya sa langit (Ef. 2:6). Sa ganoon, tinatakbo natin ang takbuhin at isinasabuhay natin ang ating buhay ng pananampalataya “kay Cristo”, mula sa katayuan ng katagumpayan, kapangyarihan at kaluwalhatian ni Cristo.

Marami sa atin ay may pagkiling na tumutok sa nakikitang mga bagay sa paligid natin at tingnan ang mga bagay mula sa pananaw ng mundo. Bilang resulta, tayo ay madaling masiraan ng loob at mahirapan sa buhay at mawalan ng pag-asa. Ngunit kung titingnan natin ang buhay sa pamamagitan ng mga mata ng pananampalataya at mula sa pananaw ng kaharian ng Diyos, ay maaari tayong mamuhay na mabunga at nakapagtatagumpay sa lahat ng pagkakataon. Hindi natin kailangang masiraan ng loob sa anumang kalagayan kung pananatilihin natin ang ating espiritwal na paningin, laging nakatuon ang mga mata sa Panginoong Jesus.

Kung mamumuhay tayo sa katapatan sa Diyos, ang ating mga buhay ay hindi kailanman magiging hindi mabunga o bigo, bagama't ang mga pangyayari ay maaaring magpakita ng kabaliktaran. Tingnan natin ang kamatayan ng Panginoong Jesus. Maaaring magmistula itong isang nakapanlulumong pagkatalo. Siya na dapat sanang magiging Tagapagligtas ng sanlibutan ay namatay sa Krus habang ang Kanyang mga alagad ay nangagsitakas. Ang lahat ay parang napakadilim at walang pag-asa, ngunit sa katotohanan, ito ang pinakadakilang tagumpay sa kasaysayan at ang kataas-taasang halimbawa ng pananampalataya at pagsunod sa Diyos. Ito ay may pang-malawakang mga implikasyon para sa katuparan ng mga layunin ng Diyos, at inilatag nito ang pundasyon para sa pagsulong ng kaharian ng Diyos. Gayundin, kung mamumuhay tayo nang tapat sa Panginoon, ayon sa gabay at pagbibigay ng kakayahan ng Diyos, at ayon sa Kanyang mga itinuturong ipinahayag sa mga Kasulatan, ang ating pagpapagal ay hindi kailanman mawawalan ng kabuluhan. Ngunit kung mamumuhay tayo ayon sa ating sariling pag-iisip, kalakasan at mga ninanais, ay hindi tayo mananatili kay Cristo, at ang ating pagpapagal ay magiging walang kabuluhan kahit pa ito ay magmukhang matagumpay.

Pagdadala sa kaganapan ng buhay ng pananampalataya natin kay Cristo

Nakita natin ang sumulat ng Mga Hebreo na nananawagan sa atin na pagmasdan natin si Jesus, ang nagtatag at *nagpasakdal* ng pananam-palataya. Ibig sabihin nito ay dapat tayong tumingin sa Panginoon para ipamuhay ang buhay ng pananampalataya natin mula sa simula hanggang sa katapusan. Hinahangad Niyang dalhin sa kaganapan ang gawang sinimulan Niya sa ating mga puso (Fil. 1:6). Dapat tayong makipagtulungan sa Kanya at lumago nang hanggang sa kaya natin sa moral at espiritwal na kalagayan at sa pag-ayon sa wangis ni Cristosa panahon ng ating buhay sa lupa. Sa gayon ay magiging handa tayo sa Ikalawang Pagparito ni Cristo.

Ipinangako ng Panginoong Jesus na Siya ay muling paparito (Jn. 14:3). Kapag Siya ay nagpakita, ay maging kagaya Niya tayo (1 Jn. 3:2). Babaguhin Niya ang katawan ng ating mababang kalagayan tungo sa pagkawangis sa katawan ng Kanyang kaluwalhatian (Fil. 3:21). Ang kahulugan ng ating buhay na walang-hanggan at ng lahat na mahalaga sa kawalang-hanggan ay nakakabit sa ating pagkakilala at relasyon sa Diyos Ama at kay Cristong Anak ng Diyos (Jn. 17:3).

“Si Cristong nasa inyo, na siyang pag-asa sa kaluwalhatian” ay hindi lamang para sa ating buhay sa lupa, bagkus ay sa kawalang-hanggan din, kapag si Cristo ay maging unang bunga na sa gitna ng maraming mga kapatid (Rom. 8:29). Bakit Niya tayo tinatawag na kapatid (Heb. 2:11)? Dahil si Cristo ay nasa atin na ngayon at tayo ay nasa Kanya. Dahil ginawa tayong mga kabahagi ng likas ng Diyos, ay hindi na tayo mahinang mga nilalang, bagkus ay mga taong may dakilang kakayahan. Tayo ay templo ng Banal na Espiritu. Binabago ng Diyos ang ating pag-uugali at ang ating pagkatao, at nais Niyang lumago tayo sa moral, sa spiritwal na kagandahan at antas upang tayo ay lumalagong maiyon sa wangis ni Cristo. Iniupo tayo ng Diyos na kasama ni Cristo sa langit “upang sa mga panahong darating ay kanyang maipakita ang walang kapantay na kayamanan ng kanyang biyaya sa pamamagitan ng kanyang kabutihan sa atin na matatagpuan kay Cristo Jesus.” (Ef. 2:7). Bagama’t hindi natin nauunawaan nang lubos kung anong kahihinatnan ng lahat ng ito, alam nating marami ang maaari nating asahan.

Ang Efeso 1:9–10 ay nagpapakita ng isa pang aspeto ng hiwaga.

Efeso 1:9–10

9 ipinaalam niya sa atin ang hiwaga ng kanyang kalooban, ayon sa mabuting layunin na kanyang itinakda kay Cristo.

10 Ang layuning ito, na kanyang tutuparin pagdating ng takdang panahon, ay upang tipunin kay Cristo ang lahat ng mga bagay na nasa kalangitan at ang mga bagay na nasa ibabaw ng lupa.

Ang mga talatang ito ay nagsasabi sa atin na ang hiwaga, ang dakilang kapahayagan ng Diyos, ay may kinalaman sa pagtitipon ng lahat ng mga bagay kay Cristo. Sa kawalang-hanggan, ang mga na kay Cristo lang ang magkakaroon ng makabuluhang bahagi sa tuloy-tuloy na pagsasakatuparan ng mga layunin ng Diyos. Lahat ng mga nabibilang sa Diyos ay magiging na kay Cristo bilang mga bahagi ng Kanyang katawan.

Ang buhay ng pananampalataya kay Cristo sa konteksto ng Kanyang katawan

Habang pinag-aaralan natin ang buhay ng pananampalataya, kung paano ito nagsimula kay Cristo, nagpapatuloy na kasama Niya at tumitingin sa maluwalhating hinaharap sa Kanya at kasama Niya, ay mahalagang tingnan natin ang lahat ng ito sa kalagayang may kinalaman sa iglesya, ang katawan ni Cristo.

Ang kaligtasan ay nagsisimula sa isang personal na tugon ng pagsisipi at pananam-palataya sa Diyos sa pamamagitan ng Panginoong Jesu-cristo. Ngunit ang buhay ng pananampalataya natin kay Cristo ay hindi naglalayon na maging pansarili. Sa oras na tayo ay maipanganak na muli ng Espiritu at maging mga anak ng Diyos, tayo ay nabautismuhan tungo sa katawan ni Cristo (1 Cor. 12:13). Ibig-sabihin nito, tayo ay hindi lamang espirital na inilakip sa Panginoong Jesu-cristo kundi maging sa isa't-isa sa katawan ni Cristo. Dapat nating isipin na hindi tayo nabubuhay bilang iisang tao kundi bilang mga bahagi ng Kanyang katawan. Dapat tayong manatili sa pamamagitan ng mga prinsipyong namamahala sa pagsasakatuparan ng buhay bilang isang katawan — pagkakaisa, pagsalalay sa isa't-isa, pagtutulungan, at pagpapasakop kay Cristo bilang kataas-taasang tagapagpatupad na nangangasiwa, gumagabay at nagbibigay kakayahan. Ang mga ito ay ipinapahayag sa atin sa maraming mga talata ng Kasulatan, gaya ng Roma 12, 1 Corinto 12–14 at Efeso 4.

Sa Efeso 1:22–23, ay ibinabahagi ni Pablo sa atin ang pananaw ng ating buhay sa pananaw ng katawan.

Efeso 1:22–23

22 At ipinasakop ng Diyos ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kanyang mga paa, at ginawa siyang ulo ng lahat para sa iglesia.

23 Ang iglesia ang katawan at kapuspusan ni Cristo, na siya namang pumupuspos ng lahat sa lahat.

Ang iglesia ay ang katawan ni Cristo. Ibinigay ng Diyos si Cristo bilang ulo ng katawan sa lahat ng mga bagay sa iglesia. Bilang katawan ni Cristo, ang iglesia ay naglalayon na ipahayag ang kapuspusan ni Cristo. Ang isang tao ay hindi makakapagpahayag kailan-man ng kapuspusan ni Cristo nang gaya ng magagawa ng iglesia. Kapag ang iglesia ay maayos na gumagana, ay maaari nitong ipahayag ang kapuspusan at ang kagandahan ni Cristo — ang Kanyang pag-ibig, karunungan, kapangyarihan at kaluwalhatian. May napakalaking potensyal sa pagsasagawa ng buhay-iglesia kapag ang buhay bilang isang katawan ay gumagana nang maayos at ang bawat isang mananampalataya at ang buong katawan ay nagpapasakop sa pagka-panginoon ni Cristo.

Efeso 3:8–11

8 Bagaman ako ang pinakahamak kung ihahambing sa lahat ng mga banal, ibinigay sa akin ang biyayang ito upang ipahayag sa mga Hentil ang Magandang Balita tungkol sa walang kapantay na kayamanan ni Cristo;

9 at upang malinaw na makita ng lahat ng tao ang pagtupad bilang katiwala ng hiwagang ito, na sa napakatagal na panahon ay inilihim ng Diyos, na siyang lumikha ng lahat ng bagay.

10 Sapagkat layunin niya na sa pamamagitan ng iglesia ay maipaalam ngayon sa mga pamunuan at mga maykapangyarihan sa kalangitan ang iba't ibang anyo ng karunungan ng Diyos,

11 alinsunod sa walang hanggang panukala ng Diyos na kanyang isinagawa kay Cristo Jesus na ating Panginoon.

Dito, ay sinasabi ni Pablo sa atin na ito ay layunin ng Diyos na ang iba't-ibang anyo ng karunungan ng Diyos ay mahayag sa

pamamagitan ng iglesia, hindi lamang sa mga tao, kundi pati na rin sa mga pinuno at mga namamahala sa sangkalangitan. Bagama't hindi natin maaaring maunawaan nang lubos ang mga ipinakakahugan nito, ang malinaw dito ay yaong, ang buhay-iglesyang isinasagawa sa paraang nilalayan ng Diyos ay magkakaroon ng napakalaking epekto sa sanlibutan at gayundin sa sangkalangitan. At patuloy pa ni Pablo, na ito ang walang-hanggang layunin ng Diyos, na isinasakatuparan sa pamamagitan ng iglesia kay Cristo Jesus.

Pangwakas na mga pananalita

Mahalaga na maging malinaw sa atin ang tunay na pananampalata. Pananampalatayang sinasang-ayunan ng Diyos. Tanging sa ganoon lang tayo maaaring mamuhay ng epektibong pamumuhay na ayon sa katotohanan.

Gaya ng nakita natin sa mensaheng ito, ang buhay ng pananampalataya — ang simula nito, pagpapatuloy at kalubusan — ay dapat nakasentro kay Cristo, at ipinamumuhay nang may kaisipang tayo ay mga bahagi ng Kanyang katawan, ang iglesia. Ang layunin ng Diyos ay yaong, ang bawat mananampalataya ay lumago tungo sa kahustuhang gulang o maturidad kay Cristo. Ito ay dapat mangyari sa pagsasagawa ng maayos na buhay-iglesya, na ginagawa ayon sa plano at mga itinuturo ng Diyos, at kasama ang bawat isang miyembro ng katawan na gumagana nang maayos. Habang tayo ay sumusulong sa paraang ito, ang karunungan, ang kapangyarihan at ang kaluwalhatian ng Diyos ay mahahayag sa pamamagitan ng iglesia, ang kaaway ay madudurog, ang mga napapahamak ay maliligtas, at ang kaharian ng Diyos ay mapapatibay.

Mga Tanong para sa Pagninilay at Talakayan

1. Pagnilayan ang Juan 14:6. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa buhay ng pananampalataya bilang isang buhay na nakasentro kay Cristo?
2. Sa Mga Hebreo 12:2, ang Panginoong Jesus ay tinatawag na “tagapagtatag ng pananampalataya.” Sa anong kahulugan Siya naging tagapagtatag ng pananampalataya? Paano magsisimula ng buhay ng pananampalataya sa Kanya ang isang tao?
3. Ano ang nauunawaan mo tungkol sa “nakapagliligtas na pananampalataya?”
4. Basahin ang Juan 15:1–16; Roma 7:14–8:11; Colosas 1:25–2:10; Mga Hebreo 11:1–2. Ano ang ibig-sabihin ng pagpapatuloy ng buhay ng pananampalataya kasama ni Cristo? Bakit kailangan nating magpatuloy sa buhay ng pananampalataya kasama ni Cristo?
5. Ano ang kahulugan ng pagdadala sa kalubusan ng buhay ng pananampalataya natin kay Cristo?
6. Ano ang kaugnayan sa pagitan ng katawan ni Cristo at ng buhay ng pananampalataya ng bawat isang Kristiano?

Kung Saan Nanggagaling ang Pananampalataya at Paano ito Lumalago

Sa mensaheng ito ay gusto kong tingnan natin ang mahalagang paksa ng kung saan nanggagaling ang pananampalataya at kung paano ito lumalago.

Ang pananampalataya ay sentro sa pamumuhay Kristiano. Ito ay mahalaga sa bawat sitwasyon ng buhay at sa bawat yugto ng paglago ng Kristiano. Kung walang pananampalataya ay imposibleng mabigyang ng kaluguran ang Diyos. Kung walang pananampalataya ay hindi tayo makakalakad na kasama ang Diyos nang epektibo, dahil ang pananampalataya ay siyang nagpapadaloy ng kapangyarihan ng Diyos para gumawa sa ating mga buhay.

Dahil ang pananampalataya ay napakahalaga, lahat tayo, na mga umiibig sa Panginoon ay magnanais na lumago sa pananampalataya. Ngunit, kung minsan, tayo ay maaaring malito kung paano ba tayo lalago sa pananampalataya. Ang ibang mga tao ay nag-iisip na ang pananampalataya ay isang bagay lang na maaaring meron sila o wala. Ganito nga ba ito? Ito ba ay isang bagay na wala tayong anumang magagawa?

Kung pagbubulayan natin ito, ay malalaman nating hindi ito ganoon dahil taliwas ito sa ipinapahayag ng Biblia. Itinuturo ng Biblia na inaaprubahan at ginagantimpalaan ng Diyos ang mga taong may pananampalataya at Kanyang pinapagalitan ang mga maliliit ang pananampalataya. Kung ito ay isang bagay na tungkol dito ay wala tayong magagawa, hindi tayo bibigyang pagkilala ng Diyos para sa ating pananampalataya o pagagalitan dahil sa pagkakaroon natin ng maliit na pananampalataya.

Iniisip ng iba na dahil ang pananampalataya ay kaloob mula sa Diyos, ay dapat na lang maghintay sa Diyos para ibigay Niya sa atin ang pananampalataya. Kaya sila ay naghihintay na lang, ngunit hindi dumarating ang pananampalataya. At may iba naman na nagsasabing ang pananampalataya ay talagang tugon lang ng tao. Sinasabi nilang dapat gamitin ang pananampalataya at nagsisikap sila nang husto na gawin ito. Ngunit nakikita nilang hindi yata gumagana dahil kulang sila ng pananampalataya at nahihirapan silang gamitin ito. Kaya ang kanilang pananampalataya ay nananatiling mahina gaya noong una.

Para sagutin ang mga tanong kung saan nanggagaling ang pananampalataya at kung paano tayo lalago sa pananampalataya, ay mahalagang bumalik tayo sa ating pagkaunawa tungkol sa kung ano ang tunay na pananampalataya.

Anu-ano ang mganapapaloob sa tunay na pananampalataya

Nakita natin sa unang mensahe, na may dalawang mahalagang mga sangkap sa tunay na pananampalataya: una, ay ang pagkilala ng katotohanan, at ikalawa, ang angkop na tugon sa katotohanan. Kapag naunawaan natin ang dalawang mga aspetong ito, ay makikita natin na ang tunay na pananampalataya ay hindi kailanman isang bagay na basta lang ibinigay ng Diyos o hindi rin isang bagay na nilikha natin. Hindi alinman sa mga ito ang sapat na kapaliwanagan kung saan nanggagaling ang pananampalataya at kung paano tayolalago sa pananampalataya. Ang buhay ng pananampalataya ay isang relasyon ng pagtitiwala sa Diyos ng katotohanan. Ito ay isang buhay na isinabuhay ayon sa katotohanan.

Paano nagkakaroon ng pananampalataya at paano ito lumalago

Para magkaroon ng pananampalataya at lumago, kailangan natin ang kapahayagan ng katotohanan. Ang Diyos ang Siyang nagpapahayag ng katotohanan sa atin. Kaya kailangan nating tumingin sa Kanya para ipahayag sa atin ang katotohanan at tulungan tayong makaunawa, magpahalaga at matanggap natin

ang katotohanan sa ating mga puso at maipamuhay ito. Kapag ang katotohanang ipinahayag ng Diyos ay tinanggap sa ating mga puso, ang pananampalataya ay sumisilang. At kapag tayo ay namumuhay nang ayon sa katotohanang tinanggap sa ating mga puso, tayo ay mamumuhay ng buhay ng pananampalataya at ang pananampalataya ay lalago.

Nalulugod ang Diyos na ipahayag ang katotohanan sa mga taong ang mga puso ay bukas, tumutugon at nakikiisa, sa mga taong nagugutom sa katotohanan at kikilos nang ayon dito.

Maaaring itatanong ninyo: “Paano kung walang pagkagutom sa aking puso para sa katotohanan? Paano akong makakapagsimula man lang na magkaroon ng pananampalataya?” Sa katotohanan, ang Diyos ang unang gumagawa at naghahangad na magbigay ng bawat aspetong kailangan para sa buhay ng pananampalataya at paglago nito. Ang ating bahagi ay makiisa sa kung anong hinahangad ng Diyos ibigay sa ating mga puso. Tinatawagan tayo ni Apostol Pablo na isagawa ang ating kaligtasan nang may takot at panginingin (Fil. 2:12). Pagkatapos ay sinasabi niya sa atin na Diyos ang gumagawa sa atin, “maging sa pagnanais at sa paggawa, para sa kanyang mabuting kalooban” (t. 13). Nakikita natin dito na parehong may bahagi ang Diyos at ang tao. Hindi tayo dapat umasa sa ating mga sarili para sa anumang aspeto ng buhay ng pananampalataya. Sa Diyos tayo dapat umasa. Ngunit kasabay nito, ay hindi tayo dapat walang ginagawa at naghihintay na lang para gawin ito ng Diyos. Sa halip ay dapat tayong maging aktibong nakatingin sa Kanyang pagbibigay ng kakayahan at makiisa sa Kanya sa kung anong kalooban Niyang gawin sa ating mga buhay. Ipapaliwanag at palalawakin ko ito sa kabuuan ng mensaheng ito kung paano isinasagawa ang lahat ng ito.

Ang pananampalataya at ang pakikipagtulungan ng tao sa Diyos
Hindi lamang binubuksan ng Diyos sa atin ang katotohanan, inuudyukan din Niya tayo at binibigyang ng kakayahan na maisabuhay ang katotohanan. Kahit makilala natin ang

katotohanan, ay hindi natin ito maisasabuhay kung wala ang pagbibigay ng kakayanan ng Diyos. Kaya kailangan nating makipagtulungan sa Diyos at umasa sa Kanyang pagbibigay ng kakayanan na maisabuhay ang buhay ng pananampalataya.

Ang buhay ng pananampalataya ay may kasamang mga ilang mahahalagang mga sangkap. Ang isang sangkap ay ang isip. Binabago ng Panginoon ang ating isip at tinutulungan tayong maunawaan ang katotohanan at matutunang makita ang mga bagay mula sa pananaw ng kaharian ng Diyos. Isa pang sangkap ay ang kalooban. Dahil tinanggap natin ang katotohanan, ay kailangan nating gamitin ang ating kalooban para pumili at kumilos nang ayon sa ating pagpili. Ito kung minsan ay napakahirap, halimbawa, kapag tayo ay dumaranas ng isang matinding espirituwal na pakikipagtunggali at pag-atake ng mga puwersa ng kadiliman. Maaaring hindi tayo naiintindihan ng mga tao, inuusig, at sinisiraan, at maaaring hinihingian tayo ng mataas na kapalit sa ating pagsunod sa Diyos. Maaaring nararamdaman natin na ang ating espiritu ay pagod na at ang Diyos ay tila malayo sa atin. Sa ganitong mga pagkakataon ay lalo nating kailangang gamitin ang ating kalooban at piliing lumakad sa pamamagitan ng pananampalataya, sa pagsunod sa Panginoon, sa kabila ng ating salungat na pagkiling na gawin ito. Ngunit, kailangan nating gawin ito nang may pakikisama sa Diyos. Habang ipinaninindigan natin ang ating pananampalataya sa Kanya, ay makakatiyak tayo na ang Diyos ay binabantayan tayo at tutulungan Niya tayong magtagumpay sa lahat ng mga sitwasyon sa buhay.

Ang pagsasagawa ng tunay na pananampalataya ay hindi lang kasangkot ang isip at ang kalooban. Ang kapahayagan ng katotohanan, ang malalalim na kaisipang espirituwal at ang pagtanggap ng katotohanan sa ating mga buhay ay nangyayari sa ating puso, isip at espiritu. Ang ating buong pagkatao ay kasali. Ang ating buong pagkatao ay dapat magbigay ng sarili sa pamumuhay nang ayon sa kapahayagan ng Diyos at sa liwanag na ipinakita Niya sa atin.

Habang lumalakad tayong kasama ang Diyos sa ganitong paraan, ay patuloy Siyang magpapahayag nang mas marami pa sa atin. Tayo ay lalago sa ating pagpapahalaga sa kung sino Siya at mas mapapalapit pa sa Kanya. Ang ating espiritu ay lalago nang mas matibay at tayo ay lalago tungo sa espiritwal na kahustuhang-gulang o maturidad. At kung gayon ang ating buhay ng pananampalataya ay lalago sa may kabuluhan at kalidad.

Sinasabi ng ibang mga tao na ang gusto lang nila ay simpleng pananampalataya. Ang sabi nila, “Naniniwala lang ako sa Diyos at sapat na iyon.” Ang nagiging resulta noon ay kinakalimutan na nilang hanapin ang tunay na kaalaman. Ito ay maling kaisipan tungkol sa simpleng pananalig. Kung hindi tayo lalago sa ating pagkaunawa sa Diyos at sa Kanyang mga daan at kung paano natin isasagawa ang ating mga buhay kasama ng mga kapatid, at kung hindi natin alam kung paano gumagawa ang ating kaaway, ay paano tayo maaaring maging epektibo sa pakikipagtulungan sa Diyos? Kung hindi natin alam kung ano ang katotohanan ay paano natin ito maisasabuhay? Kaya hindi natin dapat kaligtaan ang paghahanap sa Diyos para sa tunay na kaalaman. Dapat tayong maging masigasig sa paghahangad na maunawaan ang katotohanan upang tayo ay maaaring gumawa ayon dito. Ito ang kalooban ng Diyos para sa atin. Si Pablo ay nanalangin nang walang humpay para sa mga mananampalatayang Colosas upang sila ay mapuspos ng kaalaman ng kalooban ng Diyos sa lahat ng espiritwal na karunungan at pagkaunawa, upang sila ay makalakad nang nararapat sa Panginoon, na lubos na nakakalugod sa Kanya, namumunga sa bawat gawang mabuti, at lumalago sa pagkakilala sa Diyos (Col. 1:9-10).

Titingnan natin ngayon ang iba’t-ibang mga aspeto ng buhay ng pananampalataya para maunawaan natin kung paano ito gumagawa at kung paano tayo lalago rito.

Ang Panginoong Jesus — May-akda at tagapagpasakdal ng ating pananampalataya

Ang Mga Hebreo 12:2 ay nananawagan sa atin na ituon natin

ang ating mga paningin sa Panginoong Jesus, ang may-akda o tagapagtatag at tagapagpasakdal ng pananampalataya. Na ang Panginoong Jesus ay ang nagtatag ng ating pananampalataya ay nagsasabi sa atin na ang unang hakbang ay galing sa Diyos. Siya rin ang tagapagpasakdal ng ating pananampalataya. Lahat ng kailangan para sa buhay ng pananampalataya ay nanggagaling sa Diyos.

Sinasabi sa atin ng mga Kasulatan na ang Diyos ay ang Ama ng mga ilaw (Sant. 1:17). At ipinapahayag din ng Panginoong Jesus na: “Ako ang Ilaw ng sanlibutan” (Jn. 8:12). Siya ang Ilaw na nagliliwanag upang tayo ay makalakad sa liwanag. Ngunit hindi nito ibig-sabihin na sa oras na ang liwanag ay nahayag, tayo ay kaagad-agad makalakad doon. Kailangan nating tumugon nang positibo sa liwanag na nahayag at sumunod sa Panginoong Jesus. Kaya sinasabi ng Panginoong Jesus sa Juan 8:12 na: “Ako ang ilaw ng sanlibutan. Ang sumusunod sa akin ay hindi kailanman lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng buhay.”

Sinasabi rin sa atin ng Panginoong Jesus sa Juan 14:6 na: “Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay.” Siya ang daan kung saan tayo ay dapat lumakad. Siya ang katotohanan kung saan ang ating pananampalataya ay dapat itatag. Inaanyayahan Niya tayo na lumapit sa Kanya nang sabihin Niya: “Lumapit kayo sa Akin” (Mat. 11:28). Kaya ang buhay ng pananampalataya ay buhay na nakikilala sa pamamagitan ng isang malapit na paglakad na kasama ni Cristo.

Kaugnay nito, nakikita natin sa Juan 1 na ipinapahayag ang Panginoong Jesus bilang puspos ng biyaya at katotohanan.

Juan 1:14, 17

14 At naging tao ang Salita at tumahang kasama namin, at nakita namin ang kanyang kaluwalhatian, kaluwalhati ang gaya ng sa tanging Anak ng Ama, puspos ng biyaya at katotohanan.

17 Sapagkat ibinigay sa pamamagitan ni Moises ang kautusan; ang biyaya at ang katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. [ABAB]

“Ang biyaya at katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu-cristo” ay maaaring maunawaan sa dalawang hanay. Una ay ang biyaya at katotohanan ay naglalarawan ng Kanyang buhay, na nahayag sa lahat ng Kanyang mga salita at mga gawa. Ang ikalawang hanay ng pagkaunawa ay yung maaaring maisakatuparan ang buhay ng biyaya at katotohanan sa ating mga buhay sa pamamagitan ng Panginoong Jesu-cristo. Maaari tayong makaabot at maisabuhay natin ang isang buhay na puspos ng biyaya at katotohanan sa pagkakalakip sa Kanya. Habang tayo ay lumalakad na kasama Niya, at kaisa Niya, tayo rin ay maaaring mabuhay ng isang buhay na nagpapahayag ng biyaya at katotohanan — isang buhay na nagpapakita ng biyaya ng Diyos, at isinasabuhay ayon sa katotohanan. Ito ang diwa ng buhay ng pananampalataya.

Kaya kung gusto nating mamuhay ng buhay ng pananampalataya, dapat nating ituong ang ating paningin sa Panginoong Jesu-cristo. Kailangan nating lumago sa ating pagkakilala sa Kanya, maging kaisa Niya, at lumakad sa Kanya na Siyang katotohanan.

Sa Lukas 8:22–25, ay mababasa natin ang isang pagkakataon kung saan pinagalitan ng Panginoong Jesus ang Kanyang mga alagad dahil sa kawalan ng pananampalataya. Ang mga alagad ay nasa isang bangka kasama ang Panginoong Jesus nang sila ay makasagupa ng isang malakas na hangin at marahas na dagat. Nang oras na iyon, ang Panginoong Jesus ay natutulog at ang mga alagad ay puno ng takot. Ginising nila Siya, na sumisigaw: “Panginoon, Panginoon, napapahamak tayo!” At doon, sinaway ng Panginoong Jesus ang hangin at ang tumataas na mga alon at pumayapa ang mga ito. At sinabi Niya sa Kanyang mga alagad: “Nasaan ang inyong pananampalataya?”

Bakit sila sinaway ng Panginoong Jesus sa kanilang kawalan ng pananampalataya? Isang dahilan ay yung hindi nila talaga napahalagahan kung sino ang Panginoong Jesus. Kung naunawaan

nila kung sino Siya, ang Manlilikha ng sansinukob, at lahat ng bagay ay nasa ilalim ng Kanyang kapamahalaan, ay hindi sana sila magkakaroon ng ganoong takot. Malalaman nila na dahil kasama nila Siya, ay ligtas sila. Ang kawalan ng pananam-palataya ay kaugnay ng pagkukulang na maunawaan kung sino ang Panginoon at pagkukulang na magtiwala at umasa sa Kanya.

Ang gawain ng Banal na Espiritu sa buhay ng pananampalataya
Ang Banal na Espiritu ay gumaganap ng mahalagang papel sa buhay ng pananampalataya. Ipinapahayag ng Panginoong Jesus sa atin na ang Banal na Espiritu ay ang Espiritu ng katotohanan. Bilang Espiritu ng katotohanan, inaakay at ginagabayan Niya tayo tungo sa lahat ng katotohanan.

Juan 16:13-14

13 Kapagdumating siya, ang Espiritu ng katotohanan, gagabayan niya kayo sa lahat ng katotohanan; sapagkat hindi mula sa sarili ang kanyang sasabihin, kundi kung ano ang naririnig niya at ipapahayag niya sa inyo ang mga bagay na darating.

14 Luluwalhatiin niya ako, sapagkat tatanggapin niya kung ano ang mula sa akin at ipapahayag niya ito sa inyo.

Makikita natin dito ang makatawag-pansing kaugnayan sa pagitan ng gawa ng Banal na Espiritu at ng persona ng Panginoong Jesu-cristo. Nakita natin nang una na ang Panginoong Jesus ay ang daan, ang katotohanan at ang buhay. Dahil ang Panginoong Jesus ang katotohanan at dahil ang Espiritu ng Diyos ay nagpapahayag sa atin ng katotohanan, ay nangangahulugan ito na ipinapahayag sa atin ng Espiritu ng Diyos ang Panginoong Jesus at tinutulungan Niya tayo na pahalagahan Siya. Ang talata 14 ay nagtuturo sa atin sa direksyong iyon. Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay sa atin ng matibay na paniniwala sa ating mga puso at nagpapaliwanag ng ating mga isip para maunawaan at mapahalagahan natin kung sino si Jesus.

Sa mas malawak na pahiwatig o konteksto, ang Espiritu ng katotohanan ay gagabay sa atin sa lahat ng katotohanan.

Anumang panig ng katotohanan ang nais nating malaman, ay maaari tayong tumingin sa Banal na Espiritu para tulungan tayo. Ang katotohanan ay hindi lang dapat manatiling kaalamang nasa ulo. Ito ay dapat maging bahagi ng ating mga buhay. At ito ay maaari lang mangyari sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na tutulong sa atin na maunawaan ang katotohanan at alamin at tandaan ito sa ating mga buhay.

Sinasabi sa atin ni David na ninanasa ng Diyos ang katotohanan sa panloob na pagkatao (Aw. 51:6). Ang Espiritu ng katotohanan ay tumutulong sa atin na malaman ang katotohanan, tanggapin ang katotohanan sa ating panloob na pagkatao, lumakad sa katotohanan at maging mga tao ng katotohanan. Ito ang paraan na tayo ay nagiging mga taong may pananampalataya at naipamumuhay ang buhay ng pananampalataya.

Sa Galacia 5, ang pananampalataya ay inilista bilang isang aspeto ng bunga ng Espiritu.

Galacia 5:22

SubalitangbungangEspirituaypag-ibig,kagalakan,kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan,

Ang salitang “katapatan” sa talata 22 ay maaaring isalin na “pananampalataya.” Ang dalawang mga konsepto ay malapit na magkaugnay. Ang buhay ng katapatan ay ang buhay ng pananampalataya — ang buhay ng pagsunod sa Diyos. Habang ang Espiritu ng Diyos ay gumagawa sa ating mga puso at isipan, ay pamumungahin Niya sa atin ang bunga ng Espiritu, at dahil dito, lalago rin tayo sa pananampalataya. Ngunit hindi lang ito gawa ng Diyos. Kailangan din nating tumugon nang positibo sa Diyos at makipagtulungan sa Kanya para magawa ito.

Ang mga Kasulatan at ang buhay ng pananampalataya

Isa pang mahalagang aspetong dapat tingnan ay ang papel ng mga Kasulatan sa buhay ng pananampalataya.

Sa Juan 17:17, ang Panginoong Jesus ay nanalangin:

“Pabanalin mo sila sa katotohanan; ang salita mo ay katotohanan.” Dito, ang Panginoong Jesus ay nananalangin sa Diyos Ama upang tayo ay maibukod para makalakad sa katotohanan at mamuhay nang isang banal na buhay. Patuloy Niyang sinabi: “Ang Salita Mo ay katotohanan.” Ito ay malinaw na nagsasaad na ang salita ng Diyos ay napakahalaga sa ating pagkaalam sa katotohanan at paglakad ayon dito.

Kapag binanggit natin “ang salita ng Diyos”, kaagad iniisip ng iba ang Biblia. Ang salita ng Diyos ay hindi katumbas ng Biblia. Ang salita ng Diyos ay tumutukoy sa anumang pakikipagtalastasan ng Diyos sa atin. Maaaring kasali rito ang kung anong sinasabi ng Diyos sa ating mga puso sa ating pang araw-araw na karanasan at habang naglalaan tayo ng panahong kasama Siya sa panalangin. Ngunit ang malaking bahagi ng nais ng Diyos na sabihin at ipahayag sa atin ay dumarating sa atin sa pamamagitan ng mga Kasulatan. Ang mga Kasulatan ay napakahalagang pinanggagalingan ng katotohanan. Sinasabi sa atin ni apostol Pablo: “Ang lahat ng mga kasulatan ay ihininga ng Diyos at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at pagsasanay sa katuwiran, upang ang lingkod ng Diyos ay maging karapat-dapat at lubusang maihanda sa lahat ng mabubuting gawa.” (2 Tim. 3:16–17) Ang mga Kasulatan ay maaaring magturo sa atin para malaman natin kung paano lalakad sa pananampalataya at katotohanan.

Ang Roma 10:17 ay isang talatang madalas banggitin kapag ang mga tao ay nagsasalita tungkol sa kung saan nanggagaling ang pananampalataya.

Roma 10:17

Kaya ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang naririnig ay sa pamamagitan ng pangangaral ng salita ni Cristo.

Ang unang bahagi ng talatang ito ay nagsasabi sa atin na ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig. Ang ikalawang

bahagi ay nagsasabi sa atin na ito ay malaki ang kinalaman sa Panginoong Jesu-cristo — kung sino Siya at kung ano ang Kanyang itinuro.

Si D.L. Moody ay isang dakilang ebanghelistang nagdala ng maraming mga tao sa Panginoon. Inibig niya nang lubos ang Panginoon at itinuturing siyang isang lalaki ng pananampalataya. Ikinuwento niya kung paanong palagi siyang nananalanging pagkalooban siya ng Panginoon ng pananampalataya. Ngunit parang hindi iyon dumarating. Isang araw, nabasa niya ang Roma 10:17 at tumama sa kanya ang talata. Oo nga! Ang pananampalataya ay dumarating sa pamamagitan ng pakikinig ng salita ng Diyos (ang KJV ay may alternatibong salin na “salita ng Diyos” sa halip na “salita ni Cristo”). Nagliwanag sa kanya na hindi lang siya dapat nananalangin para sa pananampalataya, sa halip ay dapat gumugol siya ng mas maraming panahon sa pag-aaral ng mga Kasulatan. At sa pagtutok niya sa pag-aaral ng mga Kasulatan, ay nakita niyang ang kanyang pananampalataya ay lumalago nang mas matibay.

Dapat nating hangaring malaman ang mga Kasulatan. Ang 1 Pedro 2:2 ay nananawagan sa mga mananampalataya na “manabik kayo sa dalisay na gatas espirituwal, upang sa pamamagitan nito ay lumago kayo sa inyong karanasan ng kaligtasan”. Sa pagbabasa natin ng mga Kasulatan nang may pananalangin, na masigasig matuto at tumanggap mula sa Panginoon, Siya ay mangungusap sa atin at palalaguin ang ating espiritwal na buhay.

Kung ang mga Kasulatan ay mahalaga sa pagtulong sa ating lumago sa pananampalataya, anong mangyayari sa mga taong walang paraan ng pag-aaral ng mga Kasulatan o sa mga walang pinag-aralan? Itinuturing ko ang mga ito na hindi pangkaraniwang mga pagkakataon. Kaya ng Panginoon ang magministeryo sa gayong mga tao. At kailangan pa rin nilang maunawaan at sundin ang katotohanan.

Ngunit kung saan mayroong mga Kasulatan, ay inaasahan ng Diyos na gugugol tayo ng panahong mag-aral ng mga Kasulatan,

magbulay dito at lumago sa ating pagkaunawa ng katotohanan.

Sinasabi ng Panginoong Jesus: “Ang mga salitang sinasabi ko sa inyo, ang mga ito ay espiritu at buhay.” Sa pagbabasa natin ng mga Kasulatan ng may pananampalataya, nakatingin sa Diyos na may puso tumutugon, ay ginagawa ng Banal na Espiritu na ang mga Kasulatan ay maging buhay sa atin at sa pamamagitan nito ay magsasalita sa atin at magmiministeryo ng buhay sa atin. Makikita natin ang mga katotohanan ng Diyos na magiging mas malinaw sa atin. Tayo ay lalago sa pagkakilala sa Diyos at maaakay nang mas malapit sa Kanya. Magkakaroon tayo ng higit na dakilang katiyakan ng pagtitiwala sa Kanya sa iba’t-ibang mga kalagayan ng buhay. Tiyak na marami sa atin, ang paminsan-minsan, ay nakakakita na ito ay totoo sa ating sariling mga buhay.

Ang pananampalataya ay kumikilos bilang tugon sa kapahayagan ng Diyos

Halimbawa ni Pablo

Tingnan natin kung paano tumugon si apostol Pablo sa Diyos nang may pananampalataya. Bago naging Kristiano, si Pablo ay hindi namumuhay nang ayon sa katotohanan. Sa halip ay inuusig niya ang mga alagad ng Panginoon. Habang siya ay nasa daan patungong Damasco para usigin ang mga Kristiano sa lunsod na iyon ay nagpakita sa Kanya ang Panginoong Jesus.

Mga Gawa 22:7–8, 10

7 Bumagsak ako sa lupa, at narinig ko ang isang tinig na nagsasabi sa akin, ‘Saulo, Saulo, bakit mo ako inuusig?’

8 Sumagot ako, ‘Sino po kayo, panginoon?’ At sinabi niya sa akin, ‘Ako’y si Jesus na taga-Nazareth na iyong inuusig.’

10 Sinabi ko, ‘Ano po’ng gagawin ko, Panginoon?’ Tumugon siya sa akin, ‘Tumayo ka at pumunta sa Damasco, at sasabihin sa iyo doon ang lahat ng dapat mong gawin.’

Bago ang pagtatagpong ito, ay hindi nauunawaan ni Pablo

na si Jesus ay ang Panginoon. Ngunit sa madulang pagtatagpong iyon, ay kinilala niya na si Jesus ang Panginoon. At sa oras na kinilala niya kung sino ang Panginoon, sinabi niya: “Anong gagawin ko Panginoon?” Hindi siya huminto sa pagkilala lang kay Jesus bilang Panginoon. Hindi niya sinabi, “Mabuti, iyon na yun. Nakatagpo ko ang Panginoon. Ngayon ay magpapatuloy na ako sa sarili kong buhay.” Sa halip, tumugon siya nang positibo sa kapahayagan at nakipagtulungan sa Panginoon. Kaya sinabihan siya ng Panginoon: “Tumayo ka at pumunta sa Damasco, at sasabihin sa iyo doon ang lahat ng dapat mong gawin”.

Mula noon, ay nakita natin si Pablo na may katapatang hinanap na maunawaan ang katotohanan, lumago sa kaalaman ng Diyos at ng Kanyang kalooban, at may katapatang isagawa ang mga iyon sa kanyang buhay, anuman ang kapalit, kahit gaano man kahirap. Para kay Pablo, iyon ay isang nagpapatuloy na kapamaraan ng pagtanggap at pagsasabuhay ng mga kapahayagan ng Diyos, na nagreresulta sa paglago ng pananampalataya.

Pagkaraan ng ilang taon, nang humarap si Pablo kay Haring Agrippa, ay isinalaysay niya ang kanyang karanasan ng pagbabalik-loob. Ikinuwento niya ang sinabi sa kanya ng Panginoon:

Mga Gawa 26:16–18

16 Ngayoy bumangon ka at tumindig. Nagpakita ako sa iyo sapagkat itinalaga kitang maging lingkod at maging saksi sa mga nakita mo sa akin at sa mga ipapakita ko pa sa iyo.

17 Ililigtas kita sa mga kababayan mo at sa mga Hentil, na sa kanila ay isinusugo kita,

18 upang buksan mo ang kanilang mga mata, ibalik sila mula sa kadiliman tungo sa liwanag, mula sa kapangyarihan ni Satanas tungo sa Diyos, upang tumanggap sila ng kapatawaran ng mga kasalanan at mapabilang sa piling ng mga ginawang banal sa pamamagitan ng pananampalataya sa akin.

Itinalaga ng Panginoong Jesus si Pablo at inatasan. Isinabuod ni Pablo ang kanyang tugon sa Panginoon sa talata 19:

Mga Gawa 26:19

“Pagkalipas noon, O Haring Agripa, hindi ako naging suwail sa pangitain mula sa langit.

Si Pablo ay hindi sumuway. Siya ay naging tapat; sinunod niya ang ipinahayag sa kanya ng Panginoon.

Halimbawa nina Noe at Abraham

Sa Mga Hebreo 11, ay makikita natin ang ibang mga mananampalataya na tumugon sa kapahayagan ng Diyos nang may masunuring puso. Ang Mga Hebreo 11:7 ay naglalahad sa atin ng tungkol sa pananampalataya ni Noe.

Mga Hebreo 11:7

Sa pamamagitan ng pananampalataya, pinakinggan ni Noe ang babala ng Diyos tungkol sa mga bagay na hindi pa niya nakikita, kaya't siya'y gumawa ng isang daong para sa kaligtasan ng kanyang sambahayan. Sa pamamagitan nito ay hinatulan niya ang sanlibutan, at siya'y naging tagapagmana ng pagiging matuwid na bunga ng pananampalataya.

Dito ay makikita natin ang Diyos na nagpapahayag kay Noe tungkol sa mga bagay na darating. Bagama't hindi pa nakikita ng pisikal na mga mata ni Noe ang mga bagay na ibinabala ng Diyos sa kanya, ngunit sa pananampalataya at ng may masunuring puso, ay ginawa niya ang mga iniutos ng Diyos.

Sa gayunding paraan, nang tinawag ng Diyos, si Abraham ay “sumunod sa pamamagitan ng paglabas.”

Kung kaya palagi ang nakikita natin, na sa isang tunay na buhay ng pananampalataya, ay mayroong isang kapahayagan ng katotohanan, ito man ay tuwirang mula sa Diyos o hindi tuwiran sa pamamagitan ng Kanyang mga tao o iba pang mga kaparaanan. Ang taong may pananampalataya ay tutugon sa inihayag ng Diyos at gagawa ayon dito.

Ang buhay ng pananampalataya ay hindi lamang binubuo

ng partikular na mga gawa. Ito ay isang buhay na nakatutok sa Diyos at ipinamumuhay sa pakikisama sa Kanya. Ang taong may pananam-palataya ay hindi lamang maghihintay ng malinaw na mga utos mula sa Diyos. Dahil sa ang Diyos ay nagpahayag ng maraming espiritwal na mga katotohanan at mga prinsipyo sa mga Kasulatan, ay iaayon dito ng tao ng pananampalataya ang buong direksyon ng kanyang buhay para matapat niyang maisabuhay ang inihayag ng Diyos, kasama ang Banal na Espiritu na umaakay at nagbibigay ng kakayahan sa kanya sa direksyong iyon.

Nananalangin para sa ibayong pananampalataya

Ang nauna nang sinabi ko tungkol sa pananalangin para sa pananampalataya ay maaaring nagbigay ng kaisipan sa iba na hindi tayo dapat nananalangin para sa pananampalataya. Hindi ganoon ang ibig kong sabihin. Tama lang na manalangin para sa pananampalataya. Ngunit dapat nating maunawaan kung paano ito kumikilos. Ang pananampalataya ay may kaugnayan sa kapahayagan ng Diyos at sa pagbibigay ng kakayahan ng Diyos at gayundin sa tugon ng tao.

Sa Marcos 9:22–24, ay mababasa natin ang isang pangyayaring kinasasangkutan ng isang ama at ng kanyang anak na inalihan ng demonyo. Sabi ng ama sa Panginoong Jesus:

Marcos 9:22

... Kung may magagawa ka, maawa ka sa amin at tulungan mo kami.”

Sa sagot Niya, ay nilinaw ng Panginoong Jesus sa kanya ang kahalagahan ng pananampalataya, ng paniniwala sa Kanya at kung ano ang kaya Niyang gawin.

Marcos 9:23

Sinabi sa kanya ni Jesus, “Kung magagawa mong sumampalataya, mangyayari ang lahat sa sinumang may pananampalataya.”

Kaagad, ang ama ng bata ay sumigaw: “Sumasampalataya po ako! Tulungan mo po ako sa aking kawalan ng pananampalataya!” (t. 24). Ang sigaw ng lalaking ito ay isang panalangin para sa ibayo pang pananampalataya. Sa isang banda, sinabi niyang “Sumasampalataya ako” dahil mayroon siyang ilang kaisipan tungkol sa kung sino ang Panginoong Jesus. Ngunit sa kabilang banda ay sinabi rin niya “tulungan mo ang kawalan ko ng pananampalataya” dahil alam niyang kulang ang kanyang kaalaman tungkol sa Panginoon at hindi siya makapagtiwala sa Kanya nang nararapat. Alam niyang ang kanyang pananampalataya ay mahina. Kaya sumigaw siya sa Panginoon na tulungan siyang mapalalim ang kalidad ng kanyang pananampalataya.

Ang nakita ng lalaking ito sa kanyang sarili ay totoo rin sa marami sa atin — nananampalataya tayo, ngunit alam natin na ang ating paniniwala ay hindi buong puso. Alam nating may kulang, at tayo rin ay maaaring sumigaw sa Panginoon para sa ibayo pang pananampalataya, para sa higit na dakilang kapahayagan ng katotohanan, at para sa mas malalim na pagkakilala sa kung sino Siya. Kapag mayroon tayong ganoong pag-asam, ang Banal na Espiritu ay maaaring maghayag sa atin nang ibayo pang katotohanan, ng ibayo pang pagkakilala kung sino ang Diyos Ama, at ibayo pang pagkakilala kung sino ang Panginoong Jesus. Dahil sa makikita nating ibayo pang katotohanan, ay maaari tayong mahikayat sa tiyak na mga gagawin. Ngunit nakikita natin ang ating mga sarili na napakahina para gumawa nang ayon sa mga iyon. Sa ganoong mga sitwasyon ay maaari tayong manalangin sa Panginoon na palakasin tayo at bigyan ng kakayahan na matupad ang Kanyang kalooban, at palalakasin Niya ang ating loob at tutulungan Niya tayong isakatuparan ang mga gagawing iyon. Ito ay isang paglalarawan ng pananalangin para sa ibayong pananampalataya at kung paano tumutugon ang Diyos sa sigaw ng ating puso.

Tingnan natin ang isa pang sipi — Lukas 22. Matapos balaan si Simon Pedro na sasalain siya ni Satanas na gaya ng trigo, ay

sinabi ng Panginoong Jesus kay Pedro na Siya ay nananalangin para sa kanya.

Lukas 22:32

Ngunit idinalangin kita upang huwag manghina ang iyong pananampalataya; at kapag nagbalik-loob ka na, dapat mong palakasin ang iyong mga kapatid.”

Ipinanalangin ng Panginoong Jesus ang Kanyang mga alagad, na ang kanilang mga pananampalataya ay hindi pumalya. Sa pagsunod sa halimbawa ng Panginoon, tayo rin ay maaaring manalangin para sa ating sariling pananampalataya at para sa pananampalataya ng kapwa natin mga mananampalataya. Dahil sa gusto nating mamuhay para sa Panginoon sa mga sitwasyon ng pagsubok, ay maaari tayong humingi sa Kanya na gabayan tayo, pagkalooban tayo ng karunungan at gawing mas malinaw sa atin ang landas na dapat nating lakaran at palakasin tayo na makalakad doon.

Ang ating buhay-panalangin ay napakalapit na kaugnay ng ating pananampalataya. Ang tunay na panalangin ay naglalagak ng ating tiwala sa Diyos, at naniniwalang pinakikinggan Niya tayo. Habang naglalaan tayo ng panahon sa pananalangin, ay lumalago ang ating relasyon sa Diyos at lumalago tayo sa ating pagkaunawa ng kung sino Siya at ng mga katotohanan ng espiritwal na larangan. Habang tayo ay lumalago sa ating pagkakilala sa Diyos, ang ating katiyakan sa Kanya ay lumalago; gayundin ang ating kakayahang lumakad nang ayon sa Kanyang kaparaanan. Sa ganitong paraan lumalago ang ating pananampalataya.

Lumalago sa pananampalataya

Kaya nakita natin na kung nais nating lumago sa pananampalataya ay dapat masigasig nating hangarin ito sa ating mga puso, at dapat maging masipag tayong hanaping maunawaan at sundin ang katotohanan kung paano ito inihayag sa mga Kasulatan. Mahalaga para sa atin na gumugol ng panahong mapag-isa

sa Diyos sa bawat araw, sa pananalangin at sa pagbabasa at pagbulay ng mga Kasulatan. Dapat din ay makipagtipon tayo nang regular kasama ng kapatiran para sa pagsamba, pananalangin at pagsasama-sama, nakikinig ng pangangaral ng Salita, sama-samang natututo mula sa mga Kasulatan at nagpapalakasan sa isa't-isa na ipamuhay ang katotohanan.

Kapag tutunghayan natin ang mga pahina ng kasaysayan ng iglesya at magbasa ng mga talambuhay ng dakilang mga tao ng Diyos, ay makikita natin ang dalawang kahanga-hangang mga katangian ng naturang mga tao. Ang isa ay kung paano nila inibig ang mga Kasulatan, kung paano nila ito pinag-aralan, pinagbulayan at tinanggap sa kanilang mga buhay. Ang isa pa ay ang kanilang buhay-panalangin. Kinilala nila ang kahalagahan ng panalangin at binigyang prayoridad ang pagsulong ng kanilang buhay-panalangin. Gayundin tayo, kung gusto nating lumago sa pananampalataya, ay kailangan nating bigyan ng prayoridad ang mga Kasulatan at ang panalangin.

Bukod sa mga ito, mahalaga ring umasa tayo sa Banal na Espiritu na ihayag Niya sa atin ang katotohanan at bigyan ng kakayanan tayong kumilos nang ayon dito. Ito ang ibig sabihin ni Pablo nang sabihin niya sa atin sa Galatia 5:16 na lumakad sa pamamagitan ng Espiritu. Hindi natin kayang maabot ang mga hinihingi ng Diyos sa ating sariling lakas. Lagi nating makikita ang ating mga sarili na pumapalya at nagbibigay layaw sa mga ninanasa ng laman. Ito ang dahilan kung bakit ang mga Kasulatan ay nananawagan sa atin na lumakad sa pamamagitan ng Espiritu, upang magawa nating patayin ang mga gawa ng katawan at huwag bigyan ng layaw ang mga pagnanasa ng laman.

Dahil sa ang pagkaalam ng katotohanan ay mahalaga sa buhay ng pananampalataya, iniisip ng iba na kailangan nilang magtamo ng maraming kaalaman ng katotohanan bago sila maaaring lumago sa pananampalataya. Ito ay hindi totoo. Para sa marami sa atin, ang pagsisimulan ay hindi ang paghingi sa Panginoon na magpahayag pa ng maraming mga katotohanan, dahil mayroon

na tayong sapat na nalalaman. Sa halip, ang dapat nating gawin ay ang kumilos ayon sa kung anong dati na nating alam.

Madalas, bigo tayong lumago sa mas malawak pang pagkaunawa sa katotohanan dahil bigo tayong gumawa ayon sa kung anong nalalaman na natin. At kung magpapabaya tayong mamuhay ayon sa kung anong nalaman na natin, kung hindi tayo handang ipasakop ang ating mga sarili sa Diyos, ang Panginoon ay maaaring hindi magpahayag sa atin ng karagdagan pa. Maaaring marinig natin ang mga katotohanan, ngunit bigo tayong magtamo ng espiritwal na mga pananaw dahil ang Banal na Espiritu ay hindi nagbubukas sa atin ng kayamanan ng pang-unawa sa Kanyang mga katotohanan. Samakatuwid, mahalaga para sa atin na gumawa ayon sa kung anong nalalaman na natin. Kapag ganito ang ating gagawin, ay maaari tayong tumingin sa Diyos nang taimtim na umaasam, na mas magpahayag pa Siya sa atin. Sa ganitong paraan, ang ating pananampalataya ay lalago.

Kapag iniisip natin ang kapahayagan ng katotohanan, nakakatulong na isipin natin pareho ang lawak at ang lalim. Madalas na iniisip lang natin ang lawak — matuto ng mga bagong katotohanan. Ngunit dapat din nating hanaping lumago sa lalim — sa mas mayamang pagkaunawa ng mga katotohanang alam na natin, mas malalim na pagtanaw sa kanilang kahulugan, kasama na ang praktikal na pagsasabuhay ng mga ito at ng mga implikasyon nito.

Halimbawa, alam nating lahat na ang Diyos ay pag-ibig. Ngunit maaari nating maunawaan ang pag-ibig ng Diyos sa lalo pang mas malalim na antas. Ito ay totoo rin sa iba pang mga katangian ng Diyos, gaya ng Kanyang Kataas-taasang kalagayan, omnisiyensya o buongkaalaman ng lahat, pagka makapangyarihan sa lahat at karunungan. Maaari nating malaman ang bawat isa ng mga katangiang ito ng Diyos, ngunit gaano kalalim ang ating pagkaunawa ng kanilang kahulugan at katotohanan sa ating mga buhay? Habang tumitingin tayo sa Panginoon, ay maaari Niyang ipahayag sa atin ang mas lumalalim na mga kahulugan

ng mga katangiang ito at kung paano ang ganoong kaalaman ay maaaring magpabago ng kung paano natin ipapamuhay ang ating mga buhay.

Ang buhay ng pananampalataya at ang kadalisan ng puso

Ang kalidad ng ating pananampalataya ay may malapit na kaugnayan sa kadalisan ng ating puso. Sa mga Pagka-mapalad (*Beatitudes*), ay sinasabi sa atin ng Panginoong Jesus na: “Mapapalad ang mga may malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos.” (Mat. 5:8).

Para sa akin, sa abot ng pagkakaunawa ko, ay may dalawang pangunahing mga sangkap sa usapin ng kadalisan ng puso. Ang isang sangkap ay may kinalaman sa ating mga pusong nilinis ng dugo ni Cristo upang ang kasalanan ay hindi na hadlang sa ating relasyon sa Diyos at sa Kanyang paggawa sa ating mga buhay. Ang isa pa ay may kinalaman sa buong direksyon ng ating mga buhay, na dapat ay patungo sa katotohanan, kabanalan, katuwiran at kalinisan. Ang taong malinis ang puso ay yaong ang mga puso ay nilinis na, at itinalaga ang kanilang mga puso kung ano ang mga bagay ng Diyos, kung alin ang banal, matuwid, mabuti at dalisay.

Makikita natin ang dalawang mga aspetong ito sa Mga Hebreo 12:1–2

Mga Hebreo 12:1–2

1 Kaya nga, dahil napapalibutan tayo ng ganoon karaming mga saksi, iwaksi natin ang bawat bagay na nagpapabigat sa atin at ang kasalanang mahigpit na pumipigil sa atin, at takbuhin nating may pagtitiyaga ang takbuhing inilagay sa ating harapan.

2 Ituon natin kay Jesus ang ating paningin, sa kanya na nagtatag at nagpasakdal ng ating pananampalataya. Dahil sa kagalakang inilagay sa kanyang harapan ay tiniis niya ang krus, ipinagwalang-bahala niya ang kahihyan nito, at ngayo’y nakaupo sa kanan ng trono ng Diyos.

Sa isang banda, naroon ang kadalisan ng buhay — ang pagsasa-isang tabi ng bawat pabigat at ang kasalanang bumibitag sa atin. Sa kabilang banda, ay naroon ang direksyon — pagtakbo sa takbuhin, pagkilos sa direksyong ninanais ng Diyos, itinutuon ang mga mata sa Panginoong Jesus.

Ang buhay na may pananampalataya ay nakasentro kay Cristo, isinasabuhay na kaisa ng Panginoon, kung saan tayo ay lumalakad na matatag, hindi alintana ng mga pagsubok o mga kahirapan. Habang itinutuon natin ang ating mga puso na ipamuhay ang ganoong buhay, ang Panginoong Jesus ay magpapatuloy na pasakdalín ang ating pananampalataya at lubusin ang sinimulan Niya sa atin.

Pagkatapos ng buong kabanata tungkol sa pananampalataya sa Mga Hebreo 11, ang sumulat ay nagpapatuloy na nanawagan sa kanyang mga mambabasa tungkol sa pamumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa Mga Hebreo 12. Sa mga talata 10–11, ay inilalahad niya sa atin na ang buhay ng pananampalataya ay kasama ang disiplina ng Diyos.

Mga Hebreo 12:10–11

10 Sa loob ng maikling panahon, dinisiplina tayo ng ating mga magulang para sa ating ikabubuti. Gayundin naman, itinutuwid tayo ng Diyos sa ikabubuti natin upang tayo’y maging banal tulad niya.

11 Habang tayo’y itinutuwid, hindi tayo natutuwa kundi naghihinagpis, ngunit pagkatapos niyon, mararanasan natin ang kapayapaang bunga ng pagsasanay sa matuwid na pamumuhay.

Dinidisiplina tayo ng Diyos para sa ating kabutihan, upang tayo ay makibahagi sa Kanyang kabanalan. Ang disiplina ay hindi kanais-nais, ngunit nagdudulot ito ng mapayapang bunga ng katuwiran. Ang buhay ng katuwiran at kabanalan ay ang layunin ng Diyos para sa atin.

Ang buhay ng pananampalataya, mga hamon at mga “panganib”

Ang buhay ng pananampalataya ay hindi laging banayad ang takbo. Ito ay, paminsan-minsan kinabibilangan ng mga hamon at mga “panganib.” Dito, ay ginagamit ko ang “panganib” sa paraan ng karaniwang paggamit ng mga tao rito. Maaaring mag-abang sila ng mga panganib, o mga bagay na nagiging mali, at ang mga ito ay nagiging katatakutan sa kanila o sa iba. Sa kanila, ang mga ito ay mga panganib.

Tingnan natin and halimbawa ng tatlong mga kaibigan ni Daniel. Sa harap ng matinding kagipitan, sila ay nanindigan sa kanilang paniniwala at tumangging yumukod sa imahen ni Nebuchadnezzar. Alam nilang sila ay nahaharap sa malaking “panganib”, dahil nagbanta si Nebuchadnezzar na ipapapatay sila.

Kapag tayo ay nanindigan para sa Diyos, tayo ay maaari ring dumaan sa mga pagsubok at mga pagdurusa. Ngunit ang mga ito ay hindi panganib, sa tunay na kahulugan nito, dahil habang tayo ay nagtitiwala sa Diyos, tayo ay hindi kailanman magdurusa ng totoong pinsala. Lahat ng bagay ay sama-samang gagawa para sa kabutihan ng mga umiibig sa Diyos. Maging kahit ialay pa natin ang ating mga buhay, ito ay magiging isang maluwalhating kamatayan. Pinahahalagahan ng Diyos ang ganitong uri ng pananampalataya at gagantimpalaan Niya nang masagana ang mga lalakad na kasama Niya sa ganitong paraan. Mula sa ganoong mga pagdurusa ay darating ang mga pagpapala. Ang kaharian ng Diyos ay itinatag sa pamamagitan ng ganoong mga buhay.

Hindi tayo maaaring tumawid sa isang bangin sa pamamagitan ng dalawang maliliit na mga hakbang. Mangangailangan ito ng isang malaking hakbang. Gayundin, sa buhay ng pananampalataya, ay may mga pagkakataong kailangan nating gumawa ng isang malaking hakbang. Kapag tayo ay nasa isang sangandaan, tayo ay maaaring matakot at mag-alinlangan. Ngunit kung tayo ay tiyak sa landas na nais ng Diyos na ating tahakin, ay kailangan nating maging handang humakbang, na nagtitiwala sa Diyos habang ginagawa natin ito.

Hindi madali kay Abraham na humayo nang tawagin siya ng Diyos palabas sa lupain ng Ur. Hindi niya alam kung ano ang ibig-sabihin ng lahat ng iyon at kung saan ba iyon hahantong. Kinailangan niyang humakbang ng isang higitang hakbang ng pananampalataya. Hindi siya maaaring lumabas lang nang kaunti at pagkatapos ay babalik sa kanyang bahay. Kinailangan niyang magtiwala sa Diyos hanggang sa dulo.

Gayundin kahirap para kay Noe nang tawagin siya ng Diyos na gumawa ng daong o arko. Marami sa atin ang nagbabasa ng salaysay na ito ng sa-totoo-lang na kapamaraan. Ngunit kung pagbubulayan nating mabuti, ay makikita natin na iyon ay napakalaking hakbang ng pananampalataya. Ang arko na kailangang itayo ay dambuhala sa laki, sapat para magkasya ang lahat ng uri ng mga hayop na isasakay. Ang isang arko na sinlaki nito ay mangangailangang si Noe na magtrabaho ng maraming mga buwan para magawa. At walang mga indikasyon ng isang napipintong baha na magpapalubog sa buong mundo at wawasak sa lahat ng sangkatauhan. Ang tanging meron siya ay ang salita ng Diyos. Ngunit sapat na iyon para kay Noe na magpatuloy sa pananampalataya at itayo ang arko. Malamang na habang itinatayo ni Noe ang daong, pinagtatawanan siya ng maraming tao at nangungutya sa kanya dahil sa kanyang kahangalan. Ngunit si Noe ay nagtiwala sa Diyos at nagpatuloy sa pagtatayo ng arko.

May pagkakataon, na maaari tayong tawagin para gumawa ng higitang hakbang ng pananampalataya nakagaya nito. Kahit sa ating pagsisimula, dapat ay handa tayong magtayo ng buong daong, kumbaga. Walang pakinabang na magtayo ng kalahating daong o isang ikaapat o isang ikasampung bahagi. Dapat ay mayroong buong pusong pagpapasakop sa Panginoon para sundin Siya, kahit na para sa iba ay mukhang isang mapanganib na pakikipagsapalaran o isang gawa ng kahangalan.

Ganon paman, makakatulong ding alalahanin na kung mayroong mahahalagang usaping sangkot, ay kinakailangan nating maging mas maingat at ganap na idulog sa Panginoon ang

lahat sa panalangin. Mainam ding talakayin kasama ang kapatiran at humanap ng payo sa kanila at suporta sa panalangin.

Dapat ay mayroong sapat na batayan bago tayo kumilos at ito ay dapat mula sa pananaw ng Diyos, kung paano Niya tayo ninanais gumawa, at hindi ayon sa ating likas na pag-iisip o sa kung paano tayo inaasahan ng mga tao sa sanlibutan na kikilos at gagawa.

Ang isang taong ibinabatay ang kanyang mga gawa sa likas na pag-iisip ay maaaring magsabi sa kanyang sarili: gusto ko ng matibay na patunay na ang isang malakas na bagyo ay paparating. Magpakita ka sa akin ng siyentipikong ebidensyang nagpapakita na isang bagyo nga ang nabubuo, o ang mga yelo sa North Pole ay natutunaw, o isang malawakang kalamidad ang napipintong mangyari. Kung wala, ay wala akong sapat na batayan para magtayo ng daong o arko. Ngunit hindi ito ang sapat na batayan sa pinag-uusapan natin.

Ang sapat na batayang tinutukoy ko ay ang ating pagkaunawa tungkol sa kung sino ang Diyos, ano ang Kanyang ninanais, at lahat ng Kanyang ipinahayag sa atin sa mga Kasulatan. Sa ating pagkaunawa ng kung saan Niya tayo inaakay, may sapat ba Siyang ipinakita na ito nga ang hakbang na dapat nating gawin?

Sa madaling salita, hindi tayo padalos-dalos pagdating sa paggawa ng malalaking hakbang at pangunahing desisyon. Sa katunayan, ay hindi tayo dapat maging padalos-dalos, lalong-lalo na kung saan mahahalagang usapin ang nakataya. Sa halip, tayo ay dapat maging napaka-ingat at napaka-mapanalanginin. Nang buong katapatan sa harap ng Diyos, habang tayo ay nananalangin at tumitingin sa Kanya, ginawa ba Niyang sapat na malinaw sa atin kung ano ang dapat nating gawin?

Ginamit ko ang pananalitang “sapat na malinaw” dahil sa mga bagay ng Diyos, ay may mga pagkakataong may di-nalalamang mga dahilan. Halimbawa, nang tawagin ng Diyos si Abraham na iwanan ang kanyang bayan, ay hindi alam ni Abraham kung ano talaga ang mangyayari sa mga darating na araw. Hindi niya hinintay at hindi siya dapat maghintay hanggang ipahayag ng

Diyos sa kanya ang lahat ng mangyayari sa hinaharap. Sa anumang paraan, ay maaaring hindi masyadong ipahayag iyon ng Diyos sa kanya. Ngunit kung anong ipinahayag ng Diyos, iyon ay sapat, at kumilos si Abraham ayon doon.

Sa maraming mahahalagang usapin ng buhay, ay magkakaroon ng mga hindi malamang mga dahilan. Bilang responsableng mga Kristiano, kailangan na maging sapat na malinaw sa atin na ang Diyos ang umaakay sa atin. Sa oras na maging malinaw sa atin ito, ay dapat tayong maging handang kumilos habang inaakay Niya tayo. Ito ang tanda ng isang taong may mataas na uri ng pananampalataya.

Karamihan sa atin, ay hindi kailangan humarap sa uri ng mga hamong hinarap nina Noe at Abraham. Ngunit habang natututo tayong humakbang sa pananampalataya sa mas maliliit na mga usapin, ay maaaring akayin tayo ng Panginoon sa mas mahihirap na mga sitwasyon, sa mga usaping may mas dakilang kahalagahan, kung saan ang isang mas tiyak na kilos ng pananampalataya ang kailangan.

Ang pananampalatayang de-kalidad ay hindi madaling tangay-tangayin

Ang pananampalatayang de-kalidad ay hindi madaling tangay-tangayin o diktahan ng mga pangyayari o ng mga nakikita.

Maaaring dumaan tayo sa mga sitwasyong mukhang madilim at malungkot, nakakapanghinangloob at walang pag-asa. Ngunit ang Diyos ay hindi nagbabago, Siya ay perpektong Diyos ng kaluwalhatian; Siya ay laging tapat at maaasaan. Gaano man kadilim tingnan ang mga sitwasyon, ay Siya pa rin ang Diyos ng liwanag. Sa Kanya ay matatagpuan natin ang liwanag at buhay, ang pag-asa at biyaya. Laging magkakaroon ng direksyon mula sa itaas para sa atin. Hindi Niya tayo hahayaang magpunyagi sa buhay nang nag-iisa. Lagi Niyang binabantayan ang mga nagnanais lumakad na kasama Siya.

Ang isang tunay na buhay ng pananampalataya ay lumalampas sa mga damdamin at mga pangyayari. Ito ay nakabatay sa

kaalaman at katotohanan. Maaaring hindi maganda ang ating pakiramdam. Maaaring hindi natin nararamdaman ang presensya ng Diyos. Maaari pa ngang hindi natin nararamdamang may pananampalataya tayo. Ngunit nakilala na natin kung sino ang Diyos. Alam nating ang Diyos ay malapit sa mga taong tapat sa Kanya. Alam nating naririto Siya sa atin habang tayo ay lumalakad na kasama Niya, at alam nating ang Banal na Espiritu ay nananahan sa atin. Kaya, hindi tayo tumutugon ayon sa ating mga pakiramdam o sa panlabas na mga pangyayari. Kumikilos tayo batay sa kaalaman, batay sa katotohanan. Ang buhay na matatag at mataas ang uri ay isang buhay na matibay na isinasabuhay ayon sa katotohanan. Ito ay isang puntong hindi natin maaaring malubos ang pagbibigay-diin. Maya't-maya ay aatakehin tayo sa larangang ito. Unawain nating mabuti ang usaping ito at linangin ang isang matatag na paninindigang ito ng pamumuhay na batay sa katotohanan. Dahil kung hindi, ay hindi tayo makakaabot sa katatagan, at maya't-maya, ang ating pananampalataya ay yayanigin at ang ating buhay ay magiging magulo.

Kabilang sa pananampalataya ang pagtitiwala at paniniwala sa kung anong hindi natin nakikita sa larangan ng mga nakikita. Habang tayo ay lumalakad nang may katapatan sa paraang ito, ay maaaring hayaan ng Diyos na makita natin ang Kanyang kamay na gumagawa. Habang nagtitiwala tayo sa Kanya, ay alam nating hindi tayo gumagawa nang walang kabuluhan. Ang positibong mga resulta ay mangyayari. Kung minsan ay makakakita tayo ng baha-bahaging mga resulta, kung minsan naman ay mas marami. Kapag malinaw sa atin ang landasing gusto ng Diyos na tahakin natin, ay dapat tayong magpursige roon ano man ang panlabas na hitsura ng mga bagay.

Ang isang halimbawa ng ganoong sitwasyon ay ang dinanas ni Abraham, na binabanggit ni Pablo sa Roma 4:19–21.

Roma 4:19–21

19 Hindi nanghina ang kanyang pananampalataya, sa kabila ng katotohanang maituturing na patay na noon ang kanyang katawan, palibhasa’y halos isandaang taon na siya, at baog pa ang kanyang asawang si Sarah.

20 Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos. Sa halip, lalo siyang pinatatag ng kanyang pananampalataya habang niluluwalhati niya ang Diyos.

21 Lubos na nagtiwala si Abraham na kayang tuparin ng Diyos ang kanyang ipinangako.

Pinagbulayan ni Abraham ang kanyang sariling katawan. Matanda na siya. Ang kanyang katawan ay para na ring patay; gayundin ang sinapupunan ni Sara. Sa pananaw ng tao, iyon ay wala nang pag-asang kalagayan. Paano mangyayaring sila ay magkaroon pa nang sariling anak? Ngunit si Abraham ay hindi nag-alinlangan tungkol sa pangako ng Diyos. Sa halip, siya ay lumago sa pananampalataya, lumuluwalhati sa Diyos, naniniwalang ang Diyos ay gagawin ang Kanyang ipinangako. Ang pananampalataya ni Abraham ay hindi sumalalay sa likas na pag-iisip o sa kung anong nakikita ng kanyang mga mata. Ito ay sumalalay sa pangako ng hindi nagbabago at tapat na Diyos. At sa kinalabasan ng mga pangyayari, si Abraham ay nagkaanak kay Sara. Si Isaac ay ipinanganak.

Habang tayo ay lumalakad sa pananampalataya at kasama ng Diyos, ay maaaring hindi natin kaagad makikita ang bunga o resulta ng ating mga gawa. Marami ring mga bagay na hindi natin lubusang mauunawaan o makikita ngayon. Ang lubos na kahihinatnan ay maaari lamang mahayag sa kawalang-hanggan. Habang naririto sa daigdig, ay dapat tayong magtiwala sa Diyos at magpatuloy sa paggawa ng matuwid sa Kanyang paningin.

Pangwakas na mga pananalita

Ang mataas ng uring pananampalataya ay hindi aksidente; hindi ito basta dumarating sa atin. Hindi ito nakasalalay sa kung gaano

man tayo katalino. Hindi rin ito nakasalalay sa kung gaano tayo katinding maniwala o kung gaano tayo kahandang humarap sa mga panganib. Ang mga ito ay hindi sa pusong tunay na pananampalataya.

Ang tunay na pananampalataya, sa bandang huli, ay isang moral na usapin. Ito ay may kinalaman sa ating pag-ibig sa katotohanan at katuwiran at sa positibong tugon natin sa Diyos at sa kung ano ang ninanais Niyang gawin sa ating mga buhay. Ito ang mahalagang mga usapin.

Maaari nating maipamuhay ang isang buhay ng pananampalataya. Ninanais ng Diyos na tayo ay mamuhay ng isang maka-Diyos na buhay at gumawa Siya ng lahat ng mga pangangailangan para sa atin na magawa ito (2 Ped. 1:3). Ang Diyos ang gumawa ng unang hakbang na ipahayag ang katotohanan sa atin at akitin tayo sa Kanyang sarili. Gumagawa rin Siya sa ating mga puso at hinihikayat tayong tumugon nang positibo sa Kanya. Ngunit hindi Niya tayo pinipilit. Ang ating tugon ng pananampalataya ay dapat maging kusang-loob. At ang uri ng ating tugon ay siyang magpapasya ng kung gaano tayo lalago sa pananampalataya. Sa bandang huli, ang positibong tugon sa Diyos ay siyang ipinagkakaiba ng taong lumalagong mabuti sa Panginoon mula sa isang hindi lumalago.

May iba pang mga dahilang nakakaapekto sa buhay ng pananam-palataya, gaya ng pagkatuto at paglagong may kinalaman sa mahusay na buhay-iglesya. Ngunit, nasa kaibuturan nito, ang buhay ng pananampalataya ay tungkol sa pagnanais ng isang tao at determinasyong ipamuhay ang katotohanan at lumakad sa liwanag. Nawa, sa biyaya ng Diyos, tayo ay magsikap na ipamuhay ang ganoong buhay.

Mga Tanong para sa Pagninilay at Talakayan

1. Sinasabi ng ilang mga tao:
 - a. Ang pananampalataya ay isang bagay na alinmang meron o wala ka. Wala ka nang magagawa tungkol doon.
 - b. Ang pananampalataya ay “kaloob ng Diyos”. Kailangan mong maghintay para ibigay iyon sa iyo ng Diyos.

Magbahagi ng iniisip mo tungkol sa mga pananaw na ito.
2. Magbulay sa Filipos 2:12. Paano nakakatulong ang talatang ito sa pag-unawa sa ating bahagi at sa bahagi ng Diyos tungkol sa ating paglago sa pananampalataya? Ano pang ibang mga talata ang maaari mong maisip na tumutukoy sa paksang ito?
3. Sinasabi ng ilang mga tao na gusto lang nila ng isang “simpleng pananampalataya.” Sa anong katuturan ang ugaling ito ay positibo at sa anong katuturan ito negatibo?
4. Ibahagi ang iyong pagkaunawa sa papel ng (a) Panginoong Jesu-cristo (b) Banal na Espiritu (c) mga Kasulatan, sa pagtataguyod ng ating pananampalataya.
5. “Ang buhay na matatag at mataas ang uri ay isang buhay na matibay na isinasabuhay ayon sa katotohanan.” Sinong tauhan sa Bibliya ang naging huwaran ng ganitong katangian? Ipaliwanag.
6. Mula sa mensaheng ito, isabuod ang mga susing sangkap ng isang pananam-palatayang matatag at may mataas na uri.
7. Pagnilayan ang iyong sariling buhay at isipin kung anong kulang sa iyong pananampalataya. Anong mga hakbang ang maaari mong gawin para alagaan ang iyong pananampalataya?

Pananampalatayang Kumikilos — si Maria at si Moises

Sa mensaheng ito, gusto kong tingnan natin ang pagkilos ng pananampalataya, yun ay, pananampalatayang kumikilos. Titingnan natin ang dalawang halimbawa sa mga Kasulatan ng isang babaeng may pananampalataya at ng isa pa, isang lalaking may pananampalataya. Ang kanilang mga buhay ay nagpapakita ng dalawang susing katangian: pagtitiwala sa salita ng Diyos at ang aktibong pagtugon sa Diyos at sa Kanyang salita. Titingnan din natin ang iba't-ibang uri ng mga pagsubok at paggawa ng pananampalataya.

Maria — isang babaeng may pananampalataya

Isang araw, ang anghel na si Gabriel ay nagpakita kay Maria, na noon ay isa pang birhen, na nagbabalita sa kanya na siya ay magkakaroon ng anak na lalaki, na magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Matapos umalis ng anghel, si Maria ay nagtungo sa isang maburool na bayan para bisitahin si Elizabeth na kanyang kamag-anak, na noon ay nagdadalanta rin bagama't siya ay lampas na sa edad ng pagdadalanta. Nang marinig ni Elizabeth ang pagbati ni Maria, ito ang kanyang sinabi tungkol kay Maria:

Lukas 1:45

“Mapalad ang babaing sumampalataya na matutupad ang mga bagay na sinabi sa kanya ng Panginoon.”

Ano ang sinampalatayanang ni Maria? Sinampalatayanang ni Maria na ang sinabi ng Diyos sa kanya ay matutupad. Sinampalatayanang

niya ang katotohanan, kung ano ang sinabi ng Diyos.

Maaari tayong magtaka kung bakit sinasabi ng mga Kasulatan na: “Mapalad ang babaing sumasampalataya.” Bakit “mapalad?” Hindi ba madali para kay Maria na sampalatayanan ang Diyos dahil ang mensaheng ibinigay sa kanya ay napakalinaw? Maaari nating isipin na ang problema natin ay hindi natin naririnig na nagsasalita sa atin ang Diyos sa isang malinaw at direktang paraan. Iniisip natin na kung ang Diyos ay kakausap sa atin sa gayunding paraan na ginawa niya kay Maria, tayo ay siguradong mananampalataya. Kaya pwede nating isipin na madali para kay Maria na panampalatayanan ang sinabi ng Panginoon. Ngunit ganoon nga ba kadali para kay Maria ang manampalataya? Para maniwala nang tunay o magkaroon ng tunay na pananampalataya, kailangang mayroong positibong pagtugon sa katotohanang natutunan na ating natanggap. At ito ay napakahirap.

Tingnan muna natin ang konteksto ng Lukas 1 at ihambing natin ang mga tugon ng dalawang tao: sina Zacarias at Maria.

Ang tanong ni Zacarias

Lukas 1:5–6

5 Noong si Herodes pa ang hari ng Judea, may isang pari mula sa pangkat ni Abias na ang pangalan ay Zacarias. Ang asawa niyang si Elizabeth ay mula sa angkan ni Aaron.

6 Kapwa sila matuwid sa paningin ng Diyos, nabubuhay na walang kapintasan sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng mga utos at alituntunin ng Panginoon.

Si Zacarias ay isang matuwid na lalaki na nabubuhay nang walang kapintasan tungkol sa lahat ng mga kautusan at mga alituntunin ng Panginoon. May takot siya sa Panginoong Diyos at lumakad ngmalapit sa Kanya.

Isang araw, ang anghel na si Gabriel ay nagbalita kay Zacarias na ang kanyang asawang si Elizabeth ay magkakaroon ng anak na lalaki, na mauuna para sa Panginoong Jesu-cristo, para maghanda ng

mga taong nakalaan para sa Panginoon. Si Zacarias ay nagtanong: “Paano ko malalamang ganoon nga? Sapagkat ako ay matanda na at ang aking asawa ay puspos na ang mga araw” (Lukas 1:18).

Bakit sinabi ni Zacarias ang mga salitang ito? Makikita natin sa talata 20 na ginawa niya ito dahil pinagdudahan niya ang mga salita ng anghel. Hindi siya naniwala na siya at ang kanyang asawa ay magkakaroon ng anak. Kaya dahil dito ay dinisiplina ng Diyos si Zacarias, ginawa siyang pipi ng ilang panahon.

Lukas 1:19–20

19 At sinabi sa kanya ng anghel, “Ako si Gabriel, na isang lingkod ng Diyos, ay isinugo upang magsabi sa iyo at maghatid ng mga Magandang Balitang ito.

20 Subalit dahil hindi mo pinaniwalaan ang mga sinabi ko na mangyayari sa takdang panahon, magiging pipi ka at hindi ka makapagsasalita hanggang sa araw na mangyari ang mga ito.”

Ang tanong ni Maria

Ngayon ay tingnan naman natin kung paano tumugon si Maria nang sinabihan siya ng anghel na siya ay magkakaroon ng anak.

Lukas 1:34

Sinabi ni Maria sa anghel, “Paano mangyayari ito gayong wala pa akong nakatalik na lalaki?”

Sa mababaw na paningin ay parang pinagdudahan ni Maria ang anghel na si Gabriel na gaya rin ng ginawa ni Zacarias. Ngunit kung titingnan nating mabuti ang talata, makikita natin na mayroong pagkakaiba ang kanilang tugon. Naniwala si Maria. Hindi niya pinagdududahan ang mga salita ng Panginoon sa pamamagitan ng anghel na si Gabriel nang tanungin niya kung: “Paano ito mangyayari, samantalang ako’y wala pang nakatalik na lalaki?” Sa halip ay tinatanong niya kung “Paano mangyayari ang mga ito? Paano isasagawa ang mga ito?” Ito ay dahil sa normal na takbo ng mga pangyayari, ang isang birhen ay hindi maaaring manganak.

Malinaw ito kung pag-aaralan natin nang mas maigi ang

mga talata. Tingnan kung paano sumagot ang anghel sa kanya: “Bababa sa iyo ang Espiritu Santo at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan” (t. 35). Ang sagot ng anghel ay nagpapaliwanag kung paano ito mangyayari, nagpapahiwatig na ito ang ibig-sabihin ng pagtatanong ni Maria. Nang marinig ni Maria ang sagot ng anghel, nagpasakop siya sa kalooban ng Diyos.

Lukas 1:38

At sinabi ni Maria, “Narito ako na lingkod ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita.” Pagkatapos, iniwan siya ng anghel.

Hindi pinagdudahan ni Maria ang anghel, siya ay nagtatanong lang kung paano mangyayari ang mga bagay na ito. Kinukumpirma ng talata 45 na si Maria ay nanampalataya nga.

Lukas 1:45

“Mapalad ang babaing sumampalataya na matutupad ang mga bagay na sinabi sa kanya ng Panginoon.”

Mahirap para kay Maria ang sumampalataya

Gusto ko naman tingnan kung gaano kaya kahirap para kay Maria na maniwala at tumugon nang positibo sa mga salita ng Diyos.

Unang-una na, si Maria ay isang birhen. Ayon sa anghel na si Gabriel, siya ay manganganak samantalang siya ay isang birhen. Ito ay isang bagay na napakahirap tanggapin para sa isang babae. Ang isang birheng manganganak ay labag sa normal na kaayusan.

Dagdag pa rito, ay tingnan natin kung ano ang sinabi tungkol sa Batang ipapanganak ni Maria.

Lukas 1:32–33

32 “Siya’y magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David.

33 Maghahari siya magpakailanman sa sambahayan ni Jacob at ang paghahari niya ay walang katapusan.”

Siya'y magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasan at ibibigay sa Kanya ang trono ni David at ang Kanyang kaharian ay hindi magwawakas. Napakagandang pangako! Kahit sinong babae ay mahihirapang paniwalaan ang mga salitang ibinigay patungkol sa kanyang anak. Mas lalong mahirap ito para kay Maria na isang simple at mapagpakumbabang babae. Walang ipinapahiwatig sa mga Kasulatan na siya ay may mataas na kalagayan. At ang kanyang magiging-asawa, si Jose, at isang karpintero. Ngunit si Maria ay nanampalatayang ang mga salitang sinabi sa kanya tungkol sa kanyang anak ay matutupad.

Sinabi ng anghel na si Gabriel kay Maria na lililiman siya ng Kataas-taasan at ang Batang banal ay tatawaging *Anak ng Diyos* (t. 35). Ang Batang kanyang ipagbubuntis sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay hindi magiging isang ordinaryong tao, na mauupo sa trono ni David, sa halip ay ang Anak ng Diyos. Muli, ito ay isang bagay na napakahirap para sa sinuman na paniwalaan. Ngunit si Maria ay naniwala.

Kahit na ang ganitong mahimalang pagbubuntis ay hindi pa nangyayari noon, walang imposible sa Diyos (t. 37). Sa talata 38, makikita nating nagpapasakop si Maria, na nagsasabing: “Narito ako na lingkod ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita.” Talagang napakadakila marahil ng pananampalataya ni Maria.

Mga isinasaad nito sa karakter ni Maria

Marami sa atin ang maaaring mag-isip na napakadakilang karangalan siguro ang maginginang Anak ng Diyos. Ngunit tingnan natin ito sa isa pang anggulo. Napakaraming mga pagdurusa ang kinailangang pagdaanan ni Maria, hindi lang basta panganganak, kundi pati rin ang mga pagdududang malamang na ibinato sa kanyang pagkatao. Si Maria ay wala pang asawa, ngunit siya ay nagdadalantao. Paano harapin ni Maria ang mga taong mag-aakusa sa kanya? Sinong maniniwala sa siya ay disenteng babae pa rin? Para sa isang taong dalisay na nagmamahal sa Panginoon, ito ay tiyak na napakahirap na pasanin. Isipin na lang ang mga maling

iniisip at kahihyan na kailangan niyang pagtiisan.

Maging kahit si Jose noong una ay mali rin ang inisip at “nagpasya na lamang na kanyang hiwalayan ito nang lihim” (Mat. 1:19) o “i-diborsyo siya”, na makikita sa margin ng NASB bilang alternatibong salin. Natanggap lang ito ni Jose pagkatapos magpakita sa kanya ang anghel ng Panginoon at ipinaliwanag sa kanya ang buong pangyayari sa panaginip (Mat. 1:20–21). Kung maging si Jose nga ay pinagdudahan siya, paano kaya paniniwalaan ng ibang tao si Maria? Paano nila matatanggap ito? At malamang ay gagamitin ito ng diyablo para tuksuhin ang iba laban sa kanya para pagdudahan ang kanyang katauhan para patindihin at palalain ang buong sitwasyon. Hangga’t maaari ay gugustuhin ng diyablo na maging mas mahirap ang sitwasyon para kay Maria dahil ito ay tungkol sa kapanganakan ng Tagapagligtas ng buong mundo. Ngunit ang maaaring gawin ng diablo ay nasa nasasakupan pa rin ng Kataas-taasang Diyos at kung ano ang ipahihintulot Niya.

Nagdiriwang si Maria

Isinasalaysay sa atin ni Lukas na si Maria ay hindi lamang nanampalataya, siya rin ay nagdiwang (Lukas 1:46–49). Itong mga talatang ito ay nagpapakita ng pananaw at disposisyon ni Maria.

Lukas 1:46–49

46 Sinabi ni Maria,

47 “Ang aking kaluluwa’y Panginoon ang dinadakila, at sa aking Diyos na Tagapagligtas, espiritu ko’y labis ang tuwa.

48 Sapagkat nilingap ang kanyang hamak na alipin. At mula ngayo’y tatawagin akong mapalad ng lahat ng salinlahi.

49 Sapagkat siya na makapangyarihan ay gumawa ng mga dakilang bagay para sa akin; at banal ang pangalan niyang angkin.

Hindi lang sa paningin ng tao tiningnan ni Maria ang mga bagay-bagay. Tiningnan din niya ang mga ito sa espiritwal na pananaw at nagdiwang siya at nagpuri sa Diyos para sa

pribilehiyong ibinigay sa kanya na maging ina ng Anak ng Diyos. Tumingin siya ng lampas sa kasalukuyan at tungo sa hinaharap na sinasabing: “Sapagka’t tiyak na mula ngayon ay tatawagin akong mapalad ng lahat ng salinlahi.”

Kung minsan, gaya ni Maria, tayo ay kinakailangang dumaan sa mga sitwasyong hindi natin lubos na nauunawaan o mga sitwasyong mahihirap. Dito pumapasok ang pananampalataya sa Diyos. Ang tiwala sa Diyos ay nagpapalalim ng uri at ng ganda ng ating relasyon sa Kanya. Naniniwala tayo na Siya nga ang kung anong sinasabi niya kung Sino siya. Pag sinasabi nating “Panginoong Diyos, sinasamba kita, ikaw ang perpektong Diyos”, hindi dapat ito maging mga salitang hungkag. Kung ito ay totoong nanggagaling sa ating mga puso, ito ay nangangahulugang tayo ay handang magtiwala sa Kanya sa kahit na anong uri ng sitwasyon. Tayo ay magtitiwala sa Kanyang karunungan, sa Kanyang pagmamahal at sa katapatan Niyang gawin ang Kanyang mga sinasabi.

Pananampalataya sa kung anong ipinahayag ng Diyos

Itinatatag natin ang ating pananampalataya sa kung ano ang talagang ipinahayag at sinalita ng Diyos. Ngunit maaaring magkamali ng pag-aakala na ang Diyos ay nagpahayag ngunit sa katotohanan ay hindi pala. Kung ito ay mangyayari, ang ating pananampalataya ay wala sa lugar o hindi tama.

Ngunit alam natin na ang Panginoon ay nagpahayag ng maraming mga bagay na malinaw sa atin. Wala tayong pag-aalinlangan sa mga ito. Alam natin na ang Diyos ay dakila at mabuti. Alam natin na Siya ang Diyos ng kataas-taasang kapangyarihan at ng tapat na pag-ibig. Alam natin na ang Diyos ay palaging tapat sa Kanyang karakter at Kanyang mga pangako. Siya ay nangako ng kapatawaran at buhay na walang hanggan sa mga tunay na magsisisi at sasampalataya kay Cristo, at kung tayo ay mananatili kay Cristo at Siya ay mananatili sa atin, tayo ay lalago at mamumungang lubos. Tayo rin ay nakatitiyak na ang Diyos ay gumagawa sa lahat ng mga bagay para sa ikabubuti ng mga umiibig

sa Kanya, sa kanila na mga tinawag ayon sa Kanyang layunin.

Alam natin ang lahat ng mga katotohanang ito. Alam natin na ang Diyos ay magiging totoo sa kung ano ang inihayag Niya tungkol sa Kanyang sarili at sa Kanyang mga layunin. Ngunit maraming mga sitwasyon ng buhay ang mukhang naayon sa kung ano ang inihayag ng Diyos tungkol sa kanyang sarili. Tuwing tayo ay nahaharap sa mahihirap na mga kalagayan sa buhay, ay may mga panahong matatagpuan na lang natin ang ating mga sarili na nagdududa sa pag-ibig at kabutihan ng Diyos, at ang ating pananampalataya sa kanya ay magsisimulang magmamaliw. At si Satanas ay magtatanim ng maraming agam-agam sa ating mga isip: Mabuti nga ba talaga ang Diyos? Mahal nga ba talaga Niya tayo? May pakialam nga ba talaga Siya sa atin? Gagawa nga ba Siya sa kalagayang ito? Kaya nga ba talaga Niya?

Sa mga ganitong mga pagkakataon, dapat tayong magpatuloy na mabuhay na nakasalig sa kung ano ang inihayag ng Diyos. Ipinahayag ng mga Kasulatan na si Maria ay mapalad dahil siya ay nagtiwala sa kung ano ang sinabi sa kanya na mangyayari. Tayo din ay maaaring maging mapalad kung tayo ay magtitiwala na tutuparin ng Diyos kung ano ang Kanyang sinabi.

Moises — isang lalaki ng pananampalataya

Si Moises ay isang katangi-tanging lalaki ng pananampalataya. Pagbulayan natin ang isang maikling siniping talata sa mga sulat sa mga Hebreo at tingnan natin kung ano ang matututunan natin tungkol sa pananampalataya ni Moises at kung paano siya nanguna sa pagpapalaya sa Israel palabas ng Ehipto.

Mga Hebreo 11:24–29

24 Sa pamamagitan ng pananampalataya, nang si Moises ay nasa hustong gulang na, tumanggi siya na kilalaning apo ng Faraon.

25 Sa halip, pinili paniyang makibahagi sa kaapihang dinaranas ng bayan ng Diyos, kaysa magtamasa ng panandaliang ligaya na dulot ng kasalanan.

26 Itinuring niya na mas malaking kayamanan ang magdusa alang-alang kay Cristo, kaysa magtamasa sa mga kayamanan ng Ehipto, sapagkat nakatuon ang kanyang pansin sa gantimpala sa hinaharap.

27 Sapamamagitan ng pananampalataya ay iniwan niya ang Ehipto, at hindi natakot sa poot ng hari; siya ay matiyagang nagpatuloy sapagkat ang Diyos na hindi nakikita ay kanyang nakita.

28 Sa pamamagitan ng pananampalataya, isinagawa niya ang Paskuwa at ang pagwiwisik ng dugo, upang huwag silang galawin ng Tagapukso ng mga panganay.

29 Sa pamamagitan ng pananampalataya, tinahak ng mga Israelita ang Dagat na Pula na parang lumalakad sila sa tuyong lupa, ngunit nang tangkain ng mga Ehipcio na gawin ito ay nalunod ang mga ito.

Ang pananampalataya ay may angkop na pagpili

Mababasa natin sa talata 24 at 25: “Sa pananampalataya, nang nasa hustong gulang na si Moises ay tumangging siya’y tawaging anak ng anak na babae ni Faraon, na pinili pa ang mapasama sa pansamantalang kaapihan ng bayan ng Diyos, kaysa sa magkaroon ng pansamantalang kasiyahan ng kasalanan.” Si Moises ay nasa mahirap na sitwasyon. Kailangan niyang mamili, at pinili niya na mapabilang sa mga tao ng Diyos kaysa magpasasa sa mga kalayawan ng mundong ito. Makikita natin na ang pananampalataya ay hindi walang-ginagawa. Kundi, ito ay aktibo at nangangailangan ng patuloy na pagpili sa kalooban ng Diyos. Ang angkop na paggamit ng ating kakayahang pumili ay isang mahalagang katangiansa buhay ng pananampalataya.

Ang pananampalataya ay nagtutuon ng pansin sa espirital at eternal

Bilang anak ng anak na babae ni Faraon, si Moises ay maaaring magpakasaya sa karangalan, kapangyarihan at mga “pansamantalang kasiyahan ng kasalanan.” Ngunit tinanggihan ni Moises ang lahat ng mga ito. Bakit? Dahil itinuring niya na “malaking kayamanan ang magdusa alang-alang kay Cristo, kaysa

sa mga kayamanan ng Ehipto, sapagkat kanyang pagtutuunan ng pansin ang gantimpala” (t. 26). Itong talatang ito ay malinaw na nagpapakita ng pananaw at pag-uugali ni Moises. Hindi niya isinaalang-alang ang mga bagay batay sa nakikita at temporal lang. Sa halip, ay tinitingnan niya ang lahat ng mga sitwasyon sa espiritwal na pananaw, sa pananaw ng Diyos. Ito ang dahilan kaya niya isinaalang-alang na “malaking kayamanan ang magdusa alang-alang kay Cristo, kaysa sa mga kayamanan ng Ehipto.” Noong panahong iyon, ang Ehipto ay makapangyarihan at maraming kayamanan. Bilang anak ng anak na babae ni Faraon ay maaari niyang bigyang ng layaw ang kanyang sarili sa mga kalayawan ng mundo at sa marangyang buhay. Ngunit si Moises ay “pinagtutuunan ng pansin ang gantimpala.” Anong uring gantimpala ang pinagtuunan niya ng pansin? Hindi ang makamundo at materyal na uri, dahil kung ganoon, nanatili sana siya bilang anak ng anak na babae ni Faraon. Sa halip, siya ay naghihintay ng espiritwal na gantimpala.

Kung paano isinaalang-alang ni Moises ang pagdurusang ni Cristo at ang gantimpala ay nagpapakita ng punto na ang tunay na pananampalataya ay may sangkap na para sa hinaharap. Ang tunay na pananampalataya ay hindi lamang nakasalig sa mga madalian at pansamantala, nakasalig din ito sa pananaw na pang walang hanggang. Ang buong saligan ng ating buhay ay dapat magsama hindi lang ng larangan ng nakikita at pansamantala, kundi pati rin ang larangan ng hindi nakikita at walang-hanggan. Sa katunayan, ang larangan ng espiritwal at ang pananaw na pang walang-hanggan ang dapat maging pangunahin sa ating pagsasaalang-alang at pamamaraan sa buhay.

Pinipili ng pananampalataya ang landas ng Krus

Mababasa natin sa talata 25 na nagpasya si Moises na magbata ng pagmamaltrato. Hindi niya pinili ang pagmamaltrato para sa sarili nitong kapakanan. Sa halip, pinili niya itong landas na ito ng pakikisali sa bayan ng Diyos bilang isang kapahayagan

ng pananampalataya, bagaman alam niyang may kasama itong pagmamaltrato. Kapag gusto nating ipamuhay ang buhay ng pananampalataya, tayo rin ay dapat maging handang pumili ng gagawin, kahit alam nating mangangahulugan ito ng mga kahirapan at pasakit.

Nang sabihin ng Panginoong Jesu-cristo sa Mateo 11:28 na “Lumapit kayo sa akin”, hindi Niya tayo inaanyayahan sa isang kasiya-siyang paglalakbay at isang maginhawang pagkakataon na parang isang pamamasyal. Bagamat maraming pangako ng kaaliwan at pangangalaga ang Diyos, ang Panginoon ay tumatawag sa atin sa isang buhay ng pagiging alagad, isang buhay na ang prinsipyo ng Krus ay laging umiiral. Ito ang ibig Niyang sabihin nang sinabi Niyang: “Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, kalimutan niya ang kanyang sarili at magpasan ng kanyang krus araw-araw at sumunod sa Akin” (Lukas 9:23).

Kapag ang mga tao ay nakakaranas ng mabigat na kapighatian, maaari nilang sabihin: “O, ang Krus ay naging mabigat para sa akin.” Ang kanilang sinasabi ay maaaring hindi tama dahil ang prinsipyo ng Krus ay hindi tumutukoy sa kahit anong uri ng sakit na ating nararanasan. Kahit ang mga hindi Kristiano ay nakakaranas ng maraming uri ng pasakit, ngunit hindi iyon ang talagang ibig sabihin ng prinsipyo ng Krus.

Sa pahiwatig ng Biblia, ang Krus ay ang kalungkutan at pagdurusang nararanasan ng isang mananampalataya bilang resulta ng kanyang pagsunod sa Panginoong Jesus. Ito ay pakikiisa sa mga paghihirap ni Cristo na inihalimbawa ng Kanyang kamatayan sa Krus. Ito ay isang landas ng kalungkutan at pagdurusa dahil sa pagsunod ng isang mananampalataya sa Panginoon.

Hindi tayo tinawag ng Panginoon para sa maginhawang buhay, bagkus ay sa buhay kung saan ang prinsipyo ng Krus ay pang araw-araw na katotohanan. Ito ay isang buhay na may matinding pakikipaglaban sa larangang espirituwal. Para maging tunay na epektibo para sa Diyos at para totoong maisabuhay ang pananampalataya, ay kinakailangan nating magpatuloy

na makiisa sa espiritwal na palagiang labanang marahas. Itong espiritwal na labanang ito ay titigil lamang kapag ang mga araw natin sa mundong ito ay tapos na at si Satanas at naitapon na sa dagat-dagatang apoy (Apo. 20:10). Kahit na nagapi na si Satanas ng Panginoong Jesu-cristo sa Krus, siya ay para pa ring leong gumagala at umaatungal, na humahanap ng kanyang malalapa (1 Ped. 5:8). Ang kanyang kapangyarihan ay hindi pa napapawalang-bisa, siya pa rin ay isang kakila-kilabot na kalaban. Tanging sa saligang tagumpay ng Krus lamang kaya tayo, sa bawat sandali, ay makakapanagumpay sa mga atake ng diablo.

Pananampalataya at pagtitiis

Ang pagtitiis ay isa pang mahalagang katangian ng masiglang pananampalataya na makikita natin sa Mga Hebreo 11:25. Pinili ni Moises na *magtiis* ng pagmamaltrato. Ito ay nagpapahiwatig ng kalidad ng pagiging matatag sa harap ng mga kagipitan, at ng personal na mga sakripisyo sa harap ng panganib. Mababasa natin sa Talata 27: “Sa pananampalataya ay iniwan niya ang Ehipto, at hindi natakot sa poot ng hari.” Handa siyang magsakripisyo at dumaan sa mga panganib na may ugali ng pagka-matiisin at pananampalatayang hindi umaatras kapag ang daan ay nagiging mahirap.

Sa Mga Hebreo 10, ay ipinapakita ng may-akda ang kahalagahan ng pagtitiis.

Mga Hebreo 10:36–39

36 Sapagkat kailangan ninyong magpakatatag, upang pagkatapos ninyong gampanan ang kalooban ng Diyos ay tatanggapin ninyo ang kanyang ipinangako.

37 Sapagkat “kaunting panahon na lamang,

Siya na dumarating ay darating at hindi maaantala.

38 Ngunit ang aking lingkod na matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya. Kung siya’y tumalikod, hindi malulugod sa kanya ang aking kaluluwa.

39 Ngunit hindi tayokabilangsamga tumatalikod at napapahamak; sa halip, kabilang tayo sa mga sumasampalataya at naliligtas.

Ang buhay ng pananampalataya ay maaaring maging napakahirap. Makakaranas tayo ng pighati, kalungkutan at mga pagluha. Sinasabi sa atin ng talata 36 na kailangan natin ng pagpapakatatag upang magawa natin ang kalooban ng Diyos at matanggap ang ipinangako. At sinasabi sa atin ng talata 38: “Kung siya’y tumalikod, hindi malulugod sa kanya ang aking kaluluwa.” Kaya hindi tayo maaaring tumalikod kapag humihirap na ang mga bagay. Dapat ay patuloy nating paalalahanan ang ating mga sarili na hindi tayo maaaring mabuhay nang ayon sa nakikita at sa materyal na larangan. Kung tayo ay mabubuhay ng ayon sa ganitong batayan, ang buhay na ninanais sa atin ng Diyos ay hindi magkakaroon ng kabuluhan. Makakapagpatuloy lamang tayo nang may pagtitiis dahil kinikilala natin na ang lubos na katotohanan ay kasali ang mga bagay na hindi nakikita at pang-walang-hanggan. Kapag tayo ay may ganitong pananaw ay saka lamang magkakaroon ng kabuluhan ang mga paghihirap, pasakit at pighati.

Ang pananampalataya ay nagbubunga ng positibong resulta

Mga Hebreo 11:28

Sa pamamagitan ng pananampalataya, isinagawa niya ang Paskuwa at ang pagwiwisik ng dugo, upang huwag silang galawin ng Tagapuksa ng mga panganay.

Sa pananampalataya, ay ipinangilin ni Moises ang Paskuwa. Bakit ang pangangilin ng Paskuwa ay itinuturing na pananampalataya? Ito ay pananampalataya dahil ito ay pagtugon sa mga iniutos ng Diyos at sa Kanyang mga pangako. Ipinangako ng Diyos na kung sila ay mangingilin ng Paskuwa at ng pagwiwisik ng dugo, “Hindi sila gagalawin ng Mamumuksa ng mga anak na panganay”. Sa kanilang pagsunod sa mga iniutos ng Diyos, ay mayroong positibong resulta. Ang kanilang mga panganay ay iningatan. Ang isang tunay na pagtugon sa Diyos sa pananampalataya ay laging magbubunga ng isang positibong resulta kahit na ang positibong resulta ay hindi laging halata.

Ang pananampalataya ay aktibo

Mga Hebreo 11:29

Sa pamamagitan ng pananampalataya, tinahak ng mga Israelita ang Dagat na Pula na parang lumalakad sila sa tuyong lupa, ngunit nang tangkain ng mga Ehipcio na gawin ito ay nalunod ang mga ito.

Sa talatang ito, makikita uli natin ang pananampalatayang kumikilos. Hindi lang sinabi ng mga Israelita na, “Panginoon kami ay nananam-palataya sa Iyo, nagtitiwala kami sa Iyo.” Sila ay kumilos ayon sa kanilang pananampalataya. Ang kaaway ay humahabol sa kanila at sila ay nangangamba. Sila ay napapagitnaan ng humahabol na kaaway at ng Dagat na Pula. Wala silang matatakan. Ang kamatayan ay mukhang tiyak. Ngunit ang Diyos ay kumilos. Ang mukhang imposible ay naging posible. Ang mga Israelita ay tumuloy sa pananampalataya ayon sa iniutos ng Diyos sa pamamagitan ni Moises, at sila’y “pumasok sa gitna ng dagat sa ibabaw ng tuyong lupa, ang tubig ay naging isang pader sa kanila, sa kanilang kanan at sa kanilang kaliwa” (Exo. 14:13–18, 21–22). Ang Diyos ay nanghihimasok kung sa tingin Niya ay dapat, kahit na sa mga kalagayang parang imposible.

Ngunit tingnan natin ang pagkakaiba. Ang mga Ehipcio ay sumubok tumawid sa Dagat na Pula gaya ng ginawa ng mga Israelita at lahat sila ay nalunod. Kaya hindi natin dapat isipin na sa paggaya lamang sa mga panlabas na gawa ng iba, tayo ay makakakuha ng kaparehong resulta. Ang pananampalataya ay isang moral na tugon sa Diyos at sa kung anong hinihingi Niya sa ating buhay. Ang paggawa lang ng panlabas na tugon ng iba ay hindi magbubunga ng parehong kalalabasan. Sa katunayan, ang maaaring kahinatnan ay mapanganib, gaya ng nangyari sa mga Ehipcio.

Ang mga halimbawa nina Moises at Maria ay nagpapakita ng mga pangunahing elemento ng tunay na pananampalataya
Ang mga halimbawa nina Maria at Moises ay nagpapakita ng

dalawang pangunahing mga elemento ng pananampalatayang ayon sa Biblia, na tiningnan natin sa unang mensahe: paniniwala sa katotohanan at tamang tugon sa katotohanan, iyon ay, ang pagsasabuhay ng katotohanan. Ang tunay na pananampalataya ay dapat nakasalig sa katotohanan, kung ano ang sinasabi ng Diyos, at ang buhay ng tunay na pananampalataya ay mangangahulugan ng pagtitiwala sa Diyos at pagsunod sa Kanya, at paniniwala sa Kanyang salita at pagsasabuhay nito.

Iba't-ibang uri ng pagsubok at pagsasagawa ng pananampalataya

Gusto ko ngayong tingnan natin ang iba't-ibang uri ng pagsubok at pagsasagawa ng pananampalataya. Tingnan natin ang Mga Hebreo 11:29–40.

Mga Hebreo 11:29–40

29 Sa pamamagitan ng pananampalataya, tinahak ng mga Israelita ang Dagat na Pula na parang lumalakad sila sa tuyong lupa, ngunit nang tangkain ng mga Ehipcio na gawin ito ay nalunod ang mga ito.

30 Sa pamamagitan ng pananampalataya, gumuho ang pader ng Jerico matapos itong malibot sa loob ng pitong araw.

31 Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Rahab na nagbibili ng aliw, ay hindi napahamak kasama ng mga suwail sapagkat mapayapa niyang tinanggap ang mga espiya.

32 Ano pa ba ang dapat kong sabihin? Kukulangin ako ng panahon kung isasalaysay ko pa ang tungkol kina Gideon, Barak, Samson, Jefta, David, Samuel, at tungkol sa mga propeta.

33 Sa pamamagitan ng pananampalataya, ang mga ito ay lumupig ng mga kaharian, naglapat ng katarungan, nagtamo ng mga pangako, nagpatikom ng bibig ng mga leon,

34 pumatay ng naglalagablab na apoy, nakaligtas mula sa mga talim ng tabak, lumakas mula sa kahinaan, naging makapangyarihan sa digmaan, at nagpaurong ng mga hukbong dayuhan.

35 Sa pamamagitan ng pananampalataya, tinanggap ng mga

kababaihan ang mga namatay nilang mahal sa buhay nang ang mga ito'y muling buhayin. Ang iba nama'y pinahirapan at tumangging mapalaya upang makamit ang higit na mabuting pagkabuhay na muli.

36 Ang iba'y nagtiis ng paghamak at paghagupit, at maging ng pagkagapos at pagkabilanggo.

37 Ang iba ay pinagbabato hanggang mamatay, ang iba ay nilagari at ang iba ay pinatay sa tabak. Lumakad silang suot ang balat ng mga tupa at kambing, na mga nagdarahop, pinag-uusig, at pinagmamalupitan.

38 Hindi karapat-dapat sa kanila ang daigdig! Nagpalabuy-laboy sila sa mga ilang, sa mga kabundukan, sa mga yungib, at sa mga lungga sa lupa.

39 Ngunit anglahat ng mga ito, bagaman kinalugdan ng Diyos dahil sa kanilang pananampalataya, ay hindi tumanggap ng ipinangako.

40 Dahil may inihandang mas maganda ang Diyos para sa atin, upang huwag silang gawing sakdal malibang kasama tayo.

Ito ay salaysay ng mga taong humarap sa iba't-bang uri ng pagsubok sa buhay at nagpakita ng buhay ng pananampalataya nila sa iba't-ibang paraan. Sila ay mga lalaki at babae ng pananampalataya na nagtiwala sa hindi nagbabago at tapat na Diyos sa mga lubhang mapanubok na mga tagpo. Pagmasdan nating mabuti ang kanilang mga pinagdaanan at matutunan natin na ang pamumuhay para sa Diyos ay magkakaroon ng ganitong mga pagkakataon. Inilalarawan sila ng mga Kasulatan bilang mga taong nabuhay nang may matagumpay na mga buhay ng pananampalataya upang tayo ay mapalakas ang loob at matuto sa kanilang halimbawa.

Malinaw na mga halimbawa ng pananampalataya

Minsan ang mga tagumpay sa pananampalataya ay mas malinaw; sa ibang panahon ay hindi masyado. Ang mga talatang 29 at 34 ay nagpapakita sa atin ng tagumpay ng pananampalataya na mas malinaw. Ang mga anak ni Israel ay dumaan sa Dagat na Pula na parang tuyong lupa ito. Ang mga pader ng Jericho ay

nagiba pagkatapos paikutan ng pitong araw. Si Rahab ay hindi namatay kasama ng mga taga Jericho dahil sa pananampalataya niya at sa kabutihan niya sa mga espiya. Ang ibang mga tao ng pananampalataya ay “nanakop ng mga kaharian, naglapat ng karunungan, nagtamo ng pangako, nagtikom ng mga bibig ng mga leon, pumatay ng bisa ng apoy, tumakas sa talim ng tabak, lumakas mula sa kahinaan, naging makapangyarihan sa digmaan, nagpaurong ng mga hukbong dayuhan.”

Mga di-masyadong malinaw na halimbawa ng pananampalataya
Ang buhay pananampalataya ay maaaring magmukhang hindi katagumpayan. Maaari rin itong maging lubhang nakakalito. Maaari rin paminsan-minsan ay magmukhang buhay talunan: pinahihirapan, nililibak, inuusig at ikinukulong; binabato hanggang mamatay, nilalagari, pinagpapatay sa tabak; sila’y naglibot na may suot na balat ng mga tupa at kambing, mga naghihirap, pinag-uusig, inaapi; Sila’y nagpalaboy-laboy sa mga ilang, sa mga kabundukan, sa mga yungib, at sa mga lungga sa lupa. Ang ganitong buhay ay tila malungkot at kaawa-awa. Ang diablo ay mukhang nagtagumpay laban sa kanila. Ngunit itinatanghal ng mga Kasulatan ang mga ito bilang halimbawa ng matagumpay na pananampalataya. Ito ay mga taong “para sa kanila ay hindi karapat-dapat ang sanlibutan.”

Minsan hindi natin lubusang maiintindihan ang mga layunin ng Diyos at kung paano Siya gumagawa sa mga ito, ngunit hindi tayo dapat mabagabag ng walang dahilan. Huwag tayong manatiling bata sa ating pagkakaunawa ng mga bagay na ito. Ang buhay ng pananampalataya ay hindi isang buhay na palaging maaliwalas at kasiya-siya. Ito ay buhay na mayroong mga panahon ng malalim na dalamhati, kalungkutan at pagdurusa. Sa ganitong mga panahon, ang taong may pananampalataya ay hindi dapat umatras, kundi ay dapat magpatuloy nang may katapangan at pagtitiis. Tingnan natin ang pagdurusa ng Panginoong Jesus sa halamanan ng Gethsemane.

Mateo 26:36–39

36 Pagkatapos ay pumunta si Jesus na kasama ang mga alagad sa isang pook na tinatawag na Getsemani, at sinabi niya sa kanila, “Maupo kayo rito. Pupunta muna ako sa banda roon at mananalangin.”

37 Isinama niya si Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo. Noon ay nagsimula siyang malungkot at mabagabag.

38 At sinabi niya sa kanila, “Punung-puno ng kalungkutan ang aking kaluluwa na halos ikamatay ko. Dito muna kayo at makipagpuyat sa akin.”

39 Lumakad pa siya sa di-kalayuan, at doon ay nagpatirapa at nanalangin, na sinasabi, “Aking Ama, kung maaari, lumampas sa akin ang kopang ito. Gayunma’y hindi ang kalooban ko, kundi ang kalooban mo ang masunod.”

Ang Panginoong Jesus ay namuhay ng ganap na buhay-pananampalataya, ngunit isa ring buhay na may malalim na pighati at pagdurusa. Kahit sa ganito kahirap na kalagayan, Siya ay handang gawin ang kalooban ng Diyos. Kung tayo ay mahahantong sa mga kalagayan ng matinding kapighatian at kagipitan, tayo ba kaya ay makakapanalangin ng gaya ng ginawa Niya? Maaari nating hilingin na: “Ama ko, kung maaari, lumampas sana sa akin ang kopang ito.” Ngunit maidaragdag din kaya natin na “gayunma’y hindi ayon sa kalooban ko, kundi ang ayon sa kalooban mo”, at sabihin ito ng buong puso? Kaya ba nating tanggapin kahit anumang kalagayan sa buhay at magpatuloy sa pagpuri at pagsamba sa Diyos, dahil alam natin na ang Kanyang kalooban ay ganap at Siya ay palaging totoo sa Kanyang pag-uugali at salita?

Ang tunay na kalidad ng pananampalataya ay nahahayag sa paghihirap.

Ang tunay na kalidad ng pananampalataya ay nahahayag kapag ang isang mananampalataya ay nagpapatuloy sa gitna ng mahihirap na mga pagkakataon. Kapag ang mga pangyayari ay

napakasakit at mahirap, kapag tayo ay naguguluhan sa nangyayari, makakapagpatuloy ba tayong makapagpahayag ng ating tiwala sa Diyos, at nang may paninindigang aawit ng “Faith is the Victory” [Ang Pananampalataya ay Siyang Tagumpay] at “Great is Thy faithfulness” [Dakila ang Iyong Katapatan]?

Ang patibayan o pundasyon ng tunay na pananampalataya ay dapat nakasalig sa kaalaman, hindi sa mga imahinasyon o kamalian. Ngunit may mga pagkakataong ang buhay ng pananampalataya ay lalampas sa maaari nating maunawaan nang lubos. Ang kagandahan ng pananampalataya ay talagang kumikinang kapag tayo ay nakaka-pagpatuloy mula sa patibayan ng kaalaman at nagtiwala sa Diyos maging kahit kapag hindi natin nauunawaan kung bakit kailangan tayong padaanin ng Panginoon sa isang partikular na daan.

Sa Aklat ni Job ay mababasa nating hinayaan ng Diyos si Satanas na subukin nang matindi si Job. Hindi maunawaan ni Job kung bakit kailangan niyang dumaan sa matinding pagsubok gayong namumuhay siya nang may kabanalan at matuwid na buhay. Bagama’t siya ay nag-atubili sa ilang mga punto, siya ay nagpakita ng kahanga-hangang pananampalataya sa Diyos. Ang Aklat ni Job ay nagtuturo sa atin ng kahalagahan ng hindi nagmamaliw na pananampalataya sa Diyos sa lahat ng mga pangyayari, maging sa napakahirap at nakakalitong mga kalagayan. Mayroong layunin at kabuluhan sa anumang pinapayagan ng Diyos na pagdaanan ng Kanyang mga anak at dapat tayong matutong magpatuloy sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos hanggang sa pinaka-dulo¹.

¹Para sa mas malawak na pagtatalakay ng mga usapin, maaring basahin ang aking aklat *Understanding Job*, na makikita sa website www.goandtruth.com.

Ang Panginoong Jesus — ang kataas-taasang halimbawa ng pananampalataya

Kapag humaharap tayo sa mahirap na mga pagkakataon at nakikita natin ang buhay na masaklap, makakatulong nang malaki kung pagbubulayan natin ang Krus. Ang Anak ng Diyos, ang matuwid, ang perpektong Tao ay namatay nang isang parang miserable at malupit na kamatayan sa Krus. Mistula itong isang kakila-kilabot na pagkatalo. Mistulang ang Kanyang buhay na dalisay at matuwid ay nawalan ng kabuluhan. Sa lahat ng anggulo, mistulang nagtagumpay si Satanas. Ngunit ang katotohanan ay hindi ganoon, gaya ng sinasabi ng Mga Hebreo 2:14.

Mga Hebreo 2:14

Kaya, yamang nakikibahagi ang mga anak sa laman at dugo, at siya man ay nakibahagi rin sa mga bagay na ito, upang sa pamamagitan ng kamatayan ay kanyang mapuksa ang may kapangyarihan sa kamatayan, samakatuwid ay ang diyablo,

Ang Panginoong Jesus ay namatay upang Kanyang mapawalang-bisa ang may kapangyarihan sa kamatayan, ang diablo. Ito ang layunin ng ipinarito ng Panginoon sa sanlibutan — upang sirain ang mga gawa ng diablo. Ito ang Kanyang dakilang gawa sa Krus, at nagbukas ito ng daan ng kaligtasan at kalayaan sa lahat ng sasampalataya sa Kanya.

Pangwakas na mga pananalita

Sa maraming mga sitwasyong dinaraan natin, ay maaaring hindi natin maunawaan ang layunin ng Diyos para sa atin sa oras na iyon. Maging kahit pagkatapos ng mahabang panahon, ay maaaring hindi pa rin natin maunawaan. At mayroong ilang mga bagay na hindi na nga natin mauunawaan kaylanman habang tayo ay narito sa mundong ito. Ngunit anuman ang mangyari, ay dapat nating panatilihin ang ating pananampalataya sa Panginoon. Lampas pa sa hindi paninisi sa Diyos, ay dapat din tayong sumamba at magpuri sa Kanya anuman ang dumating,

dahil alam nating Siya pa rin ang Kataas-taasang Panginoon, at sa ganoon, kapag tayo ay tapat sa Kanya, ang Kanyang mga layunin ay maisasagawa. Maaari tayong makatiyak na mayroong kabuluhan at positibong kalalabasan ang bawat pagpapamalas na naaayon sa isang buhay ng pananampalataya.

Mayroong isang himnong napakahalaga sa akin. Ang pamagat ng himno ay “Faith of Our Fathers” [*Pananampalataya ng Aming mga Ninuno*].

Faith of Our Fathers

(*Pananampalataya ng aming mga Ninuno*)

Faith of our fathers, living still,

[*Pananampalataya ng mga ninuno namin, nananatili pa*]

In spite of dungeon, fire and sword;

[*Sa kabila ng bilangguan, ng apoy at ng tabak*]

Oh how our hearts beat high with joy,

[*O ang aming mga puso’y pumipintig nang mabilis sa galak*]

When’er we hear that glorious Word!

[*Kapag aming naririnig mal’walhating Salitang iyon!*]

Faith of our fathers, holy faith,

[*Pananampalataya ng aming mga ninuno, banal na pananalig*]

We will be true to Thee till death.

[*Kami’y magiging tapat sa Iyo hanggang kamatayan*]

Our fathers chained in prison dark,

[*Ang aming mga ninunong itinanikala sa madilim na bilangguan*]

Were still in heart and conscience free;

[*Sila, sa puso at budhi’y nanatiling malalaya*]

How sweet would be their children’s fate,

[*Anong tamis ngang magiging kapalaran ng mga supling nila*]

If they, like them, could die for Thee!

[*Kung sila rin, gaya nila’y mamamatay para sa Iyo!*]

Anghimnongito ay nagpapahayag nguring pananampalataya ang aking binabanggit. Ito ay pananampalataya sa Panginoon hanggang sa kahuli-hulihan, anuman ang mangyari, kasama na maging ang mamatay para sa ating pananampalataya. Maraming mga nabuhay ng ganoong uri ng buhay ang nauna na sa atin. Sundan natin ang kanilang halimbawa ng pananampalataya at maging handang ialay ang ating mga buhay para sa Panginoon.

Pagbulayan natin kung ano ang kahulugan sa atin ng ating pananampalataya. Ang atin bang pananampalataya ay nakasalig sa mga pangyayari o ito ba ay nakasalig sa Diyos at kung ano ang Kanyang ipinahayag? Tingnan natin ang halaga at ihanda ang ating mga puso upang kung anuman ang mga pagsubok na dumating sa ating landas, gaano man nakakalito ang mga sitwasyong daanan natin, gaano man kasakit ang mga pagdurusang tatagos sa ating mga puso, tayo ay makakapagpatuloy na maging tapat sa Panginoon. Maging kagaya tayo ng ating Panginoong Jesus, na dahil sa kagalakang inilatag sa harapan Niya, ay pinagtiisan ang Krus, hindi inalintana ang kahihyan. Namatay Siya para sa atin upang tayo ay makapamuhay para sa Kanya at tapat na sumunod sa Kanyang mga yapak.

Mga Tanong para sa Pagninilay at Talakayan

1. Basahin ang Lukas 1. Ihambing at tingnan ang pagkakaiba ang mga tugon nina Maria at Zacarias sa anghel na si Gabriel. Papaano naging mabuting halimbawa si Maria ng isang babae ng pananampalataya?
2. Basahin ang Mga Hebreo 11:24–29. Ano ang matututunan natin mula kay Moises bilang isang mabuting halimbawa ng isang lalaki ng pananampalataya?
3. Ano ang ilang mga hindi gaanong halatang mga halimbawa ng mga lalaki ng pananampalatayang nakatala sa Mga Hebreo 11? Anong mga aral ang maaari nating matutunan tungkol sa pananampalataya mula sa tala ng kanilang mga buhay?
4. Pagbulayan ang iyong sariling buhay. Ito ba ay nakasalig sa Diyos at sa kung anong inihayag Niya sa mga Kasulatan? Handa ka bang ibigay ang iyong katapatan sa Diyos, magtiwala sa Kanya at maging tapat sa Kanya anuman ang mga pagsubok na maaaring pagdaanan mo?

Pagsasagawa ng Pananampalataya — Paggawang Kasama ng Diyos

Habang pinag-iisipan ko ang paksa ng pananampalataya at ang pagsasagawa nito, ako'y namangha sa katotohanan sa 2 Corinto 6:1, na tayo'y gumagawang kasama ng Diyos.

2 Corinto 6:1

Bilang mga kamanggagawa ng Diyos, nagsusumamo kami sa inyo na huwag ninyong sayangin ang pagtanggap ninyo ng kanyang biyaya.

Para makapamuhay ng isang mabunga at makabuluhang buhay, ay kailangan nating gumawang kasama ng Diyos, hindi lamang sa sarili nating mga buhay, bagkus ay sa pagtupad din ng walang hanggang layunin ng Diyos. Ito ay magiging malinaw kapag sinuri natin ang nilalaman ng mga kabanata 5 at 6 — kung saan nagsasalita si Pablo tungkol sa kamatayan ni Cristo sa Krus para sa mga kasalanan ng buong sanlibutan, at sa pagkakatiwala ng Diyos sa atin ng ministeryo ng pakikipagkasundo, tayo ay Kanyang mga kinatawan. Talagang isang dakilang karangalan na tayo ay maaaring magkaroon ng bahagi sa pagsasakatuparan ng dakilang layunin ng Diyos.

Para makagawang kasama ng Diyos, kailangan natin ang Kanyang biyaya para ilapit Niya tayo sa Kanyang sarili at magabayan, mapalakas at mabigyan ng kakayahan sa bawat sandali.

Ngunit, binabalaan din tayo ni Pablo na maaari rin nating tanggapin ang biyaya ng Diyos nang walang kabuluhan. Bagama't ang pinag-lilingkuran natin ay isang Diyos na

makapangyarihansalahat, at ang biyaya Niya ay sumasaatin, ay maaari pa rin tayong mamuhay nang isang sayang na buhay. Ngunit hindi ito dapat mangyari.

Habang tayo ay gumagawang kasama ng Diyos, dapat ay alam nating hindi ito pagtutulungan ng magkapantay na samahan. Siya ay Diyos at tayo ay Kanyang mga nilikha; Siya ang ating Ama sa langit, at tayo ay Kanyang mga anak. Kanyang mga layunin at hindi sa atin ang sinisikap nating isagawa, kaya dapat tayong gumawa nang ayon sa Kanyang mga pamamaraan at hindi sa atin.

Minsan, ang mga paraan ng Diyos ay nakakalito anghitsura. Iba't-ibang mga tanong ang maiisip natin. Sa ganoong mga pagkakataon, ay dapat tayong magpatuloy na mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya, na aktibong gumagawa na kasama ang Diyos, tumitingin sa Kanya at nakikipagtulungan sa Kanya.

Para ipakita ang kahalagahan ng ganitong pamamaraan sa pagsasagawa ng pananampalataya, ay nais kong pag-aralan natin ang makasaysayang pangyayaring nakasulat sa Aklat ng Exodo.

Pagliligtas mula sa Ehipto

Ang pagliligtas sa mga Israelita mula sa Ehipto ay isang napaka-importanteng pangyayaring binabalik-balikan ng mga Judio. Kung sila man ay sumasamba sa Diyos at nagpapasalamat sa Kanya o pinanghihinaan ng loob, ay nililingon nila itong dakilang pangyayaring ito para ipaalala sa kanilang mga sarili ang kadakilaan at kabutihan ng Diyos.

Maraming mga aral ang maaari nating matutunan mula sa salaysay na ito at gusto kong ibahagi sa inyo ang ilan sa mga piling bahagi ng Aklat ng Exodo.

Ang pagtawag kay Moises

Simulan natin sa pamamagitan ng pagtingin natin sa salaysay sa Exodo 3 sa pagpapakita ng Diyos kay Moises sa isang nagliliyab na apoy sa gitna ng isang mababang punongkahoy. Sinabi ng Diyos kay Moises na alam Niyang nagdurusa ang mga Israelita sa lupain

ng Ehipto. Inihayag Niya kay Moises ang Kanyang mga layunin at intensyon — na si Moises ang kanyang gagawing tagapanguna sa mga anak ni Israel palabas ng Ehipto.

Exodo 3:10

“Halika, ikaw ay aking susuguin kay Faraon upang iyong ilabas sa Ehipto ang aking bayan, ang mga anak ng Israel.”

Apatnapung taon bago ito, bilang anak ng anak na babae ng Faraon, si Moises ay isang lalaki ng kapangyarihan, katungkulan at katayuan. Inisip niyang marami siyang magagawa. Minsan ay nakialam siya nang makita niyang binubugbog ng isang Ehipcio ang isang Israelita. Napatay niya ang Ehipcio. Nang naisin ng Faraon na patayin siya, siya ay tumakas sa Ehipto (Exo. 2:11–15). Matapos gugulin ang apatnapung taon na nag-aalaga ng mga tupa sa ilang, siya ay nagdadalawang-isip nang tawagin siya ng Diyos para pangunahan ang mga Israelita sa paglabas mula sa Ehipto. Alam na alam niya ang kawalan niya ng kakayahan na isakatuparan ang dakilang misyong ito na itinawag sa kanya ng Diyos.

Exodo 3:11

Sinabi ni Moises sa Diyos, “Sino ako upang pumaroon kay Faraon at upang ilabas sa Ehipto ang mga anak ni Israel?”

Exodo 4:1

Si Moises ay sumagot at nagsabi, “Ngunit hindi nila ako papaniwalaan o papakinggan man sapagkat kanilang sasabihin, ‘Ang Panginoon ay hindi nagpakita sa iyo.’”

Sinabi ni Moises sa Diyos: “Sino ako?” Sa harap ng kalakhan ng gawain, ay lubhang naramdaman ni Moises ang kanyang sariling kahinaan. Alam niyang napakaraming mga kahirapan ang kakaharapin. *Sino siya?* na siya ay hahayo at harapin ang Faraon, ang makapangyarihang pinuno ng Ehipto? Paano niya mapapangunahan ang bayang Israel? Paniniwalaan ba nila siya? Makikiisa ba sila sa kanya?

Ang pagtiyak ng Diyos ng Kanyang presensya

Para sagutin ang takot ni Moises, ay sinabi ng Diyos: “Tiyak na Ako’y makakasama mo” (Exo. 3:12)

Pansinin ang paraan ng pagsagot ng Diyos kay Moises. Binigyang-diin Niya kay Moises na Siya ay makakasama niya. Ang usapin ay hindi kung gaano ang kakayahan o kawalan ng kakayahan ni Moises o anong tingin niya sa kanyang sarili. Ang mahalaga ay yaong ang Diyos na makapangyarihansalahat ay makakasama niya at gagawa sa pamamagitan niya at kasama niya. “Ako’y makakasama mo” — ang katotohanang ito ay siyang dapat tumugon sa lahat ng mga kinatatakutan ni Moises.

At patuloy pang sinabi ng Diyos kay Moises na ipapakita Niya ang Kanyang kapangyarihan sa pamamagitan niya.

Exodo 4:2-7

2 Sinabi naman sa kanya ng Panginoon, “Ano iyang nasa iyong kamay?” Kanyang sinabi, “Isang tungkod.”

3 Kanyang sinabi, “Ihagis mo sa lupa.” Kanyang inihagis ito sa lupa at ito’y naging isang ahas. Si Moises ay lumayo sa ahas.

4 Sinabi ng Panginoon kay Moises, “Iunat mo ang iyong kamay at hawakan mo sa buntot.” Kanyang iniunat ang kanyang kamay, kanyang hinawakan, at naging isang tungkod sa kanyang kamay.

5 “Nangyari ito upang sila’y maniwala na ang Panginoon, ang Diyos ng kanilang mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob ay nagpakita sa iyo.”

6 Sinabi pa sa kanya ng Panginoon, “Ipasok mo ang iyong kamay sa iyong dibdib.” Kanyang ipinasok ang kamay niya sa kanyang dibdib at nang kanyang ilabas, ang kanyang kamay ay ketongin, maputing parang niyebe.

7 Sinabi ng Diyos, “Ipasok mo uli ang iyong kamay sa iyong dibdib.” Kanyang muling ipinasok ang kamay niya sa kanyang dibdib at nang kanyang ilabas sa kanyang dibdib, nanumbalik ito gaya ng iba niyang laman.

Gaya ng iniutos ng Diyos, inihagis ni Moises sa lupa ang tungkod na hawak niya, at ito ay naging ahas. Nang hawakan niya ang ahas sa buntot, ito ay naging tungkod uli sa kanyang kamay. Iniutos din ng Diyos na ipasok niya ang kanyang kamay sa kanyang dibdib at nang ilabas niya ito, ang kanyang kamay ay naging ketongin. Nang ulitin niya ang kanyang ginawa, ang kanyang kamay ay nanumbalik.

Ngunit sakabila ng mga pagpapamalas na ito ng kapangyarihan ng Diyos, si Moises ay nagdadalawang-isip pa rin.

Exodo 4:10-12

10 Ngunit sinabi ni Moises sa Panginoon, “O Panginoon, ako’y hindi mahusay magsalita, mula pa noon o kahit na mula nang magsalita ka sa iyong lingkod; sapagkat ako’y makupad sa pananalita at umid ang dila.”

11 Sinabi sa kanya ng Panginoon, “Sino bang gumawa ng bibig ng tao? O sinong gumagawa ng pipi, o bingi, o may paningin, o bulag sa tao? Hindi ba akong Panginoon?”

12 Kaya ngayon ay humayo ka, ako’y sasaiyong bibig at ituturo ko sa iyo kung ano ang iyong sasabihin.

Sinabi ni Moises na noon pa man, siya ay makupad magsalita at bulol ang dila. Kaya ipinaalala sa kanya ng Diyos na Siya ang Manlilikha, ang gumawa ng kanyang bibig. Tiniyak Niya kay Moises na gagabayan Niya siya sa kung anong sasabihin. Ang Diyos ang sagot sa problema ni Moises. Bibigyang Niya ng kakayahan si Moises na maisakatuparan ang anumang gawaing ipinagkatiwala Niya sa kanya. Ipapakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan, at gagawin Niya iyon sa pamamagitan ni Moises.

Kung paanong ang Diyos ay kasama ni Moises, Siya rin ay maaari nating makasama. Ngunit hindi ibig-sabihin nito na ang lahat ay wala nang problema. Magkakaroon pa rin ng mga balakid at mga kahirapan at pagsubok, at ang mga ito ay siyang pinagdaanan ng mga Israelita.

Pag-aalinlangan sa harap ng mga kahirapan

Exodo 4:31

Ang taong-bayan ay naniwala at nang kanilang marinig na dinalaw ng Panginoon ang mga anak ni Israel at kanyang nakita ang kanilang paghihirap, sila'y yumukod at sumamba.

Sa pasimula, nang malaman ng mga Israelita na ang Diyos ay may malasakit sa kanilang pagdurusa, sila ay sumamba sa Kanya nang may buongpaggalang. Ngunit, gaya ng makikita natin, nang ang mga bagay-bagay ay naging malala, ang kanilang tiwala sa Diyos ay nagsimulang mag-alinlangan.

Exodo 5:1–9

1 Pagkatapos nito, si Moises at si Aaron ay pumunta kay Faraon at sinabi, “Ganito ang sabi ng Panginoon, ang Diyos ng Israel, ‘Hayaan mong umalis ang aking bayan upang magdiwang sila ng kapistahan sa ilang para sa akin.’ ”

2 Ngunit sinabi ni Faraon, “Sino ang Panginoon na aking papakinggan ang kanyang tinig, upang pahintulutan kong umalis ang Israel? Hindi ko kilala ang Panginoon at saka hindi ko papahintulutang umalis ang Israel.”

3 Kanilangsinabi, “AngDiyosngmgaHebreoaynakipagtagpo sa amin. Ipinapakiusap namin sa iyo, pahintulutan mo kaming maglakbay ng tatlong araw sa ilang at mag-alay sa Panginoon naming Diyos, kung hindi ay darating siya sa amin na may salot o tabak.”

4 Ngunit sinabi sa kanila ng hari ng Ehipto, “Moises at Aaron, bakit ninyo inilalayo ang bayan sa kanilang mga gawain? Pumaroon kayo sa inyong mga gawain.”

5 Sinabi ni Faraon, “Ang mga tao sa lupain ay marami na ngayon, at inyong pinapagpahinga sila sa kanilang mga gawain!”

6 Nang araw ding iyon ay iniutos ng Faraon sa mga tagapangasiwa sa mga tao at sa kanilang mga kapatas,

7 “Huwag na ninyong bibigyan ang mga tao ng dayami sa paggawa ng tisa, na gaya ng dati. Sila ang pumaroon at magtipon ng dayami para sa kanilang sarili.

8 Ngunit ang bilang ng mga tisa na kanilang dating ginagawa ay siya rin ninyong iaatang sa kanila. Wala kayong babawasin sapagkat sila'y mga tamad. Kaya't sila'y dumadaing na nagsasabi, 'Hayaan mo kaming umalis at maghandog sa aming Diyos.'

9 "Lalo ninyong pabigatin ang gawain ng mga lalaki upang kanilang pagpagalan at huwag nilang pansinin ang mga kabulaanang salita."

Sa siping ito ay makikita natin si Faraon na naglagay ng balakid. Hindi lamang sa ayaw niyang pumayag na umalis ang bayan, ginawa pa niyang mas mahirap ang buhay para sa mga tao. Anong nangyayari? Hindi ba sumusunod ang mga Israelita sa Diyos? Bakit lumala pa lalo ang sitwasyon?

Narito ang isang mahalagang prinsipyo tungkol sa espiritwal na pakikidigma: Habang isinasagawa natin ang ating mga buhay na kasama ang Diyos, lalo na sa mahalagang mga larangan, ay makakatagpo tayo ng mga kahirapan. Ngunit hindi ibig-sabihin nito na tayo ay nasa maling landas. Kapag sumusulong tayo sa tamang direksyon, ay asahan na nating makakatagpo tayo ng paglaban, dahil nakikipaglaban tayo kay Satanas at sa mga pwersa ng kadiliman sa espiritwal na larangan. Dahil tayo ay nasa tamang landas kaya tayo nakakatagpo ng matinding paglaban. Patitindihin ni Satanas ang mga atake laban sa atin. Gagawin niya ang lahat ng paraan — kasama na ang pagmamaniipula sa panlabas na mga tagpo — para sirain ang ating loob, lituhin tayo, at pahinain ang ating pananampalataya.

Totoo, na mayroong mga sitwasyon kung saan ang mga kahirapang makakatagpo natin ay kagagawan din natin, o maaaring ipinapakita ng Diyos sa atin na nasa maling landas tayo. Maaaring mayroong mga kamalian sa ating mga buhay na kailangang itama, o mga pamamaraang ginagawa na kailangang iayos. Kailangan nating maging bukas at sensitibo sa Kanyang paggabay, na patuloy na tumitingin sa Kanya para tiyakin kung tama ba o mali ang ating ginagawa.

Nang ang mga Israelita ay nakatagpo ng dumaraming mga kahirapan ay hindi sila tumugon nang maayos.

Exodo 5:20–21

20 Pagkagaling nila kay Faraon, pumunta sila kina Moises at Aaron na naghihintay na makatagpo sila.

21 Sinabi nila sa kanila, “Kayo nawa’y tingnan ng Panginoon at hatulan! Ang aming katayuan ay ginawa ninyong nakakamuhi sa mga mata ni Faraon at sa kanyang mga lingkod, na naglagay ng tabak sa kanilang kamay upang kami ay patayin.”

Nang una ay nagpahayag sila ng pananampalataya, ngunit nang maging mahirap ang mga bagay-bagay, sila ay naging palaging sumasalungat kina Moises at Aaron. Ang tugon ng mga Israelita ay lubos na hindi naaangkop. At dahil sa kanila, maging si Moises na kanilang tagapanguna ay nag-atubili.

Exodo 5:22–23

22 Si Moises ay bumalik sa Panginoon at nagsabi, “Panginoon, bakit mo ginawan ng masama ang bayang ito? Bakit mo pa ako isinugo?”

23 Mula nang ako’y pumaroon kay Faraon upang magsalita sa iyong pangalan ay kanyang ginawan ng kasamaan ang bayang ito at hindi mo man lamang iniligtas ang iyong bayan.”

Tinanong ni Moises ang Panginoon sa mistulang kawalan Niya ng ginagawa. Kumbaga ay ganito ang sinasabi ni Moises: O Panginoon, sinabi Mong ililigtas Mo ang Iyong bayan. Sinugo Mo ako, at ginawa ko ang ayon sa Iyong utos. Ngunit bakit hindi mo iniligtas ang Iyong bayan? Bakit ang sitwasyon ay lumala pa lalo?

Diyos ang may kontrol

Makikita natin ang Diyos na tumutugon kay Moises:

Exodo 6:1–8

1 Subalit sinabi ng Panginoon kay Moises, “Ngayo’y makikita mo kung ano ang gagawin ko kay Faraon, sapagkat

sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay ay kanyang paaalisin sila, at sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay ay kanyang palalayasin sila sa kanyang lupain.”

2 Sinabi ng Diyos kay Moises, “Ako ang Panginoon.

3 Ako’y nagpakita kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob bilang Diyos na Makapangyarihan sa lahat; ngunit hindi ako nagpakilala sa kanila sa pamamagitan ng aking pangalang ‘Ang Panginoon’.

4 Akin ding itinatag ang aking tipan sa kanila na ibibigay ko sa kanila ang lupain ng Canaan, ang lupain na kung saan sila’y nakipanirahan.

5 Bukod dito’y aking narinig ang daing ng mga anak ni Israel na inaalipin ng mga Ehipcio at aking naalala ang aking tipan.

6 Kaya’t sabihin mo sa mga anak ni Israel, ‘Ako ang Panginoon at aking ilalabas kayo sa ilalim ng mga pasanin ng mga Ehipcio, at aking hahanguin kayo sa pagkaalipin sa kanila, at aking tutubusin kayo na may nakaunat na kamay at may mga dakilang kahatulan.

7 Kayo’y aking aariing aking bayan at ako’y magiging Diyos ninyo at inyong malalaman na ako’y Panginoon ninyong Diyos na nagpalaya sa inyo sa pagpapahirap ng mga Ehipcio.

8 Dadalhin ko kayo sa lupain na aking ipinangakong ibibigay kina Abraham, Isaac, at Jacob; at aking ibibigay ito sa inyo bilang pamana. Ako ang Panginoon.’ ”

Sinabi ng Diyos kay Moises na panoorin niya kung paano Niya haharapin si Faraon, at dahil sa makapangyarihang pamimilit, ang mga Israelita ay hahayaang lumabas ni Faraon.

Sa gitna ng pagsubok, hindi naiisip ng mga tao ang mga pangako ng Diyos at ang Kanyang makapangyarihan-sa-lahat na kapangyarihan. Kahit si Moises ay nag-alinlangan. Kaya ipinaalala ng Diyos kay Moises, at sa pamamagitan ni Moises ay sa mga Israelita ang tungkol sa Kanyang kapangyarihan at sa tipan na Kanyang ginawa kina Abraham, Isaac at Jacob.

Sinabi ng Diyos sa mga tao na ililigtas Niya sila mula kay Faraon. May kapangyarihan Siyang gawin ito. Sila ay dapat

matutong magtiwala sa Kanya. Dapat silang magtiwala sa Kanyang pagtataon o tiyempo at mga pamamaraan. Ito ay isang larangan ng katotohanang dapat matutunan nang lubos ng mga anak ng Diyos. Ito ay simula pa lang ng pagliligtas at ang mga tao ay nagreklamo na agad sa Panginoon. Kaya nagsalita ang Diyos kay Moises para bigyan ng katiyakan ang Kanyang bayan na alam Niya ang nangyayari at Siya ang may kontrol.

Pumasok ang panlulupaypay

Ipinasa ni Moises ang mensahe ng Diyos sa mga tao, ngunit hindi sila nakinig.

Exodo 6:9

Gayon ang sinabi ni Moises sa mga anak ni Israel; subalit hindi sila nakinig kay Moises dahil sa panlulupaypay at sa malupit na pagkaalipin.

Ang mga tao ay masyadong apektado ng kanilang kapaligiran, ng kahirapan at pagdurusa. Ang kanilang pananampalataya ay hindi mataas ang uri. Kapag ang mga bagay-bagay ay maayos, kapag ang Diyos ay gumagawa at ang mga bagay ay gumagalaw, ang mga tao ay sumasampalataya at nagagalak. Ngunit kapag ang pagsulong ay nagiging mahirap, sila ay nawawalan ng pag-asa at hindi na nakikinig kay Moises. Ang ugali at tugon ng mga tao ay may masamang epekto kay Moises.

Exodo 6:10–12

10 Ang Panginoon ay nagsalita kay Moises,

11 “Pumasok ka, sabihin mo kay Faraon na hari ng Ehipto na kanyang pahintulutang umalis sa lupain niya ang mga anak ni Israel.”

12 Ngunit si Moises ay nagsalita sa Panginoon, “Ang mga anak ni Israel ay hindi nakinig sa akin; paano ngang makikinig si Faraon sa akin, ako na isang hindi mahusay na tagapagsalita?”

Sa kabila ng pagbibigay ng malinaw na mga utos ng Panginoon sa kanya na pumunta kay Faraon, ay sinabi ni Moises sa Panginoon na wala siyang kakayanan sa pagsasalita at hindi siya angkop sa gawain. At bukod pa rito, ang mga anak ni Israel ay hindi nakikipagtulungan sa kanya.

Dito ay nakikita natin si Moises, isang dakilang tao, pinili ng Diyos, ngunit naging mabuway sa pananampalataya. Sa Exodo 5:21, nang ang mga tao ay lumaban sa kanya, siya ay naging alinlangan. Nanumbalik nang kaunti ang tiwala matapos siyang kausapin ng Diyos, ngunit nanlupaypay na naman at nag-aalinlangan uli nang ang mga Israelita ay hindi nakinig sa kanya.

Nakikita natin dito ang kahalagahan ng suporta sa tagapanguna para sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Diyos. Ang mga mananam-palataya ay kadalasang tumitingin sa kanilang mga pinuno para sa pagpapalakas ng loob, at ito ay tama. Pinapalakas ng mabuting mga pinuno ang loob ng mga nasa ilalim ng kanyang pamumuno para sila ay lumakad nang maayos na kasama ang Panginoon. Kasabay nito, ang pagpapalakas ng loob ng kapatiran ay napakahalaga rin sa mga pinuno, samantalang ang negatibong tugon ng kapatiran at kawalan ng pagpapalakas ng loob ay maaaring magdulot ng masamang epekto sa kanila.

Nagpatuloy sa paggawa ang Diyos

Sa kabutihang palad sa kasong ito, ang Diyos ay nanghimasok. Kung hindi kumilos ang Diyos, ang kinahinatnan nito ay kapinsalaan sana. Ang Diyos ay mapagbiyaya. Nanghimasok Siya at pinigilan ang pangyayari upang huwag mauwi sa kawalan ng pag-asa. Nagpatuloy Siyang nakipag-usap kay Moises at Aaron, pinalakas ang kanilang loob para magpatuloy. Sa pagpapalakas ng Diyos, sina Moises at Aaron ay nagtiwala sa Diyos at nakiisa sa Kanya, gaya ng makikita natin sa Exodo 7:8–10.

Exodo 7:8–10

8 Nagsalita ang Panginoon kina Moises at Aaron,

9 “Kapag sinabi ni Faraon sa inyo, ‘Patunayan ninyo ang inyong mga sarili sa pamamagitan ng kababalaghan;’ at iyo ngang sasabihin kay Aaron, ‘Kunin mo ang iyong tungkod at ihagis mo sa harap ni Faraon, upang ito’y maging isang ahas.’ ”

10 Kaya’t sina Moises at Aaron ay pumunta kay Faraon at kanilang ginawa ang ayon sa iniutos ng Panginoon. Inihagis ni Aaron ang kanyang tungkod sa harap ni Faraon at ng kanyang mga lingkod at ito’y naging ahas.

Kaya, ang mga bagay ay kumilos uli. Ngunit gugugol pa ng ilang panahon bago talagang dumating ang katubusan.

Ang kasunod na himala ay lalo pang kamangha-mangha. Iyon ay isang madulang pagpapakita ng napakadakilang kapangyarihan ng Diyos. Ginawang dugo ng Diyos ang tubig, hindi lang sa isa o dalawang lugar, bagkus ay sa buong lupain ng Ehipto. Maging kahit mga tubig na nasa lalagyan ay naging dugo.

Exodo 7:19

Sinabi ng Panginoon kay Moises, “Sabihin mo kay Aaron, ‘Kunin mo ang iyong tungkod at iunat mo ang iyong kamay sa tubig sa Ehipto, sa kanilang mga ilog, sa kanilang mga bambang, at sa kanilang mga lawa at sa lahat nilang tipunan ng tubig, upang maging dugo ang mga ito; at magkakaroon ng dugo sa buong lupain ng Ehipto, maging sa mga sisidlang kahoy at maging sa mga sisidlang bato.’ ”

Ngunit ipinagpaliban ang katubusan

Kapag binasa natin ang mahabang salaysay na ito ng paghaharap nina Moises at Faraon, ay maaaring magmukhang isang serye lang ito ng mga pangyayari at mga pagpapakalat ng kapangyarihan ng Diyos. Ngunit subukan nating ilagay ang ating mga sarili sa lugar nina Moises at ng mga Israelita habang sila ay dumaraan sa sunod-sunod na mga pangyayari, sa sunod-sunod na mga himala. Malamang na punong-puno sila ng dakilang pag-asa ng katubusan. Sa pagsunod ni Moises sa sunod-sunod na mga utos ng Diyos, sa bawat pagsunod ay malamang na inisip niyang

iyon na ang panahon na ililigtas sila ng Diyos. Ngunit sa bawat pagkakataon ay hindi natupad ang katubusan. Kinausap niya si Faraon gaya ng utos ng Diyos, ngunit hindi sila iniligtas ng Diyos. Ipinamalas niya ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng tungkod na naging ahas. Ngunit hindi pa rin sila iniligtas ng Diyos. At ngayon, lahat ng tubig sa Ehipto ay naging dugo. Tiyak na ililigtas na sila ng Diyos ngayon. Ngunit wala pa ring katubusan.

Sa halip, si Faraon ay patuloy na pinatigas ang kanyang puso, kahit habang patuloy na gumawa ng himala ang Diyos. Sa kasunod na himala, ay natakpan ng mga palaka ang buong lupain. Isipin ninyo, naglabasan ang napakaraming palaka para takpan ang buong lupain ng Ehipto!

Exodo 8:6

Iniunat ni Aaron ang kanyang kamay sa tubig sa Ehipto at ang mga palaka ay nag-ahunan at tinakpan ang lupain ng Ehipto.

At sa wakas, may positibong tugon mula kay Faraon.

Exodo 8:8

Nang magkagayo'y tinawag ni Faraon sina Moises at Aaron at sinabi, "Pakiusapan ninyo ang Panginoon na alisin ang mga palaka sa akin at sa aking bayan, at aking papayagang umalis ang bayan upang sila'y makapaghandog sa Panginoon."

Sinabi ni Faraon na papayagan na niya ang mga tao kapag aalisin ng Diyos ang mga palaka. Ang katapusan ay tila malapit na at siguro si Moises ay nakahinga na nang maluwag.

Ngunit, aba, hindi pa iyon ang katapusan. Nang tila mayroon nang silahis ng pag-asa, ay biglang nagbago ang mga pangyayari.

Exodo 8:15

Ngunit nang makita ni Faraon na nagkaroon ng sandaling ginhawa, pinagmatigas niya ang kanyang puso, at hindi niya dininig sila, gaya ng sinabi ng Panginoon.

Ipinakita na ng Panginoon ang Kanyang kapangyarihan nang walang kaduda-duda. Nakita at kinilala na ito ni Faraon. Sinabi na niya: “Papayagan ko nang umalis ang mga tao”, Ngunit ngayon, matapos hilingin ni Moises sa Panginoon na alisin na ang mga palaka, at nang wala na ang mga palaka, ay pinagmatigas uli ni Faraon ang kanyang puso at tumangging palabasin ang mga tao. Kaya ang sitwasyon ay patuloy na mukhang walang pag-asa.

Ang katubusan ay mukhang isang hakbang na lang sana, ngunit nawala pa sa kanilang kamay. Sa pagkakataong ito, si Moises ay maaaring nalito. Maaaring inisip niya, ano pa bang gagawin niya para sila ilitas ng Diyos? Kung tayo ang haharap sa ganitong sitwasyon, manghihina na ba tayo sa puntong ito? Manlulupaypay na ba tayo dahil ang laban ay napakahaba na? Magtatanong na ba tayo kung darating pa ba ang katubusan?

Makikita nating sa paghaharap na ito nina Moises at Faraon ang larawan ng kung paanong ang espirital na digmaan ay maaaring napakahaba, maging kahit sa iisang usapin lang. Ito ay sadyang totoo kapag ang usapin ay mahalaga.

Ang paghaharap nina Moises at Faraon ay hindi lamang isang paghaharap sa pagitan ng mga tao. Si Satanas at ang mga pwersa ng kadiliman ay malalim na kasangkot dito. Dahil ang katubusan ng Israel mula sa Ehipto ay isang mahalagang pangyayari sa pagtupad ng Diyos ng Kanyang mga layunin, kaya’t gagawin ni Satanas ang lahat para biguin ito. Sinabi ng Diyos kay Moises nang ipapataw na Niya ang huling salot sa Ehipto, na Kanyang igagawad ang mga hatol laban sa lahat ng mga diyos ng Ehipto (Exo. 12:12). Isang matinding labanan ang nangyayari sa larangang espirital.

Sa mga pangyayaring ating pinag-aaralan, ay marami pang sunod-sunod na mga pangyayaring espirital na paglalaban ang darating. Sa Exodo 8:24, ay makikita natin ang Diyos na patuloy na ipinapakita ang Kanyang kapangyarihan, ipinadala Niya ang mga insekto para lukuban ang buong lupain at pinsalain ito.

Exodo 8:24

Gayon ang ginawa ng Panginoon, at pumasok ang pulu-pulutong na langaw sa bahay ng Faraon, sa bahay ng kanyang mga lingkod; at sa buong lupain ng Ehipto ay nasira ang lupain dahil sa mga pulu-pulutong na langaw.

Muli, si Faraon ay nagsabing papayagan na niyang umalis ang mga tao (t. 28). At pagkatapos ay hindi na naman siya uli pumayag (t. 32). Mistulang may pagsulong, ngunit ang katapusan ay hindi na naman dumating. Pagkatapos ay nagpataw ang Diyos ng isang matinding peste sa mga hayop ng Ehipto, na lahat ng mga alagang hayop ay namatay (Exo. 9:6). Kasunod ay nakita nating pinagkaroon ng Diyos ng mga pigma ang tao at mga hayop sa buong lupain.

Exodo 9:8-11

8 Sinabi ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, “Dumakot kayo ng isang dakot na abo sa hurno, at isaboy ito ni Moises sa himpapawid sa paningin ni Faraon.

9 Ito’y magiging pinong alabok sa buong lupain ng Ehipto, at magiging pigmaang susugat sa tao, at sa hayop sa buong lupain ng Ehipto.”

10 Kaya’t sila’y kumuha ng abo sa hurno, at tumayo sa harap ni Faraon. Isinaboy ito ni Moises sa himpapawid at naging pigmaang sumusugat sa tao at sa hayop.

11 Ang mga salamangkero ay hindi makatayo sa harap ni Moises dahil sa mga pigma; sapagkat nagkapigma ang mga salamangkero at ang lahat ng mga Ehipcio.

Kahit ang mga salamangkero ni Faraon ay pinahirapan ng mga pigma. Itong malinaw na pagpapamalas na ito ng kapangyarihan at katayugan ng Diyos ay tiyak na magiging kalakasan ng loob ng bayan ng Diyos na sa wakas ay papayagan na sila ni Faraon na umalis. Ngunit ang tunggalian ay hindi pa rin doon natapos.

Bakit pinatagal ang paghihirap

Maaaring lumabas ang tanong na: Bakit kailangang dumaan sa serye ng maraming paghaharap ang mga tao ng Diyos? Hindi ba maaaring iligtas sila ng Diyos sa iisang bugso? Minsan ay hindi natin naiintindihan kung bakit ginagawa ng Diyos ang mga bagay sa isang partikular na paraan. Maaaring hindi natin maunawaan kung anong nangyayari habang tayo ay nasa gitna noon, ngunit pagkatapos ay saka natin maiintindihan. At mayroong mga sitwasyong hindi na nga natin mauunawaan hanggang sa bumalik na ang Panginoon. Anumang mangyari, ay hindi natin maaaring hayaang yanigin ng mga sitwasyong ganito ang ating pananampalataya at pigilan tayo sa mabuting pakikipaglaban ng ating pananampalataya, o sa anumang paraang may hindi magandangepekto sa ating paglakad na kasama ang Diyos. Kapag hahayaan natin, tayo ay mahuhulog sa pakana ng diablo. Bagama't may ilang mga usaping hindi natin lubos na mauunawaan, ay kailangan nating lubos na magtiwala sa Diyos ayon sa ating pagkakilala sa Kanya — na Siya ay mabuti at tapat na Diyos.

Ang Aklat ng Exodo ay nagpapahayag sa atin na ang Diyos ay may mabuting mga dahilan sa pagpapadaan sa mga Israelita sa maraming sunod-sunod na mga paghaharap. Ang mga paghaharap na ito ay hindi nangyari nang walang kabuluhan. Ito ang sinabi ng Panginoon kay Faraon sa pamamagitan ni Moises:

Exodo 9:15–16

15 Sapagkat ngayoy maaari ko nang iunat ang aking kamay upang dalhan ka ng salot at ang iyong bayan, at nawala ka na sana sa lupa.

16 Subalit dahil sa layuning ito ay binuhay kita, upang maipakita sa iyo ang aking kapangyarihan, at ang aking pangalan ay mahayag sa buong daigdig.

Sinabi ng Diyos na maaari na sana Niyang burahin si Faraon at ang mga Ehipcio mula sa ibabaw ng lupa sa isang bugso. Kung ginawa Niya iyon, ang mga Israelita ay kaagad sanang maliligtas. Ngunit sinabi ng Diyos na mayroon Siyang layunin

para sa serye ng maraming mga kumprontasyon. Ganito ang ginawa Niya para ipakita kay Faraon ang Kanyang dakilang kapangyarihan at ipahayag ang Kanyang pangalan sa buong daigdig (t. 16). Ginawa rin Niya iyon alang-alang sa mga Israelita, para ipakitang sa kabila ng kakila-kilabot at matigas ang ulong Faraon na kalaban nila, ay kaya ng Diyos na lupigin siya. Kaya ng Diyos na palayain sila mula sa pagkakaalipin. Ang pagliligtas ng Diyos ay malinaw na nagpapakita ng Kanyang kapangyarihan at kadakilaan. Ipinamamalas din nito ang Kanyang kabutihan at pag-ibig sa Kanyang bayan. Ito ang isa sa pinakamahahalagang mga pangyayari sa kasaysayan ng bayan ng Diyos, na binabalik-balikan ng bayang Israel. Ipinapakita nito sa kanila na ang Diyos na kanilang sinasamba ay Isang maaaring magsagawa ng kamangha-manghang katubusan, at walang imposible sa Kanya. Ito ang layuning itinuturo ng Exodo 10:2.

Exodo 10:2

... at upang iyong maisalaysay sa mga pandinig ng iyong anak, at sa anak ng iyong anak, kung anong mga bagay ang ginawa ko sa Ehipto, at ang aking mga tandang ginawa sa gitna nila, upang inyong malaman na ako ang Panginoon.”

Ito ang layuning hangad ng Diyos na maisakatuparan: “upang inyong malaman na ako ang Panginoon.” Ang serye ng maraming pakikipaglaban ay nakatulong upang ipabatid ang mahalagang katotohanang ito sa isang napakalalim na paraan.

Kung minsan ay hinahayaan ng Diyos na dumaan tayo sa mahabang mga kahirapan dahil mayroong mahalagang mga aral na nais Niyang matutunan natin. Kung nakakakilala tayo, kahit sa gitna man ng mga pangyayari, ay maaari nating maunawaan kung bakit nais ng Diyos na humarap tayo sa mahabang pakikipaglaban.

Ngunit maunawaan man natin o hindi ang ating pinagdaraan, tandaan nating may sariling mga layunin ang Diyos. Tungkol sa pagliligtas ng Diyos sa mga Israelita, ninanais ng Diyos na ang

pagyayaring ito ay maging aral hindi lamang para sa Kanyang bayan noong panahong iyon, kundi pati na rin sa mga salinlahing darating — “upang iyong maisalaysay sa mga pandinig ng iyong anak, at sa anak ng iyong anak.” At tunay nga na ang Exodo ay isang napakahalagang pangyayaring may mahalagang epektong umaabot ng mga daang taon — hindi lamang para sa mga Israelita, bagkus ay pati rin sa iglesya. Sa lahat ng panahon sa kasaysayan ng iglesya, ang mga mananampalataya ay palaging kumukuha ng pagpapalakas ng loob mula sa pangyayaring ito.

Balikan natin ang paghaharap nina Moises at Faraon. Makikita natin ang serye ng kumprontasyon ay nagpatuloy. Sa Exodo 9:23, ay makikita natin ang mga kulog, yelong-ulan at apoy. Sa Exodo 10:14 ay makikita natin ang malaking kawan ng mga balang na dumagsa sa buong lupain ng Ehipto, na higit na marami kaysa anumang naunang pagkakataong ganito. Pagkatapos noon ay isang matinding kadiliman ang lumapag sa lupain ng Ehipto sa loob ng tatlong araw (Exo. 10:21–22). Pagkatapos noon, ay makikita natin ang oras ng Diyos na papalapit.

Magpatuloy sa pananampalataya hanggang sa dulo

Gaya ng sinasabi sa atin ng kabanata 11, ay may isa pang salot.

Exodo 11:1

Sinabi ng Panginoon kay Moises, “May isa pa akong salot na dadalhin sa Faraon at sa Ehipto. Pagkatapos nito ay papahintulutan niya kayong umalis dito. Kapag pumayag na siyang kayo’y umalis, kayo’y itataboy niyang papalayo.”

Ngunit, maging kahit ang katapusan ay papalapit, ang sitwasyon ay tumitindi, mahirap at mapanganib. Bago ang pagpapahayag ng panghuling salot, ay makikita natin si Faraon na palaban pa rin.

Exodo 10:28

Sinabi ng Faraon sa kanya, “Umalis ka sa harap ko! Tiyakin

mong huwag nang makitang muli ang aking mukha, sapagkat sa araw na iyong makita ang aking mukha ay mamamatay ka.”

Si Faraon ay nanatiling matigas ang ulo at hindi sumusuko. Maging kahit sa himala ng matinding kadilimang tumagal ng tatlong araw, si Faraon ay ayaw pa ring matinag. Hindi lamang iyon, sinabi pa niya kay Moises: “Umalis ka sa harap ko! Tiyakin mong huwag nang makitang muli ang aking mukha, sapagkat sa araw na iyong makita ang aking mukha ay mamamatay ka.” Ang Diyos ang nag-utos kay Moises na harapin si Faraon. Kung hindi na maaaring makita ni Moises ang mukha ni Faraon, paano niya maisasakatuparan ang kanyang gawain? Dumaan na si Moises sa maraming mga yugto ng kumprontasyon kay Faraon. Sa bawat pagkakataong si Faraon ay nangakong papayagan na niyang umalis ang mga tao, ay nagbabago siya ng isip. Ang mga bagay ay naging mahirap at nakakapanlumo na para kay Moises. Ang tensyon ay humantong na sa puntong nagbanta na si Faraon kay Moises na Kanyang papatayin ito kapag humarap pa uli ito sa kanya. Kapansin-pansin, na sinambit ni Faraon ang mabangis na bantang ito kay Moises noong bago pa man tiniyak ng Diyos kay Moises na ang katubusan ay mangyayari na. May isang prinsipyo sa espiritwal na pakikidigmang ipinapakita rito. Kung minsan kapag ang digmaan ay malapit nang mapagtagumpayan, ang diablo ay maaaring gumawa ng huling pakikipaglaban. Mahalagang hindi tayo matinag at isuko ang laban sa puntong ganito, dahil kung hindi, ang laban ay matatalo.

Ang huling salot ay dumating na sa wakas, na nagresulta sa kamatayan ng lahat ng mga panganay sa Ehipto (ngunit ang mga anak ni Israel ay hindi ginalaw). Pagkatapos noon ay pinayagan ni Faraon na makalabas ang mga tao. Ngunit, muli, nagbago siya ng isip at inutusan ang kanyang mga kawal na sundan ang tumatakas na mga Israelita, Ngunit patuloy na binantayan ng Diyos ang mga Israelita at inakay sila sa kaligtasan sa pamamagitan ng Dagat na Pula.

Mga Aral

Nais kong kunin ang ilang mga aral na matututunan natin mula sa salaysay na ito sa Aklat ng Exodo.

Nakita natin na ang namamahala sa buong seryeng ito ng mga pangyayari ay ang mga layunin ng Diyos para sa Kanyang bayan. Nakita rin natin na sa kabuuan ng mga pangyayaring ito, ang laban ay sa Panginoon. Habang hinahangad nating mamuhay para sa Panginoon, ay dapat nating isipin, sa kahulihan, na ang Diyos ay may layuning isinasakatuparan. Itinatatag Niya ang Kanyang kaharian, at itatanghal Niya ang Kanyang pangalan. Ang bahagi natin ay makiisa at makipagtulungan sa Panginoon sa pananampalataya at magpatuloy sa gawaing ipinagkatiwala Niya sa atin. Ang Mga Hebreo 10:36 ay nagpapaalala sa atin ng kahalagahan ng pagtitiis.

Mga Hebreo 10:36

Sapagkat kailangan ninyong magpakatatag, upang pagkatapos ninyong gampanan ang kalooban ng Diyos ay tatanggapin ninyo ang kanyang ipinangako.

Hindi tayo dapat umurong kapag nakakaranas tayo ng kahirapan. Kapag umurong tayo ay hindi malulugod ang Panginoon sa atin (Heb. 10:38). Kapag naunawaan natin ang kalooban ng Panginoon, ay dapat tayong magpatuloy gaano man kahirap iyon. Kailangan nating panatilihin ang espiritwal na pagbabantay at ang pagsisikap na kailangan para makalaban tayo ng isang mabuting laban ng pananampalataya. Hindi tayo dapat manlupaypay at panghinaan ng loob kapag tumitindi ang laban at ang mga kahirapan ay dumarami nang parang hindi maubos-ubos. Maging matiyaga, dahil may layunin ang Panginoon. Sa tamang panahon, ay isasakatuparan ng Diyos ang Kanyang mga layunin at hahantong ang labanan sa isang matagumpay na kaganapan.

Bagama't maraming mga serye ng paghaharap sa pagitan nina Moises at Faraon, ang mga bagay ay hindi umiikot-ikot

lang nang walang pagsulong. May tiyak na pagsulong tungo sa minimithing tagumpay.

Kung gaano kahusay na pinagdaanan nina Moises at ng mga Israelita ang iba't-ibang yugto ng pakikipagharap kay Faraon ay ganoon din ito makakaapekto sa pagsulong ng mga bagay-bagay. Maraming nilalayong ituro ang Diyos sa kanilang pinagdaanan. Mahalagang matutunan nila nang husto ang mga iyon. Kapag natuto na sila, ang kanilang relasyon sa Diyos at ang kanilang pagkatao ay lalago at sila ay mas magiging handa para harapin kung anong darating pa.

Sa bawat yugto, dapat tayong tumingin sa Panginoon at isagawa ang Kanyang kalooban nang kasama Siya. Hindi tayo dapat magkaroon ng ganitong ugali: 'Sa Panginoon ang labang ito, kaya Siya ang makikipaglaban nito — at hayaan na lang namin ang mga bagay-bagay na mangyari.'

Dapat tayong makiisa at makipagtulungan sa Kanya, at ito ay maaaring magkaroon ng iba't-ibang mga anyo. Minsan ay makikipagtulungan tayo sa pamamagitan ng aktibong pakikisangkot. Sa ibang pagkakataon, ay makikipagtulungan tayo sa pamamagitan ng panalangin. Sa ating paglilingkod sa Panginoon, ang espiritwal na pakikipaglaban ay dapat asahan. Gawin natin nang mahusay ang ating bahagi upang ang kahihinatnan ay maging maayos din.

Maraming mga bagay sa kasaysayan ng iglesia ang hindi maganda ang *kinahinatnan* dahil ang mga tao ay nagkulang sa katapatan, sa kasigasigan, at sa pagpapatuloy. Bilang resulta, ang bayan ng Diyos ay pumalya sa pagsakatuparan ng maraming mga aspeto ng kalooban ng Diyos.

Isakatuparan ng Diyos ang ilang mga aspeto ng Kanyang kalooban nang walang pakikiisa ng tao. Nang sabihin Niyang: "Magkaroon ng liwanag", ay nagkaroon ng liwanag. Nang sabihin Niyang, "Ang Panginoong Jesus ay muling paparito", Siya ay paparitong muli, anuman ang sabihin o gawin ng tao, kung makiisa man o hindi ang tao.

Ngunit maraming mga bagay sa kalooban ng Diyos kung saan ang pakikiisa ng tao ay makakaapekto sa kahihinatnan. Kung gaano kahusay tutuparin ng tao ang kanyang bahagi at gumawang kasama ng Diyos ay magkakaroon ng kinalaman sa kahihinatnan. Sa Kanyang biyaya, ang Diyos ay maaaring manghimasok at isagawa ang Kanyang mga plano sa kabila ng ating mga kabiguan. Ngunit marami ring mga bagay na hindi naisasakatuparan dahil sa pagpalya ng mga tao.

Sa pagharap natin sa mahirap na sitwasyon, ang mahalagang tanong na dapat itanong ay hindi kung gaano katagal ito matatapos. Ang mahalagang tanong ay: Tayo ba'y nasa tamang landas at nagiging tapat ba tayo? Ang tunay na mga usapin ay: Gaano kadami ang natutunan natin habang dumaraan tayo sa mahirap na sitwasyon? Gaano kadami ang naisakatuparan para sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng buong pangyayari? Ang mga ito ang mas mahalagang itanong. Hindi tayo dapat nagiging abala sa kung gaano katagal ba ang labanan. Totoong may mga bagay na mas mainam kung nagtagal. Sa ganoong mga pagkakataon, ay maaari tayong manalangin na ang Panginoon nawa ay huwag magtagal, na Siya ay kikilos nang mabilisan. Ngunit may mga bagay na mangangailangan ng panahon. Maaaring mga araw, mga buwan o maging mga taon, bago magkaroon ng kalutasan.

Kung tayo ay determinadong manatiling tapat sa Panginoon, tayo ay magiging kasangkot sa espiritwal na pakikidigma sa buong buhay natin sa lupa. Ang mga labanan ay darating na magkakasunod. Mayroong partikular na mga bagay at mga usaping kailangan nating harapin, at ilan sa mga ito ay maaaring napakahirap at magtatagal.

Sa bayang Israel, pagkatapos ng mahabang pakikipagharap kay Faraon, sila ay iniligtas din sa wakas mula sa Ehipto. Ngunit hindi iyon natapos doon. Matapos ang kanilang paglaya, sila ay nagpaikot-ikot sa ilang nang apatnapung taon bago sila nakapasok

sa Lupang Pangako. At matapos makapasok sa Lupang Pangako, ay marami pa ring mga pakikidigmang kinailangan nilang labanan sa lupain ng Canaan.

Para sa atin, alam nating ang ating buong buhay ay magiging serye ng espiritwal na mga laban. Kaya kung meron tayong tamang pananaw, mas iisipin natin ang tungkol sa kung gaano tayo magiging tapat, kaysa gaano kahaba magtatagal ang isang partikular na laban. Kung tayo ay tapat, at tayo ay nakikiisa sa Panginoon, ang laban ay hindi matatapos nang lampas kaysa dapat nitong hangganan.

Sa ating lakad kasama ng Diyos, ay haharap tayo sa maraming mga pagpupunyagi. Kung tayo ay tapat, ang tagumpay ay tiyak, dahil ang tagumpay ay napagwagian na ng ating Panginoong Jesu-cristo sa Krus. At inaangkin natin ang tagumpay na ito at isinasagawa natin ito araw-araw. Maaari tayong magkaroon ng malalim na katiyakan at matibay na kamalayan ng layunin at direksyon sa buhay. Ang ating buhay ay hindi magiging isang mahaba at walang kabuluhang pagpupunyagi.

Habang gumagawa tayong kasama ng Panginoon, ay palalakasin niya ang ating loob at patitibayin tayo. Lalalim tayo sa ating pakikisama sa Kanya at sa kapatiran sa ating buhay iglesya. Gagabayan Niya tayo sa isang patuloy na lumalagong pagpapahalaga at pagkaunawa tungkol sa kung sino Siya at sa mga katotohanan ng espiritwal na larangan. Tutulungan Niya tayong itaguyod ang ating paglago at linangin ang bunga ng Espiritu, tungo sa mas masiglang mga kapahayagan ng buhay-sa-katawan. Ito ang nasa kaibuturan ng mga layunin ng Diyos.

Kungkaya't, sa ating paglakad sa iba't ibang mga pagpupunyagi sa buhay, sa pakikihimok natin sa mga labang kinakaharap natin, sa ating mga indibidwal na buhay at sa pagsasagawa ng buhay-iglesya, ipaalala nating palagi sa ating mga sarili ang pangunahing mga prinsipyong ito at wastong pananaw. Huwag tayong maging kagaya ng mga Israelita, na binigo nang tahasan ang Panginoon

sa napakaraming mga paraan. Huwag tayong magpahayag ng pananampalataya sa Diyos, sa isang pagkakataon, at pagkatapos, sa kasunod, ay manlulupaypay at magrereklamo. Huwag tayong pumalya, dahil ang magiging mga resulta nito ay seryoso. Sa halip, magpatuloy tayo sa pananampalataya, na gumagawang kasama ng Diyos.

Tanong para sa Pagninilay at Talakayan

Magbulay tungkol sa kung paano iniligtas ng Diyos ang mga anak ni Israel mula sa Ehipto. Sa iyong palagay, anong mga aral sa buhay ng pananampalataya ang hinahangad ng Diyos na ituro sa mga Israelita? Anong mga aral ang maaari nating kunin dito para sa sarili nating mga buhay?

Pagka-unawa sa Pagbabagong-loob ni Pablo at Pagtawag bilang isang Apostol

Ito ang ikalawang mensahe sa serye ng *Appearance and Reality*¹. Si Pablo ay isang mahusay na halimbawa ng isang taong may pananampalataya. Ngunit, sa panahong siya ay nagbabagong-loob, siya ay mistulang isang malabong kandidato para sa pagbabago o kumbersyon. Itinalaga niya ang kanyang puso na sirain ang iglesia at ganoon nga ang aktibo niyang ginagawa nang magpakita sa kanya ang Panginoon, at isinakatuparan ang kanyang pagbabago at tinawag siyang maging apostol. Sa maraming mga tao, ay hindi nila maisip na ang ganito ay mangyayari.

Sa mensaheng ito, sisikapin nating maunawaan kung bakit ang mang-uusig na ito ng iglesia at ang “pangunahing makasalanan” ay “biglang” nagbabagong-loob at tinawag ng Diyos na maging isang apostol. Sisikapin nating maunawaan ang puso ni Pablo bago ang kanyang pagbabago, ang kahulugan ng kanyang pagbabagong-loob at ang lalim ng kanyang pagtugon sa Panginoon. Ito ay magbibigay-liwanag sa kung anong bumubuo sa isang taong may pananampalataya at kung paano maging isang taong may pananampalataya. Ang walangtigil na kasigasigan at kasipagan sa pagsasagawa ng kanyang pananampalataya ay isang mabisang patotoo ng kung gaano ang maaaring matapos ng isang taong may pananampalataya para sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang biyaya.

¹Ang mga mensahe sa seryeng *Appearance and Reality* ay matatagpuan sa website na www.godandtruth.com.

Ang mensaheng ito ay isinama sa aklat na ito dahil maaari itong magbigay karagdagan sa ating pagkaunawa tungkol sa taong may pananampalataya at kung anong hinahanap ng Diyos sa isang tao.

Ang panlabas na anyo ay maaaring hindi katulad sa katotohanan. Mayroong ugali ang marami na gumawa ng palagay batay sa panlabas na hitsura.

Sa Juan 7:24, ay tinuturuan tayo ng Panginoong Jesus na huwag humatol ayon sa panlabas na anyo, sa halip ay humatol ng matuwid na hatol. Sa 1 Samuel 16:6–7, ay pinag-ingat ng Diyos si Samuel laban sa pagtingin sa panlabas na kaanyuan, sapagkat Siya ay tumitingin sa puso.

Nang si Moises ay apatnapung taong gulang, ay inisip niyang siya ay handa nang iligtas ang mga Israelita mula sa Ehipto. Ngunit sa katotohanan, siya ay hindi pa handa. Pagkaraan ng apatnapung taon sa ilang, siya ay tinawag ng Diyos para palayain ang mga Israelita mula sa Ehipto. Sa pagkakataong ito, si Moises ay mukhang hindi handa para sa gawain. Ngunit ang katotohanan, siya ay handa na.

Para maging epektibong alagad ng Panginoon, ay kailangan nating maunawaan nang tama ang katotohanan at ang realidad. Ito ay makakatulong sa atin na makita ang mga bagay ayon sa pananaw ng Diyos, makapasok sa pakikisama sa Kanya at kumilos na kasama Niya. Pagkatapos ay maaari tayong tumugon nang maayos sa mga tao at mga sitwasyon, at hindi tayo madadaya o makakagawa ng malaking mga pagkakamali, na maaaring magkaroon ng malubhang mga kahihinatnan sa atin, para sa iba at para rin sa gawain ng Panginoon.

Isaalang-alang natin ang halimbawa ni apostol Pablo. Sisikapin nating maunawaan ang kalagayan ni Pablo bago ang kanyang pagbabagong-loob, ang kanyang bigla at hindi inaasahang pagbabagong-loob, at ang pagkatawag sa kanya bilang apostol sa mga Hentil.

Si Pablo, bago nagbagong-loob — isang marahas na mang-uusig ng iglesya

Bago ang kanyang pagbabagong-loob, si Pablo ay isang kilala at marahas na mang-uusig ng iglesya. Siya ay mistulang walang awa, walang puso at matigas sa katotohanan. Ito ang larawang makukuha natin kapag babasahin natin ang Mga Gawa 8.

Mga Gawa 8:1–3

1 Kasang-ayon si Saulo sa pagpaslang kay Esteban. Nang araw na iyon, sumiklab ang isang malawakang pag-uusig laban sa iglesya na nasa Jerusalem. Maliban sa mga apostol, nagkahiwa-hiwalay ang lahat ng mananampalataya sa buong lupain ng Judea at Samaria.

2 Inilibing si Esteban ng mga lalaking masigasig sa kabanalan. Tumangis sila nang malakas dahil sa kanya.

3 Samantala’y winawasak ni Saulo ang iglesya. Pinapasok niya ang mga bahay-bahay, kinakaladkad at ibinibilanggo ang mga lalaki’t babae.

Si Pablo, na kilala noon bilang Saulo, ay kabilang sa mga madla nang si Esteban ay binabato. Si Saulo ay tagapanood lang noon; siya ay taos pusong sumang-ayon sa pagbato kay Esteban, bagaman si Esteban ay isang mabuti at tapat na alagad ng Panginoong Jesus. Ang pagiging maamo at mapagpatawad na espiritu ni Esteban ay nagningning sa pagtanggap niya ng pagbato sa kanya at sa kanyang panalangin sa Panginoon na patawarin ang mga bumabato sa kanya (Gaw. 7:54–60).

Maging pagkatapos ng kahanga-hangang patotoo ni Esteban at ang mapagbiyayang paraan kung paano niya pinagdaanan ang kanyang pagsubok, si Saulo ay humayo pa rin para wasakin ang iglesya “sa pamamagitan ng pagpasok sa bawat bahay, kinakaladkad ang mga lalaki’t babae, at sila’y ipinapasok sa bilangguan” (Gaw. 8:3) Siya ay masigasig na nagsisikap wasakin ang iglesya. Dahil hindi pa nasiyahan sa pang-uusig at pagpapakulong sa mga Kristiano sa Jerusalem, papunta pa siya sa Damasco nang may nag-aapoy na

sigasig para dakpin ang mga Kristiano sa lunsod na iyon.

Mga Gawa 9:1–2

1 Samantala, sumisidhi ang pagnanais ni Saulo na maipapatay ang mga alagad ng Panginoon. Kaya pumunta siya sa Kataas-taasang Pari.

2 Humingi siya sa Kataas-taasang Pari ng mga sulat para sa mga sinagoga sa Damasco upang kung siya’y makatagpo ng sinumang kabilang sa Daan, maging lalaki o babae, ay dadalhin niyang bihang sa Jerusalem.

Ang isang taong magmamasid sa mga gawa ni Saulo ay malamang na magkakaroon ng iniisip sa kanya na siya ay isang nakakatakot na taong nasa nakakatakot na kalagayan at gumagawa ng nakakatakot na mga bagay. Sa pang-uusig sa mga Kristiano, ay inuusig niya ang Panginoong Jesu-cristo mismo (Gaw. 9:4–5), ang Anak ng Diyos, ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay, ang tunay na Ilaw na dumating sa sanlibutan. Si Saulo ay makatwiran lamang na ilarawan bilang isang kaaway ng Diyos, ng iglesia at ng katotohanan.

Ang biglang pagbabagong-loob at pagtawag kay Pablo

Habang patungong Damasco sa kanyang itinalagang sariling misyon, sa paraang bigla at madula, ay hinarap siya ng Panginoong Jesus at pinatigil siya sa kanyang landas. Si Saulo ay binulag ng isang matingkad na liwanag na lumitaw mula sa langit. Ang sumunod ay ang kaniyang kamangha-manghang pagbabagong-loob.

Mga Gawa 9:3–5

3 Sa kanyang paglalakbay papalapit sa Damasco, biglang kumislap sa palibot niya ang isang liwanag mula sa langit.

4 Bumagsak siya sa lupa at nakarinig ng isang tinig na sa kanya’y nagsasabi, “Saulo, Saulo, bakit mo ako inuusig?”

5 Sinabi niya, “Sino po ba kayo, panginoon?” At siya’y sumagot, “Ako si Jesus na iyong inuusig.

Sa Damasco, si Saulo ay binati ni Ananias, isang alagad ng Panginoon. Nauna rito, si Ananias ay sinabihan ng Panginoon na si Saulo ay ang Kanyang piniling instrumento para dalhin ang ebanghelyo, pareho para sa mga Hentil at sa mga Judio.

Mga Gawa 9:15–16

15 Ngunit sinabi sa kanya ng Panginoon, “Humayo ka. Sapagkat ang lalaking ito ay isang kasangkapang pinili ko upang dalhin ang aking pangalan sa harapan ng mga Hentil at ng mga hari, at ng mga anak ni Israel.

16 Ipapakita ko sa kanya kung gaano karaming bagay ang dapat niyang tiisin alang-alang sa aking pangalan.”

Ang pagbabagong-loob ni Pablo at pagkatawag ay mistulang imposible

Sino ang makakaisip na ang isang taong gaya ni Saulo ay maaaring magbagong-loob nang biglaan? Walang anumang indikasyon na siya ay malapit sa kaharian ng Diyos. Ang lalong hindi kapani-paniwala ay ang katotohanang ang kanyang pagbabagong-loob ay nangyari sa kasukdulan ng kanyang marahas na pang-uusig sa mga Kristiano, dahil siya, nang panahong iyon, ay “may masidhing pagbabanta ng kamatayan laban sa mga alagad ng Panginoon” (Gaw. 9:1).

Mistula ring hindi maarok at hindi maunawaan na ang Diyos ay tatawag ng ganoong kakila-kilabot na mang-uusig ng iglesia para sa isang may matataas katungkulan bilang dakilang apostol sa mga Hentil.

Ang salaysay na ito ng pagbabagong-loob ni Saulo at pagtawag ng Diyos sa Mga Gawa 9 ay naghahain ng dalawang mga tanong:

- Paanong ang isang taong mistulang walang awa, walang puso, matigas at kalaban ng mga Kristiano ay maaaring magbagong-loob nang biglaan, kahit habang walang tigil siyang nang-uusig sa iglesia ng Diyos?

- Paanong nangyari na sa oras ng pagbabagong-loob ni Saulo, ang Diyos ay may pasya na at pinili siyang maging natatanging lingkod at saksi, at dakilang apostol sa mga Hentil?

Di-sapat na mga paliwanag para sa biglang pagbabagong-loob ni Pablo at pagkatawag

Kung titingnan natin ang sitwasyon nang paimbabaw lang, ay maaaring sasagutin natin ang dalawang mga tanong na ito nang ganito:

- Ang pagbabagong-loob ay maaaring mangyari anumang oras, sa kanino mang tao, kahit mistulang hindi kapani-paniwala.
- Ang pangyayaring ito ay nagpapakita ng kamanghamanghang biyaya ng Diyos, na maging ang isang taong nasa kalagayang gaya ng kay Saulo ay maaaring magbagong-loob at mapili para tumupad ng ganoon kahalagang gampanin sa kaharian ng Diyos.
- Ito ay karapatan ng Diyos na pumili ng kung sinuman ang gusto Niyang tumupad ng anumang papel na itinatalaga Niya para sa pagsasagawa ng Kanyang mga layunin. Ito ay kapahayagan ng Kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Ang Kanyang pagpili ay hindi nakasalalay sa anumang mga katangian o mga pagiging karapat-dapat ng taong pinili.
- Ang walang hanggang Diyos ay madalas gumagawa sa mahiwaga at hindi maunawaang mga pamamaraan — mga pamamaraan hindi maaaring maunawaan ng mga taong may hangganan.

Totoo na ang pagbabagong-loob ni Saulo at ang pagkakatalaga sa kanya bilang apostol ay nagpapakita ng mayamang biyaya ng Diyos sa kanya. Totoo rin na ang mga ito ay isang kaphahayagan ng Kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Ngunit ang mga sagot ba sa itaas ay sapat at kasiya-siya? Sa pangyayaring ito, mayroon pa ba tayong maaaring subukang maunawaan mula sa tala ng mga Kasulatan?

Pag-unawa sa kung anong gusto ng Diyos na maunawaan natin

Bilang mga taong may hangganan, may mga limitasyon tayo. Kung minsan, hindi natin maaaring maarok ang mga pamamaraan ng walang-hanggang Diyos. Ngunit, hindi natin ito dapat gamiting dahilan para sa ating kapabayaan at kabiguan. Gusto ng Diyos na tayo ay lumago sa ating pagkakilala sa Kanya at sa Kanyang mga pamamaraan upang tayo ay magkaroon ng may-kalidad na pakikisama sa Kanya at makibahagi nang mas makabuluhan at mabisa sa Kanyang mga layunin.

Maraming ninanais ang Diyos na ituro at ihayag sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Kaya nga dapat nating hanapin Siya nang masigasig, may kasipagan at may kababaang-loob. Ito ay mahalagang kinalaman ng ating pakikipagkaibigan sa Diyos.

Isang malaking dahilan ng ating kabiguang maunawaan nang tama ang mga tao at mga sitwasyon ay ang ating kabiguang matanto ang mga katotohanang nasa kabila ng panlabas na hitsura.

Ang tunay na kalagayan ni Pablo bago ang kanyang pagbabagong-loob

Hangarin nating maunawaan ang tunay na kalagayan ni Pablo bago ang kanyang pagbabagong-loob. Susuriin natin ang dalawang aspeto:

- Siya ba ay totoong walang puso, malupit, laban sa katotohanan at laban sa Diyos?

- Ang kanya bang pagbabagong-loob at pagkatawag ay talagang hindi maaarok?

Para maunawaan kung bakit nagpakita ang Panginoon sa kanya sa daan patungo sa Damasco at bakit Niya siya itinalaga na maging Kanyang apostol sa mga Hentil, ay kailangan nating matanto kung anong nangyayari sa puso ni Pablo. Ito ang pamamaraan ng Diyos: “Tinitingnan Niya ang puso” (1 Sam. 16:7).

Si Pablo ay hindi laban sa Diyos o sa katotohanan

Iniisip ni Saulo na sa pag-usig sa iglesya, siya ay masigasig para sa Diyos. Nagpatotoo siya tungkol dito sa Mga Gawa 22:3–4, nang ipinagtatanggol niya ang kanyang sarili sa mga tao.

Mga Gawa 22:3–4

3 “Ako’y isang Judio na ipinanganak sa Tarso ng Cilicia, ngunit pinalaki rito sa Jerusalem. Sa ilalim ng pagtuturo ni Gamaliel ay mahigpit akong sinanay ayon sa Kautusan ng ating mga ninuno. Masigasig ako sa paglilingkod sa Diyos, tulad ninyong lahat ngayon.

4 Pinag-usig ko ang mga tagasunod ng Daang ito hanggang sila’y mapatay. Ipinagapos ko sila at ipinabilanggo, maging lalaki at babae.

“Aking pinag-usig ang Daang ito hanggang sa kamatayan” ay isang kapahayagan ng kanyang sigasig para sa Diyos. Sa paglaki niya, siya ay nag-aral sa ilalim ng pagtuturo ni Gamaliel, isang tanyag na guro ng Kautusan. May katapatan at kasipagang sinikap niyang sundin ang Kautusan gaya ng pagkaunawa niya roon at nakakapagpatotoo siya sa Filipos 3:6 na siya ay walang kasalanan kung tungkol sa katuwiran ng Kautusan ang pag-uusapan. Bagama’t ang ginawa ni Saulo ay laban sa kalooban ng Diyos, sa kanyang puso, siya ay hindi laban sa Diyos at sa katotohanan. Sa katunayan nga, siya ay tapat na nagsisikap na sundin ang mga utos ng Diyos at maglilingkod nang may kasigasigan sa Kanya.

Ang lagay ng pag-iisip ni Pablo bilang isang Pariseo

Matinding inusig ni Saulo ang mga Kristiano dahil siya ay kumbinsidong hindi sila maaaring sa Diyos. Sa kanya, ang Panginoong Jesu-cristo ay hindi maaaring maging ang Mesiya, o ang Anak ng Diyos, o maging kahit magkaroon man lang ng pahintulot sa Kanya ang Diyos ay hindi maaari. Ang Panginoong Jesu-cristo ay ipinako sa Krus, at “sapagkat ang taong binitay ay isinumpa ng Diyos” (Deut. 21:23). Bilang isang Judiong bihasa sa Kautusan, ay sigurado si Saulo na ang Isang namatay ay hindi maaaring ang Mesiya, ang Tagapagligtas ng sangkatauhan, o maging kapantay ng Diyos, gaya ng inaangkin ni Jesus.

Siguro ay mistulang karumal-dumal sa kanya na inaangkin ng mga Kristiano na Siya na namatay ng isang kahiya-hiyang kamatayan ay bumangon mula sa mga patay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at umakyat sa langit at itinaas pa sa kaluwalhatian. Sa isip niya, itong mga mapamusong na mga taong ito at ang kanilang lisyang mga katuruan ay dapat burahin at ang kanilang isinusulong ay puksain! Hindi sila dapat payagang iligaw ang mga tao!

Gaya ng maraming mga Judio sa kanyang kapanahunan, maaaring inisip ni Saulo na ang tunay na Mesiya ay magiging isang matagumpay at namumunong haring darating bilang tagapagligtas ng Israel. Ang alam ni Saulo tungkol sa Panginoong Jesus ay yaong Siya ay isang mahina at walang magawang tao na ipinako sa krus. Hindi niya maisip na papayagan ng Diyos ang Kanyang Mesiya na mamatay ng isang kalunos-lunos na kamatayan.

Tanging noong pagkaraan ng kanyang pagbabagong-loob lamang niya naunawaan nang malalim na ang Panginoong Jesus ay kusang loob na nag-alay ng Kanyang sarili na isumpa alang-alang sa atin. Sinabi niya ito sa Galatia 3:13.

Galatia 3:13

Subalit si Cristo ay isinumpa para sa atin at tinubos niya tayo mula sa sumpa ng Kautusan. Ayon nga sa nakasulat, “Sumpain ang bawat binibitay sa punongkahoy.”

Makakabuti rin para sa atin na alalahaning si Saulo, bilang isang Pariseo, ay dumaan sa masusing pagsasanay sa Judaismo. Ang ganoong pagsasanay ay nakatutok nang husto sa pagsunod sa mga kautusan ng Lumang Tipan, pag-aalay sa templo at mga tradisyon ng mga Judio at pagpapaliwanag na nabuo at ipinapasa sa loob ng maraming mga taon. Ang buong relihiyon ng Israel noon ay lubhang nakasentro sa paniniwala na ang tao ay maaaring maging matuwid sa Diyos at maligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ritwal at mga tradisyon. Sa ilang mga pagkakataon ay itinuro ng Panginoong Jesus na ang panlabas lang na paggawa ng mga ritwal at mga tradisyong ito, na walang panloob na katotohanan ay hindi sapat. Madalas Niyang sinasaway ang mga Pariseo sa pagdidiin sa istriktong pagtupad ng mga ritwal na ito at mga tradisyon samantalang nilalabag ang tunay na mga prinsipyo ng mga Kasulatan.

Dahil si Saulo ay babad sa pagkaunawa ng Judaismo tungkol sa kaligtasan, ay napakahirap para sa kanya ang unawain at tanggapin ang bagong katuruan tungkol sa kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo at gayundin ang iba pang mga katuruan ng Panginoong Jesu-cristo na ipinapahayag ng mga Kristiano. Si Saulo at ang iba pang mga Judio ay tiyak na nababahala ng bagong katuruang ito ng Panginoong Jesus at ng Kanyang mga alagad.

Ano paman ang ibang mga dahilan sa puso ni Saulo, ay malinaw na inusig niya ang mga mananampalataya hindi dahil laban siya sa Diyos at sa mga daan ng Diyos, kundi dahil siya ay kumbinsidong inililigaw ng mga alagad ang mga tao sa pamamagitan ng maling mga paniniwala at pamamahagi ng maling mga katuruan. Ang pag-usig ni Saulo sa mga Kristiano ay isang babala sa atin na ang isang tao ay maaaring madaya o mailigaw at maaaring gumawa ng matinding maling mga gawa, at iniisip niyang siya ay naglilingkod sa Diyos.

Ang pagsisikap nating unawain ang kalagayan ng puso ni

Saulo ay hindi naglalayong bigyan dahilan o paliitin ang tindi ng kanyang ginawa. May moral siyang kamalian, na kinilala niya sa kanyang sulat kay Timoteo.

1 Timoteo 1:12–15

12 Nagpapasalamat ako sa ating Panginoong Cristo Jesus na nagbigay sa akin ng lakas para dito, sapagkat itinuring niya akong karapat-dapat at hinirang na maglingkod sa kanya.

13 Bagama't ako noon ay lapastangan, nang-uusig, at marahas na tao, kinahabagan niya ako sapagkat nagawa ko ang mga bagay na iyon dahil sa aking kamangmangan nang hindi pa ako sumasampalataya.

14 Sumagana sa akin ang kagandahang-loob ng Panginoon, kasama ang pananampalataya at pag-ibig na nakay Cristo Jesus.

15 Mapagkakatiwalaan ang salitang ito at nararapat tanggapin ng lahat: Dumating si Cristo Jesus sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanang, at ako ang pinakamasama sa lahat.

Sa siping ito, ang tinutukoy ni Pablo ay ang kanyang ginawa bago siya naging Kristiano — na siya ay dating mang-uusig na marahas na sumasalakay sa mga mananampalataya, at ginawa niya ang mga iyon sa kamangmangan ng kawalang-pananampalataya. Noong panahong iyon, ay hindi siya naniniwala sa mga inaangkin ng Panginoong Jesus. Ngunit nang maging Kristiano na siya, ay malalim na pinahalagahan niya ang biyaya ng Diyos sa kanya, na “pangunahin” sa mga makasalanang (t. 15).

Malinaw na si Saulo ay lubhang iba sa isang may masamang intensyon; hindi siya isang ubod ng sama, walang awa, walang puso at matigas na taong laban sa Diyos at sa katotohanan.

Ang malalim na tugon ni Pablo sa pagtawag ng Diyos

Tiningnan ng Diyos si Saulo nang lampas sa mga panlabas na ginawa nito bago ang kanyang pagbabagong loob, at nakita Niya ang dakilang potensyal at mga katangian ng kanyang puso. Alam Niya na kung makikita ni Saulo ang katotohanan at mararanasan

ang pagbibigay ng kakayanan ng Diyos, ay buong puso niyang ibibigay ang kanyang buhay sa Diyos at maglilingkod sa Kanya nang tapat. At gaya ng malinaw na ipinapakita ng mga Kasulatan, hindi niya binigo ang Panginoon.

Sa oras na nakita ni Saulo ang katotohanan ng ebanghelyo, na ang Panginoong Jesus nga talaga ang Tagapagligtas ng sangkatauhan, ay ibinigay niya ang kanyang sarili nang walang pagdadalawang-isip sa Panginoon at sa paglilingkod sa Kanya. Ang mga panloob na katangian ay kaagad na lumitaw, na nagpapakitang ang mga katotohanang natural at ang kanilang potensyal ay naroroon na.

Ang mga mananampalataya ay madalas nagpapahayag ng buong pusong pagbibigay ng sarili sa Diyos at sa paglilingkod sa Kanya, ngunit ang katangian ng kanilang pagbibigay ng sarili ay kadalasang mas mababa kaysa sa nakikita natin kay Pablo. Sa mga Kristiano, ang pananalitang “lubos na pagbibigay ng sarili” o “buong pusong pagbibigay ng sarili” sa Diyos at sa paglilingkod sa Kanya ay madalas na ginagamit nang paimbabaw lang at itinuturing na parang bale wala. Kay Pablo, ang pagbibigay niya ng sarili sa Panginoon at sa paglilingkod sa Kanya ay may napakataas na uri.

Tingnan natin uli ang salaysay sa Mga Gawa 9, nang katagpuin ng Panginoong Jesus si Saulo nang siya ay naglalakbay patungo sa Damasco.

Mga Gawa 9:3–6

3 Sa kanyang paglalakbay papalapit sa Damasco, biglang kumislap sa palibot niya ang isang liwanag mula sa langit.

4 Bumagsak siya sa lupa at nakarinig ng isang tinig na sa kanya’y nagsasabi, “Saulo, Saulo, bakit mo ako inuusig?”

5 Sinabi niya, “Sino po ba kayo, panginoon?” At siya’y sumagot, “Ako si Jesus na iyong inuusig.”

6 Tumayo ka at pumasok sa lungsod, at sasabihin sa iyo ang dapat mong gawin.”

Pansinin natin ang uri ng tugon ni Saulo sa Panginoong Jesus nang oras na nagpakita ito sa kanya. Kaagad niyang kinilala na iyon ay isang mahimalang kapahayagan ng Diyos, kung kaya't kanyang itinanong: “Sino ka Panginoon?” Ang tanong na ito ay nagsasaad na mayroon ditong diwa ng pagpapasakop sa Diyos.

Ito ay mapapatunayan natin sa pamamagitan ng sariling salaysay ni Pablo ng pangyayaring ito.

Mga Gawa 22:6–10

6 “Habang ako’y naglalakbay at papalapit na sa Damasco, nang magtatanghaling-tapat ay biglang kumislap sa aking paligid ang isang matinding liwanag mula sa langit.

7 Bumagsak ako sa lupa, at narinig ko ang isang tinig na nagsasabi sa akin, ‘Saulo, Saulo, bakit mo ako inuusig?’

8 Sumagot ako, ‘Sino po kayo, panginoon?’ At sinabi niya sa akin, ‘Ako’y si Jesus na taga-Nazareth na iyong inuusig.’

9 Nakita ng mga kasamahan ko noon ang liwanag, ngunit hindi nila narinig ang tinig ng nagsalita sa akin.

10 Sinabi ko, ‘Ano po’ng gagawin ko, Panginoon?’ Tumugon siya sa akin, ‘Tumayo ka at pumunta sa Damasco, at sasabihin sa iyo doon ang lahat ng dapat mong gawin.’

Sa talata 8, ay makikita natin si Saulo na nagtatanong ng unang tanong: “Sino po kayo, Panginoon?” Pagkatapos, sa talata 10, ay makikita naman nating nagtanong siya ng ikalawang tanong: “Ano po’ng gagawin ko, Panginoon?” Dito ay muling tinawag ni Saulo si Jesus na “Panginoon” at hinihingi niyang malaman kung anong gusto ng Panginoon sa kanya. Ang kusang-loob niyang tugon sa Panginoon ay isang kapahayagan ng kanyang pagnanais na malaman ang kalooban ng Diyos at pagkatapos ay magpasakop doon. Ito ang tuloy-tuloy na postura o ayos ng buhay ni Pablo at siyang susing katangian ng tunay na pagka-alagad.

Ang ugaling ito ay masasalamain sa huwarang panalanging itinuro ng Panginoong Jesus sa atin: “Sundin ang kalooban Mo.” Ang panalangin ng ating mga puso ay dapat para masunod

ang kalooban ng Diyos. At para mangyari ito, ay dapat muna nating sikaping malaman kung ano ang kalooban ng Panginoon at pagkatapos ay makiisa tayo sa Kanya upang ang Kanyang kalooban ay matupad sa ating mga buhay.

Pagkatapos ng maraming mga taon ng paglilingkod, nang inaalala niya ang pangyayaring ito sa daan patungong Damasco, sa kanyang pagpapatotoo sa harap ni Haring Agripa, ay ipinahayag ni Pablo: “Pagkalipas noon, O Haring Agripa, hindi ako naging suwail sa makalangit na pangitain” (Gaw. 26:19). Ang pagpapahayag na ito na nagpapatotoo sa dalawang tanong ni Pablo: “Sino ka Panginoon?” at “Anong gagawin ko Panginoon?” ay nagpapakita ng malalim na positibong mga katangian ng tunay na pagka-alagad sa puso ni Pablo. Hindi lamang ninana is ni Pablo na malaman ang kalooban ng Diyos, sa halip ay para magpasakop doon at tuparin iyon sa kanyang buhay mula noon. Tunay nga na si Pablo ay napatunayang tapat, masunurin at nagpatuloy sa paggawa ng lahat ng ninana is ng Panginoon sa kanya, at isinakatuparan din niya ang misyon at tungkuling ipinagkatiwala sa kanya.

Sa kabila ng lahat ng mga balakid na nasumpungan niya, ay hindi lumihis si Pablo sa tawag ng Diyos. Dumaan siya sa maraming pagdurusa, mga pasakit, sakit at kahirapan, ngunit nagpatuloy pa rin siya sa kanyang landas. Sa dulo ng kanyang buhay ay nasasabi niya: “Nakipaglaban ako ng mabuting pakikipaglaban, natapos ko na ang aking takbuhin, iningatan ko ang pananampalataya.” Siya ay may katiyakan sa kanyang puso na ang Diyos ay nalugod sa kanyang buhay at gagantimpalaan siya ng “putong ng katuwiran.” (2 Tim. 4:7–8).

Ang uri ng ugali ng isip na inangkin ni Pablo, ang buhay na kanyang ipinamuhay, at ang paraan ng kanyang pagtugon sa Diyos mula sa kanyang pagbabagong-loob, ay nagpapakita ng masipag na pag-asam ng kanyang puso na maglingkod sa Diyos at maging tapat sa Kanya maging bago pa ang kanyang pagbabagong-loob.

Hindi niya kilala ang Panginoon at ang daan ng katotohanan noon, ngunit nang kanyang makilala Siya, ang kanyang puso ay nakatuon sa direksyong iyon.

“Sino ka Panginoon?,” “Anong gagawin ko Panginoon?” “Hindi ako naging suwail sa makalangit na pangitain.” Ang mga tanong at mga salitang ito ang nagsasa-huwaran ng susing mga sangkap ng tunay na pagka-alagad at ng buhay ng pananampalataya: makilala ang Panginoon, ipamuhay ang Kanyang kalooban, at maging tapat sa Kanya hanggang katapusan.

Ang paggawa ng Banal na Espiritu at ang pagpupunyagi ni Pablo
Maaaring iukol ng iba ang tagumpay ng buhay ni Pablo sa paggawa ng Banal na Espiritu. Totoo, na ang Banal na Espiritu ay makapangyarihang gumagawa kay Pablo para palakasin at bigyan siya ng kakayahan na matupad ang lahat ng kanyang ginawa. Ngunit, hindi lamang dahil sa Espiritu ng Diyos na nagpapalakas at gumagawa sa kanya sa natatanging paraan. Kung paano gumawa ang Banal na Espiritu kay Pablo at sa pamamagitan niya ay may kaugnayan sa kanyang malalim na tugon at katapatan sa Diyos. Si Pablo ay maaari sanang hindi naging masunurin sa pagtawag ng Diyos. Ngunit hindi niya ginawa. Sa halip ay nagpagal siya nang buong sipag at nakipaglaban ng mabuting laban ng pananampalataya, at pinagsikapan niyang hikayatin ang lahat ng mga tunay na mananampalataya na kumilos tungo sa direksyong gaya rin ng sa kanya.

Mahalagang matutunan nating magsikap ayon sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na gumagawa sa ating kalooban. Matuto tayo mula sa halimbawa ni Pablo, gaya ng kanyang patotoo sa Colosas 1:29: “Dahil dito’y nagpapagal din naman ako at nagsisikap ayon sa kanyang paggawa na gumagawa sa akin na may kapangyarihan.”

Masusi nating tingnan ang kaugnayan ng pagsisikap ni Pablo at ng mapagbiyayang paggawa ng Diyos sa kanya at sa pamamagitan ng kanyang buhay.

1 Corinto 15:10

Ngunit kung ano ako ngayon, ito ay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, at ang kanyang biyaya para sa akin ay hindi nawawalan ng saysay. Sa halip, ako'y nagsikap nang higit kaysa kanilang lahat, gayunma'y hindi ako, kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin.

Sa pagsasabing “kung ano ako ngayon, ito ay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos”, ang tinutukoy ni Pablo ay hindi lamang ang kanyang nagawang tapusin (i.e. ang sariling gawa), bagkus ay ang kanyang naabot sa espiritwal na paglago (i.e. ang kanyang sarili). Ang biyaya ng Diyos sa kanya ay maaari sanang nawalan ng kabuluhan, ngunit hindi. Kasama ng paggawa ng Diyos, si Pablo ay nagpagal pa lalo — ngunit kasabay nito ay idinagdag niya: “gayunma'y hindi ako, kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin.” Gusto niyang tiyakin na nauunawaan natin na maging ang kanyang masipag na pagpapagal, ay posible lamang sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos na nagbibigay ng kakayanan. Maraming mga tukso, pampagulo, at mga kahirapang maaaring maging dahilan para siya ay manghina, ngunit ang biyaya ng Diyos ang nagbigay ng kakayanan sa kanya na maging tapat sa Diyos at magpatuloy sa Kanyang biyaya.

Ang 1 Corinto 15:10 ay isa sa pinakamalinaw na mga talata sa mga Kasulatan tungkol sa kaugnayan sa pagitan ng bahagi ng Diyos at ng bahagi ng tao sa buhay ng taong may pananampalataya. Ano man ang ating maaabot sa moral at espiritwal na katayuan at anumang maaari nating magawa na may tunay na halaga, ay sa pamamagitan ng mapagbiyayang paggawa ng Diyos sa atin at sa pamamagitan ng ating mga buhay. Kasabay nito, ay dapat nating tuparin ang ating bahagi at makiisa sa Diyos — dahil kung hindi, ang Kanyang mapagbiyayang paggawa sa ating mga buhay ay mawawalan ng kabuluhan.

Ang moral at espiritwal na mga prinsipyong gumagana rito ay gaya rin ng sa ating paglago sa pananampalataya at sa lahat

ng kapahayagan ng tunay na pananampalataya. May bahagi ang Diyos gaya rin ng may bahagi ang tao — ang tao ay dapat tumugon nang positibo sa mapag-biyayang paggawa ng Diyos sa kanyang puso.

Nais ng Diyos na gumawa nang malalim na gawain sa buhay ng lahat ng Kanyang mga anak. Bagaman ang mga kaloob at ang uri ng gawaing ipinagkatiwala sa bawat isa sa atin ay maaaring nagkakaiba-iba, nais Niyang maging tapat tayong lahat at mabungang mga alagad na namumuhay ng saganang buhay kay Cristo. Tinatawag tayo ng Diyos na abutin ang maturidad kay Cristo, sa antas ng ganap na kapuspusang na kay Cristo (Ef. 4:13). Ngunit marami sa atin ang hindi nakakaabot sa uri ng buhay na nilalayan ng Diyos para sa atin. Kaya tumugon tayo sa Kanya nang mas malalim, upang ang Kanyang biyaya sa atin ay hindi mawalan ng kabuluhan.

Dagdag pang paliwanag sa biglang pagbabagong-loob ni Pablo

Dahil nakita na natin ang totoong kalagayan ni Pablo bago ang kanyang pagbabagong-loob at ang kanyang malalim na tugon sa Diyos, ay maaari nating sabihin na ang pagbabagong-loob ni Pablo ay hindi nangyari nang ganoon na lang; at hindi rin ito di-malirip, bagaman walang malinaw na pahiwatig na siya ay magbabagong-loob na. Hindi iyon nangyari nang laban sa buong pag-uugali ng kanyang buhay, gaya ng maaaring nagiging tingin dito ng iba.

Makapangyarihang epekto ng patotoo ni Esteban at iba pang mga Kristyano

Mayroong iba pang aspeto tungkol sa pagbabagong-loob ni Pablo ang kapaki-pakinabang na pag-aralan natin: ang malamang na epekto ng patotoo ng mga inusig ni Pablo, kasama na si Esteban. Narinig ni Pablo ang mga salita at nakita niya ang mga buhay ng tapat na mga alagad na ito, at kung paano nila hinarap ang pang-uusig. Isang totoong pagpapakita ng kapangyarihan ng Banal na

Espiritu ang makikita sa pag-ibig, kagalakan at kapayapaan sa kanilang mga puso, at sa kanilang katapatan sa Diyos sa gitna ng mga pagsubok at pang-uusig.

Ang lakas at tapang na nahayag sa buhay at ugali ni Esteban ay maaaring naging mabisang patotoo. Si Esteban ay puspos ng Espiritu (Gaw. 7:55). Siya ay binigyan ng kapangyarihan ng Diyos na maging isang patotoo sa katotohanan. Ang kanyang mukha ay “gaya ng mukha ng isang anghel” sa mga nakakakita sa kanya (Gaw. 6:15); at habang siya ay binabato hanggang mamatay, siya ay nananalangin sa Panginoon na huwag papanagutin ng malubhang kasalanan ang mga bumabato sa kanya (Gaw. 7:59–60).

Bagaman nasa ilalim ng matinding kalagayan, ang mga mananampalataya ay nanatiling matatag at handang mamatay para sa kanilang pananampalataya. Ang kanilang patotoo ay malamang na nagkaroon ng epekto kay Pablo at nakatulong na maihanda ang kanyang puso para sa kanyang “karanasan sa daan ng Damasco.”

Patotoo ng mga alagad tungkol sa buhay at mga katuruan ni Jesus
Malamang din na si Pablo ay nakarinig ng patotoo ng mga alagad tungkol sa Panginoong Jesus bilang ang Cristo, at tungkol sa Kanyang buhay at katuruan at mga himalang Kanyang ginawa. Maaaring narinig niya sila nang tuwiran o di-tuwiran sa maraming iba’t-ibang mga kapamaranan. Halimbawa, ang mga alagad na inusig ni Pablo, ipinakulong at marahil ay inimestigahan ay nagbigay ng patotoo na nakita nila ang nabuhay na muling si Jesus, isang napakahalagang pangyayari noong panahong iyon.

Ang libingang walang laman at ang Cristong nabuhay na muli
Dagdag pa rito, parang walang mahusay na paliwanag para sa libingang walang laman maliban sa katotohanang si Cristo ay totoong nabuhay na muli. Maaaring inisip ni Pablo ukol sa ilang posibleng paliwanag: Maaari kayang ninakaw ng Kanyang mga alagad ang katawan ni Jesus? Ngunit kung totoong ninakaw nila ang Kanyang katawan, maaari pa ba silang magpatotoo nang may

katiyakan at katapangan tungkol sa isang alam nilang hindi totoo? Gugustuhin ba nilang mamatay para sa isang kasinungalingan? O maaari kayang ang mga otoridad ang kumuha ng katawan ni Jesus? Ngunit kung kinuha nga nila, malamang na ilalabas nila iyon para pasinungalingan ang inaangkin ng mga alagad. O maaari kayang hindi naman talaga siya lubos na namatay, at bumangon siya at tumakas? Paano naman ang malaking batong itinakip sa libingan, at ang mga bantay na nakatalaga doon? Paano Siya nawala nang walang bakas?

Inihahanda ng Diyos ang puso ni Pablo para sa “karanasan sa daan ng Damasco”

Kahit na si Pablo ay matinding nang-uusig pa rin sa mga alagad, malamang ay marami nang mga bagay ang nagdudulot ng pagdududa sa kanyang kalooban. Maaari bang ang mga taong ito ay nagsasabi nga ng katotohanan? Kung hindi ay bakit handa silang mamatay para sa kanilang pananampalataya?

Maaaring ang Banal na Espiritu ay gumagawa na rin sa puso at isipan ni Pablo sa panahong iyon, sa gitna ng lahat ng mga nangyayari. Kaya sa wakas, nang ang nabuhay na muling Panginoon ay nagpakita kay Pablo sa daan patungong Damasco, siya’y tinamaan sa kanyang puso at siya ay nagpasakop sa Panginoon at sa katotohanan. Siya’y nakarinig na ng maraming mga patotoo ngunit hindi nagawang sumampalataya. Ngunit nang ang Panginoong Jesus ang nagpakita sa kanya, ay nalaman niya agad na ang mga alagad ay nagsasabi ng katotohanan — si Jesus ay totoo ngang nabuhay na muli at Siya nga ang Cristo!

Bilang pagsasabuo, ay makatwirang sabihin na sa ilalim ng mapagbiyayang pangangasiwa ng Diyos, ang mga karanasang dinaanan ni Pablo ay naghandang sa kanyang pagbabagong-loob. Kaya, bagama’t sa unang tingin, ang kanyang pagbabagong-loob ay lubhang biglaan, hindi inaasahan at di-malirip, ngunit sa katotohanan, iyon ay hindi.

Mga aral mula sa ating pagninilay sa pagbabagong-loob ni Pablo at pagkatawag

Sa pagninilay natin sa pagbabagong-loob ni Pablo at sa pagkatawag sa kanya bilang isang apostol sa mga Hentil, mayroong ilang mga aral na maaari nating matutunan.

1. Ang kalagayan ng puso ng isang tao bago ang kanyang pagbabagong-loob ay may kaugnayan sa magiging uri ng kanyang pananampalataya at kung siya ba ay magiging isang taong may pananampalataya.

2. Ang lalim ng tugon ng isang tao at ng kanyang katapatan sa Panginoon sa punto ng pagbabagong-loob ay maaaring magbigay sa kanya ng mahusay na simula tungo sa pagiging isang taong may pananampalataya.

3. Ang “matitigas na mga tao” ay maaaring malapit sa kaharian ng Diyos.

Ang mga taong parang matitigas at kalaban ng mga Kristianoat ng pananampalatayang Kristiano ay maaaring hindi naman malayo sa kaharian ng Diyos. Gaya ni Pablo, ang ilan sa kanila, na samantalang nasa kasagsagan ng kanilang paglaban sa paninindigang Kristiano, sa katunayan pala ay malapit sa kaharian ng Diyos. Ngunit totoo rin, na maraming mga kalaban ng Kristianoang talagang malayo sa kaharian ng Diyos. Kaya kapag humaharap tayo sa ganitong mga sitwasyon ay dapat nating unawain kung ano ang katotohanan, at huwag tayong mapigilan dahil sa maling iniisip na nakabatay sa panlabas na kaanyuan.

4. Ang tunay na kalagayan ng isang tao ay maaaring hindi madaling matanto

Ito ay napakatotoo kapag ang panlabas na hitsura ay nagpapakita ng napaka-ibang larawan mula sa mga katotohanang nasa puso. Maraming mga bagay na hindi halata ay maaaring nangyayari sa puso at isipan ng isang tao. Kailangan nating maging alerto at

bukas sa posibilidad na ito, sa halip na maging lubhang kampante tayo sa ating pagtataya ng mga bagay-bagay at gagawa tayo agad ng kongklusyon. Kung minsan, maging ang tao mismo, sa kanyang sarili, ay hindi niya maintindihan kung anong nangyayari.

Ang mahirap sa pag-unawa sa mga bagay na ito ay maaaring isalarawan ng pangunang tugon ng alagad na si Ananias sa utos ng Panginoon sa kanya tungkol kay Saulo.

Mga Gawa 9:10–15

10 Noon ay may isang alagad sa Damasco na ang pangalan ay Ananias. Sinabi sa kanya ng Panginoon sa isang pangitain, “Ananias.” At sumagot siya, “Narito ako, Panginoon.”

11 Sinabi sa kanya ng Panginoon, “Tumindig ka at pumunta sa lansangang tinatawag na Tuwid. Ipagtanong mo sa bahay ni Judas ang isang lalaking taga-Tarso na may pangalang Saulo. Sa sandaling ito’y nananalangin siya.

12 Nakita niya sa pangitain ang isang lalaking ang pangalan ay Ananias. Pumapasok ito at ipinapatong ang mga kamay sa kanya upang muli siyang makakita.”

13 Ngunit sumagot si Ananias, “Panginoon, marami na po ang nagbalita sa akin tungkol sa lalaking ito, kung gaano katindi ang kasamaang ginawa niya sa iyong mga hinirang na nasa Jerusalem.

14 Mayroon siyang pahintulot mula sa mga punong pari na igapos ang lahat ng mga tumatawag sa iyong pangalan.”

15 Ngunit sinabi sa kanya ng Panginoon, “Humayo ka. Sapagkat ang lalaking ito ay isang kasangkapang pinili ko upang dalhin ang aking pangalan sa harapan ng mga Hentil at ng mga hari, at ng mga anak ni Israel.

Mula sa salaysay sa itaas, makikita natin na ang debotong si Ananias ay nag-aalangan nang utusan siya ng Panginoon na pumunta kay Saulo at magministeryo sa kanya. Maiintindihan natin ang dahilan kung bakit si Ananias ay nababahala at nag-aatubili, dahil alam niya ang nakakatakot na reputasyon ni Saulo. Bukod doon, iyon ay mistulang mapanganib na misyon para kay

Ananias. Hindi niya maisip ang katotohanan ng sitwasyon at ang kalagayan ng puso ni Saulo nang panahong iyon. Ngunit nang tahasang utusan na siya ng Panginoon, siya ay sumunod.

5. Ang susi sa pagka-unawa sa tunay na kalagayan ng isang tao ay ang subukang matanto kung ano ang naroon sa kanyang puso. Ang ating pamamaraan ay dapat umuunawa sa ipinahihiwatig na mga pag-iisip at inaasam ng tao at hindi ang paggawa agad ng kongklusyong batay lang sa panlabas na kilos. Kung hindi, ang ating kongklusyon ay maaaring maging mali at nakakapinsala. Kailangan nating matanto ang uri at lakas ng positibong mga pag-iisip at mga inaasam sa puso ng isang tao. Kasabay nito, ay kailangan din nating maunawaan ang kaseryosohan ng negatibong mga aspeto at ugaling naroon at ang antas ng kasalanan at pananagutan ng tao. Ang mga ito ang susing larangan na kailangang pagtuunan kaysa ang mga panlabas na inuugali ng tao.

Ang pagkilala sa tamang pamamaraan ay kapaki-pakinabang, ngunit maaaring maging mahirap pa rin para sa atin na malaman ang tunay na kalagayan dahil maaaring hindi natin maarok kung anong nangyayari sa puso ng tao. Kaya hindi tayo dapat maging padalos-dalos, adelantado o sobrang-tiwala. Kung tayo ay mapanalanginin, tayo ay tutulungan ng Panginoon, at mas maliit ang posibilidad na tayo ay makagawa ng malaking pagkakamali. Magkaroon tayo ng pansamantalang iniisip at patuloy na suriin ito habang ang mga bagay-bagay ay nasisiwalat. Sa pagdaan ng panahon at sa liwanag ng karagdagang paglago, ang mga bagay-bagay ay maaaring maging mas malinaw. Habang tayo ay lumalago sa maturidad at sa ating pakikisama sa Panginoon, ay maaari tayong umunlad sa ating kakayanang makatanto nang mas mahusay.

6. Ang positibong epekto ng mga Kristiano ay maaaring hindi maging halata

Ang gawi at patotoo ng mga Kristiano, kabilang si Esteban at iba pang inusig o naobserbahan ni Saulo, ay maaaring hindi halatang

may naging positibong epekto sa kanya. Sa katunayan, mukha pa ngang lalong nagpagalit kay Saulo at naging dahilan para lalo niyang usigin ang mga Kristiano. Ngunit maaaring ang totoo, ay naging dahilan ang mga ito para mabawasan ang kanyang paglaban sa sumasampalatayang Kristiano, at yun ay naghanda sa kanya para sa pagbabagong-loob.

Sa ating pagnanais na maging tapat na mga saksi para sa Diyos, kung minsan, ay maaaring parang wala tayong positibong epekto sa iba, o maaaring magmukha pa ngang napapagalit natin sila. Huwag tayong mag-isip na dahil mukhang wala tayong positibong epekto, ay wala na nga talaga. Ngunit kailangan din nating maging maingat na ang ating mga buhay at gawi ay hindi talaga nakakapigil sa iba sa pagpasok sa kaharian ng Diyos.

Sa pangkalahatan, ang pagbabagong-loob ng isang tao ay hindi lamang dahil sa isang partikular na karanasan o pangyayari. Maraming mga bagay ang maaaring nangyayari sa kanyang buhay. Iyon ay isang nagpapatuloy na proseso, at sa pagsulong nito, ang mga patotoo ng tapat na mananampalataya ay maaaring nakadagdag sa natapos na positibong kahihinatnan.

Sa pamamagitan ng kanilang mga tapat na pamumuhay at mga salita, ang mga mananampalataya ay maaari ring nakakatulong ng malaki sa uri ng tugon sa pagbabagong-loob. Kapag ang patotoo ay malakas, ang posibilidad ng isang may uring pagbabagong-loob ay mas malaki. Matapos maging Kristiano, ang isang tao ay maaaring magbalik-tanaw at ituro ang positibong epekto ng mga Kristianong nakasalamuha niya na ang mga buhay ay kanyang nasaksihan, maging kahit yaong mga nasaksihan niya mula sa malayo.

Kaya hindi natin dapat isipin na ang ating mga buhay ay walang positibong epekto sa iba dahil lang parang ganoon ang tingin natin. Bagama't ang tugon ng isang tao sa Diyos ay isang bagay ng personal na pagpili, ganonpaman, ay mahalagang tayo, bilang mga ilaw ng sanlibutan, ay magsikap maging tapat sa Diyos dahil napakahalaga,ng ating patotoo sa iba.

Sa gayunding paraan, hindi rin tayo dapat mag-isip na mayroong dakilang epekto sa iba ang ating mga buhay dahil lang sa parang ganoon nga. Sila ay maaaring nagsasalita lang ng mga paimbabaw na salita dahil sa kagandahang-asal, ngunit wala namang malalim na tugon ng puso.

7. Ang tapat na patotoo ng mga Kristyano ay maaaring may positibong epekto sa iba hindi lamang sa punto ng pagbabagong-loob, bagkus ay maging pagkatapos ng pagbabagong-loob.

Pagkatapos ng pagbabagong-loob, ang isang tao ay maaari pa ring magnilay sa uri ng patotoong kanyang naobserbahan sa mga buhay ng mga mananampalataya. Ito ay maaaring maging isang pagkukunan ng lakas ng loob at makapag-ambag nang malaki sa kanyang espiritwal na pagsulong maging kahit matagal nang natapos ang pangyayari. Ngunit kapag ito ay mababang uri, ang epekto ay malamang na kakaunti rin.

Halimbawa, malamang na hindi makakalimutan ni Pablo ang buhay at patotoo ni Esteban at ng iba pang tapat na mga alagad at ang kanilang kahandaang magdusa para sa Panginoon. Sila ay maaaring naging pampalakas ng loob sa kanya na maging masigasig at tapat at maaaring nakatulong na maihanda siya para sa isang buhay ng pagdurusa para sa pananampalataya.

Alam ng Panginoon mula sa simula na ang ministryong nilayon Niya para kay Pablo ay kasama ang maraming mga pagdurusa. Sinabi ng Panginoon kay Ananias sa Mga Gawa 9:15–16 na si Pablo ay hindi lamang isang “piniling instrumento” ng Diyos, bagkus ay isang magdurusa rin nang lubos para sa Kanyang pangalan.

Sa mga huling taon, ay sumulat si Pablo tungkol sa bahagi at pagiging makabuluhan ng pagdurusa sa buhay Kristiano. Sa Filipos 1:29, ay ipinapahayag ni Pablo na ang pagdurusa ay isang karangan: “Sapagkat ipinagkaloob sa inyo alang-alang kay Cristo, hindi lamang ang manampalataya sa kanya, kundi ang magdusa rin alang-alang sa Kanya,” Itinuturo niya na ang

pagdurusa para sa Panginoon ay maaaring maging makabuluhang karanasan para sa tapat na mga Kristiano:

Filipos 3:10

Ang naisin ko'y makilala siya at ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay at makibahagi sa kanyang mga pagdurusa, at matulad ako sa kanya maging sa kanyang kamatayan,

Colosas 1:24

Ikinagagalak ko ngayon ang aking mga pagdurusa para sa inyo, at sa pamamagitan ng aking katawan ay nadaragdagan ko ang anumang kakulangan sa mga paghihirap ni Cristo alang-alang sa kanyang katawan, ang iglesya.

Sa kanyang sulat sa mga taga-Corinto, ay ipinaliwanag na mabuti ni Pablo ang prinsipyo ng pagdurusa at kamatayan at kung paano ito nagbubunga ng buhay sa iba:

2 Corinto 4:8-12

8 Kabi-kabila ang pagpapahirap sa amin, ngunit hindi kami nadudurog; nalilito ngunit hindi nanlulupaypay;

9 pinag-uusig, ngunit hindi pinababayaan; pinababagsak, ngunit hindi nawawasak.

10 Dala-dala namin sa katawan ang kamatayan ni Jesus, upang mahayag din sa aming katawan ang buhay ni Jesus.

11 Sapagkat kaming nabubuhay ay laging nabibingit sa kamatayan dahil kay Jesus, upang ang kanyang buhay ay mahayag sa pamamagitan ng aming katawang may kamatayan.

12 Kaya't ang kumikilos sa amin ay kamatayan, ngunit sa inyo naman ay buhay.

Malamang na natutunan ni Pablong mapahalagahan ang kahulugan at layunin ng pagdurusa sa buhay-Kristiano hindi lamang sa pamamagitan ng kanyang personal na karanasan, kundi mula rin sa pagmamasid at sa pagpapalakas ng loob

ng mga positibong halimbawa ni Esteban at iba pang mga mananampalataya.

8. Ang tunay na taong may pananampalataya ay magpapatuloy at tatakbo sa takbuhang nang mahusay hanggang matapos niya ang kanyang takbuhin sa lupa.

Ang buhay at tapat na ministryo ni Pablo, mula sa kanyang pagbabagong-loob hanggang sa katapusan ng kanyang panahon sa lupa ay isang mahusay na paglalarawan ng puntong ito at isang mabisang patotoo ng kung gaano maaaring gumawa ang Diyos sa buhay at sa pamamagitan ng isang taong may pananampalataya.

Pangwakas na mga pananalita

Sa mensaheng ito ay sinikap nating unawain ang pagbabagong-loob ni Pablo at ang pagkatawag sa kanya bilang isang apostol. Ang mga pangyayaring ito sa kanyang buhay ay maaaring magmukhang biglaan at hindi maintindihan dahil siya ay dating isang marahas at walang awang mang-uusig ng iglesia bago ang kanyang pagbabagong-loob. Ngunit, gaya ng sinuri natin, si Pablo, sa katotohanan ay masigasig na naghahangad na maglingkod sa Diyos at sumunod sa Kanyang kautusan. Tiningnan ng Panginoon si Pablo nang lampas sa mistulang laban-sa-Diyos at laban-sa-Kristianong paninindigan niya. Alam Niya ang totoong kalagayan ng puso ni Pablo at ang positibong mga katangiang nasa kanya. Nakatulong ito para maunawaan natin ang panghimasok ng Panginoon sa buhay ni Pablo na nauwi sa kanyang pagbabagong-loob at sa pagkatawag niya bilang isang apostol. Pinatotohanan ni Pablo ang tiwala ng Diyos sa kanya. Sa kanyang pagbabagong-loob, siya ay naging isang tapat na alagad ng Panginoon. Siya ay masipag na nagpagal sa paglilingkod sa Panginoon at hindi niya tinanggap ang biyaya ng Diyos nang walang kabuluhan. Si Pablo ay naging mahusay na halimbawa ng isang taong may pananampalataya.

Natutunan natin dito na ang motibong nasa likod ng ating panlabas na ginagawa ay mas mahalaga kaysa sa panlabas na gawa mismo. Sa kahulihan, ang Diyos ay mas tinitingnan ang tungkol sa kung anong nasa ating mga puso. Ngunit, huwag nating bigyang ng katwiran ang mga hindi tamang ginagawa sa pamamagitan ng pagsasabing, “Ang saloobin ng aking puso ay tama; ang panlabas na ginagawa ay hindi mahalaga.” Bagaman ang panlabas na anyo ay hindi laging sumasalamain sa katotohanan, ang ating panlabas na asal ay madalas dumadaloy mula sa kung anong nasa loob ng ating puso at naghahayag ng tunay nitong kalagayan. Makakatulong ito para maunawaan natin ang ating mga sarili at ang iba.

Nakita natin na ang tapat na patotoo ng mga alagad ni Cristo sa harap ng matinding pang-uusig ay malamang na nagkaroon ng positibong epekto sa buhay ni Pablo, kahit na sa panlabas, ay nagpatuloy siyang nang-usig sa mga Kristiano. Maaaring kinilos nito ang puso ni Pablo at nakatulong na maihanda siya sa pagtanggap sa Panginoong Jesus. Maaaring nakatulong ito nang husto sa tapat na ministryo ni Pablo bilang isang apostol kalaunan.

Huwag tayong mapigilan ng panlabas na anyo, sa halip ay matuto tayong magpatuloy sa tapat na paglilingkod at patotoo sa katotohanan. Mayroong mga taong mukhang matitigas sa katotohanan ngunit ang totoo sila ay malapit sa kaharian ng Diyos. Kapag maipapamuhay natin nang mahusay ang ating mga buhay ay maaari tayong magkaroon ng epekto sa iba, kahit parang hindi ganoon. Huwag tayong mawalan ng pag-asa. Kapag pag-iibayuhin natin nang buong puso ang ating mga buhay para sa Panginoon, ay lalong magiging mabisa ang epekto ng ating mga buhay sa espiritwal na larangan.

Nais ng Diyos na gumawa nang malalim na gawa sa ating mga buhay upang tayo ay mamungang lalo. Gaya ni Pablo, magpasakop tayo nang lubos sa Diyos at matuto tayong magsikap ayon sa Kanyang kapangyarihan at gabay.

Mga tanong para sa pagninilay at talakayan

1. Paano nakatulong sa iyo ang mensaheng ito para maunawaan mo ang puso ni Pablo bago ang kanyang pagbabagong-loob, ang kahulugan ng kanyang pagbabagong-loob at ang lalim ng kanyang tugon sa Panginoon?
2. Paano nakatulong sa iyo ang mensaheng ito para maunawaan kung anong mga meron sa taong may pananampalataya at paano magiging isang tao ng pananampalataya?
3. Ano ang maaari nating matutunan mula sa pagbabagong-loob ni Pablo at sa pagkatawag sa kanya bilang isang apostol sa mga Hentil?

Si Jose bilang isang Alipin at Bilanggo

Ito ang Ika-13 mensahe sa seryeng *Appearance and Reality*¹. Gaya ni apostol Pablo, si Jose ay isang natatanging taong may pananampalataya. Makikita natin ito nang malinaw sa tala ng kanyang buhay sa mga Kasulatan noong siya ay isang alipin at bilanggo sa Ehipto.

Ang mensaheng ito ay isinama rito sa aklat na ito upang makatulong sa atin na magkaroon ng mas malalim na pagkaunawa sa kung paano tayo maaaring lumakad sa pamamagitan ng pananampalataya at makasunod nang mahusay sa lahat ng mga pagkakataon, kabilang na ang mga sitwasyong madalas nating itinuturing na mga labis na hindi nakabubuti at miserableng kalagayan. Marami tayong matututunan mula sa kung paano nagtiwala si Jose sa Diyos at dumaan sa mahirap na panahong ito sa kanyang buhay.

Panimula

Karamihan sa atin ay nakakaalam ng kwento ni Jose. Marami sa atin ang mula pagkabata ay nakarinig ng kanyang mga tagumpay. Kapag naiisip natin siyang maayos ang kalagayan, ang naiisip natin ay ang kanyang tagumpay bilang mataas na tagapamahala sa buong Ehipto. Ngunit paano noong panahong siya ay aliping ipinagbili sa lupain ng Ehipto? At paano noong panahong siya ay bilanggo?

¹Ang mga mensahe sa seryeng *Appearance and Reality* ay matatagpuan sa website na www.godandtruth.com.

Sa mensaheng ito ay sisikapin nating pag-aralan ang mga karanasan ni Jose mula sa dalawang mga pananaw: Una, kung ano ang hitsura ng pinagdaanan niya, at ikalawa, ang katotohanan ng kanyang mga karanasan sa buhay sa kabila ng mga panlabas na hitsura.

Paboritong anak ni Israel

Ang unang ilang mga talata ng Genesis 37 ay nagsasalaysay ng pagmamahal ni Israel (kilala rin bilang si Jacob) para kay Jose. Ang pagmamahal ni Israel para kay Jose ay nagpasiklab ng selos at pagkamuhi ng mga kapatid ni Jose sa kanya:

Genesis 37:3–4, 11

3 Minahal ni Israel si Jose nang higit kaysa lahat niyang anak, sapagkat siya ang anak ng kanyang katandaan at siya’y gumawa ng isang mahabang damit na kanyang suot.

4 Nakita ng kanyang mga kapatid na siya’y minahal ng kanilang ama nang higit kaysa lahat niyang mga kapatid; at siya’y kinapootan nila at hindi sila nakipag-usap nang payapa sa kanya.

11 At ang kanyang mga kapatid ay nainggit sa kanya, subalit pinag-isipan ng kanyang ama ang bagay na iyon.

Sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid ang tungkol sa kanyang panaginip kung saan ang mga bigkis ng trigo ng kanyang mga kapatid ay yumukod sa kanyang bigkis. Sinabi rin niya sa kanila ang tungkol sa isa pang panaginip kung saan ang araw at buwan, at labing-isang mga bituin ay yumukod sa kanya. Alam ng kanyang mga kapatid na ang mga panaginip ay nagsasaad na si Jose, balang araw, ay magiging mas mataas sa kanila at maghahari sa kanila (Gen. 37:5–10). Ito ay nagbunsod sa kanila para lalo pang mamuhi kay Jose (t. 5), at nagpakana sila ng masamang plano laban sa kanya.

Genesis 37:18–28

18 Kanilang natanawan siya sa malayo, at bago siya nakalapit

sa kanila ay nagsabwatan sila laban sa kanya na siya'y patayin. 19 At sinabi nila sa isa't isa, "Tingnan ninyo, dumarating ang mahilig managinip.

20 Halikayo, patayin natin siya at itapon natin sa isa sa mga balon, at ating sasabihin, 'Nilapa siya ng isang masamang hayop;' at tingnan natin kung anong mangyayari sa kanyang mga panaginip."

21 Subalit nang ito ay narinig ni Ruben, kanyang iniligtas siya sa kanilang mga kamay, at sinabi, "Huwag nating patayin."

22 Sinabi ni Ruben sa kanila, "Huwag kayong magpadanak ng dugo. Ihulog ninyo siya sa balong ito na nasa ilang, subalit huwag ninyong pagbuhatan ng kamay;" upang siya'y kanyang mailigtas sa kanilang kamay at maibalik sa kanyang ama.

23 Nang dumating si Jose sa kanyang mga kapatid, siya'y kanilang hinubaran ng kanyang mahabang damit na kanyang suot.

24 Kanilang sinunggaban siya at inihulog sa balon. Ang balon ay tuyo at walang lamang tubig.

25 Pagkatapos ay umupo sila upang kumain ng tinapay; at sa pagtingin nila ay nakita nila ang isang pulutong na mga Ismaelita na nanggaling sa Gilead kasama ang kanilang mga kamelyo at may dalang mga pabango, mga mabangong langis, at mga mira na kanilang dadalhin sa Ehipto.

26 At sinabi ni Juda sa kanyang mga kapatid. "Anong ating mapapakinabang kung patayin natin ang ating kapatid, at ilihim ang kanyang dugo?"

27 Halikayo, atin siyang ipagbili sa mga Ismaelita, at huwag natin siyang pagbuhatan ng kamay, sapagkat siya'y ating kapatid, at ating laman." At pinakinggan siya ng kanyang mga kapatid.

28 Dumaan ang mga mangangalakal na mga Midianita; at kanilang iniahon si Jose sa balon, at siya'y ipinagbili sa mga Ismaelita sa halagang dalawampung pirasong pilak. At dinala nila si Jose sa Ehipto.

Ang unang plano ng kanyang mga kapatid ay patayin siya. Ngunit hindi ito ipinahintulot ng Panginoon. Sa halip ay ipinagbili na lang siya ng kanyang mga kapatid sa mga

Midianitang mangangalakal. Ipinagbili naman siya uli ng mga Midianita kay Potifar, isang opisyal sa Ehipto. At ganoon naging alipin si Jose sa Ehipto.

Genesis 37:36

Samantala, ipinagbili siya ng mga Midianita sa Ehipto kay Potifar, isang pinuno ni Faraon na kapitan ng bantay.

Alipin at bilanggo sa Ehipto

Isinalaysay ng Genesis 39 ang kasaysayan ng buhay ni Jose bilang isang alipin sa Ehipto, at kung paano siya naging bilanggo.

Genesis 39:1–20

1 Noon ay dinala si Jose sa Ehipto, at binili siya ni Potifar sa mga Ismaelita na nagdala sa kanya roon. Si Potifar ay pinuno ni Faraon, na kapitan ng bantay at isang taga-Ehipto.

2 Ang Panginoon ay naging kasama ni Jose, at siya'y naging lalaking maunlad. Siya'y nasa bahay ng kanyang among taga-Ehipto.

3 Nakita ng kanyang amo na ang Panginoon ay kasama niya, at ang lahat ng ginagawa ni Jose ay umuunlad sa kanyang kamay.

4 Kaya't nakatagpo si Jose ng biyaya sa paningin niya at ginawa niyang kanyang katulong. Ipinamahala niya kay Jose ang bahay niya at ang lahat niyang pag-aari ay inilagay sa kanyang pangangasiwa.

5 Mula nang panahon na si Jose ay pamahalain sa kanyang bahay at sa lahat ng kanyang pag-aari, pinagpala ng Panginoon ang bahay ng taga-Ehipto. Ang pagpapala ng Panginoon ay dumating sa lahat ng kanyang pag-aari, sa bahay at sa parang.

6 Kaya't ipinamahala niya ang lahat niyang pag-aari sa kamay ni Jose, at hindi siya nakikialam sa anumang bagay maliban sa tinapay na kanyang kinakain. Si Jose ay matipuno at makisig na lalaki.

7 Pagkatapos ng mga bagay na ito, tinitigan si Jose ng asawa ng kanyang panginoon at sinabi, "Sipigan mo ako."

8 Subalit siya'y tumanggi at sinabi niya sa asawa ng kanyang panginoon, "Tingnan mo, ang aking panginoon ay hindi nakikialam sa akin tungkol sa anumang bagay na nasa bahay,

at lahat ng kanyang pag-aari ay ipinamahala sa aking kamay.

9 Walang sinumang dakila kaysa akin sa bahay na ito; walang anumang bagay ang ipinagkait sa akin, maliban sa iyo, sapagkat ikaw ay kanyang asawa. Paano ngang magagawa ko itong malaking kasamaan at kasalanan laban sa Diyos?”

10 Kahit nakikiusap siya kay Jose araw-araw, ay hindi siya pumayag na siya’y sumiping o makisama sa kanya.

11 Subalit isang araw, nang siya’y pumasok sa bahay upang gawin ang kanyang gawain at walang sinumang tao sa bahay,

12 siya’y pinigilan niya sa pamamagitan ng kanyang suot, na sinasabi, “Sipingan mo ako!” Subalit naiwan ni Jose ang kanyang suot sa kamay niya, at siya’y tumakas papalabas ng bahay.

13 Nang makita niyang naiwan ang kanyang suot sa kamay niya at tumakas sa labas ng bahay,

14 siya’y tumawag ng mga tao sa kanyang bahay, at sinabi sa kanila, “Tingnan ninyo, ang aking asawa ay nagdala sa atin ng isang Hebreo upang tayo’y tuyain. Pinasok niya ako upang ako’y sipingan, at ako’y nagsisigaw nang malakas.

15 Nang marinig niyang ako’y nagtaas ng tinig at nagsisigaw, naiwan niya ang kanyang suot sa aking tabi at tumakas, at lumabas ng bahay.”

16 Pagkatapos ay iningatan niya ang kasuotan ni Jose hanggang sa pagdating ng kanyang amo sa kanyang bahay.

17 Sinabi niya sa kanya ang mga salita ring ito, na sinasabi, “Pinasok ako ng aliping Hebreo na iyong dinala sa atin, upang tuyain ako.

18 Nang nagtaas ako ng aking tinig at ako’y nagsisigaw, kanyang naiwan ang suot niya sa aking tabi at tumakas na papalabas.”

19 Nang marinig ng kanyang amo ang mga sinabi ng kanyang asawa, na sinasabi, “Ganito ang ginawa sa akin ng iyong alipin;” ay nag-alab ang kanyang galit.

20 Kinuha si Jose ng kanyang panginoon at inilagay sa bilangguan, sa lugar na pinagkukulungan ng mga bilanggo ng hari.

Tingnan natin ang nangyari kay Jose mula sa dalawang mga pananaw: (a) Kung anong parang tingin sa kalagayan ng

pinagdaraan niya, at (b) Ang katotohanan ng kung anong pinagdaraan niya

Kalagayan — kung anong tila pinagdaraan ni Jose

May limang magkakaugnay na mga puntong gusto kong gawin tungkol sa pananaw na ito:

a. Si Jose ay tila masama ang kinasadlakan, dahil siya ay bumaba mula sa pagiging paboritong anak tungo sa pagiging isang alipin at pagkatapos ay isang bilanggo.

Sa panlabas na anyo, si Jose ay masama ang kinasadlakan. Mula sa pagiging mahal na anak ng kanyang amang si Jacob, siya ay naging alipin sa isang banyagang lupain — mababa ang kalagayan, walang anumang personal na kalayaan, at kailangang gawin ang nais ng kanyang panginoon.

At pagkatapos ay ibinaba pa siya lalo mula sa pagiging alipin ay naging bilanggo. Bagama't walang kasalanan, siya ay itinuring na kriminal.

b. Siya ay mistulang nasa isang miserableng katayuan at kalagayan, dahil siya ay di-makatarungan at malupit na trinato ng kanyang sariling mga kapatid at pagkatapos, ay ng asawa ng kanyang panginoon.

Una, dahil sa pagseselos, trinato siya nang hindi makatarungan at may kalupitan ng kanyang mga kapatid.

Genesis 37:4, 11

4 Nakita ng kanyang mga kapatid na siya'y minahal ng kanilang ama nang higit kaysa lahat niyang mga kapatid; at siya'y kinapootan nila at hindi sila nakipag-usap nang payapa sa kanya.

11 At ang kanyang mga kapatid ay nainggit sa kanya ...

Siya ay ipinagbili nila sa Ehipto — malayo sa kanilang tahanan, mga kaibigan at kapaligiran. Bilang alipin sa Ehipto, siya ay mistulang nasa miserableng katayuan at kalagayan.

Ikalawa, nang tumanggi siyang pagbigyanang pang-aakit ng asawa ng kanyang panginoon, si Jose ay inakusahan nito ng pagtatangkang halayin siya. Dahil sa pag-aakusa sa kanya ng asawa ng kanyang panginoon, si Jose ay ipinabilanggo. Ang buhay niya ay tila lalo pang lumala — mula sa pagiging alipin ay naging bilanggo dahil sa maling paratang.

Itinala ng Awit 105 ang kanyang pagdurusa:

Awit 105:16–18

16 At siya'y nagdala ng taggutom sa lupain;

Binali niya ang bawat tungkod ng tinapay,

17 siya'y nagsugo ng isang lalaki sa unahan nila,
si Jose na ipinagbili bilang alipin.

18 Ang kanyang mga paa ay sinaktan ng mga tanikala,
siya'y nalagyan ng tanikalang bakal;

Ang paglalarawan dito sa awit ay nagpipinta ng isang tila kaawa-awang larawan ni Jose.

c. Siya ay mistulang isang walang magawang biktima ng mga pangyayari at masasamang pakana ng ibang mga tao.

Ang kanyang mga kapatid mismo ang nagbenta sa kanya sa pagkaalipin. Bilang alipin ay sinubukan niyang ipamuhay nang maayos ang kanyang buhay at nakasumpong siya ng pabor sa kanyang panginoon. Ngunit, ang pabor na ito ay sandali lang. Dahil sa maling paratang ng asawa ng kanyang panginoon, siya ay ipinatapon nito sa bilangguan. Gaya ng pangyayari nang siya ay ipinagbili bilang isang alipin, si Jose ay wala uling nagawa para pigilan ang kawalan ng katarungang ginawa sa kanya.

Si Jose ay tila isang walang magawang biktima ng mga pangyayari, at ng masamang mga pakana at disenyo ng iba.

d. Ang sitwasyon ay mistulang lubhang hindi nakabubuti at walang katuturan.

Nang una ay pinaboran si Jose ng kanyang panginoong si Potifar.

Genesis 39:3–4

3 Nakita ng kanyang amo na ang Panginoon ay kasama niya, at ang lahat ng ginagawa ni Jose ay umuunlad sa kanyang kamay.

4 Kaya't nakatagpo si Jose ng biyaya sa paningin niya at ginawa niyang kanyang katulong. Ipinamahala niya kay Jose ang bahay niya at ang lahat niyang pag-aari ay inilagay sa kanyang pangangasiwa.

Ngunit, si Potifar, kalaunan ay naniwala sa pag-akusa ng kanyang asawa at ipinatapon si Jose sa bilangguan.

Genesis 39:19–20

19 At nangyari, na pagkarining ng kanyang panginoon ng mga sinabi sa kaniya ng kanyang asawa, na sinasabi, Ganitong paraan ang ginawa sa akin ng iyong alipin; ay nag-alab ang kanyang galit.

20 At dinala ng kanyang panginoon si Jose, at inilagay sa bilangguan, sa dakong na pinagkukulungan ng mga bilanggo ng hari: at siya'y natira roon sa bilangguan.

Si Jose ay tila ipinakulong nang walang tiyak na haba ng panahon. Ang pangyayaring iyon ay maaaring nagdulot ng kawalan ng pag-asa kay Jose, lalo na kung siya ay ipinakulong dahil sa pagiging tapat sa Diyos, sa pagtanggong mahulog sa tukso at kasalanan. Siya ay ginawan ng masama, ngunit wala siyang kakayahang ipagtanggol ang sarili.

Kasunod nito, ay tinulungan ng Diyos si Jose para ipaliwanag ang mga panaginip ng tagapagbigay ng alak at ng panadero, na mga kapwa niya bilanggo. Sinabi ni Jose sa tagapagbigay ng alak na siya ay ibabalik ng Faraon sa kanyang katungkulan. Hiniling ni Jose sa tagapagbigay ng alak, kapag naibalik na siya sa kanyang trabaho, na tulungan siyang makalabas sa bilangguan. Ngunit maging ang pagsilay ng pag-asa para siya makalaya ay mistulang naglaho dahil nakalimutan ng tagapagbigay ng alak ang kalagayan ni Jose at hindi nito nasabi sa Faraon ang tungkol sa hindi makatarungan niyang pagkakabilanggo.

Genesis 40:14–15

14 Subalit alalahanin mo ako kapag ikaw ay napabuti na, at hinihiling ko sa iyo na gumawa ka ng mabuti sa akin, at banggitin mo ako sa Faraon, at ako'y ilabas mo sa bahay na ito.

15 Sapagkat ako'y tunay na ninakaw sa lupain ng mga Hebreo, at dito naman ay wala akong ginagawang anoman upang ako'y ilagay nila sa bilangguan

Genesis 40:23

Gayonma'y hindi na naalala si Jose ng puno ng mga katiwala ng saro, kundi nakalimutan siya.

Lumipas ang mga araw at ang mga buwan, si Jose ay nanatiling nakabilanggo — sa loob pa uli ng dalawang buong taon (Gen. 41:1)

Ang buhay ay tila walang katuturan kapag ang isang tao ay dumaranas ng kawalan ng katarungan, at ang mga pagsisikap na magbago ang mga pangyayari ay nagiging walang kinahihinatnan, at walang pag-asang natatanaw.

e. Ang kanyang buhay bilang isang alipin at isang bilanggo ay mistulang nasa labas ng kalooban at mga layunin ng Diyos.

Hindi madaling magpatuloy nang maayos sa gitna ng mahabang pasakit at pagdurusa. Kapag alam nating ang pasakit at pagdurusa ay kakabit ng mabisang paglilingkod sa Diyos, ay maaaring mas madali nating pasanin ang mga ito. Ngunit kapag hindi natin nakikita ang anumang malinaw na kaugnayan nito sa mabisang paglilingkod sa Diyos, ang pagtitiis ng mga ito ay maaaring mas mahirap. Ang ganoong pagdurusa ay maaaring magmukhang walang katuturan, nasa labas ng kalooban ng Diyos, at hindi makakatulong sa pagtupad ng mga layunin ng Diyos. Ito ay lalong totoo kapag ang sitwasyon ay tila lumalala pang lalo, gaya ng kaso ni Jose — mula sa pagdurusa bilang isang alipin tungo sa pagdurusa bilang isang bilanggo. Ang pagdurusang dinanas ni Jose ay mistulang walang katuturan.

Kapagtayo ay dumaan sa kaparehong mga sitwasyon — bagama't madalas ay hindi naman kasintindi ng kay Jose — tayo ay madaling

manlupaypay, at nag-iisip na ang mga ito ay hindi kanais-nais na mga sitwasyong ayaw natin.

Katotohanan — kung ano ang talagang dinaranas ni Jose

Ano nga ba talaga ang katotohanan? Paano ba tinitingnan ng Diyos ang pinagdaanan ni Jose? Ano ang tunay na pananaw? Ano ang may halaga?

May dalawang punto akong nais gawin: (1) Ang Panginoon ay kasama ni Jose, at (2) Ang moral at espiritwal na tugon ni Jose ay positibo.

Sa pagninilay natin sa dalawang mahalagang mga puntong ito, ay makikita natin na ang hitsura ng mga bagay-bagay kapag tinitingnan natin sa pamamagitan ng likas at pansamantalang pananaw ay maaaring lubhang magka-iba mula sa katotohanan kapag tiningnan natin sa espiritwal at eternal na pananaw.

1. Ang Panginoon ay kasama ni Jose

Sa buong panahon ng pagsubok, ang Panginoon ay kasama ni Jose, nagbabantay sa kanya, gumagawa para sa kanya at tumutulong sa kanya. Ito ay mahalagang punto.

Tingnan natin ang kahanga-hangang pahayag sa mga Kasulatan na siyang pambungad sa pagsisimula ng buhay ni Jose bilang alipin sa Ehipto.

Genesis 39:2

Ang Panginoon ay naging kasama ni Jose, at siya'y naging lalaking maunlad. Siya'y nasa bahay ng kanyang among taga-Ehipto.

Sa *margin* ng NASB, ay sinasabing ang “matagumpay” ay maaari ring isalin na “masagana.” Sa gitna ng mahihirap na mga kalagayan, habang si Jose ay isang alipin, ang Panginoon ay kasama niya, at siya ay naging matagumpay o masaganang tao!

Mababasa natin uli na nang si Jose ay itinapon ng kanyang panginoon sa bilangguan, ang Diyos ay kasama niya at anuman ang kanyang ginawa, ay pinagpala ng Panginoon at pinasagana.

Genesis 39:21, 23

21 Subalit kasama ni Jose ang Panginoon at nagpakita sa kanya ng tapat na pag-ibig, at pinagkalooban siya ng biyaya sa paningin ng bantay sa bilangguan.

23 Hindi pinakialaman ng bantay sa bilangguan ang anumang bagay na nasa pamamahala ni Jose sapagkat ang Panginoon ay kasama niya. Ano mang kanyang ginagawa ay pinagpapala ng Panginoon.

Pansinin ang dalawang mga pahayag — “ang Panginoon ay kasama ni Jose, kaya siya ay naging isang matagumpay na tao” (39:2) at “ang Panginoon ay kasama niya; ano mang kanyang ginawa, ay pinasasagana ng Panginoon” (39:23) — ay ginawa sa pagsisimula ng buhay ni Jose sa Ehipto, noong siya ay isang alipin at pagkatapos ay isang bilango.

Kapag gusto nating maunawaan kung paano nakakasunod ang isang tao, anong tinitingnan natin? Ang mga kalagayan at mga pangyayaring dinaraan ba ng tao? Kung paano ba siya tinatrato? Paano ba tinitingnan ng Panginoon kung paano nakakasunod ang isang tao? Ano ang pananaw ng Biblia?

Itinuturo sa atin ng mga Kasulatan na hindi mahalaga kung si Jose ay isang alipin o isang bilango. Ang talagang mahalaga ay yung ang Panginoon ay kasama niya. Ito ang totoong mahalaga.

Pansinin din ang paraan kung paano ito nakasulat sa mga Kasulatan. Ang sabi ay: “Ang Panginoon ay kasama ni Jose kaya siya ay naging isang matagumpay na tao.” Ang salitang “kaya” ay nagsasabi sa atin kung paano naging isang matagumpay na tao si Jose. At itinuturo rin tayo nito sa saligan ng tunay na tagumpay — ang pagsama ng Panginoon kay Jose.

Ang pag-iisip ng mundo ay lubhang kakaiba. Hindi ituturing ng mundo na matagumpay at sumasagana ang isang taong ipinagbiling alipin sa isang banyagang lupain at pagkatapos ay ipinatapon sa isang bilangguan dahil sa maling paratang. Sa halip ay titingnan nila siya na nakakaawa at nasa isang miserableng kalagayan.

Gusto ng Panginoon na matuto tayong tumingin sa mga

bagay-bagay nang may tamang pananaw. Ito ay nangangailangan ng pagbabago ng isip — na natututong umunawa ng mga usapin mula sa pananaw ng bibliya.

Sinasabi sa atin ng Genesis 39:20 na si Jose ay ipinatapon sa bilangguan. Ang kanyang kalagayan ay mistulang lumala. Ngunit sinasabi ng talata 21 na hindi ito ganoon. “Ngunit ang Panginoon ay kasama ni Jose.” Ang “ngunit” dito ay nagsasabi sa atin na ang katotohanan ng sitwasyon ay iba sa kung ano ang hitsura nito. Ang Panginoon ay kasama ni Jose at ito ang mahalaga.

Pagnilayan natin ang katotohanan at isipin kung paano ito malapit na nakakabit sa katotohanang ang Panginoon ay kasama ni Jose. Limang kaugnay na mga punto ang gusto kong ibigay. Ang mga puntong ito ay kasalungat ng naunang limang mga puntong pinag-isipan natin sa pananaw ng kung anong pinagdaanan ni Jose.

a. Samantalang si Jose ay mukhang hindi maayos ang kalagayan, sa katotohanan, siya ay mahusay na nakakasunod

Genesis 39:2

Ang Panginoon ay naging kasama ni Jose, at siya’y naging lalaking maunlad. Siya’y nasa bahay ng kanyang among taga-Ehipto.

Ang katotohanan, siya ay naging matagumpay at masaganang tao sa mata ng Panginoon. Ang presensya ng Panginoon kay Jose ang mas importante sa kanyang pagpapatuloy kaysa sa masasamang karanasan sa ng kanyang buhay.

b. Si Jose ay hindi miserable ang katayuan o kalagayan

Paanong si Jose ay magiging nasa miserableng katayuan o kalagayan gayong ang Panginoon ay kasama niya? Ang Diyos ang pinagmumulan ng liwanag, kaaliwan, kagalakan at kapayapaan, at Siya ang nagbibigay ng kahulugan sa ating mga buhay. Hindi ka maaaring masadlak sa miserableng katayuan kung ang Diyos na pinaka-makapangyarihan sa lahat ay kasama mo, nagbabantay sa iyo at nagsasagawa ng lahat ng mga bagay.

Sinasabi sa atin ng Genesis 39:21 na ang Panginoon ay kasama ni Jose at nagpaabot ng kabaitan sa kanya at nagbigay sa kanya ng pabor sa paningin ng pinuno ng bilangguan. Sabi ng talata 3 na ang kanyang panginoon ay nakakitang ang Panginoon ay kasama niya at ang Panginoon ang nagpala ng lahat ng kanyang mga ginawa para magtagumpay.

Malinaw na si Jose ay hindi miserable ang katayuan.

c. Si Jose ay hindi isang walang magawang biktima ng mga pangyayari o mga pakana ng mga tao

Bagaman si Jose ay nagdusa nang husto mula sa masamang gawa ng iba, siya ay hindi isang walang magawang biktima. Ito ay dahil ang Panginoon ay nagbabantay sa kanya, gumagawa para sa kanya at pinangangasiwaan ang gawa ng mga tao.

Habang ang Panginoon ay nagbabantay at gumagawa para sa isang tao, ay walang maaaring mangyari sa kanya at walang sinuman, maging ang diablo o ang masasamang mga tao, ang maaaring gumawa ng anumang bagay sa kanya na hindi ipinahintulot ng Diyos. Ang mga sitwasyong dinaraan niya ay magkakaroon ng kahulugan at layunin. Kung siya ay tutugon nang mahusay, ang kanyang tugon ay magiging parte ng isang makabuluhang bahagi ng pagsasakatuparan ng mga layunin ng Diyos para sa kanyang buhay.

Halimbawa, nakita natin na ang mga kapatid ni Jose ay pumalya sa kanilang planong patayin siya, sapagkat hindi ipinahintulot ng Panginoon na mangyari ito. Ngunit ipinahintulot ng Panginoon na siya ay maipagbili sa Ehipto bilang isang alipin, at ipatapon sa bilangguan. May dahilan ito. Ito ay naging bahagi ng plano ng Diyos para siya ay makaabot sa isang mataas na katungkulan sa Ehipto. Sa pagpapatuloy ni Jose sa pagtitiwala sa Diyos, siya ay lumago sa katayuan bilang isang tao ng pananampalataya. Ang pinagdaanan niya ay nakatulong na maging mas nakakaunawa sa ibang nasa mahirap na mga kalagayan. Ang karanasang ito ay magbibigay ng kakayahan sa kanya para magampanan ang

kanyang mga tungkulin nang mas mahusay kapag siya ay naging ikalawang-pinakamataas na pinuno sa Ehipto.

Kapag hinahayaan ng Diyos ang mga tao para apihin tayo o hayaan na ang mahirap na mga sitwasyon ay dumating sa atin, ang mga ito ay hindi kanais-nais sa atin. Ngunit tayo ay hindi walang magawang mga biktima sa mga sitwasyong ito. Ang Diyos na pinakama-kapangyarihansalahat ay nagbabantay sa mga iniibig Niya, na lumalakad na kasama Niya.

d. May layunin at kabuluhan sa pinagdaanan ni Jose

Ang presensya ng Panginoon kay Jose ay nagbigay ng kabuluhan at layunin sa kanyang buhay, at anuman ang pinagdaanan niya, ay hindi siya dapat mawalan ng loob. Kung ang Panginoon ay kasama natin, at nalulugod sa ating mga buhay, ay bibigyan din Niya tayo ng kabuluhan at layunin sa buhay. Ito ay kailangang katotohanan na dapat nating maunawaan.

Diyos at hindi mga pangyayari o mga tao, ang nagbibigay sa atin ng kabuluhan at layunin. Ano man ang pagdaanan natin, ay laging mayroong kabuluhan, direksyon at layunin habang lumalakad tayong kasama ng Diyos. Maiwawala lamang natin ang mga ito kapag tayo ay manlupaypay at pipiliing sumuway sa Panginoon. Ngunit kung patuloy tayong lalakad na kasama ang Diyos, magtitiwala sa Kanya at tapat sa Kanya, ay lagi Niya tayong aakayin sa landas ng makabuluhan at may layuning buhay.

Sinasabi sa atin ng Panginoong Jesus na ibinibigay Niya ang Kanyang kapayapaan sa atin, at gusto Niya tayong magkaroon ng kalubusan ng kagalakan sa Kanya (Jn.14:27; 15:11). Ang kapayapaan at kagalakan ay dumarating mula sa Panginoon, at ang mga sirkumstansya ay hindi maaaring makapag-alis nito. Kapag pananatilihin natin ang ating pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos, ay maaari tayong magkaroon ng hindi natitinig na kapayapaan at kagalakan.

e. Ang buhay ni Jose bilang isang alipin at bilanggo ay nasa loob ng kalooban at mga layunin ng Diyos

Minarapat ng Diyos na si Jose ay ipagbili bilang alipin sa Ehipto at pagkatapos ay ipatapon sa bilangguan. Nang si Jose kalaunan ay nasa mataas na katungkulan na bilang ikalawang-pinakamataas sa Ehipto, siya ay mahusay na nangasiwa ng mga kalakaran ng lupain at nagawa niyang mapakain ang marami, kabilang na ang kanyang pamilya, sa panahon ng taggutom. Kinilala ni Jose na ang Diyos ang nagpadala sa kanya sa Ehipto para sa layuning ito.

Genesis 45:4–8

4 Kaya't sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid, "Lumapit kayo sa akin." At sila'y lumapit, at kanyang sinabi, "Ako'y si Jose na inyong kapatid, na inyong ipinagbili upang dalhin sa Ehipto.

5 Ngayon huwag kayong magdalamhati o magalit sa inyong mga sarili sapagkat ako'y ipinagbili ninyo rito; sapagkat sinugo ako ng Diyos na una sa inyo upang magligtas ng buhay.

6 Sapagkat ang taggutom ay dalawang taon na sa lupain; at limang taon pang hindi magkakaroon ng pagbubukid o pag-aani man.

7 Sinugo ako ng Diyos na una sa inyo upang magpanatili para sa inyo ng mga matitira sa daigdig at upang panatilihing buhay para sa inyo ang maraming nakaligtas.

8 Kaya't hindi kayo ang nagsugo sa akin dito, kundi ang Diyos, at ginawa niya ako bilang ama kay Faraon, at bilang panginoon sa kanyang buong bahay, at tagapamahala ng buong lupain ng Ehipto.

Lahat ng mga ito ay bahagi ng pagsasagawa ng Diyos ng Kanyang mga layunin. Nakatali rito ang intensyon ng Diyos para kay Israel na bumaba sa Ehipto.

Genesis 46:2–4

2 Ang Diyos ay nagsalita kay Israel sa mga pangitain sa gabi, at sinabi, "Jacob, Jacob." Sumagot siya, "Narito ako."

3 Kanyang sinabi, "Ako ang Diyos, ang Diyos ng iyong ama;

huwag kang matakot na pumunta sa Ehipto sapagkat doo'y gagawin kitang isang dakilang bansa.

4 Ako'y pupuntang kasama mo sa Ehipto, at muli rin kitang ibabalik; at isasara ng kamay ni Jose ang iyong mga mata.”

Ipinaalam ng Diyos kay Abraham, maraming taon bago ang tagpong ito, na ito ay magaganap.

Genesis 15:13–16

13 Sinabi ng Panginoon kay Abram, “Tunay na dapat mong malaman na ang iyong binhi ay magiging taga-ibang bayan sa lupaing hindi kanila, at sila’y magiging mga alipin doon, at sila’y pahihirapan sa loob ng apatnaraang taon;

14 ngunit ang bansang kanilang paglilingkuran ay aking hahatulan; at pagkatapos ay aalis sila na may malaking ari-arian.

15 Subalit ikaw ay payapang tutungo sa iyong mga ninuno, at ikaw ay malilibing sa panahong lubos na ang iyong katandaan.

16 Sa ikaapat na salin ng iyong binhi, muli silang babalik rito sapagkat hindi pa nalulubos ang kasamaan ng mga Amoreo.”

Sinabi ng Diyos kay Abraham na ang kanyang mga inapo ay bababa sa isang banyagang lupain kung saan sila ay pagmamalupitan at aalipinin sa loob ng apatnaraang taon. Pagkatapos noon sila ay ilalabas sa Ehipto nang may maraming mga ari-arian at ibabalik sa Canaan. Ang propesiyang ito ay natupad nang ilabas ng Diyos ang Israel mula sa Ehipto para bumalik sa Canaan nang may maraming ari-arian, matapos ang apatnaraang taong ng pagkaka-alipin sa Ehipto.

At sinabi ng Panginoon na “Sa ikaapat na salin ng iyong binhi, muli silang babalik rito sapagkat hindi pa nalulubos ang kasamaan ng mga Amoreo.” Nilayon ng Diyos para sa mga Israelita na kalaunan ay manirahan sa lupain ng Canaan. Ngunit hindi pa panahon noon. Kaya sila ay kinailangang pumunta sa Ehipto hanggang sa tamang panahon ng kanilang pagbabalik.

Ipinadala ng Diyos si Jose sa Ehipto at hinayaang maging

isang alipin at mabilanggo. Lahat ng mga pangyayaring ito ay kumikilos sa direksyon ng pagtupad ng plano ng Diyos at mga layunin para sa Israel.

Awit 105:16–19

16 At siya'y nagdala ng taggutom sa lupain;
binali niya ang bawat tungkod ng tinapay,
17 siya'y nagsugo ng isang lalaki sa unahan nila,
si Jose na ipinagbili bilang alipin.
18 Ang kanyang mga paa ay sinaktan ng mga tanikala,
siya'y nilagyan ng kuwelyo na bakal;
19 hanggang sa ang kanyang salita ay maganap;
siya ay sinubok ng salita ng Panginoon.

Hindi malinaw kung gaano ang naunawaan ni Jose tungkol sa kahulugan ng kanyang mahirap na kalagayan bilang isang alipin at bilanggo. Maaaring naguluhan pa nga siya noon. Ngunit ang mahalagang bagay ay: Ang Panginoon ay kasama ni Jose at nalugod sa kanya. May plano ang Diyos at layunin para sa kanyang buhay, bagaman maaaring hindi niya natanto ang lubos na isinasaad noon. Samantalang itinuon ni Jose ang kanyang sarili sa pagiging tapat sa Panginoon, ay maaari siyang makatiyak na may kabuluhan at layunin ang pinagdaraanang niya.

Gayundin, ang kailangan sa atin ay ang ating katapatan sa Diyos. Tiyakin natin na tayo ay lumalakad na kasama Niya at masunurin sa Kanya. Sa ganoon ay makakatiyak tayo na ang Kanyang kamay ay sasaatin at magkakaroon ng kahulugan at layunin ang ating buhay. Samantalang maaaring makakatulong na maunawaan natin ang pinagdaraanang natin sa gitna ng mahirap na sitwasyon, ang ganoong pagkaunawa ay pampangalawa lang ang kahalagahan.

Para kay Jose, bagama't ang panlabas na mga pangyayari ay tumuturo sa kabaliktaran, siya, sa katotohanan, ay nasa gitna ng plano at mga layunin ng Diyos para sa kanyang buhay. Ang Diyos ay mayroong mahalagang papel para kay Jose, na kanyang

gagampanan sa pagsasagawa ng Kanyang mga layunin, at napakahalagang panatilihin ni Jose ang kanyang pananampalataya sa Diyos sa gitna ng mahirap na mga kalagayan.

Dadalhin tayo nito sa ikalawang mahalagang punto: ang pasya ni Jose sa buhay.

2. Ang moral at espiritwal na tugon ni Jose ay positibo

Tingnan natin ang maaari nating matutunan mula sa mga ugali at pamamaraan ni Jose.

a. Tinanggihan ni Jose ang kasamaan at ayaw magkasala laban sa Diyos

Nang ang asawa ng panginoon ni Jose ay patuloy na nagtangkang akitin siya, ay tinanggihan ni Jose ang mga pang-aakit nito. Ang isang binata sa kalagayan ni Jose ay maaaring madaling mahulog sa tukso. Ngunit si Jose ay handang manindigan, kahit pa man maaaring alam niya na ang pagtangga niya sa asawa ng kanyang panginoon ay maaaring magresulta sa pagkagalit nito sa kanya.

Genesis 39:9

“Walang sinumang dakila kaysa akin sa bahay na ito; walang anumang bagay ang ipinagkait sa akin, maliban sa iyo, sapagkat ikaw ay kanyang asawa. Paano ngang magagawa ko itong malaking kasamaan at kasalanan laban sa Diyos?”

Para kay Jose, ito ay isang moral na usapin. Alam niyang makakagawa siya ng isang malaking kasamaan kung nagpadaig siya sa tukso.

Nang hawakan ng asawa ng kanyang panginoon ang kanyang damit ay iniwanan ni Jose ang kanyang damit at tumakas sa kanyang presensya.

Iniisip ng iba na karuwagan ang pagtakas. Ngunit hindi ganito ang kaso rito. Nangangailangan ng matatag na paninindigan para sa isang tao ang paglayo sa isang nakakatuksonag sitwasyon. Kung minsan, ang tamang hakbang ay agarang paglayo sa eksena. Ito

ang ginawa ni Jose. Nanindigan siya para sa katotohanan sa pamamagitan ng pagtakas mula sa tukso.

Ang pangyayaring ito ay kapaki-pakinabang na paglalarawan ng prinsipyo ng pagtakas sa imoralidad na idinidiin ni Pablo sa 1 Corinto 6:18.

1 Corinto 6:18

Layuan ninyo ang pakikiapid. Ang bawat kasalanang nagagawa ng isang tao ay nasa labas ng katawan; ngunit ang nakikiapid ay nagkakasala laban sa kanyang sariling katawan.

Pinili ni Jose na maging moral na matuwid; pinili niyang maging tapat sa Diyos sa halip na bigyang-layaw ang mga kasiyahan ng laman. Sinabi niya: “Paano ngang magagawa ko itong malaking kasamaan at kasalanan laban sa Diyos?” Bagama’t alam ni Jose na sisirain niya ang pagtitiwala ng kanyang panginoon kung pumatol siya sa pang-aakit ng asawa nito, ngunit mas iniisip niyang huwag magkasala laban sa Diyos kaysa sa kanyang panginoon.

Madalas, ang pumipigil sa atin sa pagkakasala ay ang takot sa parusa, ang pagsang-ayon ng iba, ang pagkasira ng ating reputasyon, at ang masasamang mga kahihinatnan at sakit na maaaring idulot sa atin ng kasalanan. Ngunit hindi ang mga ito ang pangunahing inisip ni Jose. Mas isinaalang-alang ni Jose ang moral na kahulugan ng kanyang asal, ng pagsunod sa Diyos at ng kanyang patotoo para sa Diyos sa harap ng mga tao.

b. Hindi hinangad ni Jose ang kanyang sariling karangalan, sa halip ay ang kaluwalhatian ng Diyos.

Noong si Jose ay nasa bilangguan, ang Faraon ay may panaginip na walang makapag-paliwanag. Nang marinig niyang maaaring ipaliwanag iyon ni Jose, ay inilahad niya kay Jose ang kanyang panaginip.

Genesis 41:15–16

15 At sinabi ng Faraon kay Jose, “Ako’y nanaginip at walang makapagpaliwanag nito. Nabalitaan ko na pagkarinig mo ng isang panaginip ay naipapaliwanag mo.”

16 Sumagot si Jose sa Faraon, na sinasabi, “Hindi ako, ang Diyos ang sasagot sa kapayapaan ng Faraon.”

Sinabi sa kanya ni Faraon: “Nabalitaan ko na pagkarinig mo ng isang panaginip ay naipapaliwanag mo.” Pansinin ang pagdidiin sa “mo” — “naipapaliwanag mo.” Ito na sana ang pagkakataon ni Jose na magpahanga ang Faraon. Maaari niyang makuha ang pabor ng Faraon at matamo ang kanyang kalayaan mula sa bilangguan.

Habang ang Faraon ay nakatutok sa kakayahan ni Jose na magpaliwanag ng mga panaginip, ay ibinaling ni Jose ang atensyon nito sa Diyos, sa halip na sa kanya, na sinasabi: “Hindi ako, ang Diyos ang sasagot sa kapayapaan ng Faraon.” Gusto ni Jose na magkaroon ng tamang pagkaunawa si Faraon at tampulan ng atensyon. Gusto niyang ang kaluwalhatian ay sa Diyos ibigay, at hindi sa kanya. Sa mata ng iba ay itinaas niya ang Panginoon, hindi ang kanyang sarili.

Itinuon muli ni Jose ang atensyon ni Faraon sa Diyos sa mga talata 25 at 32.

Genesis 41:25

Kaya’t sinabi ni Jose sa Faraon, “Ang panaginip ng Faraon ay iisa; ipinakita ng Diyos sa Faraon ang malapit na niyang gawin.”

Genesis 41:32

Tungkol sa pag-uulit ng panaginip sa Faraon na makalawa, ito ay nangangahulugan na ang bagay ay itinatag ng Diyos, at iyon ay madali nang gawin ng Diyos.

Paulit-ulit, sa halip ng pagtataas ng kanyang sarili, ay pinarangalan, itinaas at niluwalhati ni Jose ang Diyos.

Dalawang taon bago ang panaginip ni Faraon, nang si Jose ay nakikipag-usap sa tagapagbigay ng alak at sa panaderong mga kasamahan niyang nakakulong, ay ganito rin ang ipinakitang ugali ni Jose.

Genesis 40:8

Kanilang sinabi sa kanya, “Kami ay nanaginip at walang sinumang makapagpaliwanag.” Sinabi sa kanila ni Jose, “Hindi ba mula sa Diyos ang mga paliwanag? Sabihin ninyo sa akin.”

Nagsimula siya sa: “Hindi ba mula sa Diyos ang mga paliwanag? Sabihin ninyo sa akin” bago siya nagpatuloy at hiningi ang mga panaginip nila. Sa pagsasabi nito, ay niluwalhati niya ang Diyos, sa halip na luwalhatiin ang kanyang sarili.

Nang kalaunang siya ay naging mataas na tagapamahala sa Ehipto, ay inilahad niya sa kanyang mga kapatid ang kanyang pinagdaanan.

Genesis 45:4–8

4 Kaya’t sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid, “Lumapit kayo sa akin.” At sila’y lumapit, at kanyang sinabi, “Ako’y si Jose na inyong kapatid, na inyong ipinagbili upang dalhin sa Ehipto.

5 Ngayon huwag kayong magdalamhati o magalit sa inyong mga sarili sapagkat ako’y ipinagbili ninyo rito; sapagkat sinugo ako ng Diyos na una sa inyo upang magligtas ng buhay.

6 Sapagkat ang taggutom ay dalawang taon na sa lupain; at limang taon pang hindi magkakaroon ng pagbubukid o pag-aani man.

7 Sinugo ako ng Diyos na una sa inyo upang magpanatili para sa inyo ng mga matitira sa daigdig at upang panatilihin buhay para sa inyo ang maraming nakaligtas.

8 Kaya’t hindi kayo ang nagsugo sa akin dito, kundi ang Diyos, at ginawa niya ako bilang ama kay Faraon, at bilang panginoon sa kanyang buong bahay, at tagapamahala ng buong lupain ng Ehipto.

Sa kanyang paglalahad sa pinagdaanan niya, si Jose ay

hindi umangkin ng ano mang karangalan para kanyang sarili. Walang binanggit na anuman tungkol sa kanyang kakayahang magpaliwanag ng mga panaginip at kung paano ito nauwi sa pagkilala sa kanya ng Faraon. Sa halip ay ipinatungkol niya ang lahat sa Kataas-taasang antas ng Diyos at sa pagsasagawa ng Kanyang mga layunin. Binigyan diin niya na ang Diyos ang Siyang gumawa sa kanya na maging ama sa Faraon at panginoon ng lahat ng kanyang sambahayan at tagapamahala sa buong lupain ng Ehipto.

Kaya nakikita natin na sa lahat ng pagkakataon, sa bilangguan man o sa harap ni Faraon, o noong siya’y itinaas bilang tagapamahala ng Ehipto, ang kanyang pagpapasya at pamamaraan ay hindi itaas ang kanyang sarili, bagkus ay mabuhay para sa kaluwalhatian ng Diyos.

c. Si Jose ay hindi mapaghiganti o ayaw magpatawad bagkus ay mapagpatawad, mabait at mapagmalasakit

Genesis 45:1–3

1 Kaya’t hindi nakapagpigil si Jose sa harapan ng mga nakatayo sa tabi niya, at siya ay sumigaw, “Paalisin ninyo ang lahat ng tao sa aking harapan.” Kaya’t walang taong nakatayo sa harapan niya nang si Jose ay magpakilala sa kanyang mga kapatid.

2 Siya’y umiyak nang malakas, at ito ay narinig ng mga Ehipcio at ng sambahayan ng Faraon.

3 Sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid, “Ako’y si Jose. Buhay pa ba ang aking ama?” Ang kanyang mga kapatid ay hindi makasagot sa kanya, sapagkat sila’y nanginig sa kanyang harapan.

Ito si Jose, ang matayog na tagapamahala sa Ehipto, sa harap ng kanyang natatakot na mga kapatid. Sila ay nagulat. Ngunit ano ang naging ugali ni Jose sa kanyang mga kapatid na naging malupit sa kanya at nagbenta sa kanya bilang isang alipin sa Ehipto? Nang magkabaliktad ang kalagayan, at sila ngayon ay nasa kanyang awa, paano niya sila pinakitunguhan?

Sa Genesis 45:4–8, na binanggit natin sa punto #2b, ay

nakita natin na malayo sa pagiging mapaghiganti, si Jose ay nagpakita ng kabaitan sa mga pananalita at mga gawa sa kanyang mga kapatid. Pinatawad niya sila at pinakitaan ng pag-ibig at pagmamalasakit. Nagsalita siya nang may kaamuan sa kanila, na nagsasabi: “Lumapit kayo sa akin,” at “Ako ang inyong kapatid na si Jose.” Ngunit hindi niya binaliwala ang kanilang mga ginawa. Ipinaalala niya ang kanilang kamalian sa pagbenta nila sa kanya sa Ehipto. At pagkatapos ay inaliw niya sila: “Ngayon huwag kayong magdalamhati o magalit sa inyong mga sarili sapagkat ako’y ipinagbili ninyo rito; sapagkat sinugo ako ng Diyos na una sa inyo upang magligtas ng buhay.”

Gusto ni Jose na makita nilang may makabuluhang bagay na nangyayari: Siya ay ipinadala para panatilihin ang mga inapo ni Jacob, panatilihin silang buhay sa panahon ng taggutom. Siya ay ginawang tagapamahala ng Ehipto para mapangalagaan sila.

Genesis 45:10–11

10 “Ikaw ay maninirahan sa lupain ng Goshen, at malalapit ka sa akin, ikaw at ang iyong mga anak, ang mga anak ng iyong mga anak, ang iyong mga kawan, mga bakahan, at ang iyong buong pag-aari.”

11 “At doo’y tutustusan kita, sapagkat may limang taong taggutom pa; baka ikaw, at ang iyong sambahayan, at ang lahat ng iyo ay maging dukha.”

Nagpakita si Jose ng makabuluhang na pagmamalasakit sa pamamagitan ng pagsasaayos para sa kanyang mga kapatid na manirahang malapit sa kanya. Hindi lang niya sila pinatawad, bagkus ay sinuklian niya ng kabutihan ang kanilang kasamaan, pinakitaan ng kabaitan at kaamuan, ng pagmamalasakit at pagkalinga ang mga nagmaltrato sa kanya.

Tumugon siya sa kanyang mga kapatid ng gayunding ugali nang mamatay na si Jacob.

Genesis 50:15–17

15 Nang makita ng mga kapatid ni Jose na ang kanilang ama’y patay na, ay kanilang sinabi, “Baka si Jose ay may galit sa atin, at tayo’y tiyak na gantihan sa lahat ng kasamaang ginawa natin sa kanya!”

16 Kaya’t ipinasabi nila kay Jose, “Iniutos ng iyong ama bago namatay, na sinasabi,

17 ‘Ganito ang inyong sasabihin kay Jose: “Hinihiling ko na ipatawad mo ang pagkakasala ng iyong mga kapatid, at ang kanilang pagkakamali sapagkat sila’y gumawa ng kasamaan sa iyo.” ’ Hinihiling namin na ipatawad mo ang pagkakasala ng mga lingkod ng Diyos ng iyong ama.” Si Jose ay umiyak nang sila ay magsalita sa kanya.

Ang mga kapatid ni Jose ay nangangamba pa rin na si Jose ay maaaring maghiganti sa kanila ngayong patay na ang kanilang ama. Tumangis si Jose nang marinig niya ang mga salita ng kanyang mga kapatid. Ang sumunod na mga talata at iba pang mga sipi (e.g. Gen. 45:1–8) ay nagsasaad na ang mga luha ni Jose ay nagpapahayag ng habag at pang-unawa at maamong damdamin para sa kanyang mga kapatid. Maaaring may bahid din iyon ng kalungkutan dahil sa nararamdaman ng kanyang mga kapatid tungkol sa kanya, ang kanilang takot sa kanya at ang kanilang hindi pagkaunawa ng kanyang ugali tungo sa kanila.

Genesis 50:18–21

18 Ang kanyang mga kapatid ay lumapit at nagpatirapa sa harapan niya at kanilang sinabi, “Narito, kami ay iyong mga alipin.”

19 Subalit sinabi ni Jose sa kanila, “Huwag kayong matakot. Sapagkat ako ba ay nasa lugar ng Diyos?

20 Kayo, kayo’y nagnasa ng masama laban sa akin, ngunit inilagay ng Diyos para sa kabutihan, upang mangyari ang gaya sa araw na ito, upang mapanatiling buhay ang napakaraming tao.

21 Kaya’t huwag kayo ngayong matakot; pakakainin ko kayo at ang inyong mga anak.” Kanya silang inalIW at nagsalitang may kabaitan sa kanila.

Sa talata 19, sinabi ni Jose sa kanila: “Huwag kayong matakot. Sapagkat ako ba ay nasa lugar ng Diyos?” Ayaw niyang hatulan ang kanyang mga kapatid, bagkus ay ipinaubaya niya sa Diyos ang paghatol sa mga gawa nila.

Bagama’t hindi niya hinahayaan ang mga kasalanan ng kanyang mga kapatid, siya ay hindi mapaghiganti. Wala siyang mapait na damdamin patungkol sa kanila, bagkus ay pasasalamat sa Diyos at sa Kanyang Katayugan. Gumawa ng mabuti ang Diyos (mula sa masamang mga gawa ng kanyang mga kapatid) nang dalhin Niya si Jose na maging tagapamahala sa Ehipto para magligtas ng maraming mga buhay, kasama na ang sa mga inapo ni Jacob.

Muli ay binigyan niya sila ng kaaliwan at katiyakan na sila ay pinatawad na niya. Ipinangako pa niya sa kanila na tutustusan niya sila at ang kanilang mga anak (t. 21). Makikita natin dito ang magandang mga katangian ng pag-ibig at kabaitan sa puso ni Jose.

d. Nagawa ni Jose na mamalayan ang pagkilos ng kamay ng Diyos

Genesis 45:4–5

4 Kaya’t sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid, “Lumapit kayo sa akin.” At sila’y lumapit, at kanyang sinabi, “Ako’y si Jose na inyong kapatid, na inyong ipinagbili upang dalhin sa Ehipto.
5 Ngayon huwag kayong magdalamhati o magalit sa inyong mga sarili sapagkat ako’y ipinagbili ninyo rito; sapagkat sinugo ako ng Diyos na una sa inyo upang magligtas ng buhay.

Genesis 45:8

“Kaya’t hindi kayo ang nagsugo sa akin dito, kundi ang Diyos...

Namamalayan ni Jose ang espiritwal na katotohanang sa kabila ng panlabas na mga pangyayari. Sa pagtuon ng pansin ni Jose sa Diyos, ay nakikita niya ang tunay kahulugang nasa likod ng kanyang pinagdaraan. Bagama’t ipinagbili siya ng kanyang mga kapatid sa Ehipto, ay alam niya na ang Diyos ang gumagawa sa likod ng eksena, na ginagamit siya para iligtas ang maraming mga buhay.

Narito ang isang mahalagang prinsipyo: Patuloy nating sikaping maunawaan ang ginagawa ng Diyos sa ating mga buhay, sa kabila ng nakikita at ng nakalantad. Sa halip na hinahayaan natin ang ating mga sarili na maapektuhan nang mga mahihirap at hindi magandang mga pangyayari, ay dapat nating ituon ang ating pansin sa kung anong ginagawa ng Diyos at matutunan natin ang mga aral na ninanais ng Diyos na ituro sa atin sa mga sitwasyon ng buhay.

Dahil si Jose ay nakatuon sa Diyos, ay nagawa niyang tulungan ang kanyang mga kapatid na mamalayan ang kamay ng Diyos na kumikilos. Si Jose ay sensitibo rin sa presensya ng Diyos at sa Kanyang kamay na gumagawa nang siya ay sumagot kay Faraon tungkol sa Kanyang mga pangarap.

Genesis 41:16

... “Hindi ako, ang Diyos ang sasagot sa kapayapaan ng Faraon.”

Genesis 41:25

Kaya’t sinabi ni Jose sa Faraon, “Ang panaginip ng Faraon ay iisa; ipinakita ng Diyos sa Faraon ang malapit na niyang gawin.

Bagama’t siya ay isang bilanggo lang na humaharap sa isang makapangyarihang pinuno ng sanlibutan, si Jose ay nanatiling nakatutok sa espiritwal — sa kung anong sasabihin ng Diyos at sa Kanyang mga nais sa nagaganap. Alam niya na ibibigay ng Diyos ang sagot sa mga panaginip ni Faraon.

Ang mga siping ito ay nagpapakita sa atin na si Jose ay lumakad nang may malapit na pakikisama sa Diyos at naghahangad na malaman ang kalooban ng Diyos at ang kamay ng Diyos sa lahat ng pinagdaraan niya, upang matupad niya ang bahaging gusto ng Diyos para sa kanya.

Kung tayo ay daraan sa mga sitwasyon nang maayos ay kailangan nating lumakad nang malapit sa Diyos, magkaroon ng tamang pananaw, at espiritwal na maging sensitibo sa Kanya.

e. Pinagana ni Jose ang pananampalataya sa Diyos

Genesis 50:24–26

24 At sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid, “Ako’y malapit nang mamatay; ngunit kayo’y tiyak na dadalawin ng Diyos, at dadalhin kayo mula sa lupaing ito hanggang sa lupain na kanyang ipinangako kina Abraham, Isaac at Jacob.”

25 Pagkatapos ay pinanumpa ni Jose ang mga anak ni Israel, na sinasabi, “Kapag dinalaw kayo ng Diyos, dadalhin ninyo ang aking mga buto mula rito.”

26 Kaya’t namatay si Jose sa gulang na isandaan at sampung taon; at kanilang inembalsamo siya, at siya’y inilagay sa isang kabaang sa Ehipto.

Nang dumating na sa katapusan ang buhay ni Jose, ano ang nangingibabaw sa kanyang isipan? Anong mga bilin ang ibinigay niya sa kanyang mga kapatid? Ano ang pangunahin niyang mga alalahanin? Anong ugali ang ipinapakita niya?

Bagama’t siya ang matayog na tagapamahala ng Ehipto, ay hindi siya nakatutok sa materyal na mga bagay o sa kanyang katayuan sa buhay. Sa halip ay sinabi niya: “Ako’y malapit nang mamatay; ngunit kayo’y tiyak na dadalawin ng Diyos, at dadalhin kayo mula sa lupaing ito hanggang sa lupain na kanyang ipinangako kina Abraham, Isaac at Jacob.”

Ang kanyang mga kapatid ay maaaring nangangamba ukol sa hinaharap na wala si Jose. Ngunit gusto ni Jose na sila ay magtiwala sa Diyos at sa Kanyang mga pangako. Ipinaalala niya sa kanila ang mga pangako ng Diyos at nagpahayag ng pagtitiwala sa katuparan noon dahil ang Diyos ang nagsalita ng mga iyon.

Nagbigay din si Jose ng bilin tungkol sa kanyang mga buto (t. 25). Bagama’t ipinahayag sa paraang sa-totoo-lang, ang kanyang bilin sa kanyang mga kapatid tungkol sa kanyang mga buto ay nagpapakita ng kanyang dakilang pananampalataya sa Diyos. Kapansin-pansing punahin na nang banggitin ng sumulat ng Mga Hebreo si Jose bilang taong may pananampalataya, ay itong

aspetong ito ng kanyang buhay ang itinampok.

Mga Hebreo 11:22

Sa pamamagitan ng pananampalataya, nang malapit nang mamatay si Jose, binanggit niya ang tungkol sa paglikas ng mga Israelita mula sa Ehipto, at nagbiling dalhin nila ang kanyang mga buto.

Bakit ang pagbibilin ni Jose tungkol sa kanyang mga buto ay isang gawa ng pananampalataya? Ipinapakita nito na si Jose ay sumampalatayang gagawin ng Diyos ang Kanyang ipinangako, matagal pa bago ang katuparan nito. Naniwala siyang ilalabas sila ng Diyos mula sa Ehipto tungo sa Lupang Pangako. Alam niya na may bahagi siya sa plano ng Diyos at itinuro niya roon ang kanyang mga kapatid upang sila rin ay magkaroon ng bahagi roon.

Nakikita natin dito si Jose, isang taong may pananampalataya, na nakatutok sa mga layunin at mga pangako ng Diyos at sa kung anong may halaga sa kawalang-hanggan, sa halip na dito nakatingin sa luwalhati ng mundong ito.

Katulad nito, alam natin na ang Diyos ay nangako ng Ikalawang Pagparito ng Panginoong Jesu-cristo. Ito ay tiyak na matutupad. Kaya ipinamumuhay ba natin ang ating mga buhay nang naaayon sa katotohanang ito?

Ang tunay na pananampalataya ay hindi lamang pagkilala na ang sinabi ng Diyos ay totoo, ngunit ito rin ay matapat na pagsasabuhay ng isang buhay na umaayon sa mga isinasaad ng mga katotohanang naunawaan na natin.

Ang Diyos mismo ay matapat. Dinala Niya ang mga Israelita sa Lupang Pangako, gaya ng Kanyang ipinangako. Lahat ng sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid tungkol sa paglalabas ng Diyos sa mga Israelita mula sa Ehipto patungo sa Lupang Pangako at ang pagdadala ng kanyang mga buto sa Canaan ay natupad.

Josue 24:32

Ang mga buto ni Jose na dinala ng mga anak ni Israel mula

sa Ehipto ay inilibing nila sa Shekem, sa bahagi ng lupang binili ni Jacob sa mga anak ni Hamor na ama ni Shekem sa halagang isandaang pirasong salapi; iyon ay naging pamana sa mga anak ni Jose.

f. Malalim ang kamalayan ni Jose ukol sa Diyos

Naobserbahan natin ang malalim na kamalayan ukol sa Diyos sa buhay ni Jose. Nang humarap sa tukso, siya ay may kamalayan na hindi siya dapat magkasala laban sa Diyos. Nang humarap siya sa Faraon para ipaliwanag ang panaginip nito, itinuro niya ito sa Diyos sa halip na angkininang karangalan para sa kanyang sarili, sapagkat kinilala niya ang kamay ng Diyos sa sitwasyong iyon at sa mensahe ng Diyos para kay Faraon. Nang magsalita siya sa kanyang mga kapatid sa kanilang takot at pagkabahala, ay binigyang niya sila ng kaaliwan at dinala niya sila sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ipinahayag niya ang pinakamatayog na katayuan ng Diyos at ang dakilang mga bagay na ginawa ng Diyos sa kanyang buhay. Maging sa baningngamatayan, ay makikita natin ang gayunding kamalayan ukol sa Diyos nang ituro niya ang kanyang mga kapatid sa mga pangako ng Diyos para sa Israel at ipinahayag ang kanyang pagtitiwala na tutuparin ng Diyos ang Kanyang ipinangako.

Pinag-aralan natin ang dalawang pangunahing mga punto: (1) Ang katotohanang ang Panginoon ay kasama ni Jose at (2) Ang positibong tugon ni Jose. Ang dalawang pangunahing mga puntong ito ay may positibong kaugnayan at sumusuporta sa isa't isa. Ang katotohanan na ang Panginoon ay kasama ni Jose angumakit sa kanya at nagbigay ng kakayahan para makatugon siyang mabuti ayon sa moral at espirituwal na pamantayan. Kasunod nito, ang kanyang positibong tugon ay nagpataas ng uri at ng kahulugan ng katotohanan na ang Panginoon ay kasama niya. Ang katotohanan na ang Panginoon ay kasama ni Jose at ang kanyang positibong tugon, kasama ng kanyang mga natutunan mula sa mga sitwasyong dinaanan niya, ay naging mga bahagi ng

kumpletong larawan ng katuparan ng mga layunin ng Diyos sa kanya at sa pamamagitan niya.

Pangwakas na mga pananalita

Dito sa mensaheng ito, ay nakita natin kung paanong si Jose bilang isang alipin at bilanggo ay mistulang isang miserableng biktima ng mga pangyayari. Ang kalagayan niya ay mukhang walang kahulugan at nakakapanlupaypay. Ngunit sa katotohanan, si Jose ay hindi isang walang magawang biktima. Ang Panginoon ay kasama niya, tumutulong sa kanya at nagbibigay sa kanya ng tagumpay. Walang makakagawa ng ano man sa kanya nang walang pahintulot ng Diyos. Bagama't maaaring hindi lubos na naunawaan ni Jose ang lahat ng nangyari noong siya ay dumaraan sa mga iyon, siya ay nagtiwala sa Diyos at nakatagpo ng kahulugan at layunin sa kanyang buhay. Marami tayong matututunan mula kay Jose bilang isang natatanging taong may pananampalataya.

Si Jose ay positibong tumugon sa mga sitwasyon sa buhay niya. Siya ay maingat tungkol sa kanyang moral na asal at tiningnan ang mga bagay-bagay mula sa espirital na pananaw. Nang makaharap ng tukso, ay hindi niya ito hinayaan. Nang may pagkakataong magtaas ng sarili, siya ay nagbigay ng parangal at luwalhati sa Diyos, sa halip na itaas ang sarili. Nang ang iba'y magtangkang saktan siya, ay sinuklian niya ng kabutihan ang kasamaan sa halip na maghiganti. Nang humarap sa kasawi-angpalad, pinairal ang pananampalataya, kinilala ang Kataas-taasang luwalhati ng Diyos at ang Kanyang makapangyarihang kamay na siyang gumagawa.

Ang pagkatao ni Jose ay makikilala sa pamamagitan ng malalim na kamalayan ukol sa Diyos. Siya ay may maayos na mga pinahalagahang moral at espirital. Kung paano siya trinato ng iba ay hindi iyon ang pinakamahalaga. Sa kanya, ang mas mahalaga ay ang mapanatili niya ang kanyang moral na kadalisayan at maging tapat sa Diyos. Dahil doon, ang Diyos

ay nalugod na sumama sa kanya at tinulungan siya. At iyon ang bumago ng buong karakter ng mga bagay. Kaya ang katotohanan ng pinagdaanan ni Jose ay lubhang iba sa kung ano ang anyong mga ito. Hindi isang biktima ng mga pangyayari at hindi rin siya nasa isang miserableng katayuan. Siya ay nakakasunod nang maayos at talagang nasa kalooban ng Diyos.

Gayundin, ang dapat nating isaalang-alang ay ang pagsang-ayon ng Panginoon sa ating mga buhay at ang Kanyang presensya na makasama natin. Maging kahit ang mga sitwasyong dinaraan natin ay madali o mahirap, o maging ang iba man ay para sa atin o laban sa atin, ang lahat ng mga ito ay dapat maging pampangalawa lang ang kahalagahan.

Tiyakin natin na ang ating mga buhay ay tama sa harap ng Diyos at Siya ay nalulugod sa atin. Humugot tayo ng lakas ng loob sa katotohanang ang Diyos ay nangangalaga sa atin at gumagawa para sa ating mga buhay dahil Siya ang ating Ama sa langit at tayo ay Kanyang mga anak. Habang tayo ay positibong tumutugon sa Kanya, ang ating mga buhay ay magkakaroon ng kabuluhan, layunin at patutunguhan. Hindi tayo magiging mga biktima ng mga pangyayari, at hindi tayo dapat makaramdam ng kawalang magagawa o kawalan ng pag-asa.

Matuto tayo sa halimbawa ni Jose at pagnilayan natin ang ating sariling mga buhay. Abala ba ang ating mga isip sa mga nangyayari at sa mga kalagayang pinagdaraan natin? O tayo ba'y nakatuon sa kung anong ginagawa ng Diyos sa sitwasyon at kung ano ang gusto Niyang matutunan natin? Ano ba ang ating ugali at asal? Tayo ba ay naninindigan sa moral na mga usapin o tayo ba ay umaatras alang-alang sa pansariling mga dahilan? Pumipili ba tayo batay sa mga pansamantala at panadalian o ayon sa nananatili na walang-hanggan?

Mga tanong para sa pagninilay at talakayan

1. Anong mga pagsubok ng pananampalataya ang kinailangang pagdaanan ni Jose bilang isang alipin at isang bilanggo? Ano ang matututunan natin sa pamamaraan ni Jose kung paano niya pinagdaanan ang mahirap na yugtong ito sa kanyang buhay?
2. Paano naiiba ang katotohanan mula sa kung anong anyo ng pinagdaraan ni Jose?
3. Ano ang dalawang pangunahing mga dahilan na titiyak na ang isang tao ay makakasunod o makakaagapay na mabuti sa ano mang pangyayari? Anong praktikal na mga hakbang ang maaari mong gawin upang ang dalawang mga dahilang ito ay magsuportahan sa isa't isa sa iyong buhay?

Ang Apoy na Nag-aalab sa Kalooban

Ito ay isa sa mga unang mensahe na ipinangaral ko — 29 na taon na ang nakakaraan. Sinasaklaw nito ang isang mahalagang aspetong malapit sa aking puso. Ang apoy na nag-aalab sa kalooban ay isang katangian na nangingibabaw sa mga Kristianong ang mga buhay ay tunay na may halaga para sa Diyos at sa Kanyang kaharian. Ito ang tanda ng isang mananampalataya at ito ang uri ng pamumuhay na ninanais ng Diyos para sa lahat ng Kanyang mga anak. Kaya napakahalagang makita nang malinaw ng mga anak ng Diyos ang kahalagahan ng pusong nag-aalab — ano ang ibig-sabihin nito, kung paano ito nangyayari at kung paano ito mas lumalago sa kasidhian at kahulugan.

Ang Diyos ay nagnanais na tayo ay maiayon sa wangis ng Kanyang Anak. Kung kaya makakatulong sa atin na palagiang pagbulayan ang buhay at pamumuhay ng ating Panginoong Jesu-cristo at matuto sa kanya.

Gusto kong tingnan natin ang isang pangyayari sa buhay ng Panginoong Jesus na nakatala sa Juan 2:13–17.

Juan 2:13–17

13 Malapit na noon ang Pista ng Paskuwa ng mga Judio kaya't pumunta si Jesus sa Jerusalem.

14 Nadatnan niya sa templo ang mga nagtitinda ng mga baka, mga tupa, mga kalapati, at mga mámamalit ng salapi.

15 Dahil dito, gumawa siya ng panghagupit na lubid, at itinaboy niya ang lahat palabas ng templo, kasama ang mga tupa at mga baka. Ipinagtatapon niya ang mga salapi ng mga

mámamalit at ipinagtataob ang kanilang mga mesa.

16 Sinabi niya sa mga nagtitinda ng kalapati, “Alisin ninyo ang lahat ng ito! Huwag ninyong gawing palengke ang bahay ng aking Ama.”

17 At naalala ng kanyang mga alagad ang nasusulat, “Ang malasakit para sa iyong bahay ang tutupok sa akin.”

Itong pangyayaring ito ay nagpapamalas ng isang bagay na hindi pangkaraniwan sa ating Panginoong Jesus. Kakaiba sa maraming mga pangyayaring nagpapakita na Siya ay maamo at mapagkalinga, dito ay makikita natin na malinaw na ipinapakita ang galit ng Panginoong Jesus. May ilang mga tao sa templo na nagpapakita ng kawalan ng pitagan para sa kabanalan at kaluwalhatian ng Diyos sa pamamagitan ng paggamit sa templo bilang isang lugar ng kalakalan. Ito ay sobrang nagpagalit sa Panginoong Jesus at pinalayas Niya sila palabas ng templo.

Merong ilang naguguluhan sa talatang ito. Naaalala kong binasa ko ang mga gawa ng pilosopong si Bertrand Russell noong bata pa ako. Inilista niya itong insidenteng ito bilang isa sa mga dahilan kung bakit hindi niya magawang paniwalaan na si Jesus ay Diyos. Sa kanya, ang isang perpektong Diyos ay hindi iinit ang ulo. Kung talagang Diyos si Jesus, hindi Niya gagawin ang kung anong naging asal Niya sa templo. Kaya, nagpasya siya na si Jesus ay hindi maaaring maging Diyos.

Bagama’t ang talatang ito ay nakagulo sa iba, kung pag-iisipan natin nang maingat ito, matutuklasan natin na ito ay napakayaman sa kahulugan, at maraming mahalagang na prinsipyo ang makukuha rito.

Ang mga talatang ito ay maaaring tingnan sa maraming angulo. Dito sa mensahing ito ay titingnan ko ito sa anggulo ng sigasig para sa Panginoon. Pagtutuunan natin ang talata 17: Naalala ng Kanyang mga alagad na nasusulat, “Ang sigasig para sa iyong bahay ang tutupok sa akin.” Nakikita ko ito bilang susi sa mga talatang ito. Ginamit ni Juan ang talatang ito para ipaliwanag

ang kakaiba at nakakalitong asal ng Panginoong Jesus.

Mali ang ginawang kongklusyon ni Bertrand Russell na ang Panginoon ay uminit ang ulo. Ang pag init ng ulo ay may kahalang pagkawala ng kontrol sa sarili. Ang Panginoon ay hindi uminit ang ulo dito o kahit saan pang pagkakataon. Dito, ito ay isang kapahayagan ng matuwid na pagkagalit laban sa mga walang galang sa Diyos at sa maling paggamit ng Kanyang templo. Ito ay isang pagpapakita ng sigasig sa Diyos at sa mga bagay ng kaharian ng Diyos. Ang mga isyung sangkot dito ay mahalaga sa paningin ng Panginoon.

“Ang malasakit para sa iyong bahay ang tutupok sa akin.” Ito ay isang katangian ng isang epektibong lingkod ng Diyos. Kahit sa Banal na Kasulatan o sa kasaysayan man ng iglesya, makikita natin na ito ang katangi-tanging tanda para sa mga taong ang buhay ay itinuring na mahalaga para sa Diyos. Mayroon sila nitong init sa kanilang buhay, nitong apoy na nagliliyab sa kalooban nila. Kadalasan, nakakarinig tayo ng mga taong sumusunod sa Diyos nang may pag-aalinlangan at mabigat na kalooban. Ngunit hindi ganito ang kaso sa mga taong may nag-aalab na kagustuhang sundin ang kalooban ng Diyos. At ito ang nakikita nating isinabuhay ng Panginoong Jesus, hindi lang sa pagkakataong ito, kundi sa buong buhay Niya dito sa lupa.

Pasanin para sa gawain ng Panginoon

Paminsan-minsan, ang Diyos ay nagtatayo ng mga tao upang ligligin at gisingin ang isang natutulog na iglesya. Itong mga taong ito ay may malalim na pasanin para sa gawain ng Diyos. Isang malakas na apoy ang nagliliyab sa loob nila, isang apoy na nanggagaling sa Diyos mismo. Maraming naisasakatuparan ang Diyos sa pamamagitan nila.

Si John Wesley ay isang taong nag-aalab para sa Diyos. Sa pamamagitan ng kanyang buhay at paglilingkod, niyanig niya ang buong Inglatera at nag-iwan siya ng permanenteng marka sa kasaysayan ng iglesya. Siya ang nagsabi ng katagang “Bigyan ninyo ako ng isang-daang tao na walang kinatatakutan maliban sa

kasalanan at walang hinahangad kundi ang Diyos, at yayanigin ko ang buong daigdig.” Sa mga katagang ito, inilalahad niya ang kritikal na pangangailangan sa mga taong lubos na nag-aalab para sa Diyos, mga taong lubos na nagbigay ng kanilang mga sarili sa Diyos.

Ngunit ang kaharian ng Diyos ay hindi maisusulong sa pamamagitan ng sigasig lamang. Ang sigasig ay dapat samahan ng totoong kaalaman, na may pagkaunawa ng mga layunin ng Diyos. Kailangan nating malaman kung ano ang nasa puso ng Diyos, kung papaano Niya gustong maisakatuparan ang mga bagay. At ang sigasig na ito ay dapat nagpapatuloy, hindi sigasig na agad-agad mawawala o mawawala sa paglipas ng panahon.

Ang Panginoong Jesus ay hindi masigasig sa mga mabababa at walang kabuluhanang bagay ngunit masigasig siya sa kung ano ang tunay na mahalaga. Siya ay masigasig para sa bahay ng Diyos — hindi para sa templo bilang isang pisikal na gusali, kundi para sa kung ano ang tunay na kahalagahan ng templo, ang espiritwal na bahay ng Diyos, ang kaharian ng Diyos. Siya ay may labis-labis na pagmamahal at matinding hangarin para sa kaluwalhatian at kaharian ng Diyos. Ito ang buod ng ibig-sabihin ng apoy na nag-aalab sa kalooban.

Ang apostol Pablo

Si apostol Pablo ay isa sa mga pinakamagandang halimbawa ng isang taong labis-labis ang sigasig para sa Diyos at sa gawain ng Panginoon. Maraming pagpapatunay nito ang makikita sa Aklat ng Mga Gawa at sa kanyang mga sulat. Pag binasa mo ang mga sulat ni Pablo, ay makikita mong paulit-ulit, na siya ay sumusulat nang may maalab na puso.

Una nating tingnan ang Mga Gawa 20, kung saan inihayag ni Pablo sa mga matatanda ng iglesia sa Efeso ang pangunahing motibasyon ng kanyang buhay.

Mga Gawa 20:24

Subalit hindi ko itinuturing na mahalaga ang aking buhay,

maganap ko lamang ang aking tungkulin at ang gawaing tinanggap ko mula sa Panginoong Jesus — ang magpahayag ng Magandang Balita tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos.

Pagkatapos maunawaan ni Pablo kung ano ang nasa puso ng Diyos at ang tungkuling ibinigay sa kanya ng Diyos, ang tanging naging mahalaga sa kanya ay ang tapusin ang kanyang gampanin. Hindi na niya itinuturing na sa kanya pa ang kanyang buhay. Ito ay lubusang ibinigay na niya sa Diyos at sa ministryong ipinagkatiwala sa kanya. Ang tanging naging mahalaga sa kanya ngayon ay “ang magpahayag ng Magandang Balita tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos.”

Sa talata 19, nagsasalita siya patungkol sa “paglilingkod sa Panginoon nang buong kapakumbabaan at may pagluha, at may mga pagsubok na dumating sa akin dahil sa mga pagtatangka ng mga Judio.” Bakit siya naglilingkod nang may luha? Ito ay dahil sa malaking pasanin sa kanyang puso para sa mga tao at sa kalagayang kinaroroonan nila. Siya ay nagpakahirap para sa kanila sa kabila ng maraming pagsubok na dumaan sa kanya. Hindi siya umurong sa pagpapahayag sa kanila ng anumang bagay na makabuluhan, at lantarang nagtuturo sa kanilaat sa mga bahay-bahay (t. 20).

Muli ay parehong diwa ang isinasaad sa talata 22 at 23.

Mga Gawa 20:22–23

22 At ngayon, bilang isang bilanggo ng Espiritu, patungo ako sa Jerusalem, na hindi nalalaman kung ano ang mangyayari sa akin doon.

23 Ang tanging alam ko’y sa bawat lungsod, ang Banal na Espiritu ang nagpahayag sa akin na mga tanikala at kapighatian ang naghihintay sa akin.

Si Pablo ay nakagapos sa Espiritu at papunta siya sa Jerusalem. Hindi niya alam kung ano ang mangyayari sa kanya roon. Ngunit sa bawat siyudad, ang Banal na Espiritu ay nagpatotoo kay Pablo na tanikala at kapighatian ang mararanasan niya. Si Pablo ay hindi

nababalisa kung paano ito mangyayari sa kanya o kung gaano kabigat o kalubha ang mga mangyaring ito. Ang lahat ng mga ito ay hindi nakapigil o nakapagbigay ng kalituhan sa kanya. Ang kanyang tanging pinapahalagahan, na kanyang isinaad sa talata 24, ay upang maganap lamang niya ang kanyang katungkulan at ang ministryong kanyang tinanggap.

Ang puso ni Pablo ay hindi nagbago. Ang kanyang buong buhay ay nakasentro at lubos na nakatutok sa mga layunin ng Diyos. Mula sa kanyang puso ay dumadaloy ang mga ilog ng buháy tubig (Juan 7:38). Ang Banal na Espiritu na nananahan kay Pablo ay nagbigay ng kakayahan sa kanya na mamuhay nang palagian at matibay sa direksyong nais ng Diyos at patuloy na magministryo ng buhay sa iba.

Kamalayan tungkol sa misyon

Ang taong may sigasig para sa Diyos ay magkakaroon ng malinaw na kamalayan o kahulugan tungkol sa misyon at ng masidhing diwa ng pagmamadali. Nakikita niya ang pangangailangan na maging handa sa lahat ng oras. May ganitong espiritu at saloobin si Pablo. Sa 2 Timoteo 4:1–3, ay inuudyukan niya si Timoteo sa gayunding direksyon.

2 Timoteo 4:1–3

1 Sa harap ng Diyos at ni Cristo Jesus, na siyang hahatol sa mga buháy at sa mga patay sa kanyang pagdating bilang hari, itinatagubilin ko ito sa iyo:

2 ipangaral mo ang salita; pagsikapan mo iyan umaayon man ang panahon o hindi. Ituwid mo ang mga tao, sawayin sila, palakasin ang kanilang loob sa pamamagitan ng iyong matiyagang pagtuturo.

3 Sapagkat darating ang panahon na hindi makikinig ang mga tao sa wastong aral. Sa halip, upang masunod ang kanilang kagustuhan, maghahanap sila ng mga gurong magtuturo sa kanila ng mga gusto nilang marinig.

Sinabi ni Pablo kay Timoteo: “Sa harap ng Diyos at ni Cristo Jesus...” Ito ay nagpapabatid sa atin ng hindi biro kung paano itinuturing ni Pablo ang gawain ng Diyos. Mayroong kamalayan ng pagmamadali, kamalayan ng kahalagahan ng gawain. Binibilinan niya si Timoteo na: “Ipangaral ang salita; magsikap sa kapanahunan at sa di kapanahunan; magtuwid, manaway, mangaral ng may buong pagtitiyaga at pagtuturo.” Kahit ano pa man ang maging kalagayan, ang mga tunay na lingkod ng Diyos ay dapat maging handang magpatuloy maglingkod at magministeryo gaya ninanais ng Diyos sa kanila.

Gaya ng sinabi ni Pablo kay Timoteo, darating ang panahon na ang mga tao ay hindi matitiis ang wastong pangangaral. Wala sa ating nakakaalam kung ano ang mangyayari sa hinaharap, at kung ang mga pagkakataon ay muling darating. Kaya, habang may pagkakataon, tayo’y magpagal para sa Panginoon.

Ang nakasentro kay Cristong pamumuhay at mabungang pagpapagal

Ang isang pusong nag-aalab para sa Diyos ay isang pamumuhay na nakasentro kay Cristo at may mabungang pagpapagal. Sa Filipos 1, si Pablo, na sumusulat mula sa kulungan, ay nagpapahayag ng ganitong espiritu at realidad sa kanyang buhay:

Filipos 1:19–25

19 sapagkat alam kong ang pangyayaring ito ay para sa aking kaligtasan, sa pamamagitan ng inyong mga panalangin at sa tulong ng Espiritu ni Jesu-Cristo.

20 Gaya ng aking pinakahihintay at inaasahan, hindi ako mapapahiya sa anumang kadahilanan, kundi sa pagkakaroon ko ng buong katapangan, si Cristo ay dadakilain ngayon, tulad ng dati, sa aking katawan, sa pamamagitan man ng buhay o ng kamatayan.

21 Sapagkat para sa akin ang mabuhay ay si Cristo, at ang mamatay ay pakinabang.

22 Kung ako man ay mabubuhay sa katawan, ito’y

mangangahulugan na mas maraming bagay pa ang ibubunga ng aking gawain. Ngunit hindi ko alam kung alin ang aking pipiliin.

23 Ako'y naiipit sa dalawang ito: Nais ko nang lumisan at makapiling si Cristo, sapagkat ito'y lalong mabuti.

24 Subalit ang manatili sa katawan ay higit na kailangan para sa inyong kapakanan.

25 At sa paniniwalang ito, alam kong mananatili pa ako at magpapatuloy na kasama ninyong lahat, para sa inyong pag-unlad at kagalakan sa pananampalataya.

Si Pablo ay nakaabot sa pagkakilala sa ebanghelyo at sa pag-ibig ng Diyos. Sa kanya, walang kahit na ano pa man dito sa mundo na maaaring ihambing sa kaligayahan ng isang nasa presensya ng Panginoong Jesu-cristo.

Bagama't magiging higit na mabuting bagay ang umalis sa mundo at makapiling ang Panginoong Jesu-cristo, alam ni Pablo na gusto ng Panginoon na manatili siya rito sa lupa at maging abala sa mabungang pagpapagal para sa kapakanan ng kapatiran, para sa paglago ng kanilang pananampalataya (t. 22, 24, 25).

Ang talata 21 ang susi ng mga talatang ito. Sa ilang salita ay naipabatid ni Pablo nang malakas at malinaw ang kanyang buong pagtingin sa buhay at kung ano ang lubos na umuubos sa kanya: "Sapagkat sa ganang akin ang mabuhay ay si Cristo, at ang mamatay ay pakinabang." Ito ay nagsasabi sa atin na si Cristo ang pinaka diwa at sentro ng buhay ni Pablo. Si Cristo ang pundasyon at ang basehan ng kanyang buhay. Si Cristo ang lahat para sa kanya. Sa gayo'y nagpunyagi si Pablo na patuloy na palalimin ang kanyang pagkakakilala sa Panginoong Jesus at ang relasyon niya sa Kanya. Kay Pablo, ito ang kahulugan ng buhay. Siya ay laging may-kamalayan kay Cristo — na laging namumuhay sa isang malalim na pakikisama sa Kanya at sa Kanyang paggabay at kapangyarihan.

Sinabi niya: "Sapagkat aking ipinasyang walang ano mang malaman sa gitna ninyo, maliban na si Jesu-cristo, at Siya

na ipinako sa krus.” (1 Cor. 2:2). Kaya tumutok si Pablo sa Panginoong Jesu-cristo, hindi lang para sa kanyang buhay, gayundin sa kanyang ministryo. Ibinigay niya ang kanyang buhay na matulungan niya ang mga tao na makilala si Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon at tinutulungan niya ang mga mananampalataya na lumago sa Kanya.

Ang sinasabi ni Pablo sa talata 20 ay bahagi ng pagpapahayag ng kanyang pananaw sa buhay: “na gaya ng dati, gayundin naman ngayon, ay dadakilain si Cristo sa aking katawan, maging sa pamamagitan ng buhay, o sa pamamagitan ng kamatayan.” Ang pagdakila kay Cristo ang tinututukan niya. Hindi niya inaalintana kung ano man ang ibigay ng mundo. Dadakilain niya si Cristo “gaya ng dati, gayundin naman ngayon”, sa lahat ng oras, sa kahit anong sirkumstansya, malaya man o nakabilanggo. Dadakilain niya si Cristo “maging sa pamamagitan ng buhay, o sa pamamagitan ng kamatayan” — kahit ano ang mangyari sa kanya, maging kahit sa kamatayan.

Ang puso ni Pablo ay hindi nakatingin sa panloob. Ito ay nakatingin paitaas sa Panginoong Jesu-cristo, sa kaluwalhatian ng Diyos. Nakatingin din ito palabas sa mga pangangailangan ng kapatiran. Sa puso ni Pablo, may isang totoong apoy na nag-aalab. Sa kanya ay wala tayong makikitang bahid ng makasariling pamumuhay. Kung meron nito sa kanya, ang apoy sa loob niya ay hihina.

Makikita natin ang kaparehong espiritu at pananaw niya sa buhay sa Filipos 3.

Upang makilala ko siya, at ang kapangyarian ng kanyang muling pagkabuhay at ang pakikisama sa kanyang mga kahirapan

Filipos 3:8–14

8 Sa katunayan, ang lahat ng bagay ay itinuring kong kalugihan dahil sa hindi matatawarang halaga ng pagkakilala kay Cristo Jesus na aking Panginoon. Dahil sa kanya’y pinawalang-

halaga ko ang lahat ng bagay, at itinuring kong basura, upang makamtan ko si Cristo,

9 at ako'y matagpuan na nasa kanya. Wala akong sariling katuwiran batay sa kautusan, kundi ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, ang katuwirang buhat sa Diyos na nakabatay sa pananampalataya.

10 Ang naisin ko'y makilala siya at ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay at makibahagi sa kanyang mga pagdurusa, at matulad ako sa kanya maging sa kanyang kamatayan,

11 upang hangga't maaari ay makamtan ko ang muling pagkabuhay mula sa kamatayan.

12 Hindi sa ito'y nakamit ko na, o ako'y nakarating na sa hangganan; sa halip ay nagpapatuloy ako upang makamit ko ang bagay na ito, yamang ako ay nakamit na ni Cristo Jesus.

13 Mga kapatid, hindi ko itinuturing na iyon ay nakamit ko na; ngunit isang bagay ang ginagawa ko: nililimot ko ang mga bagay na nakaraan, at sinisikap kong abutin ang mga bagay na hinaharap.

14 Patuloy akong tumatakbo patungo sa hangganan para sa gantimpala ng makalangit na pagtawag ng Diyos bunga ng pakikipag-isa kay Cristo Jesus.

Sabi ni Pablo sa talata 8: “ang lahat ng mga bagay ay inaari kong kalugihan dahil sa higit na kahalagahan na makilala si Cristo Jesus na Panginoon ko.” Kasama sa “lahat ng mga bagay” ang lahat ng kayang ibigay ng mundong ito — magandang reputasyon, estado, makamundong tagumpay. Kasama rito ang kanyang Judiong tradisyon at ang mga gawa ng Kautusan, mga bagay na dati ay pinahahalagahan niya. Lahat ng mga ito'y hindi na mahalaga sa kanya (t. 4–9). Iwinaksi na niya ang mga ito dahil sa “higit na mahalagaa na makilala si Cristo Jesus na Panginoon.”

Ang pagkakilala sa Panginoong Jesus ay hindi isang minsanang pangyayaring na nagaganap sa pagbabagong-loob lang. Ito ay isang proseso. Dapat nating pagsumikapang makilala siya nang mas malalim pa. Iwinaksi ni Pablo ang mga bagay na dati'y

pinapahalagahan niya para siya ay mas lumago sa pagkakakilala kay Cristo. Sinasabi niya sa talata 10 at 11: “Ang naisin ko’y makilala siya at ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay at makibahagi sa kanyang mga pagdurusa, at matulad ako sa kanya maging sa kanyang kamatayan, upang hangga’t maaari ay makamtan ko ang muling pagkabuhay mula sa kamatayan.”

Ang isang taong may maalab na puso ay magnanais, higit sa lahat ng bagay, na makilala si Cristo. Hindi lang iyon, siya rin ay magnanais na malaman ang kapangyarihan ng Kanyang muling pagkabuhay, iyon ay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na bumuhay kay Cristo mula sa mga patay. Ang pagiging-puspos at binigyang ng kakayahan ng Banal na Espiritu ay isang likas na bahagi ng ganitong buhay at nagbibigay ng kakayahan sa isang tao na maging handang makisama sa mga paghihirap ni Cristo. Ang isang taong naghahangad malaman ang pakikisama sa mga pagdurusa ni Cristo ay magsasanay ng pusong nakikibilang sa mga pasanin ng puso ni Cristo, ang Taong Nagdurusa. Siya ay handang magdusa para sa kaharian ng Diyos at para sa kapakanan ng kapatiran na naaayon sa kalooban ng Diyos. Itong ganitong diwa ay lubos na ipinamalas ni Cristo sa Krus.

Nagpatuloy si Pablo: “Hindi sa ito’y aking nakamit na, o ako’y sakdal na; kundi nagpapatuloy ako...” Hindi kailanman nagkakaroon ng pakiramdam na natamo na niya, hindi nag-iisip na naabot na niya ang kasakdalan ni Cristo, sa halip ay laging nagsisikap tungo sa pagtawag ng Diyos, laging nauuhaw at nagugutom na mapalalim ang pakikisama sa Diyos at lumago sa espiritwal na maturidad — ito ang katangian ng isang taong ang puso ay nag-aapoy para sa Diyos.

Masigasig na paghahangad na gawin ang kalooban ng Diyos

Kalimitan ay dapat pa nating himukin ang mga mananampalataya na gawin ang kalooban ng Diyos. Kailangan pa natin silang hikayatin, at bigyang-diin sa kanila kung bakit mabuti para sa kanila na gawin ang kalooban ng Diyos, at kung bakit magiging

kalunos-lunos sa kanila pag hindi nila ito gagawin. Sa buhay ng maraming mananampalataya, kung mga kahirapan at mga kawalan ng katiyakan ang pinag-uusapan, kalimitang ang makikita natin ay may-alinlangan at atubiling uri ng pagsunod sa Diyos. Maaari nilang sabihin sa Panginoon, “Ako’y handang sumunod sa Iyo, Panginoon, kung ipapaalam Mo sa akin ang kalooban mo.” Maaaring may kaunting antas ng katapatan sa mga salitang ito, ngunit madalas na ang espiritu nito’y kulang. Mayroong bahid ng pag-aalinlangan at pag-aatubili. Maaaring sinasabi nila na “Yamang nagbigay ako ng salita, yamang nangako ako, dapat kong gawin ang aking bahagi sa kasunduan. Kung kaya’t gagawin ko ito. Mahirap ito para sa akin, hindi ko ito gusto, pero gagawin ko ito.” Ngunit ang totoo ay mas gugustuhin nilang huwag itong gawin. Pag ang kalooban ng Diyos ay hindi naaayon sa kanilang personal na pagkiling, mas gugustuhin nilang huwag nang malaman ang kalooban ng Diyos para hindi na nila ito sundin pa. Hindi ganito ang uri ng ugaling kinalulugdan ng puso ng Diyos.

Hindi mo makikita ang pag-aatubili sa taong mayroong apoy na nag-aalab sa kanyang kalooban. Hindi mo na siya kailangang himukin. Masigasig niyang hinahangad na malaman ang kalooban ng Diyos. At kung mapagtanto niya kung ano ang kalooban ng Diyos, gagawin niya ito, anuman ang maging kapalit. Ganito ang kaso kay Pablo. Siya ay nagpapatuloy at sumusunod sa Diyos “kahit sa buhay o sa kamatayan man”, anuman ang naghihintay sa kanya, maging pagkakabilanggo man ito o pagdurusa. Pinagsikapan niyang malaman ang kalooban ng Diyos para sa kanyang buong buhay, gayundin sa bawat yugto, sa partikular sa sitwasyong kinaroroonan niya, nang sa gayon ay matupad niya ito.

Totoo na ang paggawa ng kalooban ng Diyos ay maaaring maging masakit. Ngunit dahil nalalaman nating ang kanyang kalooban ay sakdal at mabuti, ang lubos na pagharap natin sa buhay ay gaya ng isang masidhi ang paghahangad na malaman at gawin ang kalooban ng Diyos, maging anuman iyon.

Masidhing malasakit para sa espiritwal na paglago ng mga mananampalataya

Ang isang taong may apoy na nag-aalab sa kalooban ay magkakaroon ng masidhing malasakit para sa espiritwal na paglago ng mga mananampalataya.

Muli, si apostol Pablo ang isang mabuting halimbawa. Nakikita natin sa mga sulat niya ang maraming pagpapahayag ng malalim na pasanin para sa paglago ng mga mananampalataya. Sa sulat niya sa mga taga-Galacia, ito ang kanyang sinasabi: “Minamahal kong mga anak, na para sa inyo ay muli akong nakakaranas ng hirap ng panganganak hanggang si Cristo ay mabuo sa inyo” (Gal. 4:19). Ang salitang “nakakaranas ng hirap ng panganganak” ay mga salitang ginagamit para sa babaeng dumaranas ng panganganak. Mas maiintindihan ng mga nanay kung ano ang ibig sabihin ng nakakaranas ng hirap ng panganganak. Ang pagdurusa ay matindi, na halos hindi kayang tiisin. Ginagamit ni Pablo ang mga salitang ito para maipaunawa niya ang matinding hangarin niya para sa espiritwal na pagsulong at pagbabago ng mga mananampalataya. Maraming dinanas si Pablo, pero handa siyang dumaan sa kung anuman ang kailangan para sa paglago ng mga mananampalataya. Ninais niyang iharap na ganap ang bawat isa kay Cristo. Nagsikap siya at nagpagal nang ayon sa kapangyarihan ng Diyos na kumilos sa kanya (Col. 1:28–29). Sinabi niya sa mga mananampalataya sa Corinto: “Ako’y may malaking kagalakan na gugugol at magpagal para sa inyong kaluluwa” (2 Cor. 12:15).

Buong pagkataong nag-aalab para sa Diyos

Malinaw na ang ganitong uri ng pagsisikap ay hindi isang bagay na pandamdamin. Bagama’t ang damdamin ay kasali, hindi pangunahing tungkol sa damdamin ito. Kung ang ganitong klase ng sigasig ay pandamdamin lang ay hindi ito magtatagal. Ito ay darating at mawawala. Ngunit ang pagsisikap na pinag-uusapan natin ay isang pagsisikap na nagtatagal, sigasig na umuubos ng buong buhay.

Ang ganitong pagsisikap ay hindi rin lang tungkol sa isip o tungkol sa kalooban. Iniisip ng ibang mga tao na kapag ang isip ay nakakaunawa at determinado ang kalooban, kung ganoon ang pagsisikappara sa Panginoon ay naroon na. Ngunit hindi ito ganoon. Ang ibang mga Kristiano ay may magagandang pag-iisip. Alam nila ang kalooban ng Diyos at determinado silang gawin ito. Ngunit walang apoy na nag-aalab sa kalooban nila.

Ang isang taong may apoy na nag-aalab sa kalooban niya ay magkakaroon ng sikap na kasama ang kaniyang buong pagkatao, hindi lang ang damdamin, pag-iisip, o kaniyang kalooban. *Ang kanyang buong pagkatao ay nag-aalab para sa Diyos, lalong-lalo na ang panloob niyang pagkatao.* Mayroong malalim na pasanin sa kanyang kalooban.

Iba't-ibang kapahayagan ng ganitong uri ng pagsisikap

Habang tinitingnan natin ang isyu ng apoy na nag-aalab sa kalooban, alalahanin natin na iba-iba ang maaaring maging mga kapahayagan nito. Magkakaiba ang personalidad ng mga tao. Hindi tayo dapat maging mabilis humusga mula sa panlabas na kapahayagan na ang isang tao ay nag-aalab para sa Diyos habang ang isang tao ay hindi, o kung ang isang tao ay may mas maalab na apoy kasya sa iba.

Ang isang tao ay maaaring magmukhang nag-aalab para sa Diyos, ngunit ito ay maaaring pangunahing madamdaming karanasan lamang na walang masyadong positibong kahulugang espiritwal at katotohanan. Maaari niyang sabihin: “Handa akong gawin ang kahit ano para sa Diyos, kahit mamatay para sa kanya.” Ngunit sa katagalan, ang kanyang “apoy” ay maaaring mamatay at maaaring hindi na siya maging masigasig sa mga bagay ng Diyos.

Ang isang tao naman ay maaaring magmukhang tahimik at walang masyadong apoy. Maaari nating isipin na hindi siya masyadong espiritwal. Ngunit maaaring siya ay puno ng kalakasan at kasiglahang espiritwal at totoong nag-aalab para sa Diyos.

Dahil magkakaiba tayo, ay magkakaroon ng iba't-ibang panlabas na kapahayagan ang apoy na nag-aalab sa atin. Ang iba sa atin ay mas makakapagpahayag, ang iba naman ay hindi gaanong ganito. Ang ating mga kaloob ay magkakaiba, ganoon din ang ating mga ginagampanang papel. Anuman ang ating mga personalidad, anuman ang mga kaloob, parehong apoy ang dapat mag-alab sa ating kalooban. Magkakaparehong ugali ng isip at lakas ang dapat nasa ating lahat.

Paano lumalabas ang ganitong uri ng pagsisikap at apoy?

Mayroong dalawang aspeto dito: ang paggawa ng Banal na Espiritu at ang tugon ng tao. Ang dalawang ito ay mahalaga at dapat mayroon.

Ang katotohanan nitong prinsipyong ito ay malinaw na nakikita sa buhay ni apostol Pablo. Gaya ng tiningnan sa ika-6 na mensahe, nagpapatotoo si Pablo sa katotohanang ito sa 1 Corinto 15:10

1 Corinto 15:10

Ngunit kung ano ako ngayon, ito ay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, at ang kanyang biyaya para sa akin ay hindi nawawalan ng saysay. Sa halip, ako'y nagsikap nang higit kaysa kanilang lahat, gayunma'y hindi ako, kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin.

Sa isang banda, sa biyaya lang ng Diyos at sa paggawa ng Banal na Espiritu kaya tayo ay nagkakaroon ng apoy sa kalooban. Sa kabilang banda naman, meron ding pangangailangan sa malalim na pagtugon sa bahagi ng tao. Sinabi ni Pablo: “ang Kanyang biyaya na ibinigay sa akin ay hindi nawalan ng kabuluhan.”

Ang Banal na Espiritu ay naglalayong mapuno tayo, na gawin tayong malakas at tulungan tayong maging maalab para sa Diyos. Ngunit kadalasan na hindi tayo tumutugon nang maayos. Hindi natin inaalís ang mga sagabal sa ating buhay, kung kaya nahahadlangan natin ang pagkilos ng Espiritu ng Diyos sa atin.

Alam ni Pablo ang kahalagahan ng pagtugon ng tao. Sinasabi niya: “ako’y naglingkod nang higit kaysa kanilang lahat.” Ang pagtugon sa Diyos ay may kasamang paggawa. Dapat nating pagsumikapang mabuti ito. Ngunit sinasabi rin ni Pablo: “Bagama’t hindi ako, kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin.” Alam niya na hindi niya kayang tumugon o gumawa nang sa sarili lang niya, sa halip ay kailangan niyang gawin ito nang naaayon sa biyaya ng Diyos na gumagawa sa buhay niya.

Kung kaya, ang dalawang ito ay dapat magsama. Hindi natin dapat antayin na bigla na lang mag-aalab ang apoy sa sarili nito. Ni hindi rin natin kayang pagsikapan na pag-alabin ito sa ating sarili. Kailangan nating tumingin sa Panginoon para sa isang malalim na karanasan ng pagkilos ng Banal na Espiritu sa ating buhay. Kasabay nito, dapat nating ibigay ang ating sarili na isagawa ang mga layunin ng Diyos at makiisa sa Kanya. Sa kabila ng mga salita at mga kaisipang ibinabahagi sa atin ng iba ay kailangang magkaroon ng panloob na kapahayagan ng Diyos, isang espirital na pagkaunawang gawa ng Banal na Espiritu. Sa pamamagitan lamang ng kapahayagan ng Diyos na tayo ay magkakaron ng pananaw na galing sa itaas at ng apoy na nag-aalab sa kalooban — na tunay at nagtatagal.

Sa Galatia 1, makikita natin ang paglalarawan ng prinsipyong ito ng taong tumutugon sa kapahayagan ng Diyos.

Galatia 1:11–12

11 Nais kong malaman ninyo, mga kapatid, na ang ebanghelyong aking ipinangangaral ay hindi ayon sa tao.

12 Hindi ko ito tinanggap mula sa tao, at hindi rin itinuro sa akin ng tao. Ito ay ipinahayag sa akin mismo ni Jesu-Cristo.

Sinabi ni Pablo na ang ebanghelyong kanyang ipinangaral ay hindi nanggaling sa mga tao, kundi ito ay tinanggap niya nang tuwiran sa Diyos, sa pamamagitan ng pagpapahayag ni Jesu-cristo. Kinatagpo siya ng Panginoong Jesu-cristo sa daan patungo sa Damasco at

magmula noon, binuksan sa kanya ng Diyos ang mga hiwaga, ang malalalim na mga bagay ng Diyos. Mayroong kapahayagan sa kanyang puso, sa kanyang panloob na pagkatao. Nakuha niya ang panloob na kapahayagan. Iyon ang nagbunsod sa kanya na ibigay ang buong buhay niya sa Diyos at sa gawaing ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Pablo:

Galacia 2:20

Namatay na akong kasama ni Cristo sa krus. Hindi na ako ang nabubuhay ngayon kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin. At ang buhay ko ngayo'y sa pamamagitan na ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na nagmahal sa akin at naghando ng kanyang buhay para sa akin.

Dahil sa pagkaunawa ng kapahayagan, ang buong buhay niya ngayon ay nakasentro sa Panginoong Jesus. Kinikilala na ang Panginoong Jesus ay nagmahal sa kanya at ibinigay nito ang Kanyang sarili para sa kanya, bilang tugon ng pananampalataya, namuhay si Pablo nang lubos para sa Panginoon sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Cristong nabuhay ng muli. Hindi na si Pablo ang nabubuhay, kundi si Cristo na ang nabubuhay sa kanya. Masigasig siyang nakikiisa sa Panginoong Jesus kaya ang Panginoon ay naging malaya sa paggawa sa kanya at sa pamamagitan niya.

Maaaring hindi tayo tumanggap ng kapahayagan mula sa Diyos na gaya ng kay Pablo. Ang kapahayagang galing sa Diyos ay maaaring dumating sa atin sa ibang mga paraan. Maaaring ipakita sa atin ng Diyos ang katotohanan sa ating mga puso habang tayo'y nagbabasa ng mga Kasulatan, habang tayo'y nananalangin, habang napapakinggan natin ang katotohanang ipinapangaral o itinuturo ng iba, o sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kapatiran, o maging sa pamamagitan ng buhay ng iba. Sa kahulihan, para magkaroon ng isang malalim na katotohanan, ay dapat magkaroon ng tiyak na kapahayagan ng katotohanan sa puso. Hindi ito

pagkakaintindi lang ng ating isip ng katotohanan. Dapat ding makita ito ng puso — ang kagandahan nito, ang kaluwalhatian nito, ang kahalagahan nito. At habang tayo ay tumutugon sa kapahayagan ng Diyos, mas lumalago ang ating pasanin para rito, at ang ating apoy ay lumalago. At pagkatapos noon ay maaari tayong makapasok sa puso ng Diyos, sa pakikisama sa Kanya sa Kanyang pasanin para sa Kanyang kaharian at para sa Kanyang mga hinirang.

Ang pagsisikap para sa Diyos ay maaaring linangin

Angapoy na nag-aalabsakalooban ay maaaring linangin, at mahalagang patuloy natin itong malinang. Paano natin ito magagawa?

Ang apoy ay lumalago habang lumalalim ang pagpapahalaga natin sa kadakilaan at kabutihan ng Diyos at sa lahat ng ipinapahiwatig nito. Mas lumalago ito habang lalo nating nakikilala ang kapangitan ng kasalanan, ang kasamaan ng tao, at ang kawalan ng pag asa ng kalagayan ng tao. Mas lumalago ito habang nakikita natin ang kamangha-manghang pag-asa at kayamanang matatagpuan sa Panginoong Jesu-cristo. Mas lumalago ito kapag nagiging mas malinaw sa atin kung ano ang nasa puso ng Diyos, kung paano tayo magkakaroon ng bahagi sa pagsasakatuparan ng Kanyang maluwalhating mga layunin, at kung paano makakapagbigay ng pagbabagong magtatagal hanggang sa walang-hanggan ang mga buhay na binago.

Ang apoy ay maaaring lumago kapag naglaan tayo ng oras kasama ang Panginoon. Tayo ay madalas nalilihis ang pansin dahil sa mga pang araw-araw na gawain at mga tungkulin sa trabaho. Kung mababawasan natin ang pagiging abala at mas magiging masikap sa ating oras sa Diyos, tayo ay makakalapit sa mas malalim na pakikisama sa Kanya at matututo tayong tingnan ang mga bagay kung paano Niya ito tinitingnan, at pahahalagahan natin ang mga bagay na pinapahalagahan Niya.

Kapag bukas ang ating mga puso, patuloy na itatanim ng Diyos sa ating isipan ang mga katotohanan Niya, kahit na yung

mga naintindihan na natin, nang sa gayon ay magkaroon tayo ng malalim na pagpapahalaga. Lalo pa nating makikita nang mas malinaw ang kaluwalhatian ng Diyos at ang kawalan ng pag-asa ng tao pag wala ang Diyos dito sa mundong madilim. Lalong lalalim ang ating paniniwala na ang buhay na ipapamuhay para sa Diyos lamang ang tanging buhay na may pakinabang. Itong paniniwalaang ito ang magpapagana ng ating buong buhay, na magbibigay rito ng isang malinaw na layunin at patutunguhan.

Ang tunay na apoy ay matatag, na hindi nagmamaliw

Ang tunay na apoy ay dapat manggaling sa Panginoon. Ito ay gawa ng Banal na Espiritu sa ating mga puso. Ginagamit ng Mga Gawa 2:3 ang salitang “apoy” para ilarawan ang ministryo ng Banal na Espiritu. Sa araw ng Pentecostes, mga dila ng apoy ang lumapag sa mga tao, at sila ay napuspos ng Banal na Espiritu.

Ang gawa ng Banal na Espiritu sa buhay ng mga mananampalataya ay inilalarawan din bilang “ilog ng tubig na buhay” na hindi tumitigil ang pagdaloy.

Juan 7:38–39

38 “Ang sumasampalataya sa akin, tulad ng sinabi ng kasulatan, ‘Mula sa kanyang puso ay dadaloy ang ilog ng tubig ng buhay.’”

39 Sinabi niya ito tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga sumasampalataya sa kanya. Hindi pa naibibigay ang Espiritu, sapagkat hindi pa naluluwalhati si Jesus.

Itong larawang ito ay nagpapabatid ng katotohanan na ang Espiritu ay magpapagana sa isang mananampalataya na mabuhay ng isang saganang buhay kay Cristo, isang buhay na matatag, tuloy-tuloy at matapat. Ang mga hirap at mga hadlang man ay dumating sa kanya, layunin man ng ibang pahinain ang kanyang loob, ngunit kung ang apoy ay nag-aalab nang matindi sa kanyang kalooban, ito ay hindi madaling mamamatay. Hindi siya madaling guluhin o mailihis, sa halip, siya ay magpapatuloy sa landas ng Diyos at lalago sa maturidad.

Ang tunay na apoy ay kumakalat, nagbibigay ng buhay sa iba

Katulad ng isang ilog ng buhay na tubig na nagbibigay ng buhay sa iba, ang tunay na apoy ay kakalat at magbibigay ng liwanag at init sa iba, na nagbibigay sa kanila ng positibong epekto.

Noong ang Panginoong Jesus ay nakipag-usap sa dalawang alagad sa daan ng Emaus, nakaramdam sila ng pag-aalab sa loob ng kanilang mga puso (Lukas 24:32). Sa ibang salita, ang apoy ng Panginoong Jesus ay kumalat sa kanila at ito ay nagliyak sa loob ng kanilang mga puso. Ang ganitong klase ng apoy ay nagbibigay ng ilaw at ng buhay. Ito ang nakikita natin sa ministryo ni apostol Pablo, habang siya ay pumupunta at nagpapalakas sa mga alagad. Ang apoy na nasa loob ni Pablo ay humihikayat sa mga mananampalataya at tumulong sa kanila sa kanilang pananampalataya.

Ang tunay na apoy ay dapat pangalagaan at gatungan

Kahit na ang apoy na nag-aalab sa kalooban ay pangkalahatang matatag at kayang kumalat sa iba, maaari pa rin itong mamatay kung hindi palagiang magagatungan. Nakakalungkot kung ang tanging masasabi ng isang mananampalataya ay, “Dati, nagkaroon ako ng isang nakamamanghang karanasan na nagbago ng buong buhay ko.” Ngunit dahil hindi niya ginatungan ang apoy, ito ay namatay na. Ang meron nalang siya ay ang mga nakaraan niyang karanasan.

Hindi tayo dapat maging kampante pagkatapos nating maranasan ang apoy na nag-alab sa kalooban. Dapat natin itong gatungan nang sa gayon ay lalo pa itong lumakas at mas lumiwanag. Nangyayari ito habang tayo ay kumakain mula sa salita ng Diyos, habang nililina natin ang ating relasyon sa Diyos at ang pakikisama sa kanyang mga hinirang, habang tayo ay nananalangin at nagpapagal sa pag-ibig at iba pang espiritwal na gawain at habang tayo ay sumusunod sa mga utos ng Kasulatan. Habang tayo ay patuloy na lumalagong malusog, ang apoy ay lalago. Ang ganitong uri ng buhay ay dapat alagaan. Hindi ito

maaaring nakatigil lang. Ito ay alinman sa lalago o mamamatay. Alinman dito, tayo ay tumugon ng positibo sa Diyos at sumulong o tayo ay hindi tumugon at bumulusok pababa.

Kaya, kung pinag-uusapan natin ang apoy na nag-aalab sa kalooban, hindi ito tanong na kung meron tayo nito o wala. Nandyan ang usapin ng pagiging matindi ng apoy, kung gaano kaliwanag ang apoy, at ang kalidad ng apoy. At ito ay may pagkaka-iba sa bawat tao, at sa kalooban ng iisang tao sa bawat yugto ng kanyang buhay.

Ang pabago-bagong karanasan ni Elias

Makikita natin sa karanasan ni Elias ang halimbawa ng pabago-bagong tindi ng apoy sa iba't ibang yugto ng kanyang buhay. Nakatala sa 1 Mga Hari 18 ang pangyayari kung saan si Elias ay nagpamalas ng matinding pananampalataya at tiwala sa Diyos. Makikita natin nang malinaw ang apoy na nag-aalab sa kanyang kalooban.

Sa puntong ito, si Elias ay hinahanap ni Ahab, isang makapangyarihan at malupit na hari ng Israel, para puksain.

1 Mga Hari 18:17

Nang makita ni Ahab si Elias, sinabi ni Ahab sa kanya, “Ikaw ba iyan, ikaw na nanggugulo sa Israel?”

Ngunit hindi natatakot si Elias. Tingnan natin kung paano siya sumagot kay Ahab.

1 Mga Hari 18:18

Siya'y sumagot, “Hindi ako ang nanggugulo sa Israel; kundi ikaw at ang sambahayan ng iyong ama, sapagkat inyong tinalikuran ang mga utos ng PANGINOON, at sumunod sa mga Baal.

Sinabi nang harapan ni Elias kay Haring Ahab na ang hari at ang kanyang mga ninuno ang nanggulo sa Israel. Sa pananaw ng tao, ang buhay ni Elias ay nasa kamay ni Ahab. Bilang hari ng Israel, kayang iutos ni Ahab na ipapatay si Elias. Ngunit nagpatuloy si Elias sa pagsasabing:

1 Mga Hari 18:19

Ngayon nga'y magsugo ka, at tipunin mo sa akin ang buong Israel sa bundok Carmel, ang apatnaraan at limampung propeta ni Baal, at ang apatnaraang propeta ni Ashera na kumakain sa hapag ni Jezebel.

Karaniwan, ina asahan na ang isang nasasakupan ay makinig sa utos ng hari. Ngunit sa pagkakataong ito, si Elias ay may kapangahasang utusan ang hari na ipunin sa kanya ang buong sambayanan ng Israel at mga propeta ni Baal at Ashera sa bundok ng Carmel. Habang patuloy ang pagbabasa mo dito, makikita mo ang pagpapamalas ni Elias ng malalim na pagtitiwala sa Diyos. Tinawagan niya ang Diyos na sagutin ang kanyang panalangin sa pamamagitan ng apoy para ipahiya ang lahat ng mga bulaang propeta.

Ang makikita natin dito ay isang nakakaantig ng damdaming pagpapamalas ng kapangyarihan ng Diyos na nangibabaw sa mga propeta ni Baal. Ngunit hindi nagtagal, pagkatapos ng paghaharap sa Bundok Carmel, ay makikita nating dumating si Elias sa mababang punto sa kanyang buhay.

Pagkatapos ng paghaharap sa bundok Carmel, sinabi ni Ahab sa kanyang asawang si Jezebel ang lahat ng ginawa ni Elias at kung paano pinapatay ni Elias ang lahat ng propeta ni Baal gamit ang tabak (1 Mga Hari 19:1). Kaya't nagpadala ng mensahero si Jezebel kay Elias na nagbabantang siya ay papatayin. Nang matanggap ang pagbabantang ito, si Elias ay “natakot, bumangon siya at umalis upang iligtas ang kanyang buhay” (t. 3). Hindi lang siya tumakbo para iligtas ang kanyang buhay, hiniling din niya sa Diyos na siya ay mamatay na sinasabing: “Sapat na, ngayon, O Panginoon, kunin mo na ang aking buhay” (t. 4).

Sa mas naunang pagkakataon ay nagpakita si Elias ng matinding pagsisikap at kapangyarihan at malalim na pagtitiwala sa Diyos, ngunit sa kasunod na pagkakataon ay nagpamalas rin siya ng matinding takot at panlulumo. Nang bantaan ni Jezebel, siya ay nanlumo sa puntong hiniling niya na siya ay mamatay na.

Makikita natin ngayon na ang isang tao ay maaaring masigasig sa Diyos sa isang pagkakataon at mabibigo namang panatilihan ang pagsisikap kasunod.

Ninanis ng Diyos na tayo ay mag-apoy para sa Kanya hindi lang sa isang pagkakataon. Gusto Niyang panatilihin natin sa lahat ng oras ang apoy, ang tindi ng ating tiwala sa Kanya. Maging ng isang taong katulad ng katayuang espiritwal at nag-aalab na kasigasigan ni Elias ay maaaring magmintis sa larangang ito! Itong yugto sa buhay ni Elias ay naisulat sa mga Kasulatan para sa ating ikatututo. Kung gaano kahalaga ang manalangin at magmatyag sa bawat oras!

Sa kaso ni Elias, kailangan nating unawain na kakatapos lang niya ng isang matinding labang espiritwal laban sa mga propeta ni Baal. Malamang na ang mga pwersa ng kadiliman ay nagpasimuno laban sa kanya. Ito ay isang panahon ng matinding kabigatang espiritwal. Dagdag pa rito, si Jezebel ay hindi isang ordinaryong babae, kundi siya ang malupit at masamang asawa ng hari ng Israel, kung saan siya ay may hawak ng malaking impluwensiya. At gusto niyang makitang patay si Elias. Si Elias din naman ay nasa maling kaisipan na ang buong Israel ay tumalikod na sa tipan ng Panginoon at ang lahat ng mga Propeta ng Diyos ay napatay na at siya na lang ang natitira (1 Mga Hari 19:10). Sa ilalim ng ganitong mga kalagayan, siya ay lantad sa panganib ng mga nagbabagang palaso ng diablo. Siya ay bumagsak sa tindi ng mga pangyayari natakot at pinanghinaan ng loob. Nabigo siyang panatilihin ang kanyang pananampalataya at tiwala sa Panginoon.

Habang hinahangad natin na maging seryoso para sa Diyos, dapat tayong maging handa sa mga panahon ng matinding espiritwal na kabigatan, lalong lalo na pagkatapos ng isang mahalagang pangyayari o isang dakilang tagumpay na isinagawa ng Diyos sa pamamagitan natin. Isang mahalagang pagsubok sa ating pananampalataya ang maaring sumunod pagkatapos nito. Hindi madaling buhay ang buhay na may mabigat na pasanin para sa gawain ng Panginoon. Ito ay isang uri ng buhay kung

saan tayo ay makakaranas ng maraming hirap. Ngunit tayo ay makakatiyak na ang Panginoon ay nakakaunawa sa atin at lagi Niyang nilalayong tulungan tayo na makaabot sa mas mataas pang antas sa proseso.

Makikita natin ito sa kung paano inabot ng Diyos si Elias, ang Kanyang sugatang lingkod, para tulungan siya at siya ay itayo. Si Elias ay tumugon nang maayos at nagpatuloy siyang matapat hanggang sa siya ay kunin papunta sa langit. Gayundin tayo, kung tayo ay may alinlangan, dapat tayong tumingin nang may pagpapakumbaba sa Diyos habang nilalayon niyang tulungan tayo. Kung tayo ay tutugon ng maayos, tayo ay makakapanumbalik at makakapagpatuloy na lumago at maglingkod sa Panginoon nang maayos. Ang mga pinagdaanan natin ay maaari ding magpayaman sa ating mga karanasan. Ngunit kung hindi tayo tumugon nang maayos, maaari tayong bumulusok pababa at hindi na makaahon.

“Wala akong gusto para sa aking sarili. Nais ko na ang lahat ay para sa Panginoon.”

Sa kasaysayan ng Iglesya, maraming tao ng Diyos ang lumitaw na mayroong ganitong uri ng espiritu at pananaw. Makikita natin ang ganitong pananaw kay Watchman Nee. Mayroon siyang ganitong kasabihan para sa kanyang buhay: “Wala akong gusto para sa aking sarili, nais ko na ang lahat ay para sa Panginoon.”

Kapag talagang matutunan natin kung paano mamuhay nang may ganitong pananaw, matatagpuan natinang lumalagong kalayaan sa mga suliraning nagpapahirap sa atin — mga problema at paghihirap na nakakabit sa mga bagay na gusto natin para sa ating sarili. Syempre, makakaranas pa rin tayo ng iba’t-ibang uri ng pagsubok sa daan ng matapat na paglakad kasama ang Diyos. Ngunit hindi ito ang mga negatibong uri na pumapalibot sa atin, na humahadlang sa ating pagiging epektibo para sa Diyos. Sa halip, ang mga pagdaraan natin ay makakatulong para sa ating lubos na paglago at paglilingkod.

Ang mga taong walang ganitong uri ng espiritu at pananaw ay hindi makakalayo sa kanilang paglakad kasama ng Diyos at sa paglilingkod sa Kanya. Maraming mga bagay na humahadlang sa atin ay may kinalaman sa mga bagay na gusto natin para sa ating sarili. Gusto natin ng kaginhawahan, ng kasiyahan, materyal na mga kayamanan, isang matagumpay na propesyon, pagkilala at pagpapahalaga ng iba. Ang mga bagay na ito ay maaaring hindi masama sa kanilang sarili. Ngunit kung hahanapin natin ang mga ito para sa ating mga sarili sa labas ng kalooban ng Diyos at ng pagtugon Niya para sa ating mga buhay, tayo ay madaling madadagit ng kaaway para atakihin, iligaw at wasakin. Kung hindi natin mababantayan, ang mga hangaring ito ay maaaring lumago at maging lubhang mapanganib sa ating mga buhay at sa gawain ng Panginoon.

Ganonpaman, kung tayo ay mabubuhay nang may pananaw na walang gugustuhing kahit ano paman para sa ating sarili, at ang lahat ay para sa Panginoon, ang Espiritu ng Diyos ay malayang makakagawa sa ating mga buhay.

Ang ugaling walang ginugusto para sa sarili at lahat ay para sa Diyos ay hindi nangangahulugang wala na tayong pakialam sa sarili nating buhay. Ito ay nangangahulugang tayo ay lubos na naninindigan sa Panginoon at sa Kanyang kalooban sa lahat ng bagay, kasama na rito ang kanyang kalooban para sa ating mga buhay. Tayo ay may lubos na kapanatagan sa Panginoon at ang ating maalab na hangarin ay masunod ang Kanyang kalooban. Ayaw natin ng ano man para sa ating mga sarili maliban sa kalooban ng Diyos at kung ano ang sa tingin Niya ay pinakamabuti para sa atin.

Ito ang kabalintunaan o paradox ng pamumuhay ng isang Kristiano: Pag tatalikuran natin ang lahat ng bagay para sa Diyos at hindi tayo kakapit sa kahit na anong bagay, ang Panginoon ngayon ay malaya at masaganang pagpapalain tayo ng lahat ng bagay, yun ay, lahat ng bagay na mabuti para sa atin. Sa bandang

huli, ito ang ninanais ng Diyos. At ito ang sinasabi sa atin ni Pablo sa Roma 8:32: “Siya na hindi ipinagkait ang kanyang sariling Anak, kundi ibinigay sa dahil sa ating lahat, bakit naman hindi ibibigay sa atin ang lahat ng mga bagay?”

Kalimitan, hinahawakan natin o naghahangad tayo ng mga bagay na hindi tunay na mabuti para sa atin. Ang resulta, ang mga masaganang pagpapala ng Diyos ay hindi lubusang napapasaatin.

Iba pang mga halimbawa sa kasaysayan ng iglesia

Sa buong kasaysayan ng Iglesia, ang mga pananampalataya ang mayroon nitong apoy na nag-aalab sa kanilang kalooban. Marami silang nagawa para sa Diyos. Ang iba sa kanila ay kilala, ngunit ang iba ay hindi. Tayo ay tunay na makakakuhang inspirasyon kung babasahin natin ang kwento ng kanilang mga buhay. Kung babasahin mo ang buhay ni Charles Finney, makikita mo na namuhay siya para sa Diyos sa isang napakatinding antas. Maraming naging kapahayagan ng napakatinding kapangyarihan ng Diyos sa kanya at sa pamamagitan ng kanyang buhay. Gayundin, makikita natin ang mga kapahayagan ng kapangyarihang espiritwal sa buhay at ministeryo ni John Wesley. Sinasabi na siya ay naglakbay gamit ang kabayo sa buong Inglatera, na natutulog lamang ng apat na oras tuwing gabi. Dahil sa nag-aapoy niyang kasigasigan, binaliktad niya ang buong Inglatera at nag-iwan siya ng isang mayamang pamana rito. At pagkatapos ay nariyan si John Sung ng Tsina, na nakilalang naglingkod sa Panginoon ng may dakilang kapangyarihan at mabisa, na nangangaral ng may maalab na sigasig at ginagamit ang kanyang buong lakas. Maraming tao ang naligtas sa kanyang ministeryo.

Muli akong magbibigay ng babala. Lahat tayo ay magkakaiba. Magkakaiba ang ating mga personalidad. Huwag tayong umasa na ang Diyos ay kikilos sa ating buhay na kaparehas ng pagkilos Niya sa iba. Iba-iba ang pagkilos ng Diyos sa iba’t ibang tao — maging ito man ay si Stefano, si Anna, si Pablo, si Finney, si Wesley

o si John Sung. Ang apoy na nag-aalab sa ating kalooban at karaniwang naghahayag nang magkakaiba sa bawat isa.

Lahat tayo ay maaaring maghangad na maging epektibo para sa Diyos, na magkaroon ng matatag na katangiang nakikita natin sa mga buhay ng tapat na mananampalatayang nauna na sa atin. Ito ang hangarin ng Diyos para sa lahat ng kanyang mga anak. Kung napakarami nang nagawa sa pamamagitan ng ilang katauhan, gaano pa kaya karami ang magagawa kung ang buong kongregasyon ay nag-aapoy para sa Diyos! Anong kamanghamanghang mga bagay ang magagawa para sa kaharian ng Diyos!

Kung hahangarin nating makita ang gawa ng Panginoon sa ating kalagitnaan at lumago sa kalakasan at kaluwalhatian, dapat magkaroon ng apoy sa bawat isa sa atin, nang malalim na kabigatan para sa gawain ng Panginoon.

Pangwakas na mga pananalita

Tandaan natin na ang pagsisikap ay dapat may kasamang kaalaman. Ang pagsisikap na walang kaalaman ay hindi lang walang kabuluhan, kundi ito ay mapanganib. Kaya kailangan nating linangin ang pagsisikap at kaalaman. Ang kaalaman ay tutulong sa atin na magabayan ang ating pagsisikap sa katotohanan at karunungan. Ang kaalaman ay maggagatong din sa apoy, at ang apoy naman ay tutulong sa ating magtamo pa ng mas maraming kaalaman. Palagi nating panatilihin ang masiglang balanse ng dalawa sa lahat ng oras.

Ang tamang asal na magpapahayag ng tunay na apoy na nag-aalab sa kalooban ay maaaring hindi maintindihan o ikalugod ng ibang tao, kasama na ang mga Kristiano. Gayunpaman, dapat tayong maging maingat na huwag pagkamalan ang makamundong pagsisikap para sa apoy na nag-aalab sa kalooban. Ang makamundong pagsisikap ay pagsisikap at emosyong nangagaling sa likas na tao. Ito ay isinusulong ng diablo. Ang tunay na apoy na nag-aalab sa kalooban ay ang wastong tugon sa pagkilos ng Banal sa Espiritu sa ating mga puso.

Ang ating perpektong Halimbawa

Sa pagtatapos, tayo ay muling tumingin sa buhay ng ating Panginoong Jesus, ang ating perpektong halimbawa. Siya ay may tiyak na kamalayan sa kanyang misyon. Siya ay matatag at tapat. Siya ay naging masunurin hanggang sa punto ng kamatayan sa Krus. Habang siya ay nakabayubay doon sa Krus, ay nagawa niyang sabihing “Tapos na.” Iyon ang Kanyang buong ugali — laging buo ang loob, hindi lumilihis sa kung ano ang ipinagkatiwala sa Kanya ng Diyos Ama. Siya ay isang Lalaking may nag-aapoy na puso. Tayo nawa ay maging mga taong may kaparehong apoy na nag-aalab sa ating kalooban.

Mga tanong para sa pagninilay at talakayan

1. Ano ang kahulugan ng “apoy na nag-aalab sa kalooban?”
2. Ano ang mga katangian ng isang tao ang puso ay nag-aapoy para sa Diyos?
3. Anong mga dahilan ang makaka-apekto ng positibo o negatibo sa apoy na nag-aalab sa kalooban?
4. Paano naging isang mabuting halimbawa si Pablo ng isang taong inubos ng pagsisikap para sa Diyos at sa gawain ng Panginoon?

